

نبراس طالب (2)

Panimula ng Aklat

Panimula ng Aklat

Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad at ukol sa mag-anak niya at mga Kasamahan niya sa kalahatan. Sa pagsisimula,

Nasa harapan mo, mahal kong mag-aaral, ang Ikalawang Aklat mula sa mga silabus ng Nibras, ang mga pampagtuturong silabus na iyon na naglalayon ng pagtatatag ng isang Islāmikong matatag na edukasyon at pagbuo ng personalidad ng mag-aaral alinsunod sa pang-edukasyong Islāmikong silabus.

Magbubukas tayo ng aklat na ito sa pamamagitan ng pagdakila sa Marangal na Muṣḥaf, ng pagpapakilala rito at sa pamamaraan ng pagtipon ng Qur'ān sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga khalīfah niya, at ng paglilinaw sa mga pundasyon ng tumpak na pagbigkas at mga uri ng kamalian sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān upang magsimula ka kapatid kong mag-aaral sa daan ng pag-aaral ng tajwīd ng Qur'ān at praktikal na pagpapatupad niyon.

Kukumpleto tayo ng biyahe ng pagpapakahulugan ng huling juz' (bahagi) ng Muṣḥaf sa pamamagitan ng pagpapakahulugan ng

mga sūrah mula sa Sūrah Al-A'lā hanggang sa Sūrah Al-Qadr kalakip ng paghahango ng pinakamahalaga sa mga katuturang pangkaalaman, pang-edukasyon, at pampag-uugali mula sa mga āyah upang ang mga ito ay maging tulong para sa atin sa paggawa ayon sa Marangal na Qur'ān sa pang-araw-araw na buhay natin.

Nakukumpleto ang praktikal na pagpapatupad ng Makatotoong Relihiyon natin sa pamamagitan ng pagtulad sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at pag-aaral ng Sunnah niya. Alang-alang sa pagsasakatotohanan niyon, mag-aaralan tayo ng siyam sa mga ḥadīth niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Tatalakayin ang mga pundasyon ng pagbubusilak ng sarili, paghubog ng pag-uugali, at pagmamarangal sa Makatotoong Relihiyon natin. Kaya kailangan sa iyo kapatid kong mag-aaral ang magpahalaga sa pagsasaulo sa mga salita ng mga ito, pag-alam sa mga kahulugan ng mga ito, pagsasagawa ng mga katuturan ng mga ito, at pagtuturo ng mga ito sa sinumang nasa paligid mo upang magtamo ka ng pabuya ng kaalaman, paggawa, at pag-aanyaya nang magkakasama.

Dahil ang Paniniwala ay ang pundasyon ng Relihiyon at ang Pananampalataya ay ang kinasasalayan ng Paniniwala, pag-aaralan natin ang mga haligi ng Pananampalataya na niliwanag

sa atin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa napatanyag na ḥadīth ni Anghel Gabriel nang nagtanong ito tungkol sa Pananampalataya sapagkat nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Na sumampalataya ka kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga Sugo Niya, sa Huling Araw, at sa pagtatakda: sa masama nito at mabuti nito."** Kaya pag-aaralan natin kung papaano tayong magsasakatotohanan ng Pananampalataya sa pamamagitan ng anim na haliging iyon at mga epekto niyon sa mga gawain ng mga puso at mga pinaggagawa ng mga bahagi ng katawan.

Matapos ng pag-aaral ng mga pundasyon ng pinaniniwalaan, mag-aaral tayo ng mga pundasyon ng pagpapakamananamba kasama ng poste ng Islām at pinakamahalaga sa mga haligi nito: ang ṣalāh. Kaya pag-aaralan natin ang pamamaraan ng pagsasakatotohanan sa mga kundisyon nito, pagpapatupad sa paraan nito, at pagbubukod sa mga haligi nito at mga sunnah nito. Pagkatapos may isang pinaiksing pagpapakilala sa zakāh at pamamaraan ng pagtaya sa mga niṣāb nito at may paglilinaw sa kainaman ng kawanggawa at bigas ng pabuya rito.

Pagkatapos mamumuhay tayo kasama ng ilan sa mga etiketang pang-araw-araw, na napag-aralan natin ang mga detalye ng mga ito mula sa

patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kaya pag-aaralan natin ang mga etiketa ng pagkain, pagtulog, pagtitipon, at pagpaalam. Mag-aaralan tayo ng dinadala ng mga etiketang iyon na mga katuturang pampag-uugali at panlipunan. Wawakasan natin ang aklat sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga dhikr ng umaga at gabi at mga dhikr ng katapusan ng mga ṣalāh. Maasahan si Allāh na magkaloob sa atin ng mga pabuya ng mga tagapag-alaala sa Kanya at mga tagatulad sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Nagsikap nga kami sa pagpapalabas sa mga aklat na ito sa isang anyong umaalinsunod sa mga saligang pangkaalaman at mga sukatang pang-edukasyong makabago. Nagsaalang-alang kami sa paghahanda sa mga ito ng sumusunod:

- Ang pagpapalago ng mga aspeto ng personalidad mo at sarisaring kasanayan mo.

- Ang pagkasarisari sa pamamaraan ng pagsasakatuparan dito sa pagitan ng pang-individuwal at panlipunan, ang pagkasarisari ng lugar ng pagsasakatuparan dito sa loob at labas ng klase, at ang pagkasarisari ng mga anyo nito sa pagitan ng aktibidad na pansulat, pansalita, pangkilos, at pang-isip.

Tunay na kami, yayamang naghain kami sa iyo ng aklat na ito, ay umaasa na ito ay maging isang

tagapagsakatotohanan ng pinagpunyagian namin na kadalian ng asignaturang akademiko, kaliwanagan ng paglalahad, pagkaaktibo ng mga aktibidad, at pagkamasaklaw ng pagtatasa (assessment).

Dumadalangin kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na magpakinabang Siya sa pamamagitan ng mga ito sa mga tagapaghanap ng kaalaman at tumanggap Siya mula sa amin, tunay na Siya ay ang Madinigin, ang Maalam.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan Niya ang Propeta nating si Muḥammad sampu ng mag-anak niya at mga kasamahan niya sa kalahatan.

Unang Yunit: Ang Marangal na Qur'ān at Pagpapakahulugan Nito

(1) Ang Pagdakila sa Marangal na Muṣḥaf

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakilala ka ng Marangal na Muṣḥaf;

makapag-isa-isa ka ng nilalaman ng Marangal na Muṣḥaf;

makapaglinaw ka ng ilan sa mga anyong pagdakila sa Marangal na Muṣḥaf;

makapagdakila ka sa Marangal na Muṣḥaf;

makapagbigay-babala ka sa mga tao laban sa pagmamaliit sa Marangal na Muṣḥaf.

Aktibidad na Pang-umpisa

Nagkukulang ang marami sa mga Muslim sa pagpapanatili sa pang-araw-araw na bahagi ng pagbigkas ng Qur'ān hanggang sa makakita ka ng ilan sa mga Muṣḥaf na nababalot ng alikabok. Sa opinyon mo, anò ang kadahilanan niyon?

A. Ang Pagpapakahulugan sa Muṣḥaf

Ang Marangal na Qur'ān

Ito ay Salita ni Allāh (napakataas Siya). Ang Muṣḥaf (Muṣḥaf) ay isang pangalan ng aklat na naglalaman ng Marangal na Qur'ān.

Naglalaman ang Muṣḥaf ng 114 sūrah (kabanata), na bumaba nang magkahiwa-hiwalay sa loob ng 23 taon, magmula ng pagpapadala kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hanggang sa pagpanaw niya. Nagsisimula ito sa sūrah Al-Baqarah at nagtatapos sa sūrah An-Nās.

Nahahati ang mga sūrah na ito sa 20 sūrah na Madaniyah, 82 sūrah na Makkīyah, at 12 sūrah na nagkaiba-iba ng pahayag hinggil sa mga ito.

Nahahati ang Muṣḥaf sa 30 juz' (bahagi). Nahahati ang bawat juz' sa 2 ḥizb (lapihan). Sa bawat ḥizb ay may 4 rub` (sangkapat). Ibig sabihin: ang Qur'ān ay nahahati sa 240 rub`.

Ang mga juz', ang mga ḥizb, at ang mga rub` na ito sa kabuuan ng mga ito ay tinakdaan. Ang mga ito ay may mga pagpapahiwatig sa lahat ng mga Muṣḥaf.

B. Ang Pagdakila sa Muṣḥaf at ang Hatol sa Panghahamak Dito

Ang pagdakila sa Marangal na Muṣḥaf ay kinakailangan sa bawat Muslim dahil ito ay naglalaman ng Salita ni Allāh (napakataas Siya).

Ang sinumang nagpitagan sa Marangal na Qur'ān at nagpitagan nga kay Allāh (napakataas Siya) at ang sinumang nagmaliit sa Qur'ān ay nagmaliit nga kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

Nagkaisa ang Kalipunang Islām sa pagkakailangan ng pagdakila sa Qur'ān at pagkakailangan ng paglalayo rito at pangangalaga rito laban sa panghahamak at pangangalikot.

Ang sinumang nanghamak ng Muṣḥaf nang sinasadya ay tumangging ngang sumampalataya kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), tulad ng pagtapon nito sa isang maruming lugar o pagsipa nito at tulad niyon.

C. Ang mga Anyo ng Pagdakila sa Muṣḥaf

Ang pagdakila sa Marangal na Muṣḥaf ay may maraming anyo, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

* Ang hindi pagsaling ng Muṣḥaf nang walang ṭahārah:

Ipinagbabawal sa may ḥadath o junub ang pagsaling ng Muṣḥaf batay sa sabi ni Allāh:

لَا يَمَسُّهُ إِلَّا الْمُطَهَّرُونَ

{walang sumasaling dito kundi ang mga dinalisay,} (Qur'ān 56:79) at batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):
"Walang sasaling sa Qur'ān kundi ang isang dalisay." Nagsalaysay nito si Imām Mālik: 469.

* Ang pag-iwas sa pagpasok sa palikuran nang may dalang Muṣḥaf:

Ipinagbabawal sa Muslim ang magpasok ng Muṣḥaf sa palikuran bilang pagdakila rito malibang kapag nangamba siya na mawala ito sapagkat pinapayagan na pumasok siya dala ito sa kundisyon na ito ay nasa isang lalagyan gaya ng kung ito ay nasa loob ng bag niya.

* Ang hindi pag-unan nito o pagsandal dito:

Ang pag-unan ng Marangal na Muṣḥaf ay ipinagbabawal dahil sa ganito ay may paghamak sa Marangal na Qur'ān at gayon din ang pagtapak dito at tulad niyon na mga anyo ng paghamak.

* Ang pag-iwas sa pagtutok ng mga paa tungo sa Muṣḥaf :

Nararapat ang pag-iwas sa pagtutok ng mga paa tungo sa Muṣḥaf o ang pagtalikod dito o iba pa roon kabilang sa mga gawain na nagpapahiwatig ng kawalan ng pagdakila rito.

* Ang pag-iwas sa paglalagay ng Muṣḥaf sa lapag:

Hindi inilalagay ang Muṣḥaf sa lapag sapagkat baka maapakan ito ng isang tao nang hindi niya nalaman o maitutok dito ng isa sa kanila ang paa niyon. Pinapayagan para sa sinumang nagbabasa sa Muṣḥaf na ilapag ito sa harapan niya kapag nagnais siyang magpatirapa.

* Ang kagandahan ng pagkuha ng Muṣḥaf at pagbibigay nito:

Kabilang sa mga anyo ng pagdakila sa Muṣḥaf ang kagandahan ng pagkuha nito, pag-aabot nito, at pagbibigay nito sa ibang tao kaya naman nag-aabot nito ang Muslim, nagbibigay siya nito sa pamamagitan ng kanang kamay, at umiiwas siyang maghagis nito.

* Ang pag-iwas sa paghahantad ng Muṣḥaf sa pagkasira at ang pagkukumpuni sa anumang nasira sa mga pahina nito:

Narapat ang pag-iingat sa Muṣḥaf laban sa pagkasira. Iyon ay sa pamamagitan ng pag-iwas sa paghahantad ng Muṣḥaf sa araw sa loob ng kotse o tulad nito. Kapag nasira ang mga pahina nito, pinapayagan ang paglilibing ng mga ito sa isang lugar na dalisay o ang pagsunog ng mga ito o ang pagpunit-punit ng mga ito sa lubhang maliliit na piraso sa paraang hindi na mananatiling hayag ang mga salita.

* Ang pag-iingat ng mga aklat na may mga talata ng Qur'ān:

Tulad ng mga aklat na panrelihiyon o pampaaralan o mga diyaryo na naglalaman ng mga talata ng Qur'ān, hindi pinapayagan ang magtapon ng mga ito sa basūrahan o ang paggamit ng mga ito sa pagbabalot ng mga pagkain at tulad nito o ang kumain sa ibabaw ng mga ito at iba pa roon na mga anyo ng paggamit dahil ang lahat ng ito ay kabilang sa paghamak ng Aklat ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsasaliksik ako at sasagot ako.

Upang madagdagan ka ng pagkakaalam sa Muṣḥaf at mga pagbabahagi nito, magsaliksik ka at sagutin mo ang sumusunod:

Ano ang pinakamahabang sūrah sa Marangal na Qur'ān?

Ang Sūrah Al-Baqarah.

Sa Qur'ān ay may pitong sūrah na tinatawag na Pitong Mahahaba, ano ang mga ito?

(Al-Baqarah - Āl `Imrān - An-Nisā' - Al-Mā'idah - Al-An`ām - Al-A`rāf - Al-Anfāl at At-Tawbah sa pagtuturing sa dalawang ito bilang iisang sūrah.)

Makakatagpo sa Muṣḥaf ng pagtatakda para sa mga āyah na itinuturing na kaibig-ibig ang magpatirapa sa pagkabigkas sa mga ito, ano ang bilang ng mga āyah na ito?

15 āyah.

Magsulat ka ng mga pangalan ng limang sūrah na Makkīyah at limang sūrah na Madanīyah.

Ang mga sūrah na Makkīyah: Al-Muṭaffifīn - Al-Inshiqāq - Al-Burūj - Aṭ-Ṭāriq - Al-A`lā

Ang mga sūrah na Madanīyah: Al-Mumtaḥinah - Al-Jumu`ah - Al-Munāfiqūn - Aṭ-Ṭalāq - At-Taḥrīm - An-Naṣr.

Puna: Ang mga sūrah na ito ay mga halimbawa at hindi isang paglilimita. Matatanggap mula sa

estudyante ang alinman sa mga tumpak na halimbawa.

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at sasagot ako

Lumaganap sa ngayon ang mga elektronikong Muṣḥaf sa kompyuter at telepono, kaya napasasailalim ba ang mga ito sa patakaran ng Muṣḥaf na papel sa pagsasakundisyon ng ṭahārahat tulad nito?

Alamin sa link na ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Naglalaman ang Muṣḥaf ng 60 ḥizb at 30 juz'. (✓)

Hindi pinapayagan ang pagsunog ng mga papel ng lumang Muṣḥaf. (X)

Itinuturing na kaibig-ibig ang paghalik sa Muṣḥaf at ang pagpapalamuti rito at pagpapabango rito. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang bilang ng mga sūrah na Madaniyah ay:
(20 - 30 - 40)

Nagpapahiwatig ang sabi ni Allāh: {walang sumasaling dito kundi ang mga dinalisay,} na ang paghipo ng Muṣḥaf ng hindi nakapagsagawa ng ṭahārahay:

(ḥarām (bawal) - makrūh (kinasusuklaman) - mubāḥ (pinapayagan))

Ang hatol sa paglalagay ng Muṣḥaf sa lapag ay:

(ang pagbabawal dahil ito ay kabilang sa paghamak - ang pagpayag dahil ang lapag ay dalisay – ang pagkasuklam dahil sa pagsaway laban doon)

PANUTO 3: Magbigay-liwanag ka ng hatol sa sumusunod:

Ang paghipo ng mga elektronikong Muṣḥaf para sa hindi nakapagsagawa ng ṭahārah.

Ang pag-unan ng Muṣḥaf.

Ang pananadya sa paghamak sa Muṣḥaf.

Ang pag-upo sa mga aklat na panrelihiyon.

PANUTO 4: Sagutin ang dalawang sumusunod na tanong:

Ano ang ibig sabihin ng Muṣḥaf?

Ano ang kaibahan sa pamamagitan ng Muṣḥaf at Marangal na Qur'ān?

(2) Ang Pagtipon ng Qur'ān at ang Pagkatuluyan ng Pagpapaabot Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng mga yugto ng pagtipon ng Marangal na Qur'ān;

makapagbigay-katwiran ka sa kahalagahan ng pagtipon ng Marangal na Qur'ān;

makapagbigay-liwanag ka ng kahulugan ng pagkatuluyan ng pagpapaabot ng Marangal na Qur'ān;

makapagpahalaga ka sa papel ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa pag-iingat ng Qur'ān at pagtipon nito;

makapagsaulo ka ng Marangal na Qur'ān.

Aktibidad na Pang-umpisa

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay masigasig sa pagsasaulo ng Marangal na Qur'ān. Humango ka ng āyah mula sa Sūrah Al-Qiyāmah na nagpapatunay roon.

لَا تُحَرِّكْ بِهِ لِسَانَكَ لِتَعْجَلَ بِهِ (16) إِنَّ عَلَيْنَا جَمْعَهُ وَقُرْآنَهُ
(17) فَإِذَا قَرَأَهُ فَاتَّبِعْ قُرْآنَهُ (18) ثُمَّ إِنَّ عَلَيْنَا بَيَانَهُ (19)

{16. Huwag kang magpagalaw ng dila mo kasabay nito upang magmadali ka nito. 17. Tunay na nasa Amin ang pagtitipon nito at ang pagpapabigkas nito. 18. Kaya kapag bumigkas Kami nito ay sumunod ka sa pagpapabigkas nito. 19. Pagkatapos tunay na nasa Amin ang paglilinaw nito.}

(Qur'ān 75:16-19)

Nagsigasig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang mga Kasamahan niya (malugod si Allāh sa kanila) sa pagtipon ng Marangal na Qur'ān. Dumaan iyon sa tatlong yugto.

Ang mga Yugto ng Pagtipon ng Qur'ān at ang Pag-iingat Nito

1. Sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

2. Sa panahon ni Abū Bakr (malugod si Allāh sa kanya).

3. Sa panahon ni `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya).

Ang Unang Yugto: Ang pagtipon ng Qur'ān sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

Bumaba ang Marangal na Qur'ān sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa loob ng 23 taon. Sa tuwing may bumabang isang āyah, isinasaulo ito ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) at naikikintal ito sa mga isip nila sapagkat ang mga Arabe ay nagtatamasa ng lakas ng memorya.

Kabilang sa pinakatanyag sa mga tagapagsaulo ng mga Kasamahan: sina `Abdullāh bin Mas`ūd, Sālīm bin Ma`qil na tauhan ni Abū Hudhayfah, Mu`ādh bin Jabal, Ubayy bin Ka`b, Zayd binThābit, Abū Zayd bin As-Sakan, at Abu Ad-Dardā' (malugod si Allāh sa kanila).

Pumili nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang bilang ng mga kapita-pitagan sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) para magsulat ng Marangal na Qur'ān. Kabilang sa kanila sina `Alīy, Mu`āwiyah, Ubayy bin Ka`b, at Zayd binThābit (malugod si Allāh sa kanila).

Sa tuwing may bumababa na āyah, nag-uutos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isulat ito at gumagabay siya sa kalalagyan nito sa sūrah nito hanggang sa nabuo

ang pagkasulat ng Qur'ān sa mga pahina kasabay ng pagkasaulo rito sa mga isip.

Subalit ang Qur'ān ay hindi tinipon sa nag-iisang manuskrito dahil ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nag-aabang-abang ng pagbaba ng pagkasi sa tuwi-tuwina.

Ang Ikalawang Yugto: Ang pagtipon ng Qur'ān sa nag-iisang manuskrito sa panahon ni Abū Bakr (malugod si Allāh sa kanya).

Noong si Abū Bakr (malugod si Allāh sa kanya) ay naging isang khalifah ng mga Muslim, naganap sa panahon niya ang labanang tinatawag na Labanan sa Al-Yamāmah na namartir dito ang 70 sa mga tagabigkas ng Marangal na Qur'ān kaya naman nagmungkahi si `Umar bin Al-Khaṭṭāb kay Abū Bakr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na tipunin ang Qur'ān na nakasulat sa nag-iisang manuskrito nang sa gayon walang mawala na anuman mula sa mga āyah nito matapos ng pagkamatay ng mga tagabigkas.

Sumang-ayon si Abū Bakr (malugod si Allāh sa kanya), pagkatapos nag-utos siya kay Zayd bin Thābit (malugod si Allāh sa kanya) ng pagsasagawa ng misyong ito dahil siya ay kabilang sa mga tagasaulo ng Qur'ān at mga maalam ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila).

Tinipon ni Zayd (malugod si Allāh sa kanya) ang Marangal na Qur'ān sa nag-iisang manuskrito

at nanatili ang manuskritong ito sa piling ni Abū Bakr (malugod si Allāh sa kanya), pagkatapos kay `Umar (malugod si Allāh sa kanya), pagkatapos sa anak nito na si Ḥafṣah (malugod si Allāh sa kanya) hanggang sa pagkakhalifah ni `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya).

Ang Ikatlong Yugto: Ang pagtipon ng mga tao ng Qur'ān sa nag-iisang manuskrito sa panahon ni `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya).

Sa panahon ni `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya) lumawak ang mga bayang Islāmiko at nagkahiwa-hiwalay ang mga tagabigkas doon. Nangyari ang ilan sa mga pagkakaiba-iba sa pagbigkas ng ilan sa mga titik ng Marangal na Qur'ān.

Upang hindi lumawak ang pagkakaibang ito at maingatan ang Marangal na Qur'ān laban sa pagkapilipit at pagkapalit, nag-utos si `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya) na kopyahin ang Muṣḥaf na tinipon sa panahon ni Abū Bakr (malugod si Allāh sa kanya) kaya kinuha nila ito mula kay Ḥafṣah bint `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya). Pagkatapos nagpakopya si `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya) mula rito ng ilang Muṣḥaf. Nagpadala siya sa bawat bayan ng isang Muṣḥaf at nag-utos siya na pagkaisahin ang mga tao rito.

Kabilang sa mga tagapagsagawa ng pagkopya ng mga Muṣḥaf sina Zayd bin Thābit Al-Anṣārīy, `Abdullāh bin Az-Zubayr, Sa`īd bin Al-`Āṣṣ, at `Abdurrahmān bin Al-Ḥārith bin Hishām (malugod si Allāh sa kanila).

(2) Ang Pagkatuluyan ng Pagpapaabot ng Marangal na Qur'ān

Ganito, mahal kong estudyante, pinag-ingatan ni Allāh (napakataas Siya) ang Marangal na Qur'ān sa pamamagitan ng mga dakilang lalaking ito na nagbigay ng mga malaking pagpupunyagi sa pangangalaga sa Aklat ni Allāh (napakataas Siya) hanggang sa naipaabot sa atin ang Qur'ān nang nagkakatuluyang ligtas sa alinmang pagkapalit o pagkapilipit o pagkalikot. Hindi nagkaiba-iba ang mga Muslim – papuri kay Allāh – sa nag-iisang titik mula rito.

Ang tinutukoy ng pagkatuluyan (tawātur) ay na ang lahat ng mga Muslim ay nagpaabot ng Marangal na Qur'ān sa isang salinlahi buhat sa isang salinlahi nang walang pagpilipit o pagpapalit.

Ito ang nataglay ng Marangal na Qur'ān at hindi nataglay ng iba pa rito na mga aklat. Nagkatotoo ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ)

{Tunay na Kami ay nagbaba ng Paalaala at
tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat.}
(Qur'ān 15:9)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahambing ako.

Maghambing sa pagitan ng Ikalawang Yugto at Ikatlong Yugto ng pagtipon ng Marangal na Qur'ān sa punto ng kadahilanan ng pagtipon, mga tagapag-utos ng pagtipon, at mga nagsagawa ng pagtipon.

Ang Yugto Ang Kadahilanan ng Pagtipon Ang mga Tagapag-utos ng Pagtipon Ang mga Nagsagawa ng Pagtipon

Ang Ikalawang Yugto Ang Kadahilanan ng Pagtipon: Ang pagkamatay ng mga tagabigkas sa Labanan ng Al-Yamāmah. Ang Tagapag-utos ng Pagtipon: Si Abū Bakr (malugod si Allāh sa kanya). Ang mga Nagsagawa ng Pagtipon: Si Zayd bin Thābit (malugod si Allāh sa kanya).

Ang Ikatlong Yugto Ang Kadahilanan ng Pagtipon: Ang pagkakaiba-iba ng mga tao hinggil sa mga pagbigkas.

Ang Tagapag-utos ng Pagtipon: Si `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya). Ang mga Tagapagsagawa ng Pagtipon: Sina Zayd bin Thābit

Al-Anṣārīy, `Abdullāh bin Az-Zubayr, Sa`īd bin Al-`Āṣṣ, at `Abdurrahmān bin Al-Hārith bin Hishām (malugod si Allāh sa kanila).

Aktibidad 2: Maghuhulo ako ng anyo ng pagpapatunay.

Humango ng patunay ang ilan sa mga may kaalaman sa pamamagitan ng sabi ni Allāh:

(بَلْ هُوَ آيَاتٌ بَيِّنَاتٌ فِي صُدُورِ الَّذِينَ أُوتُوا الْعِلْمَ)

{Bagkus [ang Qur'ān na] ito ay mga talatang malililaw na nasa mga dibdib ng mga nabigyan kaalaman. Walang nagkakaila sa mga talata Namin kundi ang mga tagalabag sa katarungan.} (Qur'ān 29:49) Sa kalamangan ng pagkaingat sa Marangal na Qur'ān, magtangka na alamin ang anyo ng pagpapatunay ng āyah.

Ang paglalarawan dito na ito ay nasa mga dibdib ng mga may kaalaman ay isang patunay na sila ay nag-iingat nito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Naligtas ang mga makalangit na aklat mula sa pagkapilipit at pagkapalit. (X)

Napatanyag si `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) sa pagkasaulo ng Marangal na Qur'ān. (✓)

Nagmalasakit ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa pagsaulo ng Qur'ān dahil sa kahinaan ng memorya nila. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa mga tagasulat ng kasi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay si:

(Mu`āwiyah (malugod si Allāh sa kanya) - Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya) - Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya))

Ang kadahilanan sa pagtipon ng Qur'ān sa Ikalawang Yugto ay:

(ang pagkamatay ng mga tagabigkas - ang pagkakaiba-iba ng mga tagabigkas - ang pagpanaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan))

Ang kapita-pitagang Kasamahan na lumahok sa bawat yugto ng pagtipon ng Qur'ān ay si:

(Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya)
- Ubayy bin Ka'b (malugod si Allāh sa kanya) -
Zayd bin Thābit (malugod si Allāh sa kanya)).

PANUTO 3: Papaano mong ipakakahulugan:

ang hindi pagtipon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng Marangal na Qur'ān sa nag-iisang manuskrito?

ang kahalagahan ng pagkakaisa ng mga Muslim sa nag-iisang manuskrito sa panahon ni `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya)?

ang pagkaimposible sa isip ng pagkaganap ng pagkapilipit ng Marangal na Qur'ān.

PANUTO 4: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Ano ang ibig sabihin ng pagkatuluyan ng pagpapaabot ng Marangal na Qur'ān?

Magsulat ng limang linya na nagbibigay-liwanag sa mga ito ng ginampanan ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa pagtipon ng Marangal na Qur'ān at pagkaingat nito kalakip ng pagpapahayag sa pagpapahalaga mo roon.

(3) Ang mga Pundasyon ng Tumpak na Pagbigkas ng Qur'ān

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng ibig sabihin ng tajwīd (pagpapahusay) ng pagbigkas ng Marangal na Qur'ān;

makaalam ka sa kaibahan sa pagitan ng disonansiya ng hayag at disonansiya ng kubli;

makapagpakahulugan ka sa kahalagahan ng pagkaalam sa paghintó at pagsisimula sa pagbigkas;

makapagpatupad ka ng mga halimbawa ng paghintó at pagsisimula;

makapagsadamdamin ka ng panganib ng disonansiya sa pagbigkas ng Qur'ān.

Kinakailangan sa Muslim na bumigkas ng Marangal na Qur'ān sa isang tumpak ng pagbigkas. Naglagay nga ang mga maalam ng mga pundasyon at mga panuntunan para sa tumpak na pagbigkas, na kabilang sa pinakamahalaga sa mga ito ang sumusunod:

Ang mga Pundasyon ng Tumpak na Pagbigkas ng Qur'ān

Ang Pagsisigasig sa Pagpapahusay ng Pagbigkas

Ang Pangingilag Laban sa Pagkakasadlak sa disonansiya

Ang Pagsasaalang-alang sa Paghinto at Pagsisimula

A. Ang Pangingilag Laban sa Pagkakasadlak sa Maling Pagbigkas:

Ang disonansiya ay ang kamalian sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān. Ito ay nasa dalawang bahagi: ang disonansiyang hayag at ang disonansiyang kubli.

Ang Disonansiyang Hayag

Ang Pakahulugan Nito: Ito ay isang kamaliang nagaganap sa pagbigkas ng mga titik ng mga salitang Qur'āniko, nakasira man ito sa kahulugan o hindi nakasira.

Tinawag itong hayag dahil ito ay nakalantad, na nakikilahok ang mga tagabigkas at ang iba pa sa kanila sa pagkakaalam nito.

Ang Hatol Dito: Ang uring ito ay ipinagbawal. Nagkakasala ang tagabigkas kapag sinadya niya ang masadlak dito.

Kabilang sa mga halimbawa nito:

Ang pagpapatinig ng U sa T ng "an`amTA" sa sabi ni Allāh:

(صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ)

"širāṭa -lḥadhīna AN`AMTA `alayhim (ang landasin ng mga biniyayaan Mo,)" (Qur'ān 1:7) sapagkat ito ay isang kamaliang nakasisira sa kahulugan dahil ang T sa sandaling iyon ay naging TU (Ko) samantalang ito sa āyah ay TA (Mo).

Ang pagpapatinig ng U sa H ng lillāH sa sabi ni Allāh:

الْحَمْدُ لِلَّهِ

"Alḥamdu LILLĀHI. (Ang papuri ay ukol kay Allāh.)" (Qur'ān 1:2) sa kabila na ito ay hindi nakasisira sa kahulugan subalit ito ay isang maliwanag na kamalian.

Ang Disonansiyang Kubli

Ang Pakahulugan Nito: Ito ay isang kamaliang nagaganap sa pamamaraan ng pagbigkas ng mga salita ng Qur'ān alinsunod sa mga tuntunin ng tajwīd samantalang hindi naman ito nakasisira sa kahulugan.

Ang Hatol Dito: Ang uring ito ay kinasusuklaman dahil sa pagsira nito sa karikitan ng pagbigkas at kagaraan nito.

Ang halimbawa niyon ay ang pagsasaisang-tabi sa ghunnah (tunog na pailong) o ang pagpapaikli ng mahabang patinig o ang pagbanat ng maikling patinig at ganito rin sa nalalabi sa mga patakaran ng tajwīd.

C. Ang Pagsisigasig sa Tajwīd ng Pagbigkas

Ang ibig sabihin ng tajwīd (pagpapahusay) ng pagbigkas ay na magbigay ang tagabigkas sa bawat titik ng karapatan nito at ng karapat-dapat dito na makhraj (labasan ng titik), şifah (katangian), ghunnah (tunog na pailong), tarqīq (pagpapanipis ng titik), tafkhīm (pagpapakapal ng titik), at iba pa roon na mga patakaran ng tajwīd;

o sa iba pang kahulugan: ang pagbigkas sa mga salitang pang-Qur'ān na umaayon sa pinakamahusay ng pagbigkas, ang pagbigkas ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ang layon niyon ay ang pangangalaga sa dila sa pagkakamali sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān.

Para matutuhan iyon at maipatupad iyon, nararapat ang makinig at ang bumigkas sa tulong ng isang gurong nagpakadalubhasa sa tajwīd ng Marangal na Qur'ān.

Nagpapayo kami sa iyo, kapatid kong mag-aaral, ng pagpapahalaga sa pakikinig sa mga Muşḥaf na binibigkas ng mga tagabigkas na nagpakadalubhasa. Hinggil naman sa nairekord na

pagbigkas ng mga imām sa sandali ng pagsasagawa ng ṣalāh, maaaring nagkukulang ito ng ilang kadalubhasaan.

C. Ang Pagsasaalang-alang sa Paghinto at Pagsisimula

Nararapat sa tagabigkas ng Qur'ān ang makaalam sa mga puwesto ng paghinto at pagsisimula sa pagbigkas nang sa gayon hindi siya titigil sa isang puwestong mauuwi sa isang kahulugang hindi tumpak. Ito ay nangangailangan ng pagkaintindi sa mga kahulugan ng mga āyah at pagkakaalam sa wikang Arabe.

Upang maipatupad ng tagabigkas ang paghinto at ang pagsisimula sa isang tumpak na paraan, kailangan sa kanya ang ilang bagay-bagay, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Ang pagtigil sa katapusan ng mga āyah.

Ang hindi magpahiwalay ng mga sangkap ng iisang pangungusap. Kaya naman hindi magpapahiwalay sa pagitan ng simuno at panaguri o sa pagitan ng pandiwa at tagagawa nito o sa pagitan ng tagagawa at akusatibo at gayon nga. Halimbwa: ang magsabi ng: "ALḤAMDU... (Ang papuri...)" at tumigil sa sandali ng pagbigkas ng sabi ni Allāh:

الْحَمْدُ لِلَّهِ

"ALḤAMDU LILLĀHI, (Ang papuri ay ukol kay Allāh,)" (Qur'ān 1:2)

Ang hindi magpahiwalay ng mga salitang magkakaugnay sa isa't isa. Halimbawa: ang pang-uri (ṣifah) at ang inuuri (mawṣūf) o ang inuugnay (muḍāf) at ang inuugnayan (muḍāf ilayhi). Halimbawa: ang magsabi ng: "ṢIRĀṬ (landasin)" at tumitigil sa sandali ng pagbigkas ng sabi ni Allāh:

صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ

"ṢIRĀṬ -LLADHĪNA AN`AMTA `ALAYHIM.
(ang landasin ng mga biniyayaan Mo.)" (Qur'ān 1:7)

Ang mag-ingat sa pagsisimula ng pagbigkas mula sa bahaging magpapaakala ng kasalungatan ng kahulugan. Halimbawa: ang magsimula sa pagsabi ng: "INNA -LLĀHA (tunay na si Allāh)" sa sabi ni Allāh:

لَقَدْ سَمِعَ اللَّهُ قَوْلَ الَّذِينَ قَالُوا إِنَّ اللَّهَ فَقِيرٌ وَنَحْنُ أَغْنِيَاءُ سَنَكْتُبُ
مَا قَالُوا

"LAQAD SAMI`A -LLĀHU QAWLA -LLADHĪNA
QĀLŪ INNA -LLĀHA FAQĪRUN WA-NAḤNU

AGHNIYĀ'U SA-NAKATUBU MĀ QĀLŪ... (Talaga ngang nakarinig si Allāh sa sabi ng mga nagsabi: "Tunay na si Allāh ay maralita samantalang kami ay mga mayaman." Magsusulat Kami ng sinabi nila...) (Qur'ān 3:181)

Ang mag-ingat sa paghinto sa mga bahaging magpapaakala ng kasalungatan ng kahulugan. Halimbawa: ang paghinto sa salitang: "YASTAḤYĪ" sa sabi ni Allāh:

إِنَّ اللَّهَ لَا يَسْتَحْيِي أَنْ يَضْرِبَ مَثَلًا مَا بَعُوضَةٌ فَمَا فَوْقَهَا

"INNA -LLĀHA LĀ YASTAḤYĪ AN YAḌRIBA MATHALAM MĀ BA'ŪḌATAN FA-MĀ FAWQAHĀ, (Tunay na si Allāh ay hindi nahihiya na maglahad ng isang anumang paghahalintulad na isang lamok man saka anumang higit dito.)" (Qur'ān 2:26); o sa salitang: "YAHDĪ" sa sabi ni Allāh:

إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ

"INNA -LLĀHA LĀ YAHDI -LQAWMA -
ḌḌĀLIMĪN. (Tunay na si Allāh ay hindi
nagpapatnubay sa mga taong tagalabag sa
katarungan.)" (Qur'ān 5:51);

at iba pa roon kabilang sa mga pundasyon ng
pagbigkas ng Qur'ān na nararapat sa Muslim ang
magsaalang-alang sa mga ito upang mabigkas niya
ang Marangal na Qur'ān sa tumpak na anyo at
makaantig sa sarili niya at sa mga tagapakinig
niya.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-uuri ako at magbibigay-
katwiran ako.

Magbigay-liwanag ka sa uri ng disonansiya
kalakip ng pagbibigay-katwiran sa sumusunod:

Ang Disonansiya: Ang Uri NIto at ang
Pagbibigay-katwiran

Ang pag-iwan sa ghunnah ng nūn sa sabi ni
Allāh:

مَلِكِ النَّاسِ

"MALIKI -NNĀS (na Hari ng mga tao,)"
(Qur'ān 114:2)

[Ito ay disonansiyang] kubli

dahil ito ay kamalian sa tajwīd at hindi naman nakasisira sa kahulugan.

Ang pagbigkas ng A [sa halip na U] sa: "TUNKIḤŪ" sa sabi ni Allāh:

وَلَا تُنْكِرُوا الْمُشْرِكِينَ حَتَّىٰ يُؤْمِنُوا

"WA-LĀ TUNKIḤU -LMUSHRIKĪNA ḤATTĀ YU'MINŪ. (Huwag ninyong ipakasal [ang kababaihan ninyo] sa mga lalaking tagapagtambal hanggang sa sumampalataya sila.)" (Qur'ān 2:221)
[Ito ay disonansiyang] hayag dahil ito nagpapaiba ng kahulugan ng āyah.

Ang pag-iwan sa pagpapahaba ng [huling A sa]: "ASSAMĀ' (langit)" sa sabi ni Allāh:

وَالسَّمَاءِ وَالطَّارِقِ

"WA-SSAMĀ'I WA-ṬṬĀRIQ. (Sumpa man sa langit at sa tagapunta sa gabi.)" (Qur'ān 86:1)

[Ito ay disonansiyang] kubli

dahil ito ay kamalian sa tajwīd at hindi naman nakasisira sa kahulugan.

Aktibidad 2: Makikilahok ako at sasagot ako.

Sa pakikilahok sa mga kaklase mo, magsulat ka ng isang patakaran mula sa mga patakaran ng tajwīd kalakip ng paglalahad ng isang halimbawa rito mula sa naisasaulo mo.

Aktibidad 3: Magbubulay-bulay ako at magbibigay-liwanag ako.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

وَقَالَتِ الْيَهُودُ يَدُ اللَّهِ مَغْلُولَةٌ غُلَّتْ أَيْدِيهِمْ وَلُعِنُوا بِمَا قَالُوا بَلْ يَدَاهُ
مَبْسُوطَتَانِ يُنفِقُ كَيْفَ يَشَاءُ

{WA-QĀLATI -LYAHŪDU YADU -LLĀHi ...
GHULLAT ... BI-MĀ QĀLŪ BAL ...}(Nagsabi ang mga
Hudyo: "Ang kamay ni Allāh ay nakakulyar."
Makulyar nawa ang mga kamay nila at isinumpa
sila dahil sa sinabi nila. Bagkus ang dalawang
kamay Niya ay mga nakabukas; gumugugol Siya
kung papaanong Niyang niloloob.)) (Qur'ān 5:64)

Magbulay-bulay ka sa āyah, pagkatapos sumagot ka:

Magbigay-liwanag ka sa magandang paghinto sa āyah at pangit na paghinto.

Ang magandang paghinto sa sabi ni Allāh: "BĪ-MĀ QĀLŪ (dahil sa sinabi nila)" at ang pangit na paghinto sabi Niya: {"QĀLATI -LYAHŪDU ... (Nagsabi ang mga Hudyo)"}.

Magbigay-liwanag ka sa magandang pagsisimula sa āyah at pangit na pagsisimula.

Ang magandang pagsisimula mula sa sabi ni Allāh: "GHULLAT (Makulyar nawa)" at ang pangit na pagsisimula mula sa sabi Niya: "YADU -LLĀHI (Ang kamay ni Allāh)."

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang pagkakaalam sa paghinto at pagsisimula ay madali sa bawat tagabigkas. (X)

Sasapat ang pagkakaalam sa wikang Arabe para sa pagpapatupad ng mga patakaran ng tajwīd. (X)

Maaaring mag-iiba ang kahulugan ng āyah dahilan sa paghinto at pagsisimula. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pagpapakapal ng mga titik na pinanipis ay kabilang sa mga anyo ng disonansiyang:

(hayag - kubli - kulang).

Kabilang sa mga anyo ng disonansiyang hayag:

(ang pagsasanominatibo ng salitang akusatibo - ang pag-iwan ng ghunnah - ang pagpapaikli ng pinahabang patinig).

Bahagi ng pangit na pagtigil ang pagtigil sa:

(إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ - إِنَّ اللَّهَ لَا يَظْلِمُ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ - إِنَّ اللَّهَ لَا يُخْلِفُ الْمِيعَادَ)

(INNA –LLĀHA LĀ YAGHFIRU - INNA –LLĀHA LĀ YAḌLIMU MITHQĀLA DHARRATIN - INNA –LLĀHA LĀ YUKHLIFU –LMI`ĀDA)

Ang hatol sa pananadya ng disonansiyang hayag sa pagbigkas ng Qur'ān ay:

(ang pagpayag - ang pagkasuklam - ang pagbabawal).

PANUTO 3: Ano ang kaparaanan sa bawat isa mula sa sumusunod:

ang tumpak na pagpapatupad ng mga patakaran ng tajwīd;

ang hindi pagkasadlak sa isang paghinto o isang pagsisimula na hindi nagpapaiba sa kahulugan ng āyah.

PANUTO 4: Sagutin ang dalawang sumusunod na tanong:

Papaano kang magpapakahulugan sa kahalagahan ng pagkaalam sa paghinto at pagsisimula sa pagbigkas?

Ano ang kaibahan sa pagitan ng disonansiyang hayag at disonansiyang kubli?

(4) Ang Sūrah Al-A`lā at ang Sūrah Al-Ghāshiyah

Mahal kong mag-aaral, inaasahan mula sa iyo matapos matuto ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka ng mga āyah sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapaghambing ka sa pagitan ng kalagayan ng mga mananampalataya at kalagayan ng mga tagatangging-sumampalataya sa Araw ng Pagbangon;

makapagpaliwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa mga āyah;

makapagdakila ka sa kakayahan ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa paglikha ng Sansinukob;

makatanggap ka ng pangaral at makagagawa ka sa pamamagitan nito ng pagpapabusilak sa sarili mo.

Sūrah Al-A`lā (Qur'ān 87)

سَبِّحْ اسْمَ رَبِّكَ الْأَعْلَى (1) الَّذِي خَلَقَ فَسَوَّى (2) وَالَّذِي قَدَّرَ
فَهَدَى (3) وَالَّذِي أَخْرَجَ الْمَرْعَى (4) فَجَعَلَهُ غُثَاءً أَحْوَى (5)
سَنُقْرِئُكَ فَلَا تَنسَى (6) إِلَّا مَا شَاءَ إِنَّهُ يَعْلَمُ الْجَهْرَ وَمَا يَخْفَى
(7) وَنُيْسِرُكَ لِلْيُسْرَى (8) فَذَكَرْ إِنَّ نَفْعَتِ الذِّكْرِى (9)
سَيَذَكَّرُ مَنْ يَخْشَى (10) وَيَتَجَنَّبُهَا الْأَشْقَى (11) الَّذِي يَصْلَى
النَّارَ الْكُبْرَى (12) ثُمَّ لَا يَمُوتُ فِيهَا وَلَا يَحْيَى (13) قَدْ أَفْلَحَ
مَنْ تَرَكَّى (14) وَذَكَرَ اسْمَ رَبِّهِ فَصَلَّى بَلْ تُؤْثِرُونَ الْحَيَاةَ الدُّنْيَا
(16) وَالْآخِرَةَ خَيْرٌ وَأَبْقَى (17) إِنَّ هَذَا لَفِي الصُّحُفِ الْأُولَى
(18) صُحُفٍ إِبْرَاهِيمَ وَمُوسَى (19) }

{1. Magluwalhati ka sa ngalan ng Panginoon mo, ang Pinakamataas, 2. na lumikha saka

humubog, 3. na nagtakda saka nagpatnubay, 4. na nagpalabas ng pastulan, 5. saka gumawa Siya rito na yagit na nangingitim. 6. Magpapabigkas Kami sa iyo [ng Qur'ān] kaya hindi ka makalilimot, 7. maliban sa niloob ni Allāh. Tunay na Siya ay nakaaalam sa lantad at anumang nagkukubli. 8. Magpapadali Kami sa iyo para sa pinakamadali. 9. Kaya magpaalaala ka kung mapakikinabangan ang paalaala. 10. Magsasaalaala ang sinumang natatakot [kay Allāh] 11. at umiiwas dito ang pinakamalumbay, 12. na masusunog sa Apoy na pinakamalaki. 13. Pagkatapos hindi siya mamamatay roon at hindi mabubuhay. 14. Nagtagumpay nga ang sinumang nagpakabusilak [sa kasalanan] 15. at bumanggit sa ngalan ng Panginoon niya saka nagdasal. 16. Bagkus nagtatangi kayo ng buhay na pangmundo 17. samantalang ang Kabilang-buhay ay higit na

mabuti at higit na nananatili. 18. Tunay na ito ay talagang nasa mga unang kalatas, 19. na mga kalatas nina Abraham at Moises.}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Nagsisimula ang marangal na Sūrah sa pag-uutos ng pagpapawalang-kinalaman kay Allāh, ang Pinakamataas, at paglilinaw ng ilan sa mga aspeto ng kakayahan Niya sa paglikha sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

سَبِّحْ اسْمَ رَبِّكَ الْأَعْلَى { (1) } .

{1. Magluwalhati ka sa ngalan ng Panginoon mo, ang Pinakamataas,}

Magpawalang-kapintasan ka sa kay Allāh (napakataas Siya) laban sa anumang hindi nababagay sa Kanya,

الَّذِي خَلَقَ فَسَوَّى { (2) } .

{2. na lumikha saka humubog,}

na lumikha sa bawat bagay saka nagpaganda sa paglikha Niya,

وَالَّذِي قَدَّرَ فَهَدَى { (3) } .

{3. na nagtakda saka nagpatnubay,}

na lumikha sa bawat bagay ayon sa panukat, pagkatapos nagpatnubay sa bawat nilikha sa naaangkop dito,

وَالَّذِي أَخْرَجَ الْمَرْعَى { (4) } .

{4. na nagpalabas ng pastulan,}

na nagpalabas ng halaman at pinapastulan ng mga hayop.

Pagkatapos nagpatiwasay si Allāh (napakataas Siya) sa Propeta Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa pamamagitan ng pag-iingat ng Qur'ān sa puso nito at nag-utos Siya (napakataas Siya) dito ng pagpapatuloy ng pagpapaalaala sa mga tao at pangangaral sa kanila, saka nagsabi Siya (napakataas Siya):

فَجَعَلَهُ غُثَاءً أَحْوَى { (5) } .

5. saka gumawa Siya rito na yagit na nangingitim.

Gumawa siya sa halaman na maging durog na natuyo matapos ng pagkaluntian nito.

سُقِرْتُكَ فَلَا تَنْسَى { (6) } .

{6. Magpapabigkas Kami sa iyo [ng Qur'ān] kaya hindi ka makalilimot,} Ibig sabihin: hindi ka makalilimot sa ikinasi Namin sa iyo.

إِلَّا مَا شَاءَ .

{maliban sa niloob}

Ito ay isang pagpapasubali na tinutukoy rito ang kakayahan ni Allāh sa paggawa ng anumang niloloob Niya.

إِنَّهُ يَعْلَمُ الْجَهْرَ وَمَا يَخْفَى (7) .

{7. Tunay na Siya ay nakaaaalam sa lantad at anumang nagkukubli.}

Nakaaaalam sa ipinahahayag ng nilikha na mga ginagawa at mga sinasabi at anumang kabilang sa mga ito.

وَنُيَسِّرُكَ لِلْيُسْرَى (8) .

{8. Magpapadali Kami sa iyo para sa pinakamadali.}

Magtutuon Kami sa iyo sa pinakamagaang daan.

فَذَكِّرْ إِن نَّفَعَتِ الذِّكْرَى (9) .

{9. Kaya magpaalaala ka kung magpapakinabang ang paalaala.}

Mamalagi ka sa pagpapaalaala at pangangaral hanggat ang paalaala ay naririnig.

سَيَذَكِّرُ مَنْ يَخْشَى (10) .

{10. Magsasaalaala ang sinumang natatakot [kay Allāh]}

Tatanggap ng ipinaaalaala ang sinumang nakaaalam sa halaga ni Allāh at natatakot sa Kanya.

وَيَتَجَنَّبُهَا الْأَشْقَى .

{11. at umiiwas dito ang pinakamalumbay,}

Walang iiwas sa ipinaaalaala kundi ang malumbay.

ثُمَّ لَا يَمُوتُ فِيهَا وَلَا يَحْيَى .

{13. Pagkatapos hindi siya mamamatay roon at hindi mabubuhay.}

Mananatili siya bilang tagapamalagi sa Impiyerno.

قَدْ أَفْلَحَ مَنْ تَزَكَّى .

{14. Nagtagumpay nga ang sinumang nagpakabusilak [sa kasalanan]}

Magtatagumpay nang totooan ang sinumang nagpakadalisa mula sa mga pagsuway at mga kasalanan ng puso.

وَذَكَرَ اسْمَ رَبِّهِ فَصَلَّى .

{15. at bumanggit sa ngalan ng Panginoon niya saka nagdasal.}

Nag-ugnay Siya sa pagbubusilak sa paggawa ng pagsamba at pagkapit sa utos na pambatas.

إِنَّ هَذَا لَفِي الصُّحُفِ الْأُولَى (18) .

{18. Tunay na ito ay talagang nasa mga unang kalatas,}

Ito ay ang pinababa ng mga kasulatan at mga pasugong sinauna.

صُحُفِ إِبْرَاهِيمَ وَمُوسَى (19) .

{19. na mga kalatas nina Abraham at Moises.}

Ibig sabihin: ang mga kalatas ni Abraham at ang Torah ni Moises (sumakanilang dalawa ang pangangalaga).

Sūrah Al-Ghāshiyah (Qur'ān 88)

هَلْ أَتَاكَ حَدِيثُ الْعَاسِيَةِ (1) وَجُوهٌ يَوْمَئِذٍ خَاشِعَةٌ (2) عَامِلَةٌ
نَاصِبَةٌ (3) تَصَلَّى نَارًا حَامِيَةً (4) تُسْقَى مِنْ عَيْنٍ أَنِيَّةٍ (5)
لَيْسَ لَهُمْ طَعَامٌ إِلَّا مِنْ ضَرِيعٍ (6) لَا يُسَمِّنُ وَلَا يُغْنِي مِنْ جُوعٍ
(7) وَجُوهٌ يَوْمَئِذٍ نَاعِمَةٌ (8) لِسَعْيِهَا رَاضِيَةٌ (9) فِي جَنَّةٍ
عَالِيَةٍ (10) لَا تَسْمَعُ فِيهَا لَاغِيَةً (11) فِيهَا عَيْنٌ جَارِيَةٌ (12)
فِيهَا سُرُرٌ مَرْفُوعَةٌ (13) وَأَكْوَابٌ مَوْضُوعَةٌ (14) وَنَمَارِقُ
مَصْفُوفَةٌ (15) وَزَرَائِي مَبْثُوثَةٌ (16) أَفَلَا يَنْظُرُونَ إِلَى الْإِبِلِ
كَيْفَ خُلِقَتْ (17) وَإِلَى السَّمَاءِ كَيْفَ رُفِعَتْ (18) وَإِلَى
الْجِبَالِ كَيْفَ نُصِبَتْ (19) وَإِلَى الْأَرْضِ كَيْفَ سُطِحَتْ (20)
فَذَكِّرْ إِنَّمَا أَنْتَ مُذَكِّرٌ (21) لَسْتَ عَلَيْهِمْ بِمُصَيْطِرٍ (22) إِلَّا

مَنْ تَوَلَّى وَكَفَرَ (23) فَيُعَذِّبُهُ اللَّهُ الْعَذَابَ الْأَكْبَرَ (24) إِنَّ إِلَيْنَا
إِيبَاهُمْ (25) ثُمَّ إِنَّ عَلَيْنَا حِسَابَهُمْ (26) }

{1. Nakarating ba sa iyo ang sanaysay ng Tagalukob? 2. May mga mukha sa Araw na iyon na nagpapakataimtim, 3. na gumagawa, na nagpapakapagal, 4. na masusunog sa isang apoy na napakainit, 5. na paiinumina mula sa isang bukal na pagkainit-init. 6. Wala silang pagkain maliban sa mula sa isang matinik na halaman, 7. na hindi nagpapataba at hindi nakatutugon sa gutom. 8. May mga mukha sa Araw na iyon na nagiginhawahan, 9. na dahil sa pinagpunyagian ng mga ito ay nalulugod, 10. sa isang harding mataas, 11. na hindi sila makaririnig doon ng isang satsat. 12. Doon ay may bukal na dumadaloy. 13. Doon ay may mga kamang nakaangat, 14. may mga kopang nakalagay, 15. may mga almohadon na nakahanay, 16. at mga alpombrang ikinalat. 17.

Kaya hindi ba sila tumitingin sa mga kamelyo kung papaanong nilikha ang mga ito, 18. at sa langit kung papaanong inangat ito, 19. at sa mga bundok kung papaanong itinirik ang mga ito, 20. at sa lupa kung papaanong inilatag ito? 21. Kaya magpaalaala ka; ikaw ay isang tagapagpaalaala lamang. 22. Hindi ka sa kanila isang tagapanaig. 23. Ngunit ang sinumang tumalikod at tumangging sumampalataya 24. ay pagdurusahin siya ni Allāh ng pagdurusang pinakamalaki. 25. Tunay na tungo sa Amin ang pag-uwi nila. 26. Pagkatapos tunay na sa Amin ang pagtutuos sa kanila.}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Naglalarawan ang marangal na sūrah na ito ng kalagayan ng mga tagatangging-sumampalataya at mga mananampalataya sa Araw ng Pagbangon sapagkat nagsasabi Siya (napakataas Siya):

هَلْ أَتَاكَ حَدِيثُ الْغَاشِيَةِ (1) .

{1. Nakarating ba sa iyo ang sanaysay ng Tagalukob?}

Nakarating ba sa iyo, O Sugo, ang sanaysay ng Pagbangon [ng mga patay] na lulukob sa nilikha ng mga hilakbot nito?

وجوه يَوْمَئِذٍ خَاشِعَةٌ (2) عَامِلَةٌ نَاصِبَةٌ (3) .

{2. May mga mukha sa Araw na iyon na nagpapakataimtim, 3. na gumagawa, na nagpapakapagal,}

May mga mukha sa Araw na iyon na magiging hamak na sa mga ito ay mga tanda ng hirap at pagod.

{تصلى نَارًا حَامِيَةً (4) .

{4. na masusunog sa isang apoy na napakainit,}

May tatama sa mga ito na isang apoy na matindi ang pagsunog.

تَسْقَى مِنْ عَيْنٍ آتِيَةٍ (5) .

{5. na paiinumín mula sa isang bukal na pagkainit-init.}

linom sila mula sa daluyan ng mga tubig na matindi ang pagkainit.

لَيْسَ لَهُمْ طَعَامٌ إِلَّا مِنْ ضَرِيعٍ (6) .

{6. Wala silang pagkain maliban sa mula sa isang matinik na halaman,}

Ang pagkain nila ay ang mga tinik, wala nang iba pa.

لَا يُسْمِنُ وَلَا يُغْنِي مِنْ جُوعٍ (7) .

{7. na hindi nagpapataba at hindi nakatutugon sa gutom.}

na hindi nakahahadlang sa pagkagutom nila at hindi lumilitaw ang epekto nito sa mga katawan nila.

وَجُودٌ يَوْمَئِذٍ نَاعِمَةٌ (8) لِسَعْيِهَا رَاضِيَةٌ (9) .

{8. May mga mukha sa Araw na iyon na naginhawahan, 9. na dahil sa pinagpunyagian ng mga ito ay nalulugod,}

May mga mukha sa Araw na iyon na sa mga ito ay may mga bakas ng kaginhawahan, na nalulugod sa ginawa nila sa Mundo na pagtalima.

فِي جَنَّةٍ عَالِيَةٍ (10) لَا تَسْمَعُ فِيهَا لَاغِيَةً (11) .

{10. sa isang harding mataas, 11. na hindi sila makaririnig doon ng isang satsat.}

Sa isang harding mataas ang tirahan, na hindi makaririnig doon ng isang kabulaanan sa sinasabi.

فِيهَا عَيْنٌ جَارِيَةٌ (12) فِيهَا سُرُرٌ مَرْفُوعَةٌ (13) وَأَكْوَابٌ مَوْضُوعَةٌ (14) .

{12. Doon ay may bukal na dumadaloy. 13. Doon ay may mga kamang nakaangat, 14. may mga kopang nakalagay,}

Doon ay may mga ilog na dumadaloy, mga kamang mataas, at mga kopang inihanda para sa kanila.

وَنَمَارِقُ مَصْفُوفَةٌ (15) وَزَرَائِي مَبْتُوثَةٌ (16) . {

{15. may mga almohadon na nakahanay, 16. at mga alpombrang ikinalat.}

Doon ay mga unan na nakahanay at mga karpit sa lapag.

Pagkatapos nagpapaalaala sa atin si Allāh (napakataas Siya) ng mga katunayan ng paglikha Niya at nag-uutos Siya sa Propeta Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) ng pag-aanyaya at pagpapaalaala sa mga tao hinggil sa Panginoon nila sapagkat nagsasabi Siya (napakataas Siya):

أَفَلَا يَنْظُرُونَ إِلَى الْإِبِلِ كَيْفَ خُلِقَتْ (17) وَإِلَى السَّمَاءِ كَيْفَ رُفِعَتْ (18) . {

{17. Kaya hindi ba sila tumitingin sa mga kamelyo kung papaanong nilikha ang mga ito, 18. at sa langit kung papaanong iniangat ito,}

Kaya hindi ba sila nagpapagana ng mga isip nila upang magbulay-bulay sila sa pagkalikha sa mga kamelyo at pagkaangat ng mga langit at na ang mga ito ay isang patunay sa Tagalikha (kaluwalhatian sa Kanya),

و إِلَى الْجِبَالِ كَيْفَ نُصِبَتْ (19) وَإِلَى الْأَرْضِ كَيْفَ سُطِحَتْ
{ (20) .

{19. at sa mga bundok kung papaanong
itinirik ang mga ito, 20. at sa lupa kung papaanong
inilatag ito?}

kung papaanong itinirik ang mga bundok at
ang anumang nasa mga ito na karingalan at
karikitan, at kung papaanong inilatag ang lupa at
inihanda para sa paninirahan, pagsasaka at iba pa
sa mga ito.

فَذَكَرَ إِنَّمَا أَنْتَ مُذَكَّرٌ { (21) .

{21. Kaya magpaalaala ka; ikaw ay isang
tagapagpaalaala lamang.}

Kaya magpaalaala ka sa pamamagitan ng
Qur'ān sapagkat ito ay mensahe mo para sa mga
nilalang.

{ لست عَلَيْهِمْ بِمُصَيِّرٍ (22) .

{22. Hindi ka sa kanila isang tagapanaig.}

Hindi ukol sa iyo na mamilit ka ng isa man sa
pagsampalataya.

إِنَّ إِلَيْنَا إِيَابَهُمْ (25) ثُمَّ إِنَّ عَلَيْنَا حِسَابَهُمْ (26) .

{25. Tunay na tungo sa Amin ang pag-uwi nila.

26. Pagkatapos tunay na sa Amin ang pagtutuos sa kanila.}

Tunay na sa Amin ang pagbabalik nila upang makipagtuos Kami sa kanila sa [mga gawang] ipinaunan nila.

Ang mga Katuturan at ang mga Paghinuha

Si Allāh ay ang nagtataglay ng pagpapadali ng mga kadahilanan at kapatnubayan sa mga tao para naaangkop sa kanila.

Ang Aklat ni Allāh (napakataas Siya) ay pinag-iingatan laban sa pagpapalit at pagpapaiba.

Ang pagbubusilak ay landas ng tagumpay sa Kabilang-buhay at ito ay sinasamahan ng paggawa ng pagsamba at pagsunod sa utos ng Batas ng Islām.

Ang Araw ng Pagbangon ay isang araw na magbubunyag sa mga kalagayan ng mga tao sa Mundo mula sa pagtalima at pagsuway at pananampalataya at kawalang-pananampalataya.

Ang pag-aanyaya sa pamamagitan ng magandang pangaral ay kabilang sa mga

kalakaran (sunnah) ng mga propeta at landas para sa pagsasaayos sa mga tao.

Ang pag-iisip-isip sa pagkakalikha ni Allāh (napakataas Siya) ay isang kaparaanan para sa pagsasaalang-alang at pagkakaalam sa karingalan ni Allāh at karikitan Niya sa bawat nasasaksihan.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-uugnay ako ng isang ḥadīth at isang āyah.

Ibigay mula sa Sūrah Al-A`lā ang mga āyah na umaayon sa mga ḥadīth na nasasaad sa sumusunod na talahanayan gaya ng sa halimbawa.

Ang Ḥadīth Ang Āyah

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi matitigil ang dila mo na basa dahil sa pag-alaala kay Allāh."** Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhī: 3375 at Imām Ibnu Mājah: 3793.

سَبِّحْ اسْمَ رَبِّكَ الْأَعْلَى { (1) }

{1. Magluwalhati ka sa ngalan ng Panginoon mo, ang Pinakamataas,}

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na ang kauna-unahan sa gawaing tutuusin dahil dito ang tao sa Araw ng**

Pagbangon mula sa gawain niya ay ang pagdarasal niya. Kapag umayos ito, nagtagumpay at pumasa nga siya;..." Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 864, Imām At-Tirmidhīy: 413, at Imām An-Nasā'īy: 465.

{ قَدْ أَفْلَحَ مَنْ تَزَكَّى (14) وَذَكَرَ اسْمَ رَبِّهِ فَصَلَّى }

{14. Nagtagumpay nga ang sinumang nagpakabusilak [sa kasalanan] 15. at bumanggit sa ngalan ng Panginoon niya saka nagdasal.}

Nagsabi ang Negus: "Tunay na ito – ang Qur'ān – at ang inihatid ni Moises ay talagang lumalabas mula sa iisang lampara." Ibig sabihin: mula sa iisang pinagmulan. Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 22498.

{ هَذَا فِي الصُّحُفِ الْأُولَى (18) صُحُفِ إِبْرَاهِيمَ وَمُوسَى }
{ (19)

{18. Tunay na ito ay talagang nasa mga unang kalatas, 19. na mga kalatas nina Abraham at Moises.}

Aktibidad 2: Magsasagawa ako ng pagtatasa (assessment) sa kamalian.

Basahin ang marangal na āyah, pagkatapos magsagawa ka ng pagtatasa sa kamalian sa mga pararila na sumusunod dito:

Nagsasabi si Allāh (napakataas Siya):

ادْعُ إِلَى سَبِيلِ رَبِّكَ بِالْحُكْمَةِ وَالْمَوْعِظَةِ الْحَسَنَةِ وَجَادِلْهُمْ بِالَّتِي هِيَ أَحْسَنُ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِمَنْ ضَلَّ عَنْ سَبِيلِهِ وَهُوَ أَعْلَمُ
بِالْمُهْتَدِينَ (125)

{Mag-anyaya ka tungo sa landas ng Panginoon mo sa pamamagitan ng karunungan at pangaral na maganda, at makipagtalo ka sa kanila ayon sa siyang pinakamaganda. Tunay na ang Panginoon mo ay higit na maalam sa sinumang naligaw palayo sa landas Niya. Siya ay higit na maalam sa mga napatnubayan.} (Qur'ān 16:125)

Basahin ang marangal na āyah, pagkatapos magsagawa ka ng pagtatasa sa kamalian sa mga pararila na sumusunod dito:

May isang taong nag-aanyaya sa mga tao sa pagdarasal sa isang magaspang na mabagsik na paraan.

May isang taong nag-aanyaya sa mga maralita sa pagkakawanggawa at nag-aanyaya naman sa mga mayaman sa pagpapasarap sa kamunduhan.

May isang taong nagsisigasig sa pagwawagi sa bawat diskusyon.

May isang taong hindi nagpapayo sa mga tao at hindi nag-aanyaya sa kanila sa paggawa ng kabutihan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

Ang papel ng mga dā`iyah (tagapag-anyaya) ay ang mangaral sa mga tao at mamilit sa kanila sa Islām. PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng pararilang hindi tumpak:

Ang pagtugon sa payo ay isang patunay sa pangingilag magkasala kay Allāh (napakataas Siya).

Ang kadakilaan ng nilikha ay nagpapatunay sa kadakilaan ng Tagalikha.

Ang tagatangging-sumampalataya ay walang pagkain at walang inumin sa Impiyerno.

Nagsisikap ang mananampalataya sa para sa pagbubusilak ng sarili niya at pagsasaayos ng mga kaasalan niya.

PANUTO 2: Isulat ang mga āyah na nagpapatunay sa mga sumusunod na parirala:

Hindi makaririnig ang mananampalataya sa Paraiso kundi ng kaaya-ayang pananalita.

Si Allāh (napakataas Siya) ay nagtutuon sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) tungo sa pinatuwid sa mga daan.

Nag-iimbot ang mga tao ng mga ipinagbabawal na natatamasa sa Mundo samantalang ang nasa ganang kay Allāh ay higit na mabuti at higit na mamamalagi.

PANUTO 3: Magbigay-linaw ka sa mga sumusunod na āyah:

الَّذِي خَلَقَ فَسَوَّى (2) وَالَّذِي قَدَّرَ فَهَدَى (3) { قَدْ أَفْلَحَ مَنْ
تَزَكَّى (14) وَذَكَرَ اسْمَ رَبِّهِ فَصَلَّى { وجوه يَوْمَئِذٍ نَاعِمَةٌ (8)
لِسَعْيِهَا رَاضِيَةٌ (9) { فَذَكَرْ إِنَّمَا أَنْتَ مُذَكَّرٌ (21) لَأَسْتَ عَلَيْهِمْ
بِمُصِيطِرٍ (22) }

{2. na lumikha saka humubog, 3. na nagtakda saka nagpatnubay,}

{14. Nagtagumpay nga ang sinumang nagpakabusilak [sa kasalanan] 15. at bumanggit sa ngalan ng Panginoon niya saka nagdasal.}

{8. May mga mukha sa Araw na iyon na nagiginhawahan, 9. na dahil sa pinagpunyagian ng mga ito ay nalulugod,}

{21. Kaya magpaalaala ka; ikaw ay isang tagapagpaalaala lamang. 22. Hindi ka sa kanila isang tagapanaig.}

PANUTO 4: Maghambing ka sa kalagayan ng mga mananampalataya at mga tagatangging-sumampalataya sa Araw ng Pagbangon.

PANUTO 5: Ang pagtanggap ng payo at pangaral ay may kaaya-ayang epekto sa Mundo at Kabilang-buhay. Ipaliwanag mo iyon ayon sa liwanag ng natutuhan mo sa aralin.

PANUTO 6: Magbigay-linaw ng dalawang katuturan mula sa natutuhan mo sa mga āyah.

(5) Ang Sūrah Al-Fajr (Qur'ān 89) at ang Sūrah Al-Balad (Qur'ān 90)

Ang mga Layon

Mahal kong mag-aaral, inaasahan mula sa iyo matapos matuto ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka ng mga āyah sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapaghulo ka ng lipunang Muslim kung paanong nailarawan iyon ng Sūrah Al-Fajr;

makapagbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa mga āyah;

makapag-anyaya ka tungo sa paggugol sa landas ni Allāh sa oras ng mga kalamidad;

makadama ka ng pagmamalaki sa mga katuruan ng Islām at pag-aaruga nito sa mga mahina.

Sūrah Al-Fajr (Qur'ān 89)

وَالْفَجْرِ (1) وَلَيَالٍ عَشْرٍ (2) وَالشَّفْعِ وَالْوَتْرِ (3) وَاللَّيْلِ إِذَا يَسْرِ (4) هَلْ فِي ذَلِكَ قَسَمٌ لِّذِي حَجْرِ (5) أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِعَادٍ (6) إِرَمَ ذَاتِ الْعِمَادِ (7) الَّتِي لَمْ يُخْلَقْ مِثْلُهَا فِي الْبِلَادِ (8) وَثَمُودَ الَّذِينَ جَابُوا الصَّخْرَ بِالْوَادِ (9) وَفِرْعَوْنَ ذِي الْأَوْتَادِ (10) الَّذِينَ طَعَوْا فِي الْبِلَادِ (11) فَأَكْثَرُوا فِيهَا الْفُسَادَ (12) فَصَبَّ عَلَيْهِمْ رَبُّكَ سَوْطَ عَذَابٍ (13) إِنَّ رَبَّكَ لَبِالْمِرْصَادِ (14) فَأَمَّا الْإِنْسَانُ إِذَا مَا ابْتَلَاهُ رَبُّهُ فَأَكْرَمَهُ وَنَعَّمَهُ فَيَقُولُ رَبِّي أَكْرَمَنِ (15) وَأَمَّا إِذَا مَا ابْتَلَاهُ فَقَدَرَ عَلَيْهِ رِزْقَهُ فَيَقُولُ رَبِّي أَهَانَنِ (16) بَلْ لَا تَكْرُمُونَ الْيَتِيمَ (17) وَلَا تَحَاضُّونَ عَلَى طَعَامِ الْمِسْكِينِ (18) وَتَأْكُلُونَ التُّرَاثَ أَكْلًا لَمًّا

(19) وَتُحِبُّونَ الْمَالَ حُبًّا جَمًّا (20) إِذَا دُكَّتِ الْأَرْضُ دَكًّا دَكًّا
 (21) وَجَاءَ رَبُّكَ وَالْمَلَكُ صَفًّا صَفًّا (22) وَجِيءَ يَوْمَئِذٍ بِمُؤْمِنٍ
 يُنَادُّوا الْإِنْسَانَ بِأَنَّى لَهُ الذِّكْرَى (23) يَقُولُ يَالَيْتَنِي قَدَّمْتُ
 لِحَيَاتِي (24) فَيَوْمَئِذٍ لَا يُعَذِّبُ عَذَابَهُ أَحَدٌ (25) وَلَا يُوثِقُ
 وَثْقَاهُ أَحَدٌ (26) يَأْتِيهَا النَّفْسُ الْمُطْمَئِنَّةُ (27) ارْجِعِي إِلَى
 رَبِّكِ رَاضِيَةً مَرْضِيَّةً (28) فَادْخُلِي فِي عِبَادِي (29) وَادْخُلِي
 جَنَّاتِي (30) {

{1. Sumpa man sa madaling-araw, 2. sumpa man sa Sampung Gabi, 3. sumpa man sa tukol at gansal, 4. sumpa man sa gabi kapag naglalakbay ito; [talagang gagantihan nga kayo.] 5. Sa gayon kaya ay may panunumpa para sa may pang-unawa? 6. Hindi mo ba napag-alaman kung papaano ang ginawa ng Panginoon mo sa [liping] `Ad, 7. na [lipi ni] Iram na may mga haligi, 8. na hindi nilikha ang tulad ng mga iyon sa bayan; 9. at sa [liping] Thamūd na pumutol ng mga malaking bato sa lambak; 10. at kay Paraon na may mga

tulos? 11. [Silang lahat ay] ang mga nagmalabis sa bayan, 12. saka nagparami sila sa mga iyon ng katiwalian, 13. kaya nagbuhos sa kanila ang Panginoon mo ng isang hagupit ng pagdurusa. 14. Tunay na ang Panginoon mo ay talagang nasa pantambang. 15. Kaya hinggil naman sa tao, kapag sumubok dito ang Panginoon nito saka nagparangal Siya rito at nagpaginhawa Siya rito, nagsasabi ito: "Ang Panginoon ko ay nagparangal sa akin." 16. Hinggil naman sa kapag sumubok Siya rito saka naghigpit Siya rito sa panustos dito, nagsasabi ito: "Ang Panginoon ko ay humamak sa akin." 17. Aba'y hindi! Bagkus hindi kayo nagpaparangal sa ulila 18. at hindi kayo naghihimukan sa pagpapakain sa dukha. 19. Kumakain kayo ng pamana nang pagkaing masidhi. 20. Umiibig kayo sa yaman nang pag-ibig na labis. 21. Aba'y hindi! Kapag dinurog ang lupa

nang durog na durog, 22. at dumating ang Panginoon mo at ang mga anghel nang hanay-hanay, 23. at ihahatid sa Araw na iyon ang Impiyerno. Sa Araw na iyon ay magsasaalaala ang tao, at paano ukol sa kanya ang paalaala? 24. Magsasabi siya: "O kung sana ako ay nagpauna [ng kabutihan] para sa buhay ko." 25. Kaya sa araw na iyon ay walang magpaparusa ng pagdurusang dulot Niya na isa man 26. at walang gagapos ng paggapos Niya na isa man. 27. "O kaluluwang napapanatag, 28. bumalik ka sa Panginoon mo nang nalulugod na kinalulugdan, 29. saka pumasok ka sa mga lingkod Ko, 30. at pumasok ka sa Paraiso Ko."

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Nagsisimula ang marangal na sūrah sa panunumpa ni Allāh (napakataas Siya) sa limang dakilang bagay. Ang mga ito ay may mga katuturang panrelihiyon at pangmundo na kapita-pitagan. Nagpapatunay ang mga ito sa kalubusan

ng kakayahan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sapagkat nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

وَالْفَجْرِ (1) وَلَيَالٍ عَشْرٍ (2) .

{1. Sumpa man sa madaling-araw, 2. sumpa man sa Sampung Gabi,}

Sumusumpa ang Panginoon natin sa pagsikat ng madaling-araw at sa sampung unang araw ng buwan ng Dhulhijjah.

وَالشَّفْعِ وَالْوَتْرِ (3) وَاللَّيْلِ إِذَا يَسْرِ (4) .

{3. sumpa man sa tukol at gansal, 4. sumpa man sa gabi kapag naglalakbay ito; [talagang gagantihan nga kayo.]}

[Sumumpa rin Siya] sa bawat pares at bawat namumukod-tangi at sa kasanhian Niya sa pag-inog ng gabi.

هَلْ فِي ذَلِكَ قَسَمٌ لِذِي حِجْرِ (5) .

{5. Sa gayon kaya ay may panunumpa para sa may pang-unawa?}

Harinawa ang panunumpang ito ay makahikayat sa mga may isip kabilang sa mga mamayan ng Makkah at iba pa sa kanila para sumampalataya sila kay Allāh (napakataas Siya) nang sa gayon hindi sila masalang sa pagdurusa tulad ng ilan sa mga pangkat ng mga tao bago nila.

Pagkatapos bumanggit Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ng mga halimbawa ng pinababa Niya na pagdurusa sa mga pangkat ng mga tao na nagpasinungaling bago nila sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِعَادٍ (6) .

{6. Hindi mo ba napag-alaman kung papaano ang ginawa ng Panginoon mo sa [liping] `Ād,}

Tumingin ka kung papaano nagpahamak si Allāh sa lipi ng `Ād matapos na nagpasinungaling sila sa propeta ni Allāh na si Hūd.

إِرْمَ ذَاتِ الْعِمَادِ (7) الَّتِي لَمْ يُخْلَقْ مِثْلُهَا فِي الْبِلَادِ (8) .

{7. na [lipi ni] Iram na may mga haligi,}

Ang Iram ay pangalan ng lipi ng `Ād, na namukod sa nalalabi sa mga tao dahil sa lakas ng mga katawan at kadambuhalaan ng mga estruktura.

وَتَمُودَ الَّذِينَ جَابُوا الصَّخْرَ بِالْوَادِ (9) {

{9. at sa [liping] Thamūd na pumutol ng mga malaking bato sa lambak;}

Ang Thamūd ay lipi ng propeta ni Allāh na si Ṣālih, na pumuputol noon ng mga malaking bato at gumagawa mula sa mga ito ng mga bahay para sa paninirahan.

وَفِرْعَوْنَ ذِي الْأَوْتَادِ (10) { .

{10. at kay Paraon na may mga tulos?}

Si Paraon ay hari ng Ehipto, na nagmay-ari ng mga kasangkapan ng paghahari gaya ng mga sundalo at lakas.

الَّذِينَ طَغَوْا فِي الْبِلَادِ (11) فَأَكْثَرُوا فِيهَا الْفُسَادَ (12) { .

{11. [Silang lahat ay] ang mga nagmalabis sa bayan, 12. saka nagparami sila sa mga iyon ng katiwalian,}

Nagpakamaniniil sila sa lupain at nanira sila dito dahil sa kawalang-pananampalataya nila kay Allāh at kawalang-katarungan nila sa mga tao.

فَصَبْ عَلَيْهِمْ رَبُّكَ سَوْطَ عَذَابٍ (13) إِنَّ رَبَّكَ لِبَالِمِرْصَادٍ
{ (14) .

{13. kaya nagbuhos sa kanila ang Panginoon
mo ng isang hagupit ng pagdurusa. 14. Tunay na
ang Panginoon mo ay talagang nasa pantambang.}

Kaya nagpababa si Allāh (napakataas Siya) sa
kanila sa Mundo ng isang matinding pasakit
sapagkat si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay
nagmamatyag sa mga gawain ng kabutihan at
kasamaan at gumaganti sa mga ito at walang
nakawawaglit sa Kanya na anuman.

Yayamang ang mga kalipunang ito ay mga
tagapagtaglay ng mga biyaya, kasaganahan, at
lakas, naglinaw ang mga āyah na ang mga
biyayang ito ay hindi patunay sa pagkalugod ni
Allāh sa kanila sapagkat nagsabi Siya (napakataas
Siya):

{ فَأَمَّا لِلْإِنْسَانِ إِذَا مَا ابْتَلَاهُ رَبُّهُ فَأَكْرَمَهُ وَنَعَّمَهُ فَيَقُولُ رَبِّي
أَكْرَمَنِي (15) }

{15. Kaya hinggil naman sa tao, kapag
sumubok dito ang Panginoon nito saka

nagparangal Siya rito at nagpaginhawa Siya rito, nagsasabi ito: "Ang Panginoon ko ay nagparangal sa akin."}

Kaya ang kalikasan ng tao ay na siya, kapag sumubok sa kanya ang Panginoon niya sa pamamagitan ng biyaya at kaayahan ng buhay, ay nagpapalagay na ito ay isang parangal na naging karapat-dapat siya rito at nagsasabi: "Ang Panginoon ko ay nagparangal sa akin."

وَأَمَّا إِذَا مَا ابْتَلَاهُ فَقَدَرَ عَلَيْهِ رِزْقَهُ فَيَقُولُ رَبِّي أَهَانَنِ (16) {

.

{16. Hinggil naman sa kapag sumubok Siya rito saka naghigpit Siya rito sa panustos dito, nagsasabi ito: "Ang Panginoon ko ay humamak sa akin."}

Kapag sumubok sa kanya si Allāh kaya naman ginipit siya sa panustos, nagpapalagay siya na iyon ay isang panghahamak mula kay Allāh sa lingkod nito kaya nagsasabi siya: "Ang Panginoon ko ay humamak sa akin."

كَلَّا بَلْ لَا تُكْرِمُونَ الْيَتِيمَ (17) وَلَا تَحَاضُّونَ عَلَى طَعَامِ
الْمَسْكِينِ (18) .

{17. Aba'y hindi! Bagkus hindi kayo nagpaparangal sa ulila 18. at hindi kayo naghihimukan sa pagpapakain sa dukha.}

Ang usapin ay hindi ganoon; bagkus ang pagpaparangal ay sa pagtalima kay Allāh at ang panghahamak ay sa pagsuway sa Kanya. Hindi kayo nagpaparangal sa ulila, ang batang namatayan ng ama at hindi nag-uudyok ang isa't isa sa inyo sa pagpapakain sa maralitang nangangailangan.

وَتَأْكُلُونَ الثَّرَاثَ أَكْلًا لَمًّا (19) وَتُحِبُّونَ الْمَالَ حُبًّا جَمًّا (20)
: {

{19. Kumakain kayo ng pamana nang pagkaing masidhi. 20. Umiibig kayo sa yaman nang pag-ibig na labis.}

Ang panghahamak, gayon din, ay sa pagkain ng mana nang walang karapatan at ang pagkahumaling na matindi sa yaman kaya hindi

kayo gumugugol mula rito ng anuman sa landas ni Allāh.

Matapos na bumanggit ang mga āyah ng ilan sa mga pangit na gawain nila sa Mundo, bumanggit ang mga ito ng magiging mga kalagayan nila sa Araw ng Pagbangon.

كَلَّا إِذَا دُكَّتِ الْأَرْضُ دَكًّا دَكًّا (21) .

{21. Aba'y hindi! Kapag dinurog ang lupa nang durog na durog,}

Hindi nararapat na ito ay maging gawain ninyo. Alalahanin ninyo kapag sumapit ang Araw ng Pagbangon at niyanig ang lupa sa isang matinding pagyanig hanggang sa mawasak ang lahat ng narito.

وَجَاءَ رَبُّكَ وَالْمَلَكُ صَفًّا صَفًّا (22) .

{22. at dumating ang Panginoon mo at ang mga anghel nang hanay-hanay,}

Darating ang Panginoon mo, O Sugo, para magpasya sa pagitan ng mga lingkod Niya, at darating ang mga anghel sa mga hanay.

يَوْمَئِذٍ يَتَذَكَّرُ الْإِنْسَانُ وَأَنَّى لَهُ الذِّكْرَى (23) يَقُولُ يَا لَيْتَنِي
قَدَّمْتُ لِحَيَاتِي (24) .

{23. at ihahatid sa Araw na iyon ang Impiyerno. Sa Araw na iyon ay magsasaalaala ang tao, at paano ukol sa kanya ang paalaala? 24. Magsasabi siya: "O kung sana ako ay nagpauna [ng kabutihan] para sa buhay ko."}

Ihahatid ang Impiyerno bilang parusa sa mga tagatangging-sumampalataya. Sa sandaling iyon ay magsasaalaala ang tao sa pagpapabaya niya at pagkukulang niya. Hindi magdudulot ng katuturan sa kanya ang pagbalik sa katotohanan sa oras na iyon. Magmimithi siya na kung sana nagpauna siya ng mga mabuting gawain habang nasa Mundo, na magpakinabang sa kanya sa natitirang buhay niya sa Kabilang-buhay.

فَيَوْمَئِذٍ لَا يُعَذِّبُ عَذَابُهُ أَحَدٌ (25) وَلَا يُوثِقُ وَثَاقُهُ أَحَدٌ (26)
.

{25. Kaya sa araw na iyon ay walang magpaparusa ng pagdurusang dulot Niya na isa

man 26. at walang gagapos ng paggapos Niya na isa man.}

Kaya sa araw na iyon ay walang makakakayang isa man na magparusa ng tulad sa pagpaparusa ni Allāh sa mga tagasuway, walang makagagawang isa man na gumapos ng tulad ng paggapos ni Allāh, at walang makaabot na isa man sa maaabot Niya roon.

Matapos na bumanggit si Allāh ng ganti sa mga tagatangging-sumampalataya, bumanggit Siya ng ganti sa mga mananampalataya sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

{ يَا أَيُّهَا النَّفْسُ الْمُطْمَئِنَّةُ (27) ارْجِعِي إِلَىٰ رَبِّكِ رَاضِيَةً مَّرْضِيَّةً (28) فَادْخُلِي فِي عِبَادِي (29) وَادْخُلِي جَنَّاتِي (30) . {

{27. "O kaluluwang napapanatag, 28. bumalik ka sa Panginoon mo nang nalulugod na kinalulugdan, 29. saka pumasok ka sa mga lingkod Ko, 30. at pumasok ka sa Paraiso Ko."}

Darating ang parangal para sa mga mananampalatayang tumalima sa panawagan ni Allāh (napakataas Siya) sa kanila: "O kaluluwang

napapanatag sa pagtalima, na pinarangalan laban sa mga panghamak, bumalik ka kay Allāh nang nalulugod na kinalulugdan sa Paraiso ng Kaginhawahan."

Sūrah Al-Balad (Qur'ān 90)

لَا أُفْسِمُ بِهَذَا الْبَلَدِ (1) وَأَنْتَ حِلٌّ بِهَذَا الْبَلَدِ (2) وَوَالِدٍ وَمَا وَلَدَ
(3) لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي كَبَدٍ (4) أَيْحَسِبُ أَنْ لَنْ يَقْدِرَ عَلَيْهِ
أَحَدٌ (5) يَقُولُ أَهْلَكْتُ مَالًا لُبَدًا (6) أَيْحَسِبُ أَنْ لَمْ يَرَهُ أَحَدٌ
(7) أَلَمْ نَجْعَلْ لَهُ عَيْنَيْنِ (8) وَلِسَانًا وَشَفَتَيْنِ (9) وَهَدَيْنَاهُ
النَّجْدَيْنِ (10) فَلَا افْتَحَمَ الْعَقَبَةَ (11) وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْعَقَبَةُ
(12) فَكُّ رَقَبَةٍ (13) أَوْ إِطْعَامٌ فِي يَوْمٍ ذِي مَسْغَبَةٍ (14)
يَتِيمًا ذَا مَقْرَبَةٍ (15) أَوْ مِسْكِينًا ذَا مَتْرَبَةٍ (16) ثُمَّ كَانَ مِنَ
الَّذِينَ آمَنُوا وَتَوَاصَوْا بِالصَّيْرِ وَتَوَاصَوْا بِالْمَرْحَمَةِ (17)
أُولَئِكَ أَصْحَابُ الْمَيْمَنَةِ (18) وَالَّذِينَ كَفَرُوا بِآيَاتِنَا هُمْ أَصْحَابُ
الْمَشْأَمَةِ (19) عَلَيْهِمْ نَارٌ مُؤَصَّدَةٌ (20) }

{1. Talagang sumusumpa Ako sa bayang ito. 2. habang ikaw ay napahihintulutan sa bayang ito. 3. Sumpa man sa isang nag-anak at sa inanak niya, 4. talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang

pagpapakahirap. 5. Nag-aakala ba siya na walang nakakakaya sa kanya na isa man? 6. Magsasabi siya: "Umubos ako ng isang tambak na yaman." 7. Nag-aakala ba siya na walang nakakita sa kanya na isa man? 8. Hindi ba Kami gumawa para sa kanya ng dalawang mata, 9. isang dila, at dalawang labi? 10. Nagpatnubay Kami sa kanya sa dalawang daanan. 11. Ngunit hindi kasi siya sumugod sa matarik na daan. 12. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang matarik na daan? 13. [Ito ay] isang pagpapalaya sa isang alipin, 14. o pagpapakain sa isang araw na may taggutom 15. sa isang ulilang may pagkakamag-anak 16. o sa isang dukhang may paghihikahos. 17. Pagkatapos naging kabilang siya sa mga sumampalataya at nagtagubilinan ng pagtitiis at nagtagubilinan ng pagkaawa. 18. Ang mga iyon ay ang mga kasamahan sa dakong kanan. 19. Ang mga

tumangging sumampalataya sa tanda Namin ay ang mga kasamahan sa dakong kaliwa. 20. Sa ibabaw nila ay may apoy na nakataklob.}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Tumatalakay ang marangal na sūrah ng ipinagdudurusa ng tao sa Mundong ito na mga kapaguran at na kailangan sa kanya ang mag-iwan ng daan ng kasamaan at ang maghanap ng daan ng kabutihan at pananampalataya. Nagsisimula ang sūrah sa panunumpa sa ilang bagay bilang pagpaparangal sa mga ito sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

لَا أَقْسِمُ بِهَذَا الْبَلَدِ (1) .

{1. Talagang sumusumpa Ako sa bayang ito}

Ang tinutukoy ay ang Bayang Pinakababanal, ibig sabihin: ang Pinarangalang Makkah.

وَأَنْتَ حِلٌّ بِهَذَا الْبَلَدِ (2) .

{2. habang ikaw ay napahihintulutan sa bayang ito.}

Habang ikaw ay residente ng Bayang Pinakababanal.

وَوَالِدٍ وَمَا وَلَدَ (3) } .

{3. Sumpa man sa isang nag-anak at sa inanak niya,}

Ibig sabihin: si Adan (sumakanya ang pangangalaga) at ang ipinanganak mula sa supling niya.

لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي كَبَدٍ (4) } .

{4. talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang pagpapakahirap.}

Lumikha Kami sa tao sa isang pakikipagpunyagian sa sarili niya at hirap sa buhay niya.

{ أَيَحْسَبُ أَنْ لَنْ يَقْدِرَ عَلَيْهِ أَحَدٌ (5) } .

{5. Nag-aakala ba siya na walang nakakakaya sa kanya na isa man?}

Nagpapalagay ba ang tao na si Allāh ay hindi makakakaya sa kanya at hindi makikipagtuos sa kanya sa pagsuway niya?

يَقُولُ أَهْلَكْتُ مَا لَا لُبَدًا (6) } .

{6. Magsasabi siya: "Umubos ako ng isang tambak na yaman."}

6. Magsasabi siya: "Umubos ako ng maraming yaman.

{أَيَحْسَبُ أَنْ لَمْ يَرَهُ أَحَدٌ (7) } .

{7. Nag-aakala ba siya na walang nakakita sa kanya na isa man?}

Nagpapalagay ba siya na si Allāh ay hindi nakakikita sa kanya at hindi nagmamasid sa mga gawain niya at hindi gaganti sa mga ito?

{ أَلَمْ نَجْعَلْ لَهُ عَيْنَيْنِ (8) وَلِسَانًا وَشَفَتَيْنِ (9) وَهَدَيْنَاهُ النَّجْدَيْنِ (10) } .

{8. Hindi ba Kami gumawa para sa kanya ng dalawang mata, 9. isang dila, at dalawang labi? 10. Nagpatnubay Kami sa kanya sa dalawang daanan.}

Nagpakilala Kami sa kanya sa daan ng kabutihan at daan ng kabulaanan.

{ فَلَا اقْتَحَمَ الْعَقَبَةَ (11) } .

{11. Ngunit hindi kasi siya sumugod sa matarik na daan.}

Ngunit bakit hindi siya lumampas sa matarik na daan at pahirap na makikita niya sa Kabilang-buhay.

{ وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْعَقَبَةُ (12) }

{12. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang matarik na daan?}

Ano ang nagpaalam sa iyo, O Sugo, tungkol sa matarik na daang ito at sa paraan ng paglampas dito?

Pagkatapos ipinaliwanag ng mga āyah ang mga gawain na nakatutulong sa paglampas sa matarik na daan ng Kabilang-buhay at pagtamo ng Paraiso sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

فَكَ رَقَبَةٍ (13) أَوْ إِطْعَمٌ فِي يَوْمٍ ذِي مَسْغَبَةٍ (14) .

{13. [Ito ay] isang pagpapalaya sa isang alipin,
14. o pagpapakain sa isang araw na may taggutom}

[Ito ay] pagpapalaya sa isang alipin mula sa pagkaalipin o pagpapakain sa mga oras ng kalamidad at mga kagutom

يَتِيمَا ذَا مَقْرَبَةٍ (15) أَوْ مِسْكِينًا ذَا مَتْرَبَةٍ (16) . {

{15. sa isang ulilang may pagkakamag-anak
16. o sa isang dukhang may paghihikahos.}

sa isang ulilang kabilang sa mga kamag-anak o sa isang dukhang matindi ang pangangailangan.

ثُمَّ كَانَ مِنَ الَّذِينَ آمَنُوا وَتَوَاصَوْا بِالصَّبْرِ وَتَوَاصَوْا بِالْمَرْحَمَةِ (17) . {

{17. Pagkatapos naging kabilang siya sa mga sumampalataya at nagtagubilinan ng pagtitiis at nagtagubilinan ng pagkaawa.}

Siya noon ay kabilang sa mga sumampalataya na nagtagubilinan ng pagtitiis at pag-aawaan sa mga tao.

{ اُولَئِكَ أَصْحَابُ الْمَيْمَنَةِ (18) } .

{18. Ang mga iyon ay ang mga kasamahan sa dakong kanan.}

Ang mga tagapagtaglay ng mga katangiang ito ay ang mga maninirahan sa Paraiso, na mga tatanggap ng talaan nila sa pamamagitan ng kanang kamay nila.

{ وَالَّذِينَ كَفَرُوا بِآيَاتِنَا هُمْ أَصْحَابُ الْمَشْأَمَةِ (19) عَلَيْهِمْ نَارٌ مُؤَصَّدَةٌ (20) . }

{19. Ang mga tumangging sumampalataya sa tanda Namin ay ang mga kasamahan sa dakong kaliwa. 20. Sa ibabaw nila ay may apoy na nakataklob.}

Ang mga tumangging sumampalataya ay ang mga kasamahan ng kaliwa na mga malumbay. Ang ganti sa kanila ay apoy na ipinatong sa kanila sa Araw ng Pagbangon.

Ang mga Katuturan at ang mga Paghinuha

Sumusumpa si Allāh (napakataas Siya) sa anumang niloob niya mula sa nilikha Niya ayon sa paraan ng pagdakila at pagpaparangal.

Gumawa si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) sa pagpapahamak ng mga maniniil at mga mapagmalaki bilang tanda para sa mga tao upang makaalam sila na ang lakas ay kay Allāh sa kalahatan.

Ang pagpaparangal sa ganang kay Allāh ay hindi sa dami ng mga biyaya bagkus sa pagkakatuon sa paggawa ng mga pagtalima.

Ang pagbabalik-loob at ang pagsisisi ay hindi magpapakinabang sa tao sa Kabilang-buhay kaya kailangan sa kanya na magdali-dali sa mga ito sa Mundo.

Ang dangal ng Makkah Mukarramah at ang pagdakila sa Bahay [ni Allāh] na Pinakababanal.

Kailangan sa tao ang magpagod at ang makipagpunyagian nang sa gayon mabuhay siya nang marangal sa Mundo at magsakatotohanan ng pagpapakatuwid hanggang sa makalampas siya sa mga matarik na daan ng Kabilang-buhay.

Ang kainaman ng paggugol ng yaman at ang epekto nito sa kaligtasan sa Araw ng Pagbangon.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Gagawa ako at magsisikap ako.

Bumanggit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sampung unang araw ng buwan ng Dhulḥijjah na sumumpa si Allāh sa mga ito sapagkat nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang anumang mga araw na ang maayos na gawa sa mga iyon ay higit na kaibig-ibig kay Allāh kaysa sa sampung araw na ito."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 969.

Magtakda ka ng lima sa mga gawaing maayos na maaari ang pagsasagawa ng mga ito sa sampung araw na ito.

Aktibidad 2: Magbubukod ako.

Magturo ka sa pamamagitan ng panulat mo sa mga katangian na binanggit ng Sūrah Al-Fajr para sa lipunang Muslim:

(ang pagpaparangal sa ulila - ang pagpapakain sa dukha - ang pagtupad sa mga tungkulin - ang pagsisigasig sa yaman - ang pagpapasalamat sa biyaya sa pamamagitan ng gawa).

Ipaliwanag mo ang mga bunga ng mga kaaya-ayang katangiang ito ayon sa liwanag ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):
"Hindi ba kayo inaadya at tinutustusan malibang dahil sa mahihina sa inyo?"
Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 2896.

Aktibidad 2: Mag-uugnay ako at maghuhulo ako:

Sa epidemya ng Corona Virus, tumawag-pansin ang mga nagmamalasakit tungo sa mga katuruan ng Islām sa pagharap sa mga matinding trahedya sa mga lipunan, na kabilang doon ang pagtugon sa mga pangangailangan sa oras ng kalamidad.

- Ipaliwanag mo kung papaano nating ipatutupad ang mga sumusunod na āyah sa

pagharap sa mga kagutom sa mga oras ng matinding trahedya sa lipunan.

Ang mga Āyah

Ang mga Praktikal na Pagpapatupad sa mga Ito

فَاكُ رَقَبَةً (13)

13. [Ito ay] isang pagpapalaya sa isang alipin,

[Ito ay] isang pagpapalaya sa dalamhati sa isa sa mga Muslim.

أَوْ إِطْعَامٌ فِي يَوْمٍ ذِي مَسْغَبَةٍ (14) يَتِيمًا ذَا مَقْرَبَةٍ (15) أَوْ
مِسْكِينًا ذَا مَتْرَبَةٍ (16) ثُمَّ كَانَ مِنَ الَّذِينَ آمَنُوا وَتَوَاصَوْا
بِالصَّبْرِ وَتَوَاصَوْا بِالْمَرْحَمَةِ (17)

14. o pagpapakain sa isang araw na may taggutom:

15. sa isang ulilang may malapit na kaugnayan,

16. o sa isang dukhang may paghihikahos.

17. Pagkatapos naging kabilang siya sa mga sumampalataya at nagtagubilinan ng pagtitiis at nagtagubilinan ng pagkaawa.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng pararilang hindi tumpak:

Nagpatayo ang lipi ng `Ād ng mga gusali at pamayanan na hindi nakasaksi ang Sangkatauhan ng isang katulad niyon.

Ang paggipit sa panustos ay isang palatandaan mula sa mga palatandaan ng panghahamak ni Allāh sa lingkod Niya.

Nagtutuon si Allāh sa mga lingkod Niya tungo sa paggawa ng kabutihan sa tuwing nagsisikap sila sa pagtalima sa Kanya.

Natatangi ang "pagkaawa" na tinutukoy sa Sūrah Al-Balad sa ugnayan sa mga kaanak.

Ang mga ulila at ang mga maralita kabilang sa mga kamag-anakan ay ang pinakamarapat bigyan sa mga tao.

Ang pag-aarugaang panlipunan ay kabilang sa mga pundasyon ng lipunang Islāmiko.

Tinatanggap ang pagbabalik-loob at ang pagsisipi sa Lupain ng Pagtitipunan [ng mga tao] sa Araw ng Pagbangon.

PANUTO 2: Magbigay-linaw ka sa mga sumusunod na āyah nang maiksi:

وَتَأْكُلُونَ الثَّرَاثَ أَكْلًا لَمًّا (19) { يَا أَيَّتُهَا النَّفْسُ الْمُطْمَئِنَّةُ (27) ارْجِعِي إِلَىٰ رَبِّكِ رَاضِيَةً مَّرْضِيَّةً (28) . ج. لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي كَبَدٍ (4) . د. { فَلَا اقْتَحَمَ الْعَقَبَةَ (11) .

{19. Kumakain kayo ng pamana nang pagkaing masidhi.}

{27. "O kaluluwang napapanatag, 28. bumalik ka sa Panginoon mo nang nalulugod na kinalulugdan,}

{4. talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang pagpapakahirap.}

{11. Ngunit hindi kasi siya sumugod sa matarik na daan.}

PANUTO 3: Maghambing ka sa pagitan ng makatotohanang pagpaparangal at ng hindi

makatotohanang pagpaparangal gaya ng iginabay sa iyo ng Sūrah Al-Fajr.

PANUTO 4: Magsulat ka ng isang artikulong may limang linya, na nag-anyaya ka rito tungo sa paggugol sa landas ni Allāh lalo na sa mga oras ng kalamidad, habang humahango mula sa nasaad sa Sūrah Al-Fajr at Sūrah Al-Balad.

PANUTO 5: Magpaliwanag ka ng dalawang katuturan mula sa nahango mo mula Sūrah Al-Fajr at Sūrah Al-Balad.

Ang Sūrah Ash-Shams, ang Sūrah Al-Layl, at ang Sūrah Aḍ-Ḍuḥā

Ang mga Layon

Mahal kong mag-aaral, inaasahan mula sa iyo matapos matuto ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka ng mga āyah sa isang pinaiksing pagpapakahulugan;

makapagpaliwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa mga āyah;

makaalam ka sa kaibahan ng katangian ng mga gumugol [sa kabutihan] at kadahilanan ng pagtanggap sa kanila;

makapagdakila ka sa halaga ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

makapagsanay ka sa sarili mo sa pagkakaloob ng kabutihan sa mga tao.

Sūrah Ash-Shams (Qur'ān 91)

وَالشَّمْسُ وَضُحَاهَا (1) وَالْقَمَرُ إِذَا تَلَاهَا (2) وَالنَّهَارُ إِذَا
جَلَاهَا (3) وَاللَّيْلُ إِذَا يَغْشَاهَا (4) وَالسَّمَاءُ وَمَا بَنَاهَا (5)
وَالْأَرْضُ وَمَا طَحَاهَا (6) وَنَفْسٍ وَمَا سَوَّاهَا (7) فَأَلْهَمَهَا
فُجُورَهَا وَتَقْوَاهَا (8) قَدْ أَفْلَحَ مَنْ زَكَّاهَا (9) وَقَدْ خَابَ مَنْ
دَسَّاهَا (10) كَذَّبَتْ ثَمُودُ بِطَغْوَاهَا (11) إِذِ انْبَعَثَ أَشْقَاهَا
(12) فَقَالَ لَهُمْ رَسُولُ اللَّهِ نَاقَةَ اللَّهِ وَسُقْيَاهَا (13) فَكَذَّبُوهُ
فَعَزَّوْهُمَا فَقَدَمَهُ عَلَيْهِمْ رَبُّهُمْ بِذُنُوبِهِمْ فَسَوَّاهَا (14) وَلَا يَخَافُ
عُقُبَاهَا { (15)

{1. Sumpa man sa araw at sa kaliwanagan nito, 2. sumpa man sa buwan kapag sumunod ito roon, 3. sumpa man sa maghapon kapag naglantad ito niyon, 4. sumpa man sa gabi kapag bumalot ito niyon, 5. sumpa man sa langit at sa pagpapatayo Niya nito, 6. sumpa man sa lupa at sa pagkalatag nito, 7. sumpa man sa isang kaluluwa at sa

pagkahubog nito, 8. saka nagpatalos Siya rito ng pagsasamasamang-loob nito at pangingilag magkasala nito; 9. nagtagumpay nga ang sinumang nagbusilak nito 10. at nabigo nga ang sinumang nagparumi nito. 11. Nagpasinungaling ang [liping] Thamūd dahil sa pagmamalabis nito 12. nang sumugod ang pinakamalumbay nito. 13. Kaya nagsabi sa kanila ang sugo ni Allāh: "[Magpaubaya] sa dumalagang kamelyo ni Allāh at pag-inom nito." 14. Ngunit nagpasinungaling sila sa kanya saka kinatay nila ito kaya nagsaklob [ng parusa] sa kanila ang Panginoon nila dahil sa pagkakasala nila saka nagpantay-pantay Siya rito [sa parusa]. 15. Hindi Siya nangangamba sa pinakakahihinatnan nito.}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Nagsisimula ang marangal na sūrah sa panunumpa sa mga bagay na dakila ang pakinabang, na nagpapatunay sa kakayahan ni

Allāh at kadakilaan Niya sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

{والشمس وضحاها (1) وَالْقَمَرِ إِذَا تَلَاها (2) }

{1. Sumpa man sa araw at sa kaliwanagan nito, 2. sumpa man sa buwan kapag sumunod ito roon,}

Sumusumpa si Allāh (napakataas Siya) sa araw at pagsikat nito sa oras ng pagkaliwanag nito at sa buwan na sumusunod dito sa pagsikat at paglubog.

{والنهار إِذَا جَلَّاهَا (3) وَاللَّيْلِ إِذَا يَغْشَاهَا (4) } وبالنهار إِذَا أزال الظلمة، والليل حين يُغْطِّي الأرض بظلمته. وَالسَّمَاءِ وَمَا بَنَاهَا (5) وَالْأَرْضِ وَمَا طَحَاهَا (6) } وبالسمااء وإحكام بنائها، وبالأرض وبسطها. و نفس وَمَا سَوَّاهَا (7) فَأَلْهَمَهَا فُجُورَهَا وَتَقْوَاهَا (8) }

{3. sumpa man sa maghapon kapag naglantad ito niyon, 4. sumpa man sa gabi kapag bumalot ito niyon,} [Sumusumpa Siya] sa maghapon kapag

pumawi ito ng kadiliman at gabi nang bumabalot ang gabi sa lupa ng kadiliman nito.

{5. sumpa man sa langit at sa pagpapatayo Niya nito, 6. sumpa man sa lupa at sa pagkalatag nito,} [Sumusumpa Siya] sa langit sa pagpapahusay sa pagkapatayo nito at sa lupa sa pagkalatag nito.

{7. sumpa man sa isang kaluluwa at sa pagkahubog nito, 8. saka nagpatalos Siya rito ng pagsasamasamang-loob nito at pangingilag magkasala nito;}

[Sumusumpa Siya] sa kaluluwa at sa kalubusan ng pagkalikha rito at sa paglilinaw para rito ng daan ng kasamaan at daan ng kabutihan.

Matapos ng mga panunumpang ito, dumating ang sagot sa panunumpa upang magbigay-diin sa kahalagahan ng pagbubusilak ng kaluluwa mula sa kawalang-pananampalataya at mga pagsuway sapagkat nagsasabi Siya (napakataas Siya):

قَدْ أَفْلَحَ مَنْ زَكَّاهَا (9) وَقَدْ خَابَ مَنْ دَسَّاهَا (10) {

{9. nagtagumpay nga ang sinumang nagbusilak nito 10. at nabigo nga ang sinumang nagparumi nito.}

Sumusumpa Siya na nagwagi nga ang sinumang nagdalisay ng sarili niya at nagpalago nito sa kabutihan at nalugi ang sinumang naglublob ng sarili niya sa mga pagsuway.

Pagkatapos bumanggit si Allāh ng isang halimbawa ng sumuway sa Kanya at tumangging sumampalataya sa Kanya kaya naging karapat-dapat sa pagdurusa. Ito ay ang Thamūd, ang Lipi ni Ṣāliḥ (sumakanya ang pangangalaga).

{ كَذِبْتَ ثُمَّ دُ بَطَغُوا هَا (11) إِذِ انْبَعَثَ أَشْقَاهَا (12) }

{11. Nagpasinungaling ang [liping] Thamūd dahil sa pagmamalabis nito 12. nang sumugod ang pinakamalumbay nito.}

Umabot nga ang Thamūd sa sukdulan sa pagsuway sapagkat tumindig ang pinakamalumbay ng lipi para katayin ang dumalagang kamelyo na ginawa ni Allāh para sa kanila bilang tanda.

فَقَالَ لَهُمْ رَسُولُ اللَّهِ نَاقَةَ اللَّهِ وَسُقْيَاهَا (13) فَكَذَّبُوهُ فَعَقَرُوهَا
فَدَمَدَمَ عَلَيْهِمْ رَبُّهُمْ بِذَنبِهِمْ فَسَوَّاهَا (14) {

{13. Kaya nagsabi sa kanila ang sugo ni Allāh:
"[Magpaubaya] sa dumalagang kamelyo ni Allāh at
pag-inom nito." 14. Ngunit nagpasinungaling sila
sa kanya saka kinatay nila ito kaya nagsaklob [ng
parusa] sa kanila ang Panginoon nila dahil sa
pagkakasala nila saka nagpantay-pantay Siya rito
[sa parusa].}

Nagbigay-babala na ang propeta nilang si Ṣālih
(sumakanya ang pangangalaga) laban sa pagsaling
nila rito ng isang kasagwaan ngunit kinatay nila ito
kaya nagpababa si Allāh sa kanila ng kaparusahan
at nagpahamak Siya sa kanila.

Sūrah Al-Layl (Qur'ān 92)

وَاللَّيْلِ إِذَا يَغْشَى (1) وَالنَّهَارِ إِذَا تَجَلَّى (2) وَمَا خَلَقَ الذَّكَرَ
وَالْأُنثَى (3) إِنَّ سَعْيَكُمْ لَشَتَّى (4) فَأَمَّا مَنْ أُعْطِيَ وَاتَّقَى (5)
وَصَدَقَ بِالْحُسْنَى (6) فَسَنُيَسِّرُهُ لِلْيُسْرَى (7) وَأَمَّا مَنْ بَخِلَ
وَاسْتَعْنَى (8) وَكَذَّبَ بِالْحُسْنَى (9) فَسَنُيَسِّرُهُ لِلْعُسْرَى (10)

وَمَا يُغْنِي عَنْهُ مَالُهُ إِذَا تَرَدَّى (11) إِنَّ عَلَيْنَا لَلْهُدَى (12) وَإِنَّ
لَنَا لَلْآخِرَةَ وَالْأُولَى (13) فَأَنْذَرْتُكُمْ نَارًا تَلَظَّى (14) لَا
يَصْلَاهَا إِلَّا الْأَشْقَى (15) الَّذِي كَذَّبَ وَتَوَلَّى (16) وَسَيُجَنَّبُهَا
الْأَتْقَى (17) الَّذِي يُؤْتِي مَالَهُ يَتَزَكَّى (18) وَمَا لِأَحَدٍ عِنْدَهُ مِنْ
نِعْمَةٍ تُجْزَى (19) إِلَّا ابْتِغَاءَ وَجْهِ رَبِّهِ الْأَعْلَى (20) وَلَسَوْفَ
يَرْضَى (21) {

{1. Sumpa man sa gabi kapag bumabalot ito, 2.
sumpa man sa maghapon kapag nahayag ito, 3.
sumpa man sa pagkalikha sa lalaki at babae; 4.
tunay na ang pagpupunyagi ninyo ay talagang
sarisari. 5. Kaya hinggil naman sa sinumang
nagbigay at nangilag magkasala 6. at nagpatotoo
sa pinakamaganda, 7. magpapadali Kami sa kanya
para sa pinakamadali; 8. at hinggil* naman sa
sinumang nagmaramot at *nagturing na
makapagsarili 9. at nagpasinungaling sa
pinakamaganda, 10. magpapadali Kami sa kanya
para sa pinakamahirap. 11. Ano ang maidudulot

para sa kanya ng yaman niya kapag nabulid siya [sa Impiyerno]? 12. Tunay na nasa Amin ay talagang ang pagpapatnubay. 13. Tunay na sa Amin ay talagang ang Kabilang-buhay at ang Unang-buhay. 14. Kaya nagbabala Ako sa inyo ng apoy na naglalagablab. 15. Walang masusunog doon kundi ang pinakamalumbay, 16. na nagpasinungaling at tumalikod. 17. Paiiwasin doon ang pinakatagapangilag magkasala, 18. na nagbibigay ng yaman niya habang nagpapakabusilak [sa kasalanan] 19. at hindi para sa isang mayroon siyang anumang biyayang gagantihan, 20. bagkus dala ng paghahangad sa [ikalulugod ng] Mukha ng Panginoon niya, ang Pinakamataas. 21. Talagang malulugod siya.}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Naglilinaw ang marangal na sūrah ng pagkakaiba-iba ng pagsisikap ng mga tao sa buhay

na ito. Nagsisimula ito sa panunumpa roon sapagkat nagsasabi Siya (napakataas Siya):

وَاللَّيْلِ إِذَا يَغْشَى (1) وَالنَّهَارِ إِذَا تَجَلَّى (2) {

{1. Sumpa man sa gabi kapag bumabalot ito, 2. sumpa man sa maghapon kapag nahayag ito,}

Sumusumpa si Allāh (napakataas Siya) sa gabi kapag bumalot ito sa lupa ng kadiliman nito at sa maghapon kapag pumawi ito ng kadiliman ng gabi sa pamamagitan ng tanglaw nito.

وَمَا خَلَقَ الذَّكَرَ وَالْأُنثَى (3) إِنَّ سَعْيَكُمْ لَشَتَّى (4) {

{3. sumpa man sa pagkalikha sa lalaki at babae; 4. tunay na ang pagpupunyagi ninyo ay talagang sarisari.}

[Sumusumpa Siya] sa pagkalikha Niya ng lalaki at babae at sa pagkakaiba-iba ng pagsisikap ng mga tao at gawain nila. Pagkatapos bumanggit si Allāh (napakataas Siya) ng ilan sa mga anyo ng pagkakaiba-ibang ito sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

فَأَمَّا مَنْ أُعْطِيَ وَاتَّقَى (5) وَصَدَّقَ بِالْحُسْنَى (6) فَسَنُيَسِّرُهُ لِلْيُسْرَى (7) { يقسم بأن من أنفق في سبيل الله، واتقى الله

تعالى، وصدق بكلمة التوحيد (لا إله إلا الله)، وما يترتب عليها من الجزاء الحسن؛ فإن الله تعالى سيوفقه إلى عمل الخير. وَأَمَّا مَنْ بَخِلَ وَاسْتَغْنَى (8) وَكَذَّبَ بِالْحُسْنَى (9) فَسَنُيَسِّرُهُ لِلْعُسْرَى (10) وَمَا يُغْنِي عَنْهُ مَالُهُ إِذَا تَرَدَّى (11) {

{5. Kaya hinggil naman sa sinumang nagbigay at nangilag magkasala 6. at nagpatotoo sa pinakamaganda, 7. magpapadali Kami sa kanya para sa pinakamadali;} Sumusumpa si Allāh na ang sinumang gumugol sa landas Niya, nangilag magkasala sa Kanya (napakataas Siya), at nagpatotoo sa adhikain ng Tawhīd (Walang Diyos kundi si Allāh) at inireresulta rito na magandang ganti, tunay na si Allāh ay magtutuon sa kanya tungo sa paggawa ng kabutihan.

{8. at hinggil naman sa sinumang nagmaramot at nagturing na makapagsarili 9. at nagpasinungaling sa pinakamaganda, 10.

magpapadali Kami sa kanya para sa pinakamahirap. 11. Ano ang maidudulot para sa kanya ng yaman niya kapag nabulid siya [sa Impiyerno]?}

Hinggil naman sa sinumang nagmaramot ng yaman niya at nagturing na makapagsarili dahil dito palayo sa ganti ni Allāh at nagpasinungaling sa adhikain ng Tawḥīd, tunay na si Allāh ay hindi magtutuon sa kanya sa mga kadahilanan ng kabutihan at patnubay, bagkus mag-iiwan sa kanya si Allāh sa mga kadahilanan ng kalumbayan at hindi makasasapat sa kanya ang yaman niya sa anuman kapag pumasok siya sa Impiyerno.

إِنْ عَلَيْنَا لَلْهُدَىٰ (12) وَإِنَّ لَنَا لَلْآخِرَةَ وَالْأُولَىٰ (13) {

{12. Tunay na nasa Amin ay talagang ang pagpapatnubay. 13. Tunay na sa Amin ay talagang ang Kabilang-buhay at ang Unang-buhay.}

Tunay na sa Amin ang paglilinaw sa daan ng kabutihan at kasamaan at ukol sa Amin ang paghahari sa Mundo at Kabilang-buhay.

فَأَنْذَرْتُكُمْ نَارًا تَلَظَّى (14) لَا يَصْلَاهَا إِلَّا الْأَشْقَى (15) الَّذِي
كَذَّبَ وَتَوَلَّى { (16)

{14. Kaya nagbabala Ako sa inyo ng apoy na naglalagablab. 15. Walang masusunog doon kundi ang pinakamalumbay, 16. na nagpasinungaling at tumalikod.}

Kaya nagbigay-babala ako sa inyo ng apoy na nagliliyab na walang babata sa pagdurusang dulot nito kundi ang malumbay na nagpasinungaling sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at umayaw sa pananampalataya sa Kanya.

وَسِجْنِبْهَا الْأَتَقَى (17) الَّذِي يُؤْتِي مَالَهُ يَتَزَكَّى (18) وَمَا
لِأَحَدٍ عِنْدَهُ مِنْ نِعْمَةٍ تُجْزَى (19) إِلَّا ابْتِغَاءَ وَجْهِ رَبِّهِ الْأَعْلَى
{ (20) وَلَسَوْفَ }

{17. Paiwasin doon ang pinakatagapangilag magkasala, 18. na nagbibigay ng yaman niya habang nagpapakabusilak [sa kasalanan] 19. at hindi para sa isang mayroon siyang anumang

biyayang gagantihan, 20. bagkus dala ng paghahangad sa [ikalulugod ng] Mukha ng Panginoon niya, ang Pinakamataas. 21. Talagang malulugod siya.}

Maliligtas mula sa Impiyerno ang matindi ang pangingilag magkasala, na nagkakaloob ng yaman niya sa landas ni Allāh at hindi nagnanais ng iba sa kaluguran ni Allāh (napakataas Siya) at talagang magpapalugod sa kanya si Allāh sa pamamagitan ng Paraiso sa Araw ng Pagbangon.

Sūrah Aḍ-Ḍuḥā (Qur'ān 93)

(1) وَاللَّيْلِ إِذَا سَجَى (2) مَا وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَا قَلَى (3)
وَلَلْآخِرَةُ خَيْرٌ لَّكَ مِنَ الْأُولَى (4) وَلَسَوْفَ يُعْطِيكَ رَبُّكَ
فَتَرْضَى (5) أَلَمْ يَجِدْكَ يَتِيمًا فَآوَى (6) وَوَجَدَكَ ضَالًّا فَهَدَى
(7) وَوَجَدَكَ عَائِلًا فَأَغْنَى (8) فَأَمَّا الْيَتِيمَ فَلَا تَقْهَرْ (9) وَأَمَّا
السَّائِلَ فَلَا تَنْهَرْ (10) وَأَمَّا بِنِعْمَةِ رَبِّكَ فَحَدِّثْ (11) }

{1. Sumpa man sa kaliwanagan [ng umaga], 2. sumpa man sa gabi kapag lumukob ito; 3. hindi namaalam sa iyo ang Panginoon mo at hindi Siya nasuklam. 4. Talagang ang Kabilang-buhay ay higit

na mabuti para sa iyo kaysa sa Unang-buhay. 5. Talagang magbibigay sa iyo ang Panginoon mo kaya malulugod ka. 6. Hindi ba nakatagpo Siya sa iyo na isang ulila kaya kumanlong Siya sa iyo? 7. Nakatagpo Siya sa iyo na isang nalilingat kaya nagpatnubay Siya. 8. Nakatagpo Siya sa iyo na isang naghihikahos kaya nagpasapat Siya. 9. Kaya hinggil naman sa ulila ay huwag kang manlupig. 10. Hinggil naman sa nanghihingi ay huwag kang magtaboy. 11. Hinggil naman sa kaugnay sa biyaya ng Panginoon mo ay magsaysay ka.}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Tumatalakay ang marangal ng sūrah ng pag-aaruga ni Allāh sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) at nagsisimula ito sa panunumpa roon sapagkat nagsasabi si Allāh (napakataas Siya):

وَالضُّحَى (1) وَاللَّيْلِ إِذَا سَجَى (2) {

{1. Sumpa man sa kaliwanagan [ng umaga], 2. sumpa man sa gabi kapag lumukob ito;}

Sumusumpa si Allāh sa oras ng kaliwanagan ng umaga, na simula ng maghapon, at sa gabi kapag tumindi ang kadiliman nito.

مَا وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَا قَلَى (3) وَلَلْآخِرَةُ خَيْرٌ لَّكَ مِنَ الْأُولَى (4)
{وَلَسَوْفَ يُعْطِيكَ رَبُّكَ }

{3. hindi namaalam sa iyo ang Panginoon mo at hindi Siya nasuklam. 4. Talagang ang Kabilang-buhay ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa Unang-buhay.}

Si Allāh (napakataas Siya) ay hindi nag-iwan sa Sugo Niyang si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) at hindi namuhi rito gaya ng inaakala ng mga tagapagtambal. Ang tahanang pangkabilang-buhay ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa Mundo. Bibigyan siya ni Allāh sa Kabilang-buhay ng magpapalugod sa kanya.

أَلَمْ يَجِدْكَ يَتِيمًا فَآوَى (6) وَوَجَدَكَ ضَالًّا فَهَدَى (7) وَوَجَدَكَ
{عَائِلًا فَأَغْنَى (8) }

{6. Hindi ba nakatagpo Siya sa iyo na isang ulila kaya kumanlong Siya sa iyo? 7. Nakatagpo Siya sa iyo na isang nalilingat kaya nagpatnubay Siya. 8. Nakatagpo Siya sa iyo na isang naghihikahos kaya nagpasapat Siya.}

Nakatagpo nga si Allāh (napakataas Siya) sa Propeta Niya (sumakanya ang pangangalaga) na isang ulila, nag-aruga Siya rito, nagpatnubay Siya rito sa pamamagitan ng liwanag ng pagkasugo, at nagturo Siya rito ng hindi dati nalalaman nito. Nakatagpo Siya rito na isang maralita kaya umakay Siya para rito ng panustos, nagpasapat Siya rito buhat sa mga tao, at nagbigay-kasiyahan Siya rito ng itinustos Niya rito.

فَأَمَّا الْيَتِيمَ فَلَا وَأَمَّا السَّائِلَ فَلَا تَنْهَرْ (10) وَأَمَّا بِنِعْمَةِ رَبِّكَ فَحَدِّثْ (11) {

Kaya hinggil naman sa ulila ay huwag kang manlupig. 10. Hinggil naman sa nanghihingi ay huwag kang magtaboy. 11. Hinggil naman sa kaugnay sa biyaya ng Panginoon mo ay magsanaysay ka.}

Huwag kang gumawa ng masagwa sa ulila, huwag kang mambulyaw sa nanghihingi, at magsaysay ka kaugnay sa biyaya ng Panginoon mo sa iyo.

Ang mga Katuturan at ang mga Paghinuha

Ang kasukdulan ng pumapatungkol sa pagbubusilak sa kaluluwa at pagdadalisay nito mula sa mga kasalanan at mga kaasalang masagwa.

Ang pag-iingat laban sa kahihinatnan ng pagpapasinungaling sa mga sugo at ang pagpupumilit sa pagsuway kay Allāh gaya ng ginawa ng liping Thamūd.

Nagtutuon si Allāh (napakataas Siya) sa mananampalataya na nagkakaloob ng kabutihan sa mga tao. Hinggil naman sa nagpupumilit sa kalisyaan, si Allāh ay Walang-pangangailangan sa kanya.

Ang kabutihang-loob ni Allāh sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) ay sukdulan at ang pagpaparangal Niya para rito ay hindi nabibilang.

Ang pagkakailangan ng paggawa ng maganda sa mga ulila, mga mahina, at mga maralita.

Ang pagsasanaysay kaugnay sa biyaya ni Allāh (napakataas Siya) ay daan ng mga propeta at mga maayos na tagapagpasalamat.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-uugnay ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na ang mga tao, kapag nakakita sila ng tagalabag sa katarungan saka hindi sila pumigil sa mga kamay nito, ay halos na maglahat sa kanila si Allāh ng isang parusa mula sa Kanya."** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 4338 at Imām At-Tirmidhīy: 3057.

Magkawing ka sa pagitan ng ḥadīth at ng nasaad sa Sūrah Ash-Shams tungkol sa kadahilanan ng pagpahamak sa liping Thamūd.

Makilahok ka sa mga kaklase mo sa pagbanggit ng papel ng Muslim sa lipunan niya sa pamamagitan ng nasaad sa marangal na ḥadīth.

Aktibidad 2: Magbubukod ako.

{ الْأَتَقَى (17) الَّذِي يُؤْتِي مَالَهُ يَتَزَكَّى (18) وَمَا لِأَحَدٍ عِنْدَهُ مِنْ نِعْمَةٍ تُجْزَى (19) إِلَّا ابْتِغَاءَ وَجْهِ رَبِّهِ الْأَعْلَى (20) وَلَسَوْفَ يَرْضَى (21) } .

{17. Paiiwasin doon ang pinakatagapangilag magkasala, 18. na nagbibigay ng yaman niya habang nagpapakabusilak [sa kasalanan] 19. at

hindi para sa isang mayroon siyang anumang biyayang gagantihan, 20. bagkus dala ng paghahangad sa [ikalulugod ng] Mukha ng Panginoon niya, ang Pinakamataas. 21. Talagang malulugod siya.}

Humango ka mula sa marangal na āyah ng katangian ng mga tagagugol [sa kabutihan], kundisyon ng pagtanggap sa paggugol, at ganti sa kanya.

Ang katangian ng mga tagagugol ayon sa mga āyah.

Ang kundisyon ng pagtanggap sa paggugol.

Ang ganti sa mga tagagugol.

Aktibidad 3: Mag-uugnay ako ng mga āyah.

Magbigay ka sa mula sa mga āyah ng Sūrah Aḍ-Ḍuḥā ng ipambubuo sa mga kahulugan ng mga āyah na nasasaad sa talahanayan.

Ang mga Āyah

Ang nakikiayon sa mga ito mula sa marangal na sūrah:

إِذْ يَقُولُ لِصَاحِبِهِ لَا تَحْزَنْ إِنَّ اللَّهَ مَعَنَا (التوبة: ٤٠) = مَا
وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَا قَلَى (3) { قَوْلٌ مَعْرُوفٌ وَمَغْفِرَةٌ خَيْرٌ مِنْ
صَدَقَةٍ يَتْبَعُهَا أَدَى وَاللَّهُ عَنِّي حَلِيمٌ (263) = {فَأَمَّا الْيَتِيمَ فَلَا
تَقْهَرْ (9) وَأَمَّا السَّائِلَ فَلَا تَنْهَرْ (10) وَأَمَّا بِنِعْمَةِ رَبِّكَ فَحَدِّثْ
(11) { إِنَّ الَّذِينَ يَأْكُلُونَ أَمْوَالَ الْيَتَامَى ظُلْمًا إِنَّمَا يَأْكُلُونَ فِي
بُطُونِهِمْ نَارًا وَسَيَصْلُونَ سَعِيرًا (10) = {وَأَمَّا الْيَتِيمَ فَلَا تَقْهَرْ
(9)}

{ "Huwag kang malungkot; tunay na si Allāh ay kasama sa atin." } (Qur'ān 9:40) = { hindi namaalam sa iyo ang Panginoon mo at hindi Siya nasuklam } (Qur'ān 93:3)

{Anumang sinasabing nakabubuti at pagpapatawad ay higit na mainam kaysa sa isang kawanggawang sinusundan ng isang pananakit. Si Allāh ay Walang-pangangailangan, Matimpiin.} (Qur'ān 2:263) = {9. Kaya hinggil naman sa ulila ay huwag kang manlupig. 10. Hinggil naman sa

nanghihingi ay huwag kang magtaboy. 11. Hinggil naman sa kaugnay sa biyaya ng Panginoon mo ay magsaysay ka.} (Qur'ān 93:9-11)

{Tunay na ang mga kumakain ng mga yaman ng mga ulila dala ng paglabag sa katarungan ay kumakain lamang sa mga tiyan nila ng apoy at masusunog sila sa isang liyab.} (Qur'ān 4:10) = {Kaya hinggil naman sa ulila ay huwag kang manlupig.} (Qur'ān 93:9)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng pararilang hindi tumpak:

Ang panunumpa ni Allāh sa mga tanda Niya ay nagpapatunay sa kadakilaan ng mga ito at kahalagahan ng pag-iisip-isip sa mga ito.

Ang paggawa ng maganda sa mga ulila at mga dukha ay isang patunay sa pasasalamat sa biyaya.

Ang pinakamalumbay sa liping Thamūd ay ang pumatay kay Ṣāliḥ (sumakanya ang pangangalaga).

Ang pananampalataya at ang pangingilag magkasala ay isang kadahilanan para sa pagtutuon sa tao sa paggawa ng kabutihan.

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay kabilang sa mga maharlika ng Makkah at ang pinakamarami sa kanila sa mga yaman.

PANUTO 2: Isulat mo ang mga āyah na nagpapatunay sa sumusunod na pararila:

Nagparusa si Allāh sa lipi ng Thamūd dahil sa pagsuway nila sa utos ng propeta nila.

Ang tagumpay ay nakaugnay sa pagbubusilak ng kaluluwa at pagdadalisay nito.

Ang Impiyerno ay ang ganti sa mga tagapagpasinungaling na tagaayaw kay Allāh at sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan).

Isinasabatas ang pagsasaysay kaugnay sa biyaya ni Allāh at kabutihang-loob Niya.

PANUTO 3: Magbigay-linaw ka sa mga marangal na āyah.

وَنَفْسٍ وَمَا سَوَّاهَا (7) فَأَلْهَمَهَا فُجُورَهَا وَتَقْوَاهَا (8) {

{7. sumpa man sa isang kaluluwa at sa pagkahubog nito, 8. saka nagpatalos Siya rito ng

pagsasamasamang-loob nito at pangingilag
magkasala nito;}

at hindi para sa isang mayroon siyang
anumang biyayang gagantihan,} (Qur'ān 92:19)

{12. Tunay na nasa Amin ay talagang ang
pagpapatnubay. 13. Tunay na sa Amin ay talagang
ang Kabilang-buhay at ang Unang-buhay.}

PANUTO 4: Humango ka mula sa Sūrah Al-Layl
ng katangian ng mga tagagugol sa landas ni Allāh
at kainaman nila.

PANUTO 5: Magbigay-liwanag ka sa
kalamangan ng Propeta natin (basbasan siya ni
Allāh at pangalagaan) at pagpaparangal sa kanya
sa ganang kay Allāh (napakataas Siya) gaya ng
nasaad sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā.

(7) Ang Sūrah Ash-Sharḥ, ang Sūrah At-Tīn,
Sūrah Al-ʿAlaq, at ang Sūrah Al-Qadr

Ang mga Layon

Mahal kong mag-aaral, inaasahan mula sa iyo
matapos matuto ng araling ito na:

makapagpakahulugan ka ng mga āyah sa isang
pinaiksing pagpapakahulugan;

makapaghango ka ng katayuan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) gaya ng nasaad sa mga āyah;

makapagpatotoo ka sa pagpapahalaga ng Islām sa kaalaman;

makapagpaliwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa mga āyah;

makapagdakila ka sa kalamangan ng Gabi ng Pagtatakda.

Sūrah Ash-Sharḥ (Qur'ān 94)

{ أَلَمْ نَشْرَحْ لَكَ صَدْرَكَ (1) وَوَضَعْنَا عَنكَ وِزْرَكَ (2) الَّذِي أَنْقَضَ ظَهْرَكَ (3) وَرَفَعْنَا لَكَ ذِكْرَكَ (4) فَإِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (5) إِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (6) فَإِذَا فَرَغْتَ فَانصَبْ (7) وَإِلَى رَبِّكَ فَارْغَبْ (8) }

{1. Hindi ba nagpaluwag Kami para sa iyo ng dibdib mo? 2. Nag-alis Kami palayo sa iyo ng pasanin mo, 3. na nakabigat sa likod mo. 4. Nagangat Kami para sa iyo ng pagbanggit sa iyo. 5. Kaya tunay na kasama sa hirap ay ginhawa. 6. Tunay na kasama sa hirap ay ginhawa. 7. Kaya

kapag nakatapos ka [sa gawain] ay magpakapagal ka [sa pagsamba], 8. at sa Panginoon mo ay magmithi ka.}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Kumukumpleto ang Sūrah Ash-Sharḥ sa nasaad sa Sūrah Aḍ-Ḍuḥā tungkol sa pagpaparangal ni Allāh sa Propeta nating si Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan) sapagkat nagsasabi Siya (napakataas Siya):

{ أَلَمْ نَشْرَحْ لَكَ صَدْرَكَ (1) }

{1. Hindi ba nagpaluwag Kami para sa iyo ng dibdib mo?}

Hindi ba nagpaluwag Kami para sa iyo, O Propeta (sumaiyo ang basbas at ang pangangalaga), ng dibdib mo at nagbigay Kami sa iyo ng mararangal sa mga kaasalan.

{ وَوَضَعْنَا عَنْكَ وِزْرَكَ (2) الَّذِي أَنْقَضَ ظَهْرَكَ (3) }

{2. Nag-alis Kami palayo sa iyo ng pasanin mo,
3. na nakabigat sa likod mo.}

Nag-alis Kami palayo sa iyo ng dala-dala mo na nagpabigat sa likod mo.

وَرَفَعْنَا لَكَ ذِكْرَكَ (4) {

{4. Nag-angat Kami para sa iyo ng pagbanggit sa iyo.}

Nagpataas Kami ng pagbanggit sa iyo sa mga nilalang sapagkat binabanggit ang pangalan mo sa adhān, iqāamah, at iba pa sa mga ito.

{ فَإِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (5) إِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (6) }

{5. Kaya tunay na kasama sa hirap ay ginhawa.
6. Tunay na kasama sa hirap ay ginhawa.}

Tunay na kasama sa kagipitan at kalamidad ay ginhawa at pagpapaluwag mula kay Allāh (napakataas Siya).

فَإِذَا فَرَغْتَ فَانصَبْ (7) وَإِلَىٰ رَبِّكَ فَارْغَبْ (8) {

{7. Kaya kapag nakatapos ka [sa gawain] ay magpakapagal ka [sa pagsamba], 8. at sa Panginoon mo ay magmithi ka.}

Kaya kapag nakatapos sa gawain mo, magpunyagi ka sa pagsamba at maging isang tagapagmithi ka ng nasa ganang kay Allāh habang nagpapakay ng kaluguran Niya.

Sūrah At-Tīn (Qur'ān 95)

{ وَالرَّيُّنُونَ (1) وَطُورِ سِينِينَ (2) وَهَذَا الْبَلَدِ الْأَمِينِ (3)
لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي أَحْسَنِ تَقْوِيمٍ (4) ثُمَّ رَدَدْنَاهُ أَسْفَلَ سَافِلِينَ
(5) إِلَّا الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ فَلَهُمْ أَجْرٌ غَيْرُ مَمْنُونٍ
(6) فَمَا يُكَذِّبُكَ بَعْدُ بِالذِّينِ (7) أَلَيْسَ اللَّهُ بِأَحْكَمِ الْحَاكِمِينَ (8)
{

{1. Sumpa man sa igos at oliba, 2. sumpa man sa kabundukan ng Sinai, 3. sumpa man sa matiwasay na bayang ito; 4. talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang pinakamagandang paghuhubog. 5. Pagkatapos nagpanauli Kami sa kanya sa pinakamababa sa mga mababa, 6. maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos sapagkat ukol sa kanila ay isang pabuyang hindi matitigil. 7. Kaya ano ang

nagpapasinungaling sa iyo, matapos nito, sa pagtutumbas? 8. Hindi ba si Allāh ay ang pinakahukom ng mga hukom?}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Natuto tayo sa marangal na sūrah na ito na ang halaga ng tao ay nakaugnay sa pananampalataya niya at gawa niya. Nagsisimula ito sa panunumpa sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya):

وَالَّذِينَ وَالزَّيْتُونَ (1) وَطُورِ سَيْنِينَ (2) وَهَذَا الْبَلَدِ {

{1. Sumpa man sa igos at oliba, 2. sumpa man sa kabundukan ng Sinai, 3. sumpa man sa matiwasay na bayang ito;}

Sumumpa si Allāh sa igos, oliba, at sa bundok ng Sinai, na kumausap si Allāh (napakataas Siya) kay Moises (sumakanya ang pangangalaga) doon sa isang pakikipag-usap. Pagkatapos sumumpa Siya gayon din sa Makkah Mukarramah.

لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي أَحْسَنِ تَقْوِيمٍ (4) ثُمَّ رَدَدْنَاهُ أَسْفَلَ سَافِلِينَ { (5)

{4. talaga ngang lumikha Kami sa tao sa isang pinakamagandang paghuhubog. 5. Pagkatapos nagpanauli Kami sa kanya sa pinakamababa sa mga mababa,}

Sumusumpa Siya (napakataas Siya) na Siya ay lumikha sa tao sa pinakamagandang anyo. Pagkatapos nagpanauli Siya rito sa kasagwaan ng kahihinatnan sa Impiyerno dahil sa nagawa niya na shirk at mga kasalanan,

إِلَّا الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ فَلَهُمْ أَجْرٌ غَيْرُ مَمْنُونٍ (6)
{

{6. maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos sapagkat ukol sa kanila ay isang pabuyang hindi matitigil.}

maliban sa mga sumampalataya sa Kanya at gumawa ng mga maayos sapagkat ukol sa kanila ay isang pabuya sa Paraiso na hindi mapuputol at hindi mapipigil.

فَمَا يُكَذِّبُكَ بَعْدُ بِالدِّينِ (7) أَلَيْسَ اللَّهُ بِأَحْكَمَ الْحَاكِمِينَ (8) }

{7. Kaya ano ang nagpapasinungaling sa iyo, matapos nito, sa pagtutumbas? 8. Hindi ba si Allāh ay ang pinakahukom ng mga hukom?}

Kaya ano ang nagtutulak sa iyo, O tao, sa pagpapasinungaling sa pagbubuhay at pagganti samantalang dumating na sa iyo ang mga patotoo na nagpapatunay kay Allāh at sa mga pasugo Niya? Hindi ba si Allāh ay pinakamabuting hukom yayamang humuhusga Siya at nakikipagtuos Siya matapos ng pagliwanag ng katunayan?

Sūrah Al-'Alaq (Qur'ān 96)

اقْرَأْ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ (1) خَلَقَ الْإِنْسَانَ مِنْ عَلَقٍ (2) اقْرَأْ
وَرَبُّكَ الْأَكْرَمُ (3) الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ (4) عَلَّمَ الْإِنْسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ
(5) كَلَّا إِنَّ الْإِنْسَانَ لَيْطَغَى (6) أَنْ رَأَهُ اسْتَعْنَى (7) إِنَّ إِلَى
رَبِّكَ الرَّجْعَى (8) أَرَأَيْتَ الَّذِي يَنْهَى (9) عَبْدًا إِذَا صَلَّى
(10) أَرَأَيْتَ إِنْ كَانَ عَلَى الْهُدَى (11) أَوْ أَمَرَ بِالْتَّقْوَى (12)
أَرَأَيْتَ إِنْ كَذَّبَ وَتَوَلَّى (13) أَلَمْ يَعْلَمْ بِأَنَّ اللَّهَ يَرَى (14) كَلَّا
لَئِنْ لَمْ يَنْتَهِ لَنَسْفَعًا بِالنَّاصِيَةِ (15) نَاصِيَةٍ كَاذِبَةٍ خَاطِئَةٍ (16)
فَلْيَدْعُ نَادِيَهُ (17) سَنَدْعُ الزَّبَانِيَةَ (18) كَلَّا لَا تَطِعُهُ وَاسْجُدْ
{

{1. Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha, 2. lumikha sa tao mula sa isang malalinta. 3. Bumasa ka at ang Panginoon mo ay ang Pinakamapagbigay, 4. na nagturo sa pamamagitan ng panulat, 5. nagturo sa tao ng hindi nito nalaman. 6. Aba'y hindi! Tunay na ang tao ay talagang nagmamalabis 7. dahil nakakita siya sa sarili niya na nakasapat. 8. Tunay na tungo sa Panginoon mo ang pagbabalikan. 9. Nakakita ka ba sa sumasaway 10. sa isang lingkod kapag nagdasal ito? 11. Nakakita ka ba kung siya ay nasa patnubay, 12. o nag-utos ng pangingilag magkasala? 13. Nakakita ka ba kung nagpasinungaling siya o tumalikod siya? 14. Hindi ba siya nakaalam na si Allāh ay nakakikita? 15. Aba'y hindi! Talagang kung hindi siya tumigil ay talagang hahablot nga Kami sa bumbunan: 16. isang bumbunan na nagsisinungaling, nagkakamali. 17. Kaya tumawag

siya sa kapulungan niya. 18. Tatawag Kami sa mga bantay [ng Impiyerno]. 19. Aba'y hindi! Huwag kang tumalima sa kanya, magpatirapa ka, at lumapit ka [kay Allāh].}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Nagsisimula ang marangal na sūrah na ito sa kauna-unahan sa mga āyah ng Qur'ān sa pagbaba sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

{ أَفْرَأُ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ (1) }

{1. Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha,}

Bumasa ka, O Propeta (basbasan ka ni Allāh at pangalagaan), ng pinababa sa iyo ni Allāh mula sa Qur'ān, na nagpapasimula ng pagbigkas mo sa ngalan ng Panginoon mo na namumukod-tangi sa paglikha.

{ خَلَقَ الْإِنْسَانَ مِنْ عَلَقٍ (2) }

{2. lumikha sa tao mula sa isang malalinta.}

Ang lumikha sa tao mula sa isang malalinta. Ito ay isang piraso ng dugong namuo na kumakapit sa sinapupunan ng ina.

{ أَفَرَأَىٰ وَرَبُّكَ الْأَكْرَمُ (3) الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ (4) عَلَّمَ الْإِنْسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ (5) }

{3. Bumasa ka at ang Panginoon mo ay ang Pinakamapagbigay, 4. na nagturo sa pamamagitan ng panulat, 5. nagturo sa tao ng hindi nito nalaman.}

Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na marami ang pagbibigay at paggawa ng maganda, na nagturo sa tao ng pagsulat sa pamamagitan ng panulat at nagturo rito ng hindi nito dati nalalaman mula sa naaangkop sa pamamagitan niyon ang buhay nito at ang Kabilang-buhay nito.

{ كَلَّا إِنَّ الْإِنْسَانَ لَيْطَغَىٰ (6) أَنْ رَأَاهُ اسْتَغْنَىٰ (7) }

{6. Aba'y hindi! Tunay na ang tao ay talagang nagmamalabis 7. dahil nakakita siya sa sarili niya na nakasapat.}

Sa kabila nito, ang tao ay lumalampas sa mga hangganan ni Allāh (napakataas Siya) kapag

nakaramdam siya ng kawalang-pangangailangan [kay Allāh] dahil sa yaman niya o kapamahalaan niya.

{ إِنَّ إِلَىٰ رَبِّكَ الرُّجْعَىٰ (8) }

{8. Tunay na tungo sa Panginoon mo ang pagbabalikan.}

Ang hantungan niya ay tungo kay Allāh (napakataas Siya) para gumanti Siya sa bawat tao ng naging karapat-dapat dito.

{ أَرَأَيْتَ الَّذِي يَنْهَىٰ (9) عَبْدًا إِذَا صَلَّىٰ (10) }

{9. Nakakita ka ba sa sumasaway 10. sa isang lingkod kapag nagdasal ito?}

Nakakita ka ba ng higit na kataka-taka kaysa roon, na sumasaway sa isang tao kapag nagdasal ito? Ang taong tinutukoy ay ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang sumasaway sa kanya laban sa pagdarasal ay si Abū Jahl.

{ أَرَأَيْتَ إِنْ كَانَ عَلَىٰ الْهُدَىٰ (11) أَوْ أَمَرَ بِالْتَّقْوَىٰ (12) }

{11. Nakakita ka ba kung siya ay nasa patnubay, 12. o nag-utos ng pangingilag magkasala?}

Ano kung sakaling ang sinasaway ay ang nasa patnubay at siya ay nag-uutos ng pangingilag magkasala, pagtalima kay Allāh, at pag-iwan ng pagsuway kay Allāh?

{ أَرَأَيْتَ إِنْ كَذَّبَ وَتَوَلَّى (13) أَلَمْ يَعْلَمْ بِأَنَّ اللَّهَ يَرَى (14) }

{13. Nakakita ka ba kung nagpasinungaling siya o tumalikod siya? 14. Hindi ba siya nakaalam na si Allāh ay nakakikita?}

Nakakita ka ba kung nagpasinungaling ang tagasaway na ito ng ipinaaanyaya sa kanya at umayaw siya rito? Hindi ba siya nakaalam na si Allāh ay nakakikita sa bawat ginagawa niya?

{ كَلَّا لَئِنْ لَمْ يَنْتَهِ لَنَسْفَعًا بِالنَّاصِيَةِ (15) نَاصِيَةٍ كَاذِبَةٍ خَاطِئَةٍ { (16)

{15. Aba'y hindi! Talagang kung hindi siya tumigil ay talagang hahablot nga Kami sa

bumbunan: 16. isang bumbunan na nagsisinungaling, nagkakamali.}

Kapag hindi tumigil ang tagapagtambal na ito ay talagang dadaklot nga Kami sa ulo niya papunta sa Impiyerno sa isang matinding humahamak na pagdaklot: doon sa ulo na nagsisinungaling sa sinasabi nito, na nagkakamali sa mga gawain nito.

{ فَلْيَدْعُ نَادِيَهُ (17) سَدَّغْ الزَّبَانِيَّةَ (18) }

{17. Kaya tumawag siya sa kapulungan niya.

18. Tatawag Kami sa mga bantay [ng Impiyerno].}

Kaya tumawag siya sa sandaling iyon sa angkan niya na nagpapaadya siya sa kanila kung sila ay sasagot sa kanya subalit walang dadalo sa kanya kundi ang mga anghel ng pagdurusa.

{ كَلَّا لَا تُطِيعُوهُ وَاسْجُدْ وَاقْتَرِبْ (19) }

{19. Aba'y hindi! Huwag kang tumalima sa kanya, magpatirapa ka, at lumapit ka [kay Allāh].}

Kaya huwag kang tumalima sa kanya, O Muḥammad, magpatirapa ka sa Panginoon mo, at magsikap ka sa pagsamba sa Kanya.

Sūrah Al-Qadr (Qur'ān 97)

إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ الْقَدْرِ (1) وَمَا أَدْرَاكَ مَا لَيْلَةُ الْقَدْرِ (2) لَيْلَةُ
 الْقَدْرِ خَيْرٌ مِنْ أَلْفِ شَهْرٍ (3) تَنَزَّلُ الْمَلَائِكَةُ وَالرُّوحُ فِيهَا بِإِذْنِ
 رَبِّهِمْ مِنْ كُلِّ أَمْرٍ (4) سَلَامٌ هِيَ حَتَّى مَطْلَعِ الْفَجْرِ (5)

{1. Tunay na Kami ay nagpababa nito sa Gabi
 ng Pagtatakda. 2. Ano ang nagpabatid sa iyo kung
 ano ang Gabi ng Pagtatakda? 3. Ang Gabi ng
 Pagtatakda ay higit na mabuti kaysa sa isang
 libong buwan. 4. Nagbababaan ang mga Anghel at
 ang Espiritu rito ayon sa pahintulot ng Panginoon
 Nila kalakip ng bawat utos. 5. Kapayapaan ito –
 hanggang sa paglitaw ng madaling-araw.}

Ang Paglilinaw at ang Pakahulugan

Natatangi ang marangal na sūrah na ito sa
 paglilinaw sa kainaman ng Gabi ng Pagtatakda at
 kadakilaan ng halaga nito. Nagsasabi si Allāh
 (napakataas Siya):

إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ الْقَدْرِ (1) وَمَا أَدْرَاكَ مَا لَيْلَةُ الْقَدْرِ (2) {

{1. Tunay na Kami ay nagpababa nito sa Gabi ng Pagtatakda. 2. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Gabi ng Pagtatakda?}

Tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay nagpababa ng Qur'ān sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) sa isang dakilang gabi sa buwan ng Ramaḍān, ang Gabi ng Pagtatakda. Nakaaalam ka ba, O Propeta, kung ano ang nasa gabing ito na kabutihan at pagpapala?

{ لَيْلَةُ الْقَدْرِ خَيْرٌ مِنْ أَلْفِ شَهْرٍ (3) }

{3. Ang Gabi ng Pagtatakda ay higit na mabuti kaysa sa isang libong buwan.}

Ang kalamangan ng pagsamba sa pinagpalang gabing ito ay higit na mabuti kaysa sa pagsamba nang isang libong buwan para sa sinumang nagdasal dito dala ng pananampalataya at dala ng paghahangad ng gantimpala.

{ تَنْزِيلُ الْمَلَائِكَةِ وَالرُّوحُ فِيهَا بِإِذْنِ رَبِّهِمْ مِنْ كُلِّ أَمْرٍ (4) }

{4. Nagbababaaan ang mga Anghel at ang Espiritu rito ayon sa pahintulot ng Panginoon Nila kalakip ng bawat utos.}

Dumarami ang pagbaba ng mga anghel, na kasama sa kanila si Anghel Gabriel (sumakanya ang pangangalaga), sa Gabi ng Pagtatakda ayon sa isang pahintulot mula kay Allāh (napakataas Siya) kalakip ng bawat bagay na itinadhana ni Allāh (napakataas Siya) sa taon na iyon.

{ سَلَامٌ هِيَ حَتَّىٰ مَطْلَعِ الْفَجْرِ (5) }

{5. Kapayapaan ito – hanggang sa paglitaw ng madaling-araw.}

Gumawa rito si Allāh bilang gabi ng kabutihan at kapayapaan mula sa simula nito hanggang sa pagsapit ng madaling-araw.

Ang mga Katuturan at ang mga Paghinuha

Nagmagandang-loob si Allāh (napakataas Siya) sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) ng isang katayuang mataas at nag-aangat Siya ng pagbanggit dito sa mga nilalang.

Si Allāh (napakataas Siya) ay Maawain sa nilikha Niya; nagtatakda siya kalakip sa kagipitan ng kaluwagan habang nananatili sa Muslim ang pagtitiis at ang pagpapamalagi ng paghiling at paghahangad.

Lumikha si Allāh sa tao sa pinakamagandang anyo at gumawa Siya sa kagandahan ng

pagkakalikha rito ng isang tanda at isang pagpapaalaala sa Panginoon nito.

Ang pananampalataya kay Allāh (napakataas Siya) at ang paggawa ng pagtalima sa Kanya ay nag-aangat ng halaga ng tao at ito ay landas ng kaligtasan niya sa Kabilang-buhay.

Nag-anyaya ang Islām tungo sa kaalaman, pagbubulay-bulay, at kagandahan ng pagtingin sa sarili at Sansinukob.

Bahagi ng pag-uugali ng mananampalataya ang pagpapakumbaba sa sandali ng biyaya at ang hindi pagkalinlang sa kakayahan sapagkat ang kabutihan sa kalahatan ay mula kay Allāh (napakataas Siya).

Ang Marangal na Qur'ān ay pinakamainam na pananalita. Bumaba kasama nito ang pinakamabuti sa mga anghel sa pinakamabuti sa mga tao sa pinakamabuting gabi.

Ang Gabi ng Pagtatakda ay kabilang sa mga biyaya ni Allāh (napakataas Siya) sa Kalipunan ni Muḥammad (basbasan Niya ito at pangalagaan). Ang naituon nang totohanan ay ang sinumang nagpanatili ng dasal dito dala ng pananampalataya at dala ng paghangad ng gantimpala.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-aanalisa ako.

Nagsaad ang Sūrah Ash-Sharḥ ng mga aspeto ng kaangatan ng pumapatungkol sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at daan ng pagtitiyaga at pag-iingat sa katayuang iyon. Nagpaabot ang Sūrah At-Tīn ng mga aspeto ng pagpaparangal ni Allāh (napakataas Siya) sa tao at daan ng kamalian na nag-aalis sa kanya ng pagpaparangal na ito.

Humango ka mula sa konteksto ng dalawang sūrah ng mga kaparaanan ng pag-abot ng Muslim sa kaluguran ni Allāh (napakataas Siya) at kataasan ng katayuan sa ganang Kanya (kaluwalhatian sa Kanya):

Ang Sūrah Ash-Sharḥ - Ang Sūrah At-Tīn

Aktibidad 2: Matututo ako.

Naglaman ang Sūrah Al-`Alaq ng isang maliwanag na pag-aanyaya tungo sa kaalaman at pagkatuto. Naghalimbawa ito ng paninindigan ng Islām na tagasuporta ng pagtamo ng napakikinabangan mula sa mga agham at mga kaalaman.

Humango ka mula sa Sūrah Al-`Alaq ng mga aspeto ng pag-aanyaya ng Islām tungo sa kaalaman at sigasig dito.

Ano ang halaga ng pag-aanyayang ito sa simula ng mga āyah na bumaba sa Marangal na Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)?

Aktibidad 3: Magsasaliksik ako at gagawa ako.

Matapos na makaalam ako sa katayuan ng Gabi ng Pagtatakda, magsasaliksik tungkol pinakamahalaga sa mga gawain na magpapakalapit-loob ako sa pamamagitan ng mga ito kay Allāh sa gabing iyon.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Itumpak ang mga sumusunod na pararila:

Tumalakay ang Sūrah Ash-Sharḥ ng pagkakalikha sa tao sa pinakamagandang anyo.

Ang matiwasay na bayan ay ang Marangal na Quds (Jerusalem).

Ang Sūrah Al-Qadr ay ang unang bumaba mula sa Marangal na Qur'ān.

Bumaba ang Marangal na Qur'ān sa Gabi ng Pagtatakda ng buwan ng Sha`bān.

PANUTO 2: Humango ng patunay sa bawat isa sa mga sumusunod na pararila mula sa mga sūrah ng aralin:

Hindi nararapat para sa mananampalataya na mawalan ng isang pagkaabalahan o isang gawaing napakikinabangan.

Ang kaginhawahan ng Paraiso ay hindi mapuputol at hindi mapipigil.

Ang pag-angat ng Islām sa halaga ng kaalaman at pagkatuto.

Ang pagsamba sa Gabi ng Pagtatakda ay higit na mainam kaysa sa pagsamba nang isang libong buwan.

PANUTO 3: Nasaad sa Sūrah Ash-Sharḥ ang kalamangan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at Sūrah Al-`Alaq ang pagtatanggol sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Hanguin mo iyon at magpahayag ka tungkol doon sa limang linya.

PANUTO 4: Nagpapahalaga ang Islām sa kaalaman at nag-uudyok ito sa pagtamo niyon. Magbigay-liwanag ka niyon ayon sa liwanag ng nasaad sa Sūrah Al-`Alaq.

PANUTO 5: Magbuod ka ng katangian ng Gabi ng Pagtatakda kasama ng paglilinaw sa pinakamahalaga sa mga pagsamba rito.

Ang Ikalawang Yunit: Ang Pampropetang Sunnah

(1) Ḥadīth: "Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya."

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsaulo ka ng ḥadīth;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga mahirap na salita sa ḥadīth;

makapagpakilala ka sa tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapagbigay-linaw ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

makapagbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa ḥadīth;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pananampalataya sa pagtatakda.

Aktibidad na Pang-umpisa

Mayroon kang isang kaibigang nahaharap sa mga suliranin sa buhay niya at sa kabila nito ay nakakikita ka sa kanya na nakagagawa ng mga pagsuway at nagkukulang sa mga pagtalima.

Sa pamamagitan ng ḥadīth ng aralin, magharap ka sa kanya ng isang payo.

Una: Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ako minsan ay nasa likuran ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) isang araw saka nagsabi siya: "O

bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya. Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa dako mo. Kapag humingi ka, humingi ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh. Alamin mo na ang kalipunan, kung sakaling nagkaisa ito na magpakinabang sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi magpakinabang sa iyo maliban ng bagay na isinulat na ni Allāh para sa iyo; at kung nagkaisa sila na puminsala sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, ay hindi pipinsala sa iyo maliban ng bagay na isinulat na ni Allāh laban sa iyo. Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga kalatas."}

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad: 2669 at Imām At-Tirmidhī: 2516.

Ikalawa: Ang mga Kahulugan ng mga Salita

Ang Salita - Ang Kahulugan Nito

Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya: Ingatan mo si Allāh sa pamamagitan ng paggawa ng nagpapalugod sa Kanya, iingatan ka Niya sa Mundo at Kabilang-buhay.

matatagpuan mo Siya sa dako mo: tutulungan ka Niya sa kabutihan at ibabaling Niya palayo sa iyo ang kasamaan.

Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga kalatas: Naitala ang mga naitakda kaya hindi mag-iiba ang mga ito.

Ikatlo: Ang Tagapagsalaysay ng Ḥadīth: si `Abdullāh bin Al-`Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa).

Si `Abdullāh bin Al-`Abbās bin `Abdulmuṭṭalib ay pinsan ng Sugo (basbasan siya ni Allāh pangalagaan).

Ipinanganak siya tatlong taon bago ng paglikas [sa Madīnah]. Pinapanaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong ang edad niya 13 taon. Dumalangin nga para sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsabi ito: **"O Allāh, magpaunawa Ka sa kanya sa Relihiyon at magturo ka sa kanya ng pagbibigay-pakahulugan."** Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad: 2397.

Nagsikap siya sa paghahanap ng kaalaman hanggang sa siya ay maging isang malaking maalam kaya siya noon ay tinatawag na "ang dagat" dahil sa lawak ng kaalaman niya at tinatawag na "ang tagapagpakahulugan ng Qur'ān" dahil sa kaalaman niya sa pagpapakahulugan sapagkat siya ay ang pinakamarami sa mga Kasamahan sa pagpapakahulugan sa Marangal na Qur'ān.

Pinapanaw siya (malugod si Allāh sa kanya) noong taong 68 Hijrah sa Ṭā'if sa edad na 70 taon.

Ikaapat: Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth:

Ingatan mo si Allāh (napakataas Siya) sa pamamagitan ng paggawa sa mga ipinag-uutos Niya at pag-iwas sa mga sinasaway Niya, iingatan ka Niya sa Mundo laban sa mga kasamaan at sa Kabilang-buhay laban sa pagdurusa.

Kapag humingi ka, huwag kang humingi kundi kay Allāh sapagkat Siya ay ang Tagapagbigay. Ang lahat ng nilikha ay mga kadahilanan. Kahit pa man humingi ka sa isang nilikha ng anuman na nakakakaya ito niyon, alamin mo na ito ay isang kadahilanan at si Allāh ay ang tagapagbigay-kadahilanan.

Kapag nagpatulong ka sa isang nilikha sa anumang nakakakaya nito, alamin mo na ito ay isang kadahilanan at ang tulong ay mula kay Allāh (napakataas Siya) – tanging sa Kanya.

Ang lahat ng nilikha, kung sakaling nagkaisa sila sa pagpapakinabang sa iyo, ay hindi magpapakinabang sa iyo maliban ng anumang naitala na ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) para sa iyo at hindi pipinsala sa iyo maliban ng anumang naitala na ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) laban

sa iyo sapagkat ang bawat bagay ay naitala at itinakda.

Ikalima: Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa ḥadīth:

Nabigyan ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga masaklaw na pananalita sapagkat ang mga salita niya ay madali at naglalaman ng mga dakilang kahulugan. Kabilang sa mga ito ang ḥadīth na ito.

Ang kahalagahan ng pagtuturo ng `aqīdah sa mga bata dahil sa dakilang epekto nito sa pagbuo ng personalidad ng Muslim.

Ang pagkakailangan ng pagtuon ng panalangin at pangangailangan kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – tanging sa Kanya.

Ang pagkakinakailangan ng pananalig kay Allāh at ang pagkahumaling sa Kanya hindi sa nilikha Niya. Hindi sumasalungat iyon sa paggamit ng mga kadahilanan.

Ang pagkakinakailangan ng pananampalataya sa tadhana at pagtatakda at ang dakilang epekto nito sa buhat ng Muslim. Ang kahulugan nito ay hindi ang pagsuko at ang pagtatamad-tamara; bagkus kailangan sa Muslim ang magsumikap sa pagkamit ng kabutihan at ang pagkalayo sa kasamaan.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-iisip ako at mag-uugnay ako.

Mag-uugnay ka sa pagitan ng ḥadīth ng aralin at ng sabi ni Allāh (napakataas Siya):

وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا (18)

{Na ang mga masjid ay ukol kay Allāh, kaya huwag kayong manalangin kasama kay Allāh sa isa man.} (Qur'ān 72:18)

Nagsasalo ang ḥadīth at ang āyah sa pagsaway laban sa pagdalangin sa iba pa kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

Aktibidad 2: Mag-iisip ako at magbibigay-katwiran ako.

Natutungod ba sa mga ito ang nasaad sa marangal na ḥadīth at bakit?

May isang binatang nagpapahuli ng pagsasagawa ng ṣalāh nang walang maidadahilan.

May isang taong pumupunta sa mga libingan ng mga mabuting tao at humihiling ng pagtugon sa mga pangangailangan niya.

May isang taong nagagalit kapag may bumaba sa kanya na isang pagsubok.

Aktibidad 3: Makikilahok ako at sasagot ako.

Nagsabi si Allāh:

وَرَأَوْدَتْهُ الَّتِي هُوَ فِي بَيْتِهَا عَنْ نَفْسِهِ وَغَلَقَتِ الْأَبْوَابَ وَقَالَتْ
هَيْتَ لَكَ قَالَ مَعَاذَ اللَّهِ إِنَّهُ رَبِّي أَحْسَنَ مَثْوَايَ إِنَّهُ لَا يُفْلِحُ
الظَّالِمُونَ (23) وَلَقَدْ هَمَمْتُ بِهِ وَهَمَّ بِهَا لَوْلَا أَنْ رَأَى بُرْهَانَ
رَبِّهِ كَذَلِكَ لِنَصْرِفَ عَنْهُ السُّوءَ وَالْفَحْشَاءَ إِنَّهُ مِنْ عِبَادِنَا
الْمُخْلِصِينَ (24)

{23. Nagtang kang umakit sa kanya sa sarili niya ang [babaing] siya ay nasa bahay nito. Nagsara ito ng mga pinto at nagsabi: "Heto ako para sa iyo!" Nagsabi siya: "Pagpapakupkop kay Allāh! Tunay na siya ay panginoon ko; gumawa siya ng maganda sa panunuluyan ko. Tunay na hindi nagtatagumpay ang mga tagalabag sa katarungan." 24. Talaga ngang nagbalak ito sa kanya; at nagbalak sana siya, kung sakaling hindi siya nakakita ng patotoo ng Panginoon niya. Gayon ay upang maglihis Kami palayo sa kanya ng kasagwaan at kahalayan. Tunay na siya ay

kabilang sa mga lingkod Naming mga itinatangi.}

(Qur'ān 12:23-24)

Sa pakikipagtulungan kasama ng mga kaklase mo at sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo, linawin mo ang sumusunod:

Papaanong iniingatan noon ni Propeta Jose (sumakanya ang pangangalaga) si Allāh (napakataas Siya)?

Tumanggi siya sa paggawa ng mahalay.

Papaanong iningatan noon ni Allāh (napakataas Siya) si Propeta Jose (sumakanya ang pangangalaga)?

Iningatan Niya kay Jose ang relihiyon niya. Pagkatapos pinalitaw niya ang kawalang-sala nito sa harapan ng mga tao matapos niyon. Pagkatapos si Jose ay natalaga sa mga kabang-yaman ng Ehipto.

Magharap ka ng isang payo sa mga kabataan upang tumulad sila kay Propeta Jose (sumakanya ang pangangalaga) at hindi sila magpatangay sa hatak ng mga pagnanasa nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

May isang taong nagpapatulong sa isang manggagaway sa paglutas ng mga suliranin niya.

Kinakailangang ang pagpapalaki sa mga anak ayon sa mga prinsipyo ng `aqīdah.

Ang paggamit ng mga kadahilanan ay nakikipagsalungatan sa pananalig.

Ang pagpapagamot ay hindi sumasalungat sa pananampalataya sa tadhana at pagtatakda.

Kabilang sa shirk ang pagdalangin sa mga patay at ang paghiling ng mga pangangailangan mula sa kanila.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang sabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga kalatas." ay isang pahiwatig tungkol sa:**

(pagtatala ng mga naitakda at hindi pagpapaiba ng mga ito - pagbubukod-tangi kay Allāh sa paghingi - pagtigil sa pagpapatulong sa mga nilikha).

Si `Abdullāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) ay tinatagurian noon na:

(faqīh ng Kalipunang Islām - tagapagsaulo ng ḥadīth - tagapagpakahulugan ng Qur'ān).

Mahahangong katuturan mula sa ḥadīth:

(ang pagkakinakailangan ng pag-iingat sa Qur'ān - ang pagkabigay sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga masaklaw na pananalita) - ang pangamba sa pagtitipon ng mga tao).

PANUTO 3: Kumpletuhin ang mga blangko sa sumusunod na ḥadīth:

Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ako minsan ay nasa likuran ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) isang araw saka nagsabi siya: "O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. _____ Ingatan mo si Allāh, matatagpuan mo Siya sa dako mo. Kapag humingi ka, humingi ka kay Allāh. _____ Alamin mo na ang kalipunan, kung sakaling nagkaisa ito na magpakinabang sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, _____; at kung nagkaisa sila na puminsala sa iyo sa pamamagitan ng isang bagay, _____. Iniangat ang mga panulat _____."} }

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Ano ang tinutukoy ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ḥadīth: "Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya."

Ano ang tinutukoy ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ḥadīth: "matatagpuan mo Siya sa dako mo."

Mahahangong katuturan mula sa ḥadīth na ang pagpapakinabang at ang pagpinsala ay nasa kamay ni Allāh (napakataas Siya). Magbigay-liwanag ka niyon.

(2) Ḥadīth: "Mangilag kang magkasala kay Allāh nasaan ka man."

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsaulo ka ng ḥadīth;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga mahirap na salita sa ḥadīth;

makapagpakilala ka sa tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapagbigay-linaw ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

makapagbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa ḥadīth;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pananampalataya sa pagtatakda;

makapaglinaw ng epekto ng paggawa ng mga magandang gawa matapos ng mga masagwang gawa;

makapagtrato ka ng mga tao nang may magandang kaasalan.

Aktibidad na Pang-umpisa

Ang pangingilag magkasala ay tagubilin ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga una at mga huli mula sa nilikha Niya. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

وَلَقَدْ وَصَّيْنَا الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ مِنْ قَبْلِكُمْ وَإِيَّاكُمْ أَنْ اتَّقُوا اللَّهَ

{Talaga ngang nagtagubilin sa mga binigyan ng Kasulatan bago pa ninyo at sa inyo, na mangilag kayong magkasala kay Allāh.} (Qur'ān 4:131) Ito rin ay tagubilin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa lahat ng Kalipunan niya. Kaya ano ang kahulugan na pinupukaw sa isipan mo ng salitang ito kapag naririnig mo ito?

Una: Ang Teksto ng Hadīth

Ayon kay Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya) nagsabi: {Nagsabi sa akin ang Sugo ni

**Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):
"Mangilag kang magkasala kay Allāh nasaan ka
man. Pasundan mo ang masagwang gawa ng
magandang gawa na papawi rito. Umasal ka sa
mga tao nang may magandang kaasalan."**

Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 2117.

Ikalawa: Ang mga Kahulugan ng mga Salita

Ang Salita - Ang Kahulugan Nito

Mangilag kang magkasala kay Allāh: Gumawa ka ng isang pananggalang at isang harang na hahadlang sa iyo at mangangalaga sa iyo laban sa galit ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapitapitan).

nasaan ka man: sa aling panahon at lugar man.

Pasundan mo ang masagwang gawa ng magandang gawa: Gawin mo ang magandang gawa matapos ng masagwang gawa.

papawi rito: hango sa pagpawi na siyang pag-aalis.

Umasal ka sa mga tao: tratuhin mo ang mga tao.

Ikatlo: Ang Tagapagsalaysay ng Ḥadīth: si Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya).

Abū `Abdirrahmān Mu`ādh bin Jabal bin `Amr bin Aws Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanya).

Umanib siya sa Islām noong siya ay labing-walong taong gulang.

Siya ay kabilang sa malalaki sa mga maalam sa mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) at isa sa apat na tagabigkas ng mga Kasamahan na nagutos sa atin ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagkuha ng Qur'ān buhat sa kanila. Sila ay sina `Abdullāh bin Mas'ūd, Ubayy bin Ka'b, Mu`ādh bin Jabal, at Sālīm na kaalyado ni Abū Ḥudhayfah (malugod si Allāh sa kanila).

Namatay siya noong taong 18 Hijrah sa edad na 33 taon.

Mga Panuto ng Ḥadīth

Ang pag-uutos ng pangingilag magkasala;

Ang paggawa ng mga magandang gawa matapos ng masagwang gawa para pumawi sa mga ito;

Ang kagandahan ng pakikitungo sa mga tao.

Ikaapat: Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Naglamang ang marangal na ḥadīth ng tatlong pampropetang dakilang panuto:

Una: Mangilag kang magkasala kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa kalagayang lihim at hayagan yayamang nakakikita ang mga tao o hindi sila nakakikita sa iyo. Ang

pangingilag magkasala ay isang salitang nagbubuklod ng paggawa ng mga kinakailangan at pag-iwan ng mga ipinagbabawal.

Ikalawa: Kapag nakagawa ka ng isang masagwang gawa, humingi ka ng tawad kay Allāh (napakataas Siya) dahil doon at gumawa ka matapos niyon ng isang magandang gawa nang sa gayon mag-alis ito sa epekto ng masagwa.

Ikatlo: Makitungo ka sa mga tao nang isang magandang pakikitungo. Ang magandang kaasalan ay katawagang sumasaklaw sa paggawa ng maganda sa mga tao at pagpigil ng nakasasakit sa kanila.

Ikalima: Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa ḥadīth:

Ang ḥadīth ay nagtipon ng tatlong karapatan: ang karapatan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) na nasaad sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Mangilag kang magkasala kay Allāh"; ang karapatan ng sarili na nasaad sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Pasundan mo ang masagwang gawa ng magandang gawa na papawi rito."; at ang karapatan ng mga tao na nasaad sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Umasal ka sa mga tao nang may magandang kaasalan.".

Ang pagkakinakailangan ng pagpansin kay Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kalagayang lihim at lantad.

Ang mga magandang gawa ay nag-aalis ng mga masagwang gawa kaya kapag nagkasala ang tao pagkatapos nagbalik-loob siya at gumawa ng mga magandang gawa, tunay na ang mga magandang gawa ay mag-aalis ng mga masagwang gawa.

Ang pagsasakaasalan ng mga magandang kaasalan sa pakikitungo sa mga tao sapagkat ang kagandahan ng kaasalan ay kabilang sa pinakamabigat sa mga gawain sa timbangan ng gawa ng tao sa Araw ng Pagbangon.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-uugnay ako at maghuhulo ako:

Ang antas ng paggawa ng maganda ay ang pinakamataas sa mga antas ng Relihiyon. Naisasakatotohanan ang paggawa ng maganda sa pamamagitan ng sinabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Na sumamba ka kay Allāh na para bang ikaw ay nakakikita sa Kanya ngunit kung hindi ka man nakakikita sa Kanya, tunay na Siya ay nakakikita sa iyo."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 50 at Imām Muslim 8.

Sa pamamagitan ng pakikilahok sa kaklase mo, mag-ugnay ka sa pagitan ng paggawa ng maganda at ng kahulugan ng pangngilag magkasala na nasasaad sa ḥadīth.

Ang paggawa ng maganda ay sumasaklaw sa pagsamba kay Allāh (kamahahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at pagpansin sa Kanya dahil Siya (napakataas Siya) ay nakakikita sa atin at gayon din ang pangngilag magkasala na ipinag-utos sa atin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ḥadīth.

Maghuhulo ka ng epekto ng pagsasakatotohanan ng pangngilag magkasala at paggawa ng maganda sa pag-iwas ng Muslim sa mga masagwang gawa.

Ang dalawang ito ay gumagawa sa Muslim na umiwas sa pagsuway dahil siya ay nagsasadamdamin na si Allāh (kamahahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay nakakikita sa kanya, pumapansin sa kanya, at makikipagtuos sa kanya.

Aktibidad 2: Magbabasa ako at sasagot ako.

Sa pakikilahok ng tagapagturo mo, basahin mo ang sanaysay, pagkatapos sagutin mo:

Napadaan si `Abdullāh na anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanya) sa isang [aliping] pastol ng tupa saka nagsabi siya: "O pastol ng tupa, magbigay ka sa akin mula sa mga iyan ng iisa."

Nagsabi ang pastol: "Tunay na ang may-ari ng mga tupa ay hindi naririto." Kaya nagsabi ang anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanya): "Magsabi ka sa kanya na kinain ito ng lobo." Kaya nag-angat ang pastol ng ulo niya tungo sa langit pagkatapos nagsabi: "Nasaan naman si Allāh?" Nagsabi ang anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanya): "Ako, sumpa kay Allāh, ay higit na karapat-dapat na magsabi: Nasaan naman si Allāh?" Kaya binili ni Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanya) ang [aliping] pastol at binili niya ang mga tupa saka pinalaya niya ito at ibinigay niya rito ang mga tupa.

Maglagay ka ng isang pamagat na naaangkop para sa sanaysay.

Mag-ugnay ka ng sanaysay na ito sa paksa ng aralin.

Ano ang mahahango mong katuturan mula sa sanaysay na ito?

Aktibidad 3: Magsasaliksik ako at magsusulat ako.

Nagsabi si Allāh:

وَأَقِمِ الصَّلَاةَ طَرَفَيِ النَّهَارِ وَزُلْفًا مِنَ اللَّيْلِ إِنَّ الْحَسَنَاتِ يُذْهِبْنَ
السَّيِّئَاتِ ذَلِكَ ذِكْرَى لِلذَّاكِرِينَ (114)

{Magpanatili ka ng pagdarasal sa dalawang dulo ng maghapon at sa bahagi ng gabi. Tunay na ang mga magandang gawa ay nag-aalis sa mga masagwang gawa. Iyon ay isang paalaala para sa mga tagapag-alaala.} (Qur'ān 11:114) Sumangguni ka sa mga aklat ng tafsīr. Isulat mo ang kadahilanan ng pagbaba ng āyah na ito, habang nagpapaliwanag sa kaugnayan nito sa ḥadīth ng aralin.

Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): {Na may isang lalaking nakagawa sa isang babae na isang halik kaya pumunta ito sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagpabatid ito sa kanya. Kaya nagpababa si Allāh: "Magpanatili ka ng pagdarasal sa dalawang dulo ng maghapon at sa bahagi ng gabi. Tunay na ang mga magandang gawa ay nag-aalis sa mga masagwang gawa. Iyon ay isang paalaala para sa mga tagapag-alaala." (Qur'ān 11. 114) Kaya nagsabi ang lalaki: "O Sugo ni Allāh, ukol po ba sa akin ito?" Nagsabi siya: "Ukol sa lahat ng Kalipunan ko sa kabuuan nila."}

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 526 at Imām Muslim: 2763.

Aktibidad 4: Magmamasid ako at makikilahok ako.

Magsulat ka sa kuwaderno mo ng tatlo sa mga masagwang kaasalan sa lipunan mo, pagkatapos makilahok ka sa mga kaklase mo sa paglalagay ng isang plano para sa pagharap sa mga ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang pangingilag magkasala ay sumasaklaw sa paggawa ng mga kinakailangan at pag-iwan ng mga ipinagbabawal.

Ang pinakamabigat sa mga magandang gawa sa timbangan ng gawa sa Araw ng Pagbangon ay ang kawanggawa.

Lumilitaw ang reyalidad ng pangingilag magkasala kapag nakakikita sa iyo ang mga tao at nagmamasid sila sa iyo.

Naalis ang epekto ng mga masagwang gawa sa pamamagitan ng pagbabalik-loob at pagpaparami ng mga magandang gawa.

Ang Muslim ay gumagawa ng maganda sa mga tao sa kundisyon na hindi sila gumagawa ng masagwa sa kanya.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kabilang sa natutuhan mo mula sa talambuhay ng Kasamahang kapita-pitagan na si Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya):

(ang pagkasaulo niya ng Qur'ān - ang dami ng kawanggawa - ang pagpapalakas ng katawan).

Ang kahulugan ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na "papawi rito" ay:

(magpapanatili rito - mag-aalis dito - magdaragdag dito).

PANUTO: Kumpletuhin ang mga puwang sa sumusunod:

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Mangilag kang magkasala kay Allāh _____. Pasundan mo _____ ng magandang gawa na _____. Umasal ka sa mga tao _____."

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Nagnais ka na magbigay-babala sa mga tao laban sa paggawa ng mga pagsuway sa kalagayang

lihim, kaya ano ang pangungusap na naaangkop mula sa ḥadīth na ipangsasaksi para roon?

Magbigay-liwanag ka kung papaano kang magsasakatotohanan ng kagandahan ng kaasalan sa mga tao.

Naglamam ang ḥadīth ng tatlong uri ng mga karapatan. Ipaliwanag mo iyon.

(3) Ḥadīth: "Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao..."

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagtakda ka ng kadahilanan ng pagbubunyi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya);

makapagbigay-linaw ka sa kahulugan ng ḥadīth nang maiksi;

makapag-isa-isa ka ng mga katuturan ng pag-iwan ng Muslim ng hindi pumapatungkol sa kanya;

makapagbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa ḥadīth;

makapagsigasig ka sa nakapagdudulot ng katuturan sa iyo;

makapagsaulo ka ng marangal na ḥadīth.

Pauna

Ano ang opinyon mo sa sumusunod na pangyayari: Nagtanong si Sa`īd sa kaibigan niyang si Aḥmad tungkol sa mga tanging nauukol sa pamilya nito kaya nagalit ito. Nagsabi si Aḥmad sa kanya: "Makialam ka sa mga nauukol sa iyo at huwag kang manghimasok sa hindi pumapatungkol sa iyo!" Ano ang opinyon mo sa nangyari sa magkaibigan? Magbigay ka ng pagtatasa (assessment) sa sagot mo matapos magbasa ng aralin.

Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao ang pag-iwan niya ng anumang hindi pumapatungkol sa kanya."}

Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 2317 at Imām Ibnu Mājah 3967.

Maikling Talambuhay ng Tagapagsalaysay:

Siya ay ang Kasamahang si Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya), na nauna nang nabanggit ang maikling talambuhay niya. Kabilang sa nasaad sa kainaman niya na ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaksi para sa

kanya sa sigasig sa kaalaman sa Pampropetang Sunnah. **Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya), siya ay nagsabi: {Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, sino po ang pinakamaligaya sa mga tao dahil sa pamamagitan mo sa Araw ng Pagbangon?" Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Talaga ngang nagpalagay ako, O Abū Hurayrah, na walang magtanong sa akin tungkol sa usapang ito na isa man na una kaysa sa iyo dahil nakakita ako ng sigasig mo sa usapan. Ang pinakamaligaya sa mga tao dahil sa pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon ay ang sinumang nagsabi na: 'Walang Diyos kundi si Allāh' nang wagas mula sa puso niya o sarili niya."}** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 99.

Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Tumatalakay ang ḥadīth na ito ng isang mahalagang panuntunan sa pakikitungo ng Muslim sa mga ibang tao yayamang gumagabay sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na bahagi ng pagkaganap ng pagkaanib sa Islām ng mananampalataya na magpahalaga siya sa mga nauukol sa kanya at sa anumang nagpapakinabang sa kanya sa Mundo niya at Kabilang-buhay niya at na hindi siya manghimasok sa mga pumapatungkol sa iba sa kanya kabilang sa mga tao. Sa ḥadīth ay may panuto para sa Kalipunang Islām sa

pagpapakaabala sa anumang nagpapakinabang sa kanila at nagpapalapit-loob sa kanila sa Panginoon nila (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

Ang pagpapakaabala ng tao sa sarili niya ay may dulot na isang pag-iingat para sa oras, isang karagdagan sa paggawa ng mga maayos, isang pagpapalaganap ng espiritu ng kaseryosohan at paggawa, at isang pagpapakaunti ng mga pakikipagsalungatan at mga pakikipag-alitan sa pagitan ng mga tao.

Ang ḥadīth ay hindi sumasaway sa pagtigil sa pagtutulungan sa kabutihan ni laban sa pagtatanong sa mga kamag-anak at mga kaibigan tungkol sa mga kalagayan nila bagkus, ang pinapakay ay ang pagtigil sa panghihimasok sa mga pribadong pumapatungkol sa mga tao.

Ang mga Katuturan at ang mga Panuto

Bahagi na kalubusan ng pagkaanib sa Islām ng tao ang pagpapahalaga niya sa anumang pumapatungkol sa kanya.

Ang pag-iwan ng Muslim sa anumang hindi pumapatungkol sa kanya ay mangangalaga sa kanya ng Relihiyon niya.

Ang pag-iwan ng kawalang-kapararakan at pakikialam ay isang patunay sa kalubusan ng pagkaanib sa Islām at katinuan.

Ang paghimok sa paggugol ng oras sa anumang makapagdudulot sa Muslim ng pakinabang.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Hahango ako ng patunay sa pamamagitan ng ḥadīth.

Papaano kang hahango ng patunay sa pamamagitan ng ḥadīth ng aralin sa sumusunod:

Kailangan sa Muslim na magpahalaga sa mga kalagayan ng mga kapatid niyang Muslim.

Kailangan sa kabataan na magtanong tungkol sa kalagayan ng kaklase niyang lumiban sa klase.

Ang mga Muslim ay hindi nasa iisang antas ng pananampalataya.

Ang Islām ay sumasaklaw sa lahat ng mga larangan ng buhay.

Aktibidad 2: Magharap ka ng isang payo.

Ayon sa liwanag ng natutuhan mo mula sa aralin, magharap ka ng isang payo para sa bawat isa na:

Isang dalagang sumusubaybay sa isinusuot ng mga kaklase niya at nahuhumaling sa mga napipili nila;

Isang binatang nagpapahalaga ng mga balita sa mga manlalaro ng bola at personal na buhay nila.

Isang lalaking nakikilahok sa diskusyon ng alinmang paksang inihahain sa harapan niya, maging ito man ay nalalaman niya o hindi.

Isang kapit-bahay na nagtatanong sa mga kapitbahay niya tungkol sa kung ano ang kinakain nila sa tanghalian at hapunan.

Aktibidad 3: Magbubulay-bulay ako at sasagot ako.

Natutuhan natin mula sa ḥadīth ang pag-iwan sa anumang hindi nagdudulot ng katuturan. Ito ay sumasaklaw sa pag-iisip, pakikipag-usap, pakikinig, at iba pa roon.

Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa pagsulat ng mga halimbawa ng mga gawaing hindi nagdudulot ng katuturan na ginagawa ng mga sumusunod na bahagi ng katawan:

Ang bahagi ng katawan: gawaing hindi nagdudulot ng katuturan na ginagawa ng bahaging ito ng katawan:

ang isip;

ang mata;

ang tainga;

ang dila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao ang pag-iwan niya ng anumang hindi ____."

(umaabot sa kanya - pumapatungkol sa kanya - umiibig sa kanya)

Hahanguing katuturan ng Muslim mula sa pag-iwan ng anumang hindi pumapatungkol sa kanya:

(ang pag-iingat sa oras - ang kaligtasan ng relihiyon - ang dalawang ito).

Ang pagbunyi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) ay dahil sa:

(sigasig sa kaalaman - dami ng yaman - katapangan sa pakikibaka).

Ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao" ay nangangahulugang:

(kalubusan ng pagkaanib sa Islām - karagdagan ng pananampalataya - pagkakaalam sa Islām).

Kabilang sa mga halimbawa ng pagpapakaabala ng tao sa hindi pumapatungkol sa kanya:

(ang pagsunud-sunod sa mga balita ng mga mang-aawit - ang pagdalaw sa maysakit - ang pagsubaybay sa mga balita ng mga Muslim).

PANUTO 2: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Magbigay-linaw ka nang maiksi sa ḥadīth: "Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao ang pag-iwan niya ng anumang hindi pumapatungkol sa kanya."}

Ang pakikipagtulungan sa kabutihan ay hindi nakikipagsalungatan sa pag-iwan ng Muslim ng anumang hindi pumapatungkol sa kanya. Magbigay-liwanag ka niyon.

Magsulat ka ng apat mula sa mga katuturan na nahahango mula sa ḥadīth ng aralin.

Maglahad ka ng tatlo mula sa mga gawain na hindi pumapatungkol sa Muslim at ng tatlo mula sa mga gawaing pumapatungkol sa kanya.

(4) Ḥadīth: "Tunay na ang Panginoon mo sa iyo ay may karapatan."

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakilala ka sa tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapagbigay-linaw ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

makapagbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa ḥadīth;

makapagbigay-liwanag ka ng pamamaraan ng pagbabalanse sa pagitan ng mga nauukol sa Mundo at Kabilang-buhay;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pagkakabalansehan ng mga karapatan;

makapagsaulo ka ng marangal na ḥadīth.

Mahal kong estudyante, matapos ng pag-aaral mo ng ḥadīth na ito, punuan mo ang mga puwang ng sumusunod na pigura ng naaangkop dito na mga karapatan:

Karapatan ni Allāh;

Karapatan ng mag-anak;

Karapatan ng mga tao.

Una: Ang Teksto ng Ḥadīth

Nagsabi si Salmān Al-Fārsīy kay Abu Ad-Dardā': **"Tunay na ang Panginoon mo sa iyo ay**

may karapatan, ang sarili mo sa iyo ay may karapatan, at ang mag-anak mo sa iyo ay may karapatan. Kaya magbigay ka sa bawat may karapatan ng karapatan nito." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nagsabi ng totoo si Salmān." Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1968.

Ikalawa: Ang Tagapagsalaysay ng Ḥadīth: si Salmān Al-Fārsīy (malugod si Allāh sa kanya).

Si Abū `Abdillāh Salmān Al-Fārsīy (malugod si Allāh sa kanya) ay umanib sa Islām kaya tinawag siyang Salmān na anak ng Islām.

Umanib siya sa Islām nang nakalikas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Madīnah. Siya ay ang kauna-unahan sa yumakap sa Islām mula sa mga Persiyano. Ang sanaysay ng pag-anib niya sa Islām ay kahanga-hanga.

Siya ang nagmungkahi sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng paghuhukay ng trinsera sa Labanan sa Khandaq.

Pinapanaw siya sa panahon ng pagkakhalīfah ni `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya).

Ikatlo: Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Hinati-hati ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang mga karapatan sa ḥadīth na ito sa tatlong karapatan:

Una: Ang karapatan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), na nagsimula siya rito dahil ito ay ang pinakamahalaga sa mga karapatan. Ito ay sa sumasaklaw sa pagsasagawa ng mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga sinasaway. Sa kabila niyon, nararapat na hindi humantong ang pagpapakaabala niya sa karapatang ito tungo sa pagkukulang sa iba rito na mga karapatan.

Ikalawa: Ang karapatan ng sarili, na sumasaklaw sa naaangkop sa sarili at katawan gaya ng kasuutan, pagkain, inumin, pahinga, at iba pa roon kabilang sa walang kasalanan kaugnay roon.

Ikatlo: Ang karapatan ng mag-anak gaya ng asawa at mga anak sapagkat walang pag-iwas sa pag-aaruga sa kanila at pagpapahalaga sa mga pumapatungkol sa kanila.

Ang ḥadīth na ito ay nag-aanyaya tungo sa pagbabalanse sa pagitan ng mga karapatan. Dahil dito, noong nakarinig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pananalita ni Salmān ay kumatig siya rito at nagsabi: "Nagsabi ng totoo si Salmān." Kabilang sa mga karapatang ito rin: ang karapatan ng mga magulang, kamag-anakan, mga kapit-bahay, mga panauhin, at iba pa sa kanila.

Ikalima: Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa ḥadīth:

Ang Islām ay Relihiyon ng Naturalesa yayamang nagsasaalang-alang ito ng naturalesa ng tao at mga pangangailangan niyang espirituwal, pisikal, at sikolohikal.

Ang kahalagahan ng pagkakabalansehan sa pagitan ng lahat ng mga karapatan at mga tungkulin.

Ang pagkakabalansehan sa pagitan ng pagsisikap sa pagsamba at pagkakaroon ng kapahingahan para sa sarili sa pamamagitan ng ipinahintulot ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) upang magpanibago ang kasiglahan nito.

Ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito at ang hindi pagkukulang sa isang karapatan kabilang sa mga karapatan.

Ang pagkasuklam sa pag-aatang sa sarili ng hindi nakakaya nito na pagsamba.

Ang lalim ng pagkaintindi ng mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) sa Islām at mensahe nito.

Aktibidad na Pampagpapalago

Hihilingin ng tagapagturo sa mga estudyante niya ang magsaliksik tungkol sa sanaysay ng pag-

anib sa Islām ni Salmān Al-Fārsīy (malugod si Allāh sa kanya) dahil nasaad dito na mga aralin at mga maisasaalang-alang sa positibismo at pagsasaliksik sa katotohanan. Ang sanaysay ay nasa aklat na Siyar A'lām An-Nubalā' (Mga Talambuhay ng mga Prominente ng mga Marangal).

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magtatalakay ako at magpapahayag ako.

Ang kadahilanan ng panuto ng ḥadīth na ito mula sa kapita-pitagang Kasamahan na si Salmān Al-Fārsīy ay ang labis na pagpapakaabala sa pagsamba kasabay ng pagkukulang sa karapatan ng mag-anak subalit marami sa mga Muslim sa ngayon ay nagkukulang sa nauukol sa relihiyon nila at mga pagsamba nila at naaabala sa mga nauukol sa kamunduhan nila. Talakayin mo kasama ng mga kaibigan mo ang pamamaraan ng pagsasakatotohanan ng pagbabalansehan sa pagitan ng mga gawain ng relihiyon at mga pinagkakaabalahan sa Mundo.

Aktibidad 2: Magmamasid ako at sasagot ako.

Ginagawa ng ilan sa mga tao ang ḥadīth na ito bilang patunay sa pagpapalabis sa pagbibigay-aliw sa sarili sa pamamagitan ng pinapayagang bagay at iba pa rito. Ayon sa liwanag niyon:

maglagay ka ng isang plano para sa pagpapakaunti ng pagbibigay-aliw sa sarili at paghuhubog ng pag-uugali ng mga tao sa sandali ng pagsasagawa nito;

magtala ka sa sumusunod na talahanayan ng tatlo sa mga anyo ng pagbibigay-aliw na pinapayagan at ng tatlo sa mga anyo ng pagbibigay-aliw na hindi pinapayagan sa lipunan mo.

Ilan sa mga Anyo ng Pagbibigay-aliw

Ilan sa mga Anyo ng Pagbibigay-aliw na Hindi Pinapayagan

Aktibidad 3: Magsasaliksik ako at magbubuod ako.

Sa kabila ng mga pasanin ng pag-aanyaya at pakikibaka, gayon pa man ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nagkulang sa karapatan ng mga maybahay niya at mga kamag-anak niya. Magsaliksik ka tungkol sa dalawang pangyayari sa talambuhay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagpapatunay roon at magbuod ka ng dalawang ito sa kuwaderno mo.

Aktibidad 4: Maghuhulo ako.

Nagpunyagi ang tatlo sa mga tao sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagsamba at lumampas sila sa

patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ilan sa mga bagay-bagay, kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Pakatandaan, sumpa man kay Allāh, tunay na ako ay talagang ang pinakamatatakutin ninyo kay Allāh at pinakamapangilaging magkasala ninyo sa Kanya."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 5063 at Imām Muslim:1401. Maghulo ka ng kaugnayan ng ḥadīth na ito sa pag-iwan sa pagpapakalabis-labis sa pagpapakamananamba.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pariralang pinakaangkop upang maging pamagat para sa ḥadīth ay:

(Ang Pagpapahalaga sa mga Karapatan ni Allāh - Ang Pagbabalanse sa Pagitan ng mga Karapatan - Ang mga Karapatan ng Pamilya).

May babaing nagpapanatili ng ṣalāh sa oras nito subalit siya ay hindi tumatalima sa asawa niya kaya naman siya ay:

(gumagawa ayon sa nasa ḥadīth - hindi gumagawa ayon sa nasa ḥadīth - gumagawa ayon sa ilan sa nasa ḥadīth).

Natutuhan ko sa pangyayari sa kapita-pitagang Kasamahan na si Salmān Al-Fārsīy (malugod si Allāh sa kanya) na:

(magpayo sa mga Muslim - magkawanggawa nang palihim - mag-aral ng pagbigkas ng Qur'ān).

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng narito na mga kamalian:

Itinuturing na kaibig-ibig ang pag-aatang sa sarili ng hindi nakakaya nito na pagsamba.

Kinasusuklaman ang pag-aatang sa sarili ng hindi nakakaya nito na pagsamba.

Pinapayagan para sa Muslim na gampanan niya ang mga karapatan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) kahit pa man nagkulang siya sa karapatan ng mga anak niya.

Kailangan sa Muslim na gampanan niya ang mga karapatan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) kasabay ng pagsasaalang-alang sa karapatan ng mga anak niya.

Nagpapahalaga ang Islām sa mga aspetong espirituwal nang wala nang iba pa sa mga ito.

Nagpapahalaga ang Islām sa mga aspetong espirituwal at pisikal nang sabayan.

PANUTO: Kumpletuhin ang mga puwang sa sumusunod:

"Tunay na _____ sa iyo ay may karapatan, _____ sa iyo ay may karapatan, at _____ sa iyo ay may karapatan. Kaya magbigay ka sa bawat _____ ng karapatan nito."

PANUTO 4: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magbigay-linaw ka sa tatlo sa mga katuturan ng ḥadīth.

Papaanong magsasakatotohanan ang Muslim ng pagbabalansehan sa buhay niya?

(5) Ḥadīth: "Tunay na ang mananampalataya ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng kagandahan ng kaasalan niya..."

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsaulo ka ng ḥadīth;

makapagpakilala ka sa tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapagbigay-linaw ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

makapagbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa ḥadīth;

makapagbigay-kahalagahan ka sa halaga ng kagandahan ng kaasalan sa Islām.

Aktibidad na Pang-umpisa

May nakipagtalastasang isang babae sa isa sa mga maalam, na nagtatanong kung ano ang gagawin niya kabilang sa mga maayos na gawa. Siya ay maysakit na nagnanais na mag-ayuno at magdasal sa gabi ngunit hindi nakakakaya. Tumugon sa kanya ang maalam, na nagsasabi: "Gagabay ako sa iyo sa isang madaling gawain at makakukuha ka dahil dito ng pabuya ng nagdarasal sa gabi at nag-aayuno sa maghapon." Nagsabi ang babae: "Ano iyon?" Kaya nagsabi naman ang maalam: "_____"

Ano ang inaasahan mo na sabihin sa babae ng maalam na ito?

Subukin mo ang inaasahan mo matapos ng pag-aaral mo ng araling ito.

Una: Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Narinig ko ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: **"Tunay na ang mananampalataya ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng kagandahan ng kaasalan niya sa antas ng nag-**

aayuno na nagdarasal pa [sa gabi]."}
Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 4800 at
Imām Aḥmad: 24355.

Ikalawa: Ang Tagapagsalaysay ng Ḥadīth: ang
ina ng mga mananampalaaya na si `Ā'ishah
(malugod si Allāh sa kanya).

Siya ay si `Ā'ishah bint Abī Bakr Aṣ-Ṣiddīq
(malugod si Allāh sa kanilang dalawa).

Kabilang sa pinakainiibig sa mga maybahay ng
Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).
Siya ay ang nagsagawa ng pag-aalaga sa Propeta
(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa
karamdamang ikinamatay nito.

Pinapanaw ang Propeta (basbasan siya ni
Allāh at pangalagaan) habang ito ay nakasandig sa
dibdib niya at inilibing ito sa silid niya.

Namukod siya sa kaalaman, pagkaunawa,
katalinuhan, at lakas ng pagsasaulo. Ang malalaki
sa mga Kasamahan noon ay nagtatanong sa kanya
tungkol sa kaalaman.

Siya ay ang pinakamarami sa mga babaing
Kasamahan sa salaysay ng ḥadīth.

Pinapanaw siya sa Madīnah noong taong 57
Hijrah.

Ikatlo: Ang Pangkalahatang Kahulugan ng
Ḥadīth

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na maaari para sa mananampalataya na magkamit ng pinakamataas sa mga antas at magtamo ng isang dakilang gantimpala. Gumagabay siya sa atin tungo sa isang gawaing magkakamit sa pamamagitan nito ang tagagawa nito ng katayuan ng nag-aayuno ng kusang-loob na ayuno at nagdarasal sa gabi. Pansinin, ito ay ang kagandahan ng kaasalan.

Ang kagandahan ng kaasalan ay katawagang sumasaklaw sa paggawa ng maganda sa mga tao at pagpigil ng nakasasakit sa kanila.

Kailangan sa Muslim na makibaka sa sarili niya sa pakikitungo sa mga tao ayon sa isang magandang pakikitungo, na magtiis sa pananakit nila, at na gumanti sa pagkagawa ng masagwa ng paggawa ng maganda at ng iba pa roon kabilang sa gagawa sa kanya na umabot sa antas ng nag-aayunong nagdarasal sa gabi, na nakikibaka sa sarili sa pagpigil sa pagkain at pag-inom at pagpigil sa pagtulog at pamamahinga.

Ikaapat: Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa ḥadīth:

Ang kainaman ng kagandahan ng kaasalan. Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang anumang bagay na higit na mabigat sa timbangan [ng mga gawa] kaysa sa kagandahan ng kaasalan."** Nagsalaysay nito

sina Imām Abū Dāwud: 4801 at Imām At-Tirmidhīy: 2002,

Ang kagandahan ng kaasalan ay kabilang sa pinakadakila sa mga pagsamba sa pabuya sapagkat nagpapaibayo ito ng gantimpala hanggang sa humantong ang tao dahil dito sa antas ng nag-aayuno na hindi tumitigil-ayuno at nagdarasal na hindi natutulog.

Nagkasarisari ang mga pinto ng kabutihan sa Islām sapagkat mayroon sa mga tao na pinagbubuksan ng pinto ng pagtalima sa pag-aayuno, mayroon sa kanila na pinagbubuksan sa pagdarasal sa gabi, at mayroon sa kanila ng pinagbubuksan dahil sa kagandahan ng kaasalan.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikilahok ako at magbibigay-patunay ako.

Nagsabi si Allāh:

وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خُلُقٍ عَظِيمٍ (4)

{Tunay na ikaw ay talagang nasa isang **dakilang kaasalan.**} (Qur'ān 68:4) Sa pakikilahok sa mga kaklase mo, babanggit ang bawat isa sa inyo ng isang pangyayari o isang ḥadīth ng Propeta

(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagpapatunay sa dakilang kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at kung papaano tayong tutulad sa pamamagitan niyon sa buhay natin.

Aktibidad 2: Makikilahok ako at sasagot ako.

May nagsabing isang lalaki: "O Sugo ni Allāh, tunay na may isang Polana na nababanggit dahil sa dami ng dasal niya, ayuno niya, at kawanggawa niya gayon pa man siya ay nakasakit sa mga kapitbahay niya sa pamamagitan ng dila niya." Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Siya ay [papasok] sa Impiyerno." Nagsabi ang lalaki: "O Sugo ni Allāh, tunay na may isang Polana naman na nababanggit dahil sa kakauntian ng ayuno niya, kawanggawa niya, at dasal niya ngunit hindi siya nakapeperhuwisyo sa mga kapitbahay niya sa pamamagitan ng dila niya." Nagsabi siya: "Siya ay [papasok] sa Paraiso."

Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 9675. Sa pakikilahok ng tagapagturo mo, basahin mo ang ḥadīth, pagkatapos sagutin mo ang sumusunod:

Ano ang magandang kaasalan na nagbibigay-dahilan sa kaligtasan ng ikalawang babae?

Papaano ang kaugnayan mo, kapatid kong estudyante, sa mga kapitbahay mo?

Ano ang kaugnayan ng ḥadīth na ito sa paksa ng aralin?

Aktibidad 3: Makikipagtuos ako sa sarili ko.

Magbulay-bulay ka sa mga kalagayan mo at mga kaasalan mo, pagkatapos magtakda ka sa pagitan mo at ng sarili mo ng sumusunod:

Ano ang magandang kaasalan na naisasalarawan ka at nakararamdam ka na ito marahil ay magpapaabot sa iyo sa antas ng mga nag-aayuno na mga nagdarasal sa gabi?

Ano ang masagwang kaasalan na nagmimithi kang magwaksi nito at kung papaano kang maaaring magwaksi nito?

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang kahulugan ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na "papawi rito" ay:

(umaabot - nakaiintindi - nakararamdam).

Kabilang sa mga kagandahan ng Islām na ipinahihiwatig ng ḥadīth ng aralin:

(ang pagpayag sa pagtatama ng mga kaaya-ayang bagay - ang pagkasisarari ng mga uri ng kabutihan - ang pagpapakalawak sa mga pinapayagan).

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng nilalaman ng mga ito na mga kamalian:

Ang pagsasagawa ng mga pagsamba ay nag-aalis ng pangangailangan sa kagandahan ng kaasalan.

Hindi nag-aalis ang pagsasagawa ng mga pagsamba ng pangangailangan sa kagandahan ng kaasalan.

Natatangi ang kagandahan ng kaasalan sa pakikitungo sa mga Muslim.

Ang kagandahan ng kaasalan ay pangkalahatan sa mga Muslim at mga iba pa sa kanila.

Nagpakaabala si `Ā'ishah sa pagsisilbi sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa halip ng pagtamo ng kaalaman.

Ipinagsama ni `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) ang paglilingkod sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang pagtamo ng kaalaman.

PANUTO: Kumpletuhin ang mga puwang sa sumusunod:

"Tunay na _____ ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng _____ sa antas ng nag-aayuno _____."

PANUTO 4: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magsulat ka ng isang artikulong may limang linya tungkol sa katayuan ng kagandahan ng kaasalan sa Islām.

Natutuhan mo mula sa aralin ang kahalagahan ng pagtupad sa mga karapatan ng mga tao. Magbigay-liwanag ka niyon.

(6) Ḥadīth: "Tunay na ang kabaitan ay hindi nagiging nasa isang bagay ..."

(2 bahagi)

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglahad ka nang maiksi ng talambuhay ng tagapagsalaysay ng ḥadīth;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga mahirap na salita sa ḥadīth;

makapagbigay-liwanag ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

makapagsiyasat ka ng mga anyo ng kabaitan;

makapaglinaw ka ng mga bunga ng kabaitan;

makapag-isa-isa ng mga epekto ng karahasan at kalupitan;

makapagbigay-kahalagahan ka sa pangangailangan ng mga ito sa kabaitan.

magmalumanay ka sa pakikitungo mo sa tao at iba pa sa kanya.

May pumasok na isang Arabeng-disyerto sa masjid ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Tumayo ito sa tabi ng masjid at umihi ito kaya pumunta sa kanya ang mga Kasamahan (malugod si Allāh sa kanila) at ipinagtabuyan siya kaya nagsabi sa kanila ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hayaan ninyo siya at magbubo kayo¹ sa ihi niya ng isang maliit na timba ng tubig o malaking timba ng tubig sapagkat ipinadala lamang kayo bilang mga nagpapadali at hindi kayo ipinadala bilang mga nagpapahirap."** Nagtala nito si Imām Al-Bukhārī: 220.

Sa ano nagpapahiwatig ang saloobing ito mula sa mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni

¹ Ang "magbubo kayo" ay magbuhos kayo.

Allāh at pangalagaan)? Ito ay ang mapag-aalaman natin sa kasunod na ḥadīth.

Una: Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon sa ina ng mga mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: **"Tunay na ang kabaitan ay hindi nagiging nasa isang bagay malibang nakagayak ito roon at hindi naaalis mula sa isang bagay malibang nakadungis ito roon."}** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2594.

Ikalawa: Ang mga Kahulugan ng Ḥadīth

Ang Salita - Ang Kahulugan Nito

Ang kabaitan ay ang kabanayaran sa mga salita at mga gawa at ang pagkuha ng pinakamadali sa mga gawain.

Ang "nakagayak ito roon" ay nagpaganda ito roon at nagbigay-gayak ito roon.

Ang "naaalis" ay nagwawala at nagsasakawalan.

Ang "nakadungis ito roon" ay nagpapangit ito roon.

Ikatlo: Ang Tagapagsalaysay ng Ḥadīth: ang ina ng mga mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya).

Nauna nang nabanggit ang pagpapakilala sa tagapagsalaysay ng ḥadīth, ang ina ng mga mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya).

Kabilang sa ikinatanyag niya (malugod si Allāh sa kanya) ang dami ng pagkakawanggawa, pag-aayuno, at pagdarasal sa gabi. Kabilang sa nagpapatunay roon:

Nagpadala si Mu`āwiyah (malugod si Allāh sa kanya) sa kanya ng isandaang libong dirham saka ipinamahagi niya iyon at walang natira mula roon na isang dirham. Minsan siya ay nag-ayuno saka nagsabi sa kanya ang tagapagsilbi niya: "Bakit hindi ka po nagtira para sa atin ng isang dirham na ipambibili natin ng karne na ipantitigil-ayuno natin?" Kaya naman nagsabi siya: "Kung sakaling nagpaalaala ka sa akin, talagang ginawa ko sana iyon."

Ayon kay Al-Qāsim na nagsabi: "Ako noon, kapag umalis nang umaga, ay nagsisimula sa bahay ni `Ā'ishah upang bumati sa kanya. Umalis ako nang umaga isang araw saka siya pala ay nakatayo habang nagdarasal sa umaga, bumibigkas ng: {Ngunit nagmagandang-loob si Allāh sa amin at nagsanggalang Siya sa amin sa pagdurusang sa nakapapasong hangin.} (Qur'ān 52:27), dumadalangin, umiiyak, at umuulit-ulit nito. Tumayo ako hanggang sa nagsawa ako sa pagtayo kaya pumunta ako sa palengke para sa

pangangailangan ko. Pagkatapos bumalik ako saka siya pala ay nakatayo pa rin habang siya ay nagdarasal at umiiyak.

Ikaapat: Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Naglililaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kabaitan ay hindi natatagpuan sa isang bagay kabilang sa mga bagay-bagay malibang nagpapaganda ito niyon at dumadapo dito ang pagpapala at ang pagtutuon sa tagumpay.

Hindi ito naaalís mula sa isa sa mga bagay-bagay at hindi nalalagay sa kinalalagyan nito ang karahasan malibang nakadungis ito roon at naalis mula rito ang pagpapala.

Ikalima: Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa ḥadīth:

ang pagtuturing ng pagkakaibig-ibig ng kabaitan sa mga bagay-bagay sa kabuuan ng mga ito;

ang pagbibigay-babala laban sa karahasan;

ang kabaitan ay isang kadahilanan para sa bawat kabutihan;

ang kabaitan sa mga bagay-bagay ay nagbibigay sa mga ito ng karikitan at kagandahan;

ang kasagwaan ng kahihinatnan ng karahasan sapagkat hindi ito nakapasok sa isang bagay malibang nagpapangit ito niyon;

ang Muslim ay nagsisigasig sa mga bagay-bagay na maganda hindi sa pangit.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahambing ako.

Maghambing ka sa sumusunod na talahanayan sa pagitan ng mga anyo ng kabaitan at kalupitan at mga epekto ng dalawang ito:

Ilan sa mga anyo ng kabaitan - Ilan sa mga anyo ng kalupitan

Ang Kabaitan sa mga Tao sa Kalahatan

Ilan sa mga epekto ng kabaitan - Ilan sa mga epekto ng kalupitan

Ang Pagpapala

Aktibidad 2: Maghuhulo ako.

Maghuhulo ako ng mga anyo ng kabaitan mula sa mga sumusunod na teksto:

Mula sa teksto: mga Anyo ng Kabaitan

1. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

فَقُولَا لَهُ قَوْلًا لِّبَنَّا لَعَلَّهُ يَتَذَكَّرُ أَوْ يَخْشَى (44)

{Saka magsabi kayong dalawa sa kanya ng isang pagsasabing banayad nang sa gayon siya ay magsasaalaala o matatakot.} (Qur'ān 20:44) Ang Kabaitan sa Pag-aanyaya

2. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na si Allāh ay nagsatungkulin ng pagpapaganda sa bawat bagay. Kaya kapag pumatay kayo, pagandahin ninyo ang pagpatay. Kapag kumatay kayo, pagandahin ninyo ang pagkatay. Hasain ng isa sa inyo ang patalim niya saka pagpahingahin niya ang kakatayin niya."** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 1955. Ang Kabaitan sa Hayop

3. Ayon kay Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nang nagpadala ng isa sa mga Kasamahan niya sa isa sa utos niya, ay nagsabi: **"Magpagalak kayo at huwag kayong magpalayo ng loob. Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap."**} Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 3038 at Imām Muslim:1732. Ang Kabaitan sa Pag-aanyaya

Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May dumating na isang Arabeng-disyerto sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "Humahalik ba

kayo sa mga bata sapagkat hindi kami humahalik sa kanila?" Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"At makapangyayari ba ako para sa iyo na nag-alis si Allāh mula sa puso mo ng awa?"** } Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 5998 at Imām Muslim: 2317. Ang Kabaitan sa Asawa at mga Anak

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang ina ng mga mananampalataya na si `Ā'ishah ay tinataguriang Ina ni Muḥammad. (X)

Ang pagtatama: _____

Ang paglaganap ng kabaitan ay nagpapakaunti ng pagkaganap ng mga krimen sa lipunan. (✓)

Ang pagtatama: _____

Ang kabaitan ay gumagawa sa Muslim na maging mahina sa gitna ng mga tao. (X)

Ang pagtatama: _____

Ang kabaitan ay hindi inuukol kundi sa tao. (X)

Ang pagtatama: _____

Ang pangangailangan ng dā`iyah sa kabaitan ay higit sa pangangailangan ng iba pa sa kanya na mga tao. (✓)

Ang pagtatama: _____

Ang kabaitan ay nagpapalago ng espiritu ng pagtutulungan sa pagitan ng mga tao. (✓)

Ang pagtatama: _____

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

1. Ang pararilang "nakagayak ito roon" sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang kabaitan ay hindi nagiging nasa isang bagay malibang nakagayak ito roon..." ay nangangahulugang:

(nagpapaganda ito roon at nagpapalubos ito roon - nagdalisan ito roon - naglilinis ito roon).

2. Ang kabaitan ay nangangahulugang:

(ang kaluwagan sa mga bagay-bagay sa kabuuan ng mga ito - ang pagtanggap ng katotohanan at ang pag-iwan ng kabulaanan - ang kabanayaran ng loob at ang pag-iwan ng kalupitan).

3. Kabilang sa mga bunga ng kabaitan ay na ito ay:

(nagsasakatotohanan ng pagkakapantayan sa pagitan ng mga tao - umaalalay sa pagtanggap ng payo - nagpapawi ng katiwalian sa lipunan).

4. Ang sabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na: **"Tunay na si Allāh ay mabait na nakaiibig sa kabaitan at nagbibigay dahil sa kabaitan ng hindi Niya ibinibigay dahil sa karahasan at ng hindi Niya ibinibigay dahil sa iba rito."**

(ay nagpapahiwatig ng kainaman ng kabaitan - ay nagbibigay-linaw sa kahulugan ng kabaitan - ay humihimok sa pagdagdag ng kabaitan).

PANUTO 3: Tugunin ang sumusunod na panuto:

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya) habang nakikipag-usap kina Moises at Aaron (sumakanilang dalawa ang pangangalaga):

اَذْهَبَا إِلَىٰ فِرْعَوْنَ إِنَّهُ طَغَىٰ (43) فَقُولَا لَهُ قَوْلًا لَّيِّنًا لَّعَلَّهُ يَتَذَكَّرُ
أَوْ يَخْشَىٰ (44)

{43. Pumunta kayong dalawa kay Paraon; tunay na siya ay nagmalabis. 44. Saka magsabi kayong dalawa sa kanya ng isang pagsasabing banayad nang sa gayon siya ay magsasaalaala o matatakot.} (Qur'ān 20:43-44)

A. Humango ka mula sa mga āyah ng:

mga anyo ng kabaitan;

bunga ng kabaitan.

B. Bumanggit ka ng isang ehemplo ng pagpapatupad ng kabaitan mula sa buhay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na umaayon sa nasaad sa mga āyah.

(7) Ḥadīth: "Talagang aabot nga ang bagay na ito..."

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsaulo ka ng ḥadīth;

makapagpakilala ka sa tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga mahirap na salita sa ḥadīth;

makapagbigay-linaw ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

makapagbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa ḥadīth;

makapagbigay-patunay sa pagkapangkalahatan ng Islām;

makapagtiwala ka sa pagsasakatotohanan ng pangako ni Allāh (napakataas Siya) at ng Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan);

makapagpalaganap ka ng optimismo at galak sa gitna ng mga Muslim.

Aktibidad na Pang-umpisa

Maglagay ka ng isang tanda sa harap ng pinakaangkop na pamagat para sa ḥadīth kasama ng paglilinaw sa kadahilanan.

Ang Pinakaangkop na Pamagat Para sa Ḥadīth:

Ang Pagkapangkalahatan ng Islām

Ang Pangingibabaw ng Islām at ang Paglaganap Nito

Ang Pagkatiyak sa Pagsasakatotohanan ng Pangako ni Allāh

Una: Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Tamīm Ad-Dārīy na nagsabi: {Narinig ko ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Talagang aabot nga ang bagay na ito sa inabot ng gabi at maghapon. Hindi mag-iiwan si Allāh ng isang bahay na tisa ni ng isang bahay na lana malibang magpapapasok doon si Allāh ng Relihiyong ito."}

Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad: 16957 at Imām Al-Ḥākim: 8326

Ikalawa: Ang mga Kahulugan ng mga Salita

Ang Salita - Ang Kahulugan Nito

Ang kahulugan ng "ang bagay" ay ang Relihiyong Islām.

Ang kahulugan ng "talagang aabot nga" ay talagang darating.

Ang kahulugan ng "tisa" ay ang lahat ng mga bahay na permanente, maging ang mga ito man ay yari sa putik o mga ladrilyo (brick) at semento o kahoy o iba pa sa mga ito.

Ang kahulugan ng "lana" ay ang balahibo samantalang ang tinutukoy rito ay ang mga bahay na pansamantala gaya ng mga kubol at tulad ng mga ito.

Ikatlo: Ang Tagapagsalaysay ng Ḥadīth: si Tamīm Ad-Dārīy (malugod si Allāh sa kanya).

Abū Ruqayyah Tamīm bin Aws Ad-Dārīy (malugod si Allāh sa kanya).

Siya dati ay isang Kristiyano saka dumating siya sa Madīnah at umanib sa Islām noong taong 9 Hijrah.

Nakilala siya sa dami ng pagdarasal sa gabi, pagsamba, at pagbigkas ng Qur'ān.

Pinapanaw siya (malugod si Allāh sa kanya) sa Palestina noong taong 40 Hijrah.

Ikaapat: Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Nagpapabatid ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Islām ay lalaganap sa buong Daigdig sapagkat ang alinmang lugar na nararating ng gabi at maghapon ay mararating ng Islām.

Hindi mag-iiwan si Allāh (napakataas Siya) ng isang bahay sa mga lungsod o mga nayon o disyerto malibang nakarating doon ang Islām.

Hindi ibig sabihin na ang mga mamamayan ng Daigdig ay papasok sa Islām. Ang ibig sabihin lamang ay na ang pamamahala ng Islām ay lalahat sa Daigdig.

Nagpahiwatig sa nakagagalak na balitang ito ang sabi Niya (napakataas Siya):

هُوَ الَّذِي أَرْسَلَ رَسُولَهُ بِالْهُدَىٰ وَدِينِ الْحَقِّ لِيُظْهِرَهُ عَلَى الدِّينِ
كُلِّهِ وَلَوْ كَرِهَ الْمُشْرِكُونَ (33)

{Siya ay ang nagsugo sa Sugo Niya kalakip ng patnubay at relihiyon ng katotohanan upang magpangibabaw Siya rito sa relihiyon sa kabuuan

nito, kahit pa nasuklam ang mga tagapagtambal.}

(Qur'ān 9:33) Kaya ang hinaharap ay ukol sa Islām at ang magandang kahihinatnan ay ukol sa mga tagapangilag magkasala.

Ikalima: Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa ḥadīth:

ang pagtuturing ng pagkakaibig-ibig ng optimismo at pagkagalak kahit pa man ang mga kalagayan ay mahirap at nakasasakit;

ang pagkaganap ng pangako ni Allāh (napakataas Siya) at ng Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng paglaganap ng Islām at pangingibabaw nito;

ang pagkakinakailangan ng pagsisikap ng mga Muslim sa pagsasakatotohanan ng pangakong ito sa pamamagitan ng pagtamo ng mga kadahilanan ng lakas at pag-unlad sa lahat ng mga larangang panrelihiyon, pang-ekonomiya, at pampulitika;

Ang pagkapangkalahatan ay isa sa mga kakanyahan ng Relihiyong ito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magtatalakay ako at sasagot ako.

Magtatalakay ka kasama ng mga kaklase mo at tagapagturo mo. Sagutin mo ang sumusunod:

Alin sa mga sumusunod na tagabalakid ang pangunahing kadahilanan ng pag-urong ng paglaganap ng Islām at panghihina nito?

Ang pagkukulang ng mga Muslim sa Relihiyon nila;

Ang lakas ng mga kaalitan ng Islām;

Ang mga maling pagpapatupad sa Islām.

Ano ang mga kaparaanan sa pagharap sa mga tagabalakid na ito?

Aktibidad 2: Magsusulat ako at magpapahayag ako.

Tunay na ang nagaganap sa mga Muslim sa panahong ito ay marahil makapupukaw ng kawalang-pag-asa sa mga puso ng marami sa kanila. Sa pamamagitan ng aralin ng araw na ito:

magsulat ka ng isang artikulong may sampung linya na may pamagat na "Hindi sa Kawalang-pag-asa" at maglahad ka nito sa tagapagturo mo, pagkatapos ilathala mo ito sa mga social media mo.

Aktibidad 3: Tutugon ako sa mga maling akala.

Marahil ginuguniguni ng ilan sa mga tao na ang Islām ay nag-aanyaya tungo sa pagpuwersa sa mga tao sa pagyakap sa Islām. Papaano kang maaaring tumugon sa maling akalang ito?

Sa gabay ng tagapagturo:

Para sa pagtulak ng maling akalang ito, maaari kang magpatulog sa pamamagitan ng sumusunod:

Ang sabi Niya (napakataas Siya):

لَا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ قَدْ تَبَيَّنَ الرُّشْدُ مِنَ الْغَيِّ

{Walang pamimilit sa relihiyon. Luminaw nga ang pagkagabay sa pagkalisya.} (Qur'ān 2:256)

Ang sabi pa ni Allāh (napakataas Siya):

وَلَوْ شَاءَ رَبُّكَ لَأَمَنَّ مَنْ فِي الْأَرْضِ كُلَّهُمْ جَمِيعًا أَفَأَنْتَ تُكْرَهُ
النَّاسَ حَتَّى يَكُونُوا مُؤْمِنِينَ (99)

{Kung sakaling niloob ng Panginoon mo ay talaga sanang sumampalataya ang sinumang nasa lupa sa kabuuan nila nang lahatan. Kaya ikaw ba ay mamimilit sa mga tao hanggang sa sila ay maging mga mananampalataya?} (Qur'ān 10:99)

Gayon din, tunay na ang pananatili ng marami sa hindi mga Muslim sa mga bayan na sinakop ng mga Muslim ay isang patunay na sila ay hindi pinilit sa pagpasok sa Islām.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Kabilang sa mga katangian ng Muslim ang optimismo at ang pagkagalak.

Lumaganap ang Islām sa pamamagitan ng pagpuwersa sa mga tao sa pagyakap dito.

Ang lahat ng mga mamayan ng Daigdig ay papasok sa Relihiyong Islām.

Ang pamamahala ng Islām ay lalahat sa buong Daigdig balang araw.

Magbibigay-kapangyarihan si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa Relihiyon Niya nang walang paggawa ng mga Muslim ng mga kadahilanan.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang ibig sabihin ng "tisa" at "lana" sa ḥadīth ay ang mga bahay na

(permanente at pansamantala - pangnayon at panlungsod - kahoy at semento).

Kabilang sa mga katangian ng kapita-pitagang Kasamahan na si Tamīm (malugod si Allāh sa kanya) ang dami ng:

(salaysay niya ng ḥadīth - pagbigkas niya ng Qur'ān - pakikipaglaban niya kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)).

Kabilang sa pinakamahalaga sa mga usapin na ipinahihiwatig ng ḥadīth ng aralin:

(ang pagkapangkalahatan ng Islām - ang kahinaan ng mga Muslim - ang dami ng mga kaaway).

PANUTO: Kumpletuhin ang mga puwang sa sumusunod:

"Talagang aabot nga ang bagay na ito sa inabot _____
_____. Hindi mag-iiwan si Allāh ng isang bahay
_____ malibang magpapapasok doon si Allāh
_____."

PANUTO 4: Tugunin ang sumusunod na panuto:

Sa marangal na ḥadīth ay may pag-aanyaya para sa pagkagalak subalit ito ay nagpapahiwatig din ng pagkakailangan ng pagpupunyagi at paggamit ng mga kadahilanan. Magbigay-liwanag ka niyon.

(7) Ḥadīth: "Ang mananampalataya para sa mananampalataya ay gaya ng estruktura..."

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagsaulo ka ng ḥadīth;

makapagpakilala ka sa tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapagbigay-linaw ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

makapag-isa-isa ka ng mga aralin na nahahango ang katuturan mula sa ḥadīth;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pagtutulungan sa pagitan ng mga individuwal ng lipunan;

makipagtulungan ka kasama ng mga kapatid mo.

Aktibidad na Pang-umpisa

Larawan ng isang dingding na may mga ladrilyong nagdidikitan

Mahal kong estudyante, lumilitaw sa iyo sa larawan ang isang matibay na pader na nagdidikitan ang mga bahagi. Maaari ba ang magpatayo ng tulad ng pader na ito nang walang pagkakaisa at pagdidikitan ng mga nagkakaiba-ibang sangkap nito na mga ladrilyo, semento, buhangin, tubig, at mga kagamitan ng pagpapatayo at bago niyan ay ang pagkakaroon ng

isang magaling na tagapagpatayo? Siyempre, hindi maaari.

Ang ḥadīth ngayong araw ay nagpapahiwatig ng pamamaraan ng pagtatayo ng isang lipunang malakas na nagkakapitang tulad ng pader na ito.

Una: Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang mananampalataya para sa mananampalataya ay gaya ng estruktura: nagpapatibay ang bahagi nito sa ibang bahagi."}

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2446 at Imām Muslim: 2585.

Ikalawa: Ang Tagapagsalaysay ng Ḥadīth: si Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya).

Abū Mūsā `Abdullāh bin Qays Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya).

Mula sa Yemen, umanib siya sa Islām nang maaga. Lumisan siya bilang tagalikas sa isang daong saka nagtulak sa kanya ang hangin tungo sa lupain ng Etyopiya, pagkatapos pumunta siya kasama ng mga tagalikas sa Madīnah.

Siya noon ay kabilang sa mga faqīh ng mga Kasamahan at mga alagad ng Qur`ān sa pagsasaulo, sa pagkaunawa, at sa paggawa.

Namukod siya sa isang magandang tinig hanggang nagsabi tungkol sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"O Abū Mūsā, talaga ngang nabigyan ka ng isang malamyos na tinig kabilang sa mga malamyos na tinig ng angkan ni David."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 5048 at Imām Muslim: 793.

Pinapanaw siya sa Kūfah sa panahon ng pagkakhalīfah ni Mu`āwiyah (malugod si Allāh sa kanya) noong taong 52 Hijrah.

Ikatlo: Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Ḥadīth

Nagwangis ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ugnayan ng mananampalataya sa kapatid niyang mananampalataya sa estrukturang nagpapalakas ang bahagi nito sa ibang bahagi hanggang sa maging isang estrukturang matibay na nagkakapitan.

Hindi aangat ang estruktura malibang kapag nagkapitan ang lahat ng mga sangkap nito. Gayon din ang mananampalataya kasama ng kapatid niya: walang pagkaiwas sa pagkakaroon ng pagtutulongan at pag-uugnay sa pagitan nila.

Kaya alamin ng isang mananampalataya na siya ay isang bahagi ng estruktura ng lipunang Muslim. Huwag siyang magpakaabala sa sarili niya habang nakalilimot siya sa mga karapatan ng mga

kapatid niya dahil kung sakaling nagpakaabala ang bawat isa sa sarili nito ay talagang nalansag na sana ang lipunan dahil ang ugnayan sa pagitan ng mga mananampalataya ay isang ugnayan ng pagbubuuhan (integrasyon), pag-uugnayan, pagpapayo, at pagtutulungan.

Ikaapat: Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa ḥadīth:

ang pagwawangis at ang paglalahad ng mga paghahalintulad para sa pagpapalapit ng kahulugan sa nakikinig;

ang paghango ng katuturan ng bawat individuwal mula sa mga kadalubhasaan ng mga ibang tao at mga karanasan nila sa lahat ng mga larangan ng buhay;

ang pagtutulungan at ang paghahatian ng mga gawain ay umaalalay sa pagkasagawa ng mga malaking gawain;

ang pagwaksi sa sakit ng individuwalismo at ang pagpuksa sa egoismo at pag-ibig sa sarili;

ang pagdakila sa mga karapatan ng mga Muslim at ang paghimok sa kanila sa pag-aawaan at pagtutulungan;

ang pagtagubilin sa pagtutulungan sa pagitan ng mga Muslim sa mga gawain ng Mundo at Kabilang-buhay.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikilahok ako at pipili ako.

Sa pakikilahok sa kaklase mo, maglagay ka ng isang tanda sa harap ng āyah na sumasang-ayon sa paksa ng ḥadīth kasama ng paglilinaw ng kadahilanan.

() وَلَا تَقْرَبُوا مَالَ الْيَتِيمِ إِلَّا بِالَّتِي هِيَ أَحْسَنُ حَتَّى يَبْلُغَ أَشُدَّهُ (الأنعام:152). وَاعْتَصِمُوا بِحَبْلِ اللَّهِ جَمِيعًا وَلَا تَفَرَّقُوا (آل عمران:103). وَأَوْفُوا بِعَهْدِ اللَّهِ إِذَا عَاهَدْتُمْ (النحل:91). وَتَعَاوَنُوا عَلَى الْبِرِّ وَالتَّقْوَىٰ وَلَا تَعَاوَنُوا عَلَى الْإِثْمِ وَالْعُدْوَانِ

{Huwag kayong lumapit sa yaman ng ulila kundi sa [paraang] pinakamaganda hanggang sa umabot siya sa katindihan niya.} (Qur'ān 6:152)

{Mangunyapit kayo sa lubid ni Allāh nang lahatan at huwag kayong magkahati-hati.} (Qur'ān 3:103)

{Magpatupad kayo sa kasunduan kay Allāh kapag nakipagkasunduan kayo} (Qur'ān 16:91)

{Magtulungan kayo sa pagsasamabuting-loob at pangingilag magkasala at huwag kayong magtulungan sa kasalanan at pangangaway.}

(Qur'ān 5:2)

Aktibidad 2: Pipili ako at magbibigay-katwiran ako.

Mahal kong estudyante, bilang pagpapagana sa natutuhan natin sa aralin:

Alin sa mga sumusunod na proyekto ang pinakaangkop para sa pagpapatupad sa lipunan mo kasama ng pagbibigay-katwiran:

Ang pagtipon ng mga salapi mula sa mga mayaman ang pagbibigay ng mga ito sa mga maralita.

Ang paghuhukay ng mga balon sa mga rehiyon na salat sa tubig.

Ang paggawa ng mga maliit na proyekto para sa mga maralita.

B. Maaari sa iyo ang magmungkahi ng proyektong naaangkop sa lipunan mo. Tatalakay ka nito sa mga kapitbahay mo at mga kaibigan mo kaugnay sa pagpapatupad ng proyektong ito.

Aktibidad 3: Magbubulay-bulay ako at mag-uugnay ako.

Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang mga Ash`arīy, kapag kinapos sila sa baon sa labanan o nangaunti ang pagkain ng mga mag-anak nila sa Madīnah, ay nagtitipon ng anumang naging taglay nila sa iisang damit, pagkatapos naghahati-hati sila nito sa pagitan nila sa iisang lalagyan ayon sa pagkakapantayan, kaya naman sila ay bahagi ko at ako ay bahagi nila."}

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 2486 at Imām Muslim: 2500. Magbulay-bulay ka sa ḥadīth na ito, pagkatapos sumagot ka:

Sa ano nagbunyi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Al-Ash`arīy?

Ano ang kaugnayan ng ḥadīth na ito sa ḥadīth ng aralin?

Nagpapatunay ang ḥadīth na ito sa kahalagahan ng paggawa ayon sa kaalaman. Magbigay-liwanag ka niyon.

Ang ḥadīth ng aralin ay isinalaysay ni Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya). Nagsagawa nga siya kasama ng mga kalipi niya ng gawain ayon sa iginagabay ng ḥadīth na kahalagahan ng pagtutulungan sa pagitan ng mga Muslim.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pariralang pinakaangkop upang maging pamagat para sa ḥadīth ay:

(ang sagupaan sa pagitan ng kawalang-pananampalataya at pananampalataya - ang pag-uugnayan ng lipunang mananampalataya - ang pagkasarisari ng lipunang mananampalataya).

Ang kahulugan ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na "nagpapatibay" sa ḥadīth ay:

(nagpapalakas - pumuputol - bumabasag).

Kabilang sa natutuhan mo mula sa talambuhay ni Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya):

(ang pagpaparami ng salaysay ng ḥadīth - ang sigasig sa pakikibaka - ang pagpapaganda ng tinig sa pagbigkas ng Marangal na Qur`ān).

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng narito na mga kamalian:

Ang personal na paghango ng pakinabang ay ang pundasyon ng ugnayan sa pagitan ng mga mananampalataya.

Ang pampananampalatayang kapatiran ay ang pundasyon ng ugnayan sa pagitan ng mga mananampalataya.

Umaalalay ang individuwalismo sa pagkasagawa ng mga malaking gawain.

Lumahok ang pagtutulungang pangsamahan sa pagkasagawa ng mga malaking gawain.

Nagpapatunay ang ḥadīth sa pag-ibig sa sarili at pagpapatibay ng individuwalismo.

Nagpapatunay ang ḥadīth sa pag-ibig ng mananampalataya at pagpapatibay ng gawaing pangsamahan.

PANUTO: Kumpletuhin ang mga puwang sa sumusunod:

Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "_____ ay gaya ng estruktura: _____ ang bahagi nito sa ibang bahagi."}

PANUTO 4: Magbigay-liwanag ka ng tatlo sa mga katuturan ng ḥadīth na ito.

(9) Ḥadīth: "Nag-iwan ako sa inyo sa kaliwanagan,..."

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagpakilala ka sa tagapagsalaysay ng ḥadīth nang maiksi;

makapaglinaw ka ng mga kahulugan ng mga mahirap na salita sa ḥadīth;

makapagbigay-linaw ka sa pambuod na kahulugan ng ḥadīth;

makapagbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa ḥadīth;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pagsunod sa Pampropetang Sunnah;

makapagsaulo ka ng marangal na ḥadīth;

makapagbigay-kahalagahan ka sa katayuan ng mga Matinong Khalīfah.

Aktibidad na Pang-umpisa

Nagkakaiba-iba ang mga tao at nagkakaalitan sila. Ang bawat pangkat ay nagpapalagay na ito ay nasa katotohanan.

Sa pananaw mo, ano ang panuntunan na mapag-aalaman natin sa pamamagitan nito ang tagasunod sa katotohanan?

Ang mga Kadahilanan ng Kaligtasan sa Pagkakaibahan at Kapahamakan

ang pagkapit sa Sunnah ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan);

ang pagkapit sa sunnah ng mga Matinong Khalīfah.

Una: Ang Teksto ng Ḥadīth

Ayon kay Al-ʿIrbād bin Sāriyah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nag-iwan ako sa inyo sa kaliwanagan, na ang gabi nito ay gaya ng maghapon nito. Walang lumiliko palayo rito matapos ko kundi isang mapahahamak. Ang sinumang mamumuhay kabilang sa inyo ay makakikita ng maraming pagkakaiba-ibahan, kaya manatili kayo sa napag-alaman ninyo mula sa Sunnah ko at Sunnah ng mga khalīfah na matinong napatnubayan."}

Nagsalaysay nito sina Imām Ahmad: 17142 at Imām Ibnu Mājah: 45.

Ikalawa: Ang mga Kahulugan ng mga Salita

Ang Salita - Ang Kahulugan Nito

Ang kahulugan ng "kaliwanagan" ay batas na maliwanag at tuwid tulad ng lupang puting patag.

Ang kahulugan ng "lumiliko" ay kumikiling at lumalampas palayo sa katotohanan.

Ang kahulugan ng "mapahahamak" ay walang kumikiling palayo sa katotohanan kundi ang sinumang nagtakda si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) para sa kanya ng pagkapahamak.

Ang kahulugan ng "kaya manatili kayo" ay mamalagi kayo at kumapit kayo.

Ikatlo: Ang Tagapagsalaysay ng Ḥadīth: si Al-`Irbād bin Sāriyah (malugod si Allāh sa kanya).

Abū Najīh Al-`Irbād bin Sāriyah As-Salamīy (malugod si Allāh sa kanya).

Siya noon ay kabilang sa mga nakatira sa silungan. Sila ay ang mga maralita sa mga Kasamahan at hindi nagkaroon ng mga tahanan; bagkus sila noon ay nakikikapit-bahay sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa masjid niya. Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpaparangal sa pagkakapit-bahay nila.

Si Al-`Irbād bin Sāriyah As-Salamīy (malugod si Allāh sa kanya) ay kabilang sa mga palaiyak, na bumaba kaugnay sa kanila ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

وَلَا عَلَى الَّذِينَ إِذَا مَا أَتَوْكَ لِتَحْمِلَهُمْ قُلْتَ لَا أَجِدُ مَا أَحْمِلُكُمْ عَلَيْهِ
تَوَلَّوْا وَأَعْيُنُهُمْ تَفِيضُ مِنَ الدَّمْعِ حَزَنًا أَلَّا يَجِدُوا مَا يُنْفِقُونَ
(92)

{Walang [maisisi] sa kanila na nang pumunta
sila sa iyo upang magpasakay ka sana sa kanila ay
nagsabi ka: "Hindi ako nakatatagpo ng
pasasakayan ko sa inyo." Tumalikod sila habang
ang mga mata nila ay nag-uumapaw sa luha dala
ng pagkalungkot na hindi sila nakatatagpo ng
maigugugol nila.} (Qur'ān 9:92)

Nanirahan siya sa Sirya at namatay roon
noong taong 75 Hijrah.

Sa gabay ng tagapagturo:

Ang mga palaiyak ay pito sa mga Kasamahan
ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at
pangalagaan), na kabilang sa kanila si Al-'Irbād
bin Sāriyah As-Salamīy (malugod si Allāh sa
kanya). Pumunta sila sa Propeta (basbasan siya ni
Allāh at pangalagaan) sa Labanan sa Tabūk upang
magdala sa kanila kasama niya para sa pakikibaka
ngunit hindi siya nakatagpo ng magdadala sa
kanila kaya tumalikod sila habang ang mga mata

nila ay nag-uumapaw sa luha dala ng pagkalungkot na hindi sila nakatagpo ng gugugulin nila sa paglalakbay ng pakikibaka. Ang mga ito sa kalagayang ito ay walang kasalanan sa kanila. Sila ay mga taong pinapupurihan dahil sa paglitaw ng pagpapakawagas nila at pagkakaroon ng maidadahilan nila.

Ikaapat: Ang Pangkalahatang Kahulugan ng Hadīth

Naglililaw para sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nag-iwan sa atin sa relihiyong tuwid na maliwanag na wala ritong kabaluktutan ni kalabuan.

Ang Relihiyong ito ay ang Batas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang maliwanag na Sunnah niya para sa lahat, na tatahak dito ang Muslim para hindi siya maligaw, sapagkat ito ay isang daan na ang gabi dito ay maliwanag tulad ng maghapon nito. Hindi maliligaw palayo sa maliwanag na daang ito kundi ang sinumang nagpumilit sa pagkaligaw at pagkapahamak.

Ang sinumang mamumuhay matapos ng pagpanaw ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay makatatagpo ng pagkakaiba-iba sa patnubay niya. Upang maligtas ang Muslim sa pagkakaibahan at pagkaligaw, kailangan sa kanya na kumapit sa dalawang bagay:

Una. Ang pagkapit sa Batas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), patnubay niya, at Sunnah niya.

Ikalawa. Ang pagkapit sa sunnah ng mga Matinong Khalīfah na Napatnubayan. Sila ay sina Abū Bakr, `Umar, `Uthmān, at `Alīy (malugod si Allāh sa kanila).

Ikalima: Kabilang sa mahahangong katuturan mula sa ḥadīth:

Ang Batas Islāmiko ay maliwanag para sa bawat sinumang nagnanais ng paggawa ayon dito.

Ang sinumang lumabas palayo sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay lumabas nga palayo sa tumpak na daan.

Nasaad sa ḥadīth ang ilan sa mga himala ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) yayamang nagpabatid siya ng mangyayari matapos niya gaya ng pagkakaiba-iba at pagdami ng nakasasama.

Ang paghimok at ang pagbibigay-diin sa pagkapit sa Sunnah ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at sunnah ng mga Matinong Khalīfah.

Ang mga kainaman ng mga Matinong Khalīfah – malugod si Allāh sa kanila.

Ang panuntunan sa pag-alam sa katotohanan ay ang tinakdaan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ito ay ang pakikipagsang-ayon sa patnubay niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at patnubay ng mga Matinong Khalīfah.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-iisip ako at pipili ako.

Maglagay ka ng isang tanda sa harap ng pinakaangkop na pamagat para sa ḥadīth kasama ng paglilinaw sa kadahilanan.

Ang Pinakaangkop na Pamagat

Ang Kaliwanagan ng Metodolohiyang Pampropeta

Ang Kaligtasan sa Pagkakaibahan

Ang Pagkakinakailangan ng Pagsunod sa Sunnah

Aktibidad 2: Makikilahok ako at maghahango ako.

Sa pakikilahok mo sa kaklase mo, humango ka ng ipinahihiwatig ng mga āyah mula sa mga katuturang nauugnay sa ḥadīth ng aralin:

وَأَنَّ هَذَا صِرَاطِي مُسْتَقِيمًا فَاتَّبِعُوهُ وَلَا تَتَّبِعُوا السُّبُلَ فَتَفَرَّقَ بِكُمْ
عَنْ سَبِيلِهِ

{Na ito ay ang landasin Ko, tuwid, kaya sumunod kayo rito. Huwag kayong sumunod sa mga [ibang] landas para magpahiwa-hiwalay ang mga ito sa inyo palayo sa landas Niya.}

(Qur'ān 6:153)

Ang pagsunod sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang landasing tuwid:

وَاَعْتَصِمُوا بِحَبْلِ اللَّهِ جَمِيعًا وَلَا تَفَرَّقُوا

{Mangunyapit kayo sa lubid ni Allāh nang lahatan at huwag kayong magkahati-hati. }

(Qur'ān 3:103)

Ang lubid ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ang Islām. Kailangan sa atin ang kumapit sa lubid ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at ang mag-iwan ng pagkakaiba-ibahan.

وَاتَّبِعُوهُ لَعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ (158)

{Sumunod kayo sa kanya, nang sa gayon kayo ay mapapatnubayan.}

(Qur'ān 7:158)

Ang pagsunod sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang landas ng kapatnubayan mula sa pagkaligaw.

Aktibidad 3: Magsasaliksik ako at sasagot ako.

Sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan mo sa tagapagturo mo o pagsasaliksik sa mga aklat, magsulat ka ng ilan sa mga punto ng pagtulad sa mga *Matinong Khalīfah*.

Ang *Khalīfah* - Ang mga Punto ng Pagtulad sa Kanya

Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq (malugod si Allāh sa kanya) sa katapatan sa pagkakasamahan ng Propeta.

Si `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya): ang katarungan at ang lakas sa katotohanan.

Si `Uthmān bin `Affān (malugod si Allāh sa kanya): ang pagkamahiyain at ang paggugol sa landas ni Allāh.

Si `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya): ang lakas, ang katapangan, at ang kaalaman.

Aktibidad 4: Magmamasid ako at makikilahok ako.

Magmasid ka sa mga aspeto ng pagsunod sa Pampropetang Sunnah sa lipunan mo, pagkatapos lumahok ka sa mga kaklase mo sa:

paglalagay ng isang plano para sa pagpapalakas at pagdagdag sa mga aspetong ito;

paglunas sa mga kadahilanan ng pagkalayo sa Pampropetang Sunnah na lumaganap sa lipunan mo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang mga maliligtas ay ang mga kumakapit sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at patnubay ng mga khalīfah niya.

Ang katotohanan ay ang sinasabi ng pangkating pinakahigit sa pagkalaganap sa lipunan.

Tumutulad tayo kay Abū Bakr (malugod si Allāh sa kanya) sa pag-ibig niya sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) at paggawa niya ayon sa Sunnah.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang ibig sabihin niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa "kaya manatili kayo" sa ḥadīth ay:

(sa ibabaw ninyo - kumapit kayo - tumigil-tigil kayo).

Kabilang sa mga katangian ng kapita-pitagang Kasamahan na si Al-`Irbād bin Sāriyah As-Salamīy (malugod si Allāh sa kanya):

(ang dami ng paggugol - ang pakikilahok sa Labanan sa Tabūk - ang pagiging kabilang sa mga palaiyak).

Tumutulad tayo kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) sa:

(paglikas niya kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) - pagiging una sa umanib sa Islām - lakas niya sa katotohanan).

PANUTO: Kumpletuhin ang mga puwang sa sumusunod:

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nag-iwan ako sa inyo sa _____, na ang gabi nito ay gaya ng maghapon nito. Walang _____ palayo rito matapos ko kundi _____. Ang sinumang mamumuhay kabilang sa inyo ay makakikita _____, kaya manatili kayo sa napag-alaman ninyo mula sa _____ at Sunnah ng _____."

PANUTO 4: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Nagpapahiwatig ang ḥadīth sa lunas sa pagkakahati-hati ng Kalipunang Islāmiko. Magbigay-liwanag ka niyon.

Magpahayag sa limang linya tungkol sa pag-ibig mo sa mga Matinong Khalīfah at ang pagbibigay-kahalagahan mo sa katayuan nila.

Ang Ikalawang Yunit: Ang Pananampalataya at ang Pagbubusilak

1. Ang Pananampalataya kay Allāh at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng kahulugan ng pananampalataya kay Allāh (napakataas Siya);

makapagbigay-liwanag ka sa mga epekto ng pananampalataya kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa individuwal at lipunan;

makapagbigay-linaw ka sa ugnayan sa pagitan ng pananampalataya at gawang maayos;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pagpapakamananamba sa pamamagitan ng mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya;

makapagdakila sa mga pangalan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at mga katangian Niya;

makapagdalangin ka kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

Alamin mo na ang mga haligi ng pananampalataya ay sunnah, na ang una sa mga ito at ang pinakadakila sa mga ito ay ang pananampalataya kay Allāh (napakataas Siya). Kaya ano ang kahulugan ng pananampalataya kay Allāh? Ano ang mga epekto nito?

Ito ay ang mapag-aalaman natin sa pamamagitan ng mga sumusunod na punto:

Isang larawang nakasulat dito ang Pangalan ng Kapitaganan:

Allāh

Ang Pananampalataya kay Allāh (Napakataas Siya)

Ang Epekto ng Pananampalataya sa mga Gawain ng Muslim

Ang mga Bunga ng Pananampalataya kay Allāh (Napakataas Siya)

Ang Pagpapakamananamba kay Allāh (Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan) sa Pamamagitan ng mga Pangalan Niya at mga Katangian Niya

Una. Ang Pananampalataya kay Allāh (Napakataas Siya)

Ang pananampalataya kay Allāh (napakataas Siya) ay ang unang haligi mula sa mga haligi ng pananampalataya. Ito ay ang pinakamahalaga sa mga haligi. Naglalaman ito ng apat na usapin:

Ang pananampalataya sa kairalan ni Allāh (napakataas Siya). Ito ay pinatunayan ng naturalesa at matinong pag-iisip. Kabilang sa pinakamalakas sa mga patunay nito ay ang patunay ng pagkalikha sapagkat ang bawat nilikha ay nagpapatunay sa kairalan ng Tagalikha nito, si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya). Nagsabi Siya (napakataas Siya):

أَمْ خُلِقُوا مِنْ غَيْرِ شَيْءٍ أَمْ هُمْ الْخَالِقُونَ

{O nilikha sila ng hindi isang anuman o sila ay ang mga tagalikha?} (Qur'ān 52:35)

Ang pananampalataya na si Allāh (napakataas Siya) ay ang Panginoon ng bawat bagay, ang Tagalikha nito, at ang Tagapagmay-ari nito; at na Siya ay ang Palatustos, ang Tagapagbigay-buhay,

at ang Tagapagbigay-kamatayan. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

فَلِلَّهِ الْحَمْدُ رَبِّ السَّمَاوَاتِ وَرَبِّ الْأَرْضِ رَبِّ الْعَالَمِينَ (36)

{Kaya ukol kay Allāh ang papuri, ang Panginoon ng mga langit, ang Panginoon ng lupa, at ang Panginoon ng mga nilalang.} (Qur'ān 45:36)

Ang pananampalataya na si Allāh (napakataas Siya) – tanging Siya – ay ang karapat-dapat sa pagsamba. Kaya ang sinumang nakaalam na si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay ang Panginoon niya at ang Tagalikha niya ay nagbubukod-tangi sa Kanya sa pagsamba at umiiwas sa pagbaling ng anuman mula sa pagsamba sa iba pa sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya). Nagsabi Siya (napakataas Siya):

رَبُّ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا فَاعْبُدْهُ وَاصْطَبِرْ لِعِبَادَتِهِ
هَلْ تَعْلَمُ لَهُ سَمِيًّا (65)

{Ang Panginoon ng mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito, kaya sumamba ka sa Kanya at magpakamatiisin ka para sa

pagsamba sa Kanya. Nakaaalam ka kaya para sa Kanya ng isang kapangalan?"} (Qur'ān 19:65)

Ang pananampalataya na si Allāh (napakataas Siya) ay ukol sa Kanya ang mga pangalang pinakamagaganda at ang mga katangiang pinakamatataas at walang katulad sa Kanya na anuman. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ

{Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita.} (Qur'ān 42:11)

Ikalawa. Ang Epekto ng Pananampalataya sa mga Gawain ng Muslim

Kapatid kong mag-aaral, alamin mo na ang pananampalatayang tapat ay gumagawa sa puso ng mananampalataya na nahuhumaling kay Allāh (napakataas Siya) dala ng pag-ibig, pangamba, pag-aasam, tiwala, at pananalig; gumagawa sa dila niya na bumabanggit kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at bumibigkas ng Aklat Niya; at gumagawa sa mga bahagi ng katawan niya na nagsasagawa ng mga pagtalima at umiiwas sa mga masagwang gawa. Dahil doon, tunay na ang maayos na gawa ay nakaugnay sa

pananampalataya ayon sa nasaad sa marami sa mga āyah. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

وَالَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ أُولَٰئِكَ أَصْحَابُ الْجَنَّةِ هُمْ فِيهَا خَالِدُونَ (82)

{Ang mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos, ang mga iyon ay ang mga maninirahan sa Hardin; sila ay doon mga mananatili.} (Qur'ān 2:82)

Kabilang sa nagpapatunay sa epekto ng pananampalataya sa puso ay na ito ay nag-aalis mula sa puso ng tagapagtaglay nito ng pangamba sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya). Nagsabi Siya (napakataas Siya):

إِنَّمَا ذَلِكُمُ الشَّيْطَانُ يُخَوِّفُ أَوْلِيَاءَهُ فَلَا تَخَافُوهُمْ وَخَافُوا إِن كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ (175)

{Iyon lamang ay ang demonyo; nagpapangamba siya sa mga katangkilik niya kaya huwag kayong mangamba sa kanila at mangamba

kayo sa Akin kung kayo ay naging mga mananampalataya.} (Qur'ān 3:175)

Ang pananampalataya ay nagsasakatotohanan ng pananalig kay Allāh. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

وَعَلَى اللَّهِ فَتَوَكَّلُوا إِن كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ

{Kay Allāh ay manalig kayo, kung kayo ay mga mananampalataya.} (Qur'ān 5:23)

Kabilang sa nagpapatunay sa epekto ng pananampalataya sa mga pagsamba ang sabi Niya (napakataas Siya):

إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ آمَنُوا بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ ثُمَّ لَمْ يَرْتَابُوا وَجَاهَدُوا بِأَمْوَالِهِمْ وَأَنْفُسِهِمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ أُولَئِكَ هُمُ الصَّادِقُونَ (15)

{Tanging ang mga mananampalataya ay ang mga sumampalataya kay Allāh at sa Sugo Niya, pagkatapos hindi sila nag-alinlangan, at nakibaka sila sa pamamagitan ng mga yaman nila at mga sarili nila sa landas ni Allāh. Ang mga iyon ay ang mga tapat.} (Qur'ān 49:15)

Nagpapatunay sa epekto ng pananampalataya sa pagtupad sa mga karapatan ng mga tao ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang mananampalataya ay ang sinumang natiwasay sa kanya ang mga tao sa mga ari-arian nila at mga sarili nila."** Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 3934. Ang sabi pa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Sumpa man kay Allāh, hindi siya sumasampalataya! Sumpa man kay Allāh, hindi siya sumasampalataya! Sumpa man kay Allāh, hindi siya sumasampalataya!"** Sinabi: **"Sino po, O Sugo ni Allāh?"** Nagsabi siya: **"Ang hindi naliligtas ang kapitbahay niya sa mga sakuna niya."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 6016.

Ganito sapagkat ang pananampalataya kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay nakaaapekto sa mga pag-uugali ng Muslim dahil sa paggawa ng mga maayos na gawa at pag-iwan ng mga nakasasama.

Ikatlo. Ang mga Bunga ng Pananampalataya kay Allāh (Napakataas Siya)

Ang pananampalataya kay Allāh at ang maayos na gawa ay may mga kaaya-ayang bunga sa Mundo at Kabilang-buhay. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Ang buhay na kaaya-aya sa Mundo at Kabilang-buhay. Nagsabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

مَنْ عَمِلَ صَالِحًا مِنْ ذَكَرٍ أَوْ أَنْتَى وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَلَنُحْيِيَنَّهٗ حَيَاةً
طَيِّبَةً وَلَنَجْزِيَنَّهُمْ أَجْرَهُمْ بِأَحْسَنِ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ (97)

{Ang sinumang gumawa ng isang maayos, na isang lalaki o isang babae, habang siya ay isang mananampalataya ay talagang magpapamuhay nga Kami sa kanya nang isang buhay na kaaya-aya at talagang gaganti nga Kami sa kanila ng pabuya sa kanila ayon sa higit na maganda sa anumang dati nilang ginagawa.} (Qur'ān 16:97)

Ang pagtatanggol ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga mananampalataya. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

إِنَّ اللَّهَ يُدَافِعُ عَنِ الَّذِينَ آمَنُوا

{Tunay na si Allāh ay nagtatanggol sa mga sumampalataya.} (Qur'ān 22:38)

Ang pagtamo ng lugod ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at ng Paraiso. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

وَعَدَ اللَّهُ الْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ جَنَّاتٍ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ
خَالِدِينَ فِيهَا وَمَسَاكِينَ طَيِّبَةً فِي جَنَّاتٍ عَدْنٍ وَرِضْوَانٌ مِنَ اللَّهِ
أَكْبَرُ ذَلِكَ هُوَ الْفَوْزُ الْعَظِيمُ (72)

{Nangako si Allāh sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya ng mga hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga mananatili sa mga ito at ng mga tahananang kaaya-aya sa mga Hardin ng Eden. May isang pagkalugod mula kay Allāh na higit na malaki. Iyon ay ang pagkatamong sukdulan.} (Qur'ān 9:72)

Ikaapat. Ang Pagpapakamananamba kay Allāh (Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan) sa Pamamagitan ng mga Pangalan Niya at mga Katangian Niya

Ang pagpapakamananamba kay Allāh (napakataas Siya) sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya ay kabilang

sa pinakamainam sa mga pagsamba at pinakamalapit sa mga daan para sa pagpapakatuwid sa metodolohiya ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at Batas Niya. Upang magsakatotohanan ang Muslim ng kapita-pitagang pakay na iyon, kailangan sa kanya na magsagawa ng ilang bagay:

Ang pag-alam sa mga pangalan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at mga katangian Niya, na nasasaad sa Qur'ān at Sunnah, pagkatapos ang pag-alam sa mga kahulugan ng mga ito at mga pinapakay ng mga ito. Ito ay ang pinakamarangal sa mga kaalaman at ang pinakadakila sa mga ito dahil ito ay nauugnay kay Allāh (napakataas Siya).

Ang pag-ugnay ng mga gawain ng mga puso sa mga pangalan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at mga katangian Niya para madagdagan ang pagmimithi sa puso ng mananampalataya habang siya ay nag-iisip-isip sa mga pangalan ni Allāh: Al-Ghafūr (Ang Mapagpatawad) o Ar-Raḥīm (Ang Maawain) o Ar-Raḥmān (Ang Napakamaawain).

Nadaragdagan siya ng takot at pangamba kay Allāh (napakataas Siya) habang siya ay nagbabasa ng pangalan ni Allāh na Al-Qaḥḥār (Ang Palalupig).

Nadaragdagan siya ng pagpansin kay Allāh (napakataas Siya) kapag nagsasaalaala siya na si

Allāh (napakataas Siya) ay As-Samī` (Ang Madinigin) Al-Baṣīr (Ang Nakakikita)

at kapag nag-iisip-isip sa pangalan ni Allāh na Al-Kāfi (Ang Tagapagpasapat) at pangalan ni Allāh na Al-Wakīl (Ang Pinananaligan).

Ganito namumuhay ang puso ng mananampalataya kasama ng mga pangalan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at mga katangian Niya kaya nadaragdagan siya ng pananampalataya at pagkapanatag, pagkalugod, pananalig, pag-ibig, at pagkalapit kay Allāh (napakataas Siya).

Ang paggawa ng mga bahagi ng katawan ayon sa hinihiling ng mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya sapagkat kapag namuhay ang puso ng mananampalataya kasama ng mga pangalan ni Allāh (napakataas Siya) maaapektuhan ang mga bahagi ng katawan niya. Kaya ang sinumang pumansin kay Allāh dahil Siya ay Madiniging Nakakikita, mag-iiwan ang mga bahagi ng katawan niya ng mga pagsuway; at ang sinumang umibig kay Allāh, ang Mapagmahal, gagawa siya ng iniibig ni Allāh (napakataas Siya) na mga pagtalima at mga pampalapit-loob. Ganito rin sa nalalabi sa mga pangalan at mga katangian [ni Allāh].

Ang pagdalangin kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pamamagitan ng mga

pangalan Niya at mga katangian Niya. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

وَلِلَّهِ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ فَادْعُوهُ بِهَا

{Taglay ni Allāh ang mga pangalang pinakamagaganda kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito.} (Qur'ān 7:180) Iyon at tulad ng sabi natin:

"Yā Allāh (O Allāh)! Yā Rabb (O Panginoon)! Yā Raḥmān (O Napakamaawain)! Yā Raḥīm (O Maawain)!" pagkatapos babanggit tayo ng pangangailangan natin;

o ng sabi natin: "Rabbi –ghfir lī wa-tub `alayya, innaka anta –ttawwābu –rraḥīm. (Panginoon ko, patawarin Mo ako at tanggapin mo sa akin ang pagbabalik-loob; tunay na Ikaw ay ang Palatanggap ng pagbabalik-loob, ang Maawain.)";

at ng sabi natin kapag nagnais tayo ng kagalingan sa sakit: "Allāhumma –shfi, anta –shshāfi (O Allāh, magpagaling Ka; Ikaw ay ang Tagapagpagaling.)" at gaya nito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Mag-iisip ako at maghuhulo ako.

Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo, maghulo ka mula sa sumusunod na āyah ng ipinahihiwatig na mga epekto ng pananampalataya:

Ang Teksto - Ang Ipinahihiwatig

Nagsabi si Allāh:

وَذَكِّرْ فَإِنَّ الذِّكْرَى تَنْفَعُ الْمُؤْمِنِينَ (55)

{Magpaalaala ka sapagkat tunay na ang paalaala ay nagpapakinabang sa mga mananampalataya.} (Qur'ān 51:55) Ang Pakikinaabang sa Pangaral

Nagsabi si Allāh:

الَّذِينَ قَالَ لَهُمُ النَّاسُ إِنَّ النَّاسَ قَدْ جَمَعُوا لَكُمْ فَاخْشَوْهُمْ فَزَادَهُمْ إِيمَانًا وَقَالُوا حَسْبُنَا اللَّهُ وَنِعْمَ الْوَكِيلُ (173)

{[Sila] ang mga nagsabi sa kanila ang mga tao: "Tunay na ang mga tao ay nagtipon sa inyo kaya matakot kayo sa kanila." Ngunit nakadagdag ito sa kanila ng pananampalataya at nagsabi sila: "Kasapatan sa amin si Allāh at kay inam ang

Pinananaligan."} (Qur'ān 3:173) Ang Pag-iwan sa Pangangamba sa Iba pa kay Allāh

Nagsabi si Allāh:

وَمَنْ يَأْتِهِ مُؤْمِنًا قَدْ عَمِلَ الصَّالِحَاتِ فَأُولَئِكَ لَهُمُ الدَّرَجَاتُ الْعُلَى
(75)

{Ang sinumang pumunta sa Kanya bilang mananampalataya ay gumawa nga ng mga maayos na gawa. Kaya ang mga iyon ay ukol sa kanila ang mga antas na pinakamatataas;} (Qur'ān 20:75)
Ang Pagpasok sa Pinakamataas sa mga Antas sa Paraiso

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Papasok ang mga maninirahan sa Paraiso sa Paraiso at ang mga maninirahan sa Impiyerno sa Impiyerno. Pagkatapos magsasabi si Allāh (napakataas Siya): Magpalabas kayo mula sa Impiyerno ng sinumang sa puso niya ay may kasimbigit ng buto ng mustasa na pananampalataya."**
Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 22 at Imām Muslim: 184. Ang Kaligtasan ng Taong mananampalatayang Sumusuway

Aktibidad 2: Magsasaliksik ako at maglilinaw ako.

Ang Āyatulkursīy ay ang pinakadakilang āyah sa Qur'ān dahil sa tinipon nito na mga pangalan ni Allāh at mga katangian Niya. Isulat mo ang mga pangalan ni Allāh at ang mga katangian Niya na natatagpuan sa āyah na ito, pagkatapos linawin mo nang maiksi kung papaano magpapakamananamba ang Muslim kay Allāh (napakataas Siya) sa pamamagitan ng mga pangalan at mga katangiang ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ibinibilang ang patunay ng pagkalikha na kabilang sa mga patunay sa:

(kairalan ni Allāh (napakataas Siya) - katapatan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) - paghihimala ng Qur'ān).

Nagpapatunay ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na: **"Ang mananampalataya ay ang sinumang natiwasay sa kanya ang mga tao sa mga ari-arian nila at mga sarili nila."** sa:

(pagkakinakailangan	ng	Tawḥid	ng
Pagkapanginoon	-	pagkaugnay	ng

pananampalataya sa gawain - kahalagahan ng katiwasayan ng lipunan).

Ang pagpapakamananamba sa pamamagitan ng mga pangalan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at mga katangian Niya ay humihiling ng:

(pag-alam sa lahat ng mga pangalan ni Allāh - ng pagtawag natin kay Allāh ng anumang niloloob natin - ng pagdalangin kay Allāh sa pamamagitan ng mga pangalan Niya).

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng narito na mga kamalian:

Ang sinumang sumampalataya sa kairalan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay naging isang Muslim.

Ang tao ay hindi nagiging Muslim hanggang sa sumampalataya sa ito sa kairalan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), pagkapanginoon Niya, pagkadiyos Niya, at mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

Ang pananampalataya ay gawaing pampuso na walang kaugnayan sa gawain ng mga bahagi ng katawan.

Ang pananampalataya ay gawaing pampuso na hindi makaiiwas sa pagkakaroon ng epekto sa kanya sa gawain ng mga bahagi ng katawan.

Maglalarawan tayo kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pamamagitan ng bawat nasaad sa mga kasulatang makalangit.

Maglalarawan tayo kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pamamagitan ng bawat nasaad sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah hindi sa iba pa sa dalawang ito.

Lumilitaw ang epekto ng pananampalataya sa pagkaligalig at pangamba sa sandali ng mga kasawian.

Lumilitaw ang epekto ng pananampalataya sa pagkatiwasay at pagtitiis sa sandali ng mga kasawian.

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang patunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

Ang pamemerhuwisyo sa mga kapitbahay ay hindi bahagi ng pananampalataya.

Ang pananampalataya ay nagliligtas ng tagapagtaglay nito sa Araw ng Pagbangon.

Ang tapat na mananampalataya ay hindi nangangamba sa iba pa kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Naisasakatotohanan ang pananampalataya kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) kapag kumilala ang Muslim sa apat na usapin. Linawin mo ang mga ito nang maiksi sa apat na linya.

Lumilitaw ang epekto ng pagpapakamananamba kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya sa puso ng mananampalataya at mga bahagi ng katawan niya. Magbigay-liwanag ka niyon.

Bumanggit ka ng tatlong halimbawa sa pagdalangin kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng ibig sabihin ng mga anghel;

makapagbigay-liwanag ka sa kahulugan ng pananampalataya sa mga anghel;

makapagbigay-patunay ka sa
pagkakinakailangan ng pananampalataya sa mga
anghel;

makapag-isa-isa ka ng mga gawain ng mga
anghel;

mahiya sa mga anghel.

Aktibidad na Pang-umpisa

Mahal kong estudyante, kapag nakikipag-usap
tayo sa ateista tungkol sa pananampalataya sa
mga anghel, tunay na siya ay tatanggi doon dahil
sa katwiran na siya ay hindi nakakikita ng mga ito.
Sa kabila niyon, tunay na siya ay sumasampalataya
sa maraming bagay na hindi niya nakikita.

Makilahok ka sa tagapagturo mo at
magsaliksik ka sa Internet tungkol sa isang bagay
na pinaniniwalaan ng mga ateista at hindi nila
nakikita upang ipantugon mo sa kanila.

Sa gabay ng tagapagturo:

Naniniwala ang ateista sa grabitasyong
pandaigdigan at kuryenteng pang-elektrisidad
samantalang hindi niya nakita ang dalawang ito.
Gayon din, naniniwala siya sa napagtibay ng mga
siyentipiko na mga siyentipikong katotohanan
nang walang pagkaalam sa mga patunay ng mga
ito mismo sa laboratoryo.

Ang mga Anghel

Una. Ang Ibig Sabihin ng mga Anghel

Ikalawa. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa mga Anghel

Ikatlo. Ang Hatol sa Pananampalataya sa mga Anghel

Ikaapat. Ang mga Gawain ng mga Anghel

Ikalima. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa mga Anghel

Ang pananampalataya sa mga anghel ay ang ikalawang haligi mula sa mga haligi ng pananampalataya. Ang pananampalataya sa kanila ay may mga dakilang epekto sa tao. Tatalakayin natin iyon sa mga sumusunod na punto:

Una. Ang Ibig Sabihin ng mga Anghel

Sila ay mga nilikhang dakila, na nilikha ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) mula sa isang liwanag. Hindi sila sumusuway kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa anumang ipinag-utos Niya sa kanila at gumagawa sila ng ipinag-uutos sa kanila.

Kabilang sa nagpapatunay sa kadakilaan ng pagkalikha sa mga anghel ang sabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa paglalarawan kay Anghel Gabriel:

ذِي قُوَّةٍ عِنْدَ ذِي الْعَرْشِ مَكِينٍ (20)

{na may lakas sa ganang May-ari ng Trono, na mataas sa kalagayan,} (Qur'ān 81:20) Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa paglalarawan dito rin: **"Nakita ko siya samantalang papalapag mula sa langit habang humaharang ang kalakihan ng pagkalikha sa kanya sa pagitan ng langit hanggang sa lupa."** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 177.

Ikalawa. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa mga Anghel

Nagsasakatotohanan ang Muslim ng pananampalataya sa mga anghel sa pamamagitan ng paniniwala at pagkilala sa kahirapan nila at sa anumang nalaman natin mula sa mga pangalan nila at mga katangian nila na nasaad sa Marangal na Qur'ān at Tumpak na Sunnah.

Ikatlo. Ang Hatol sa Pananampalataya sa mga Anghel

Ang pananampalataya sa mga anghel ay isang tungkulin. Ito ay isang haligi mula sa mga haligi ng pananampalataya, kaya hindi natutumpak ang

pananampalataya ng tao malibang sa pamamagitan nito. Ang patunay niyon ay:

Ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

أَمَّنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنْزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ كُلٌّ آمَنَ بِاللَّهِ
وَمَلَائِكَتِهِ وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْ رُسُلِهِ

{Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya."} (Qur'ān 2:285)

Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang tinanong siya tungkol sa pananampalataya: **"Na sumampalataya ka kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga Sugo Niya, sa Huling Araw, at sa pagtatakda: sa masama nito at mabuti nito."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 50 at Imām Muslim 8.

Ikaapat. Ang mga Gawain ng mga Anghel

Nagpahiwatig ang mga teksto ng Marangal na Qur'ān at Dinalisay na Sunnah na ang mga anghel ay may maraming gawain, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Ang pagbababa ng kasi (kapahayagan) sa mga sugo para sa kapatnubayan ng mga tao. Ito ay gawain ni Anghel Gabriel (Jibrīl) – sumakanya ang pangangalaga.

Ang pagpapababa ng ulan na nagpapatubo para sa atin ng pananim at mga bunga. Ito ay gawain ni Anghel Miguel (Mikā'il) – sumakanya ang pangangalaga.

Ang pagtatala ng mga gawain ng mga tao. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

مَا يَلْفُظُ مِنْ قَوْلٍ إِلَّا لَدَيْهِ رَقِيبٌ عَتِيدٌ (18)

{Hindi siya bumibigkas ng anumang nasasabi malibang sa tabi niya ay may isang mapagmasid na nakalaan [na magtala].} (Qur'ān 50:18)

Ang pagkuha ng mga kaluluwa. Ito ay gawain ng Anghel ng Kamatayan (Malakulmawt) – sumakanya ang pangangalaga.

Ang pag-ihip sa tambuli sa Araw ng Pagbangon. Ito ay gawain ni Anghel Rafael (Isrāfil) – sumakanya ang pangangalaga.

Ang pag-iingat sa taong mananampalataya.
Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

لَهُ مُعَقِّبَاتٌ مِّنْ بَيْنِ يَدَيْهِ وَمِنْ خَلْفِهِ يَحْفَظُونَهُ مِنْ أَمْرِ اللَّهِ

{Para sa kanya ay may mga [anghel na] nagkakasunud-sunod mula sa harapan niya at mula sa likuran niya, na nag-iingat sa kanya ayon sa utos ni Allāh.} (Qur'ān 13:11)

Ang paghingi ng tawad para sa mga mananampalataya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

الَّذِينَ يَحْمِلُونَ الْعَرْشَ وَمَنْ حَوْلَهُ يُسَبِّحُونَ بِحَمْدِ رَبِّهِمْ
وَيُؤْمِنُونَ بِهِ وَيَسْتَغْفِرُونَ لِلَّذِينَ آمَنُوا رَبَّنَا وَسِعْتَ كُلَّ شَيْءٍ
رَّحْمَةً وَعِلْمًا فَاغْفِرْ لِلَّذِينَ تَابُوا وَاتَّبَعُوا سَبِيلَكَ وَقِهِمْ عَذَابَ
الْجَحِيمِ (7)

{Ang mga [anghel] na nagpapasan ng Trono at ang mga nasa paligid nito ay nagluluwalhati kalakip ng pagpupuri sa Panginoon nila, sumasampalataya sa Kanya, at humihingi ng

tawad para sa mga sumampalataya, [na nagsasabi]: "Panginoon namin, sumaklaw Ka sa bawat bagay sa awa at kaalaman, kaya magpatawad Ka sa mga nagbalik-loob at sumunod sa landas Mo, at magsanggalang Ka sa kanila sa pagdurusa sa Impiyerno.} (Qur'ān 40:7)

At iba pa rito na mga gawaing nasasaad sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Sunnah.

Ikalima. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa mga Anghel:

Ang pananampalataya sa mga anghel ay may mga dakilang epekto sa pag-uugali ng tao at ugnayan niya sa Panginoon niya (kamahahal-mahalan Siya at kapita-pitagan).

Ang pagpupunyagi sa pagtalima kay Allāh (kamahahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) bilang paggaya sa mga anghel na hindi sumusuway kay Allāh (kamahahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa anumang ipinag-utos Niya sa kanila at gumagawa ng ipinag-uutos sa kanila.

Ang paglayo sa kapalaluan at pagmamayabang sa gawa sapagkat ang mga anghel ay naipagsanggalang laban sa pagsuway at sila sa pagsamba ay tuluy-tuloy samantalang ang taong

nagkukulang na nagkakasala ay higit na marapat sa pagsamba at paghingi ng tawad.

Ang pagpupunyagi sa paglayo sa anumang ipinagbawal ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) dala ng pangamba kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), una, pagkatapos ay dala ng pagkahiya sa mga anghel na hindi nakikipaghiwalay sa tao.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Tatalakay ako at magpapahayag ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang tumahak sa isang daan, habang naghahanap dito ng kaalaman, magpapatahak si Allāh sa kanya sa isang daan mula sa mga daan ng Paraiso. Tunay na ang mga anghel ay talagang nagbababa ng mga pakpak nila dala ng pagkalugod sa tagapaghanap ng kaalaman."** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 3641 at Imām At-Tirmidhī: 2682.

Magtatalakay ka kasama ng mga kaklase mo at maglilinaw kayo ng pakiramdam ninyo bilang mga tagapaghanap ng kaalaman noong nalaman ninyo ang pagbibigay-kahalagahan ng mga mararangal na anghel sa mga tagapaghanap ng kaalaman.

Aktibidad 2: Magbibigay-liwanag ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang kumain ng sibuyas, bawang, at puero ay huwag ngang lalapit sa masjid natin sapagkat tunay na ang mga anghel ay napeperhuwisyo mula sa ikinapeperhuwisyo ng mga anak ni Adan."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 855 at Imām Muslim: 564.

Magbigay-liwanag ka sa praktikal na tungkulin mo tungo sa mga anghel sa pamamagitan ng ḥadīth na ito.

Ang hindi pagkain ng sibuyas, bawang, puero, at anumang may pangit na amoy sa pagpasok sa masjid nang sa gayon hindi mapeperhuwisyo ang mga anghel.

Aktibidad 3: Magsusulat ako at maghahango ako.

Isulat mo mula sa pagkakasaulo mo ang mga āyah 10 - 12 ng Sūrah Al-Infīṭār (Qur'ān 82), pagkatapos hanguin mo ang ipinahihiwatig na mga gawain ng mga anghel (sumakanila ang pangangalaga).

Magbigay-liwanag ka sa ipinahihiwatig ng sabi ni Allāh (napakataas Siya):

إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا (56)

{Tunay na si Allāh at ang mga anghel Niya ay nagbabasbas sa Propeta. O mga sumampalataya, dumalangin kayo ng pagbasbas sa kanya at bumati kayo sa kanya ng pagbati ng kapayapaan.} (Qur'ān 33:56)

Ang pagdalangin ng mga anghel ng basbas sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang pag-uutos ng pagtulad sa gawain nila.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Nilikha ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ang mga anghel (sumakanila ang pangangalaga) mula sa isang liwanag.

Nagsasagawa si Anghel Rafael (Isrāfīl) ng pagpapaabot ng kasi (kapahayagan) sa mga sugo ni Allāh.

Nagsasagawa si Anghel Miguel (Mikā'il) ng pagpapababa ng ulan sa lupa.

Ang kadakilaan ng pagkalikha sa mga anghel ay nagpapatunay sa kabagsikan nila.

Kailangan sa Muslim na magpunyagi sa pagsamba bilang pagtulad sa mga anghel.

PANUTO 2: Humango ka ng patunay sa isang āyah o isang ḥadīth para sa sumusunod:

Ang pagkakinakailangan ng pananampalataya sa mga anghel.

Ang kadakilaan ng pagkalikha kay Anghel Gabriel (Jibrīl) – sumakanya ang pangangalaga.

Ang paghingi ng tawad ng mga anghel para sa Muslim.

Ang pagtatala ng mga anghel ng mga gawa natin.

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

1. Papanong nagsasakatotohanan ang Muslim ng pananampalataya sa mga anghel?

2. Kabilang sa mga epekto ng pananampalataya sa mga anghel ang pagtulak ng kapalaluan palayo sa sarili at ang pagkahiya sa kanila. Magbigay-liwanag ka niyon.

3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-liwanag ka ng kahulugan ng pananampalataya sa mga kasulatan at mga sugo;

makapag-isa-isa ka ng mga pangalan ng mga kasulatan at mga sugo na nasaad sa Qur'ān;

makaalam ka sa kaibahan ng mga kakanyahan ng Qur'ān sa nalalabi sa mga makalangit na kasulatan;

makapagsadamdamin ka ng biyaya ng pagkapababa ng mga kasulatan at pagkapasugo ng mga sugo;

makatulad ka sa mga katangian ng mga propeta at mga gawain nila.

Aktibidad na Pang-umpisa

Nagsabi si Allāh:

نَزَّلَ عَلَيْكَ الْكِتَابَ بِالْحَقِّ مُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيْهِ وَأَنزَلَ التَّوْرَةَ
وَالْإِنْجِيلَ (3)

{Nagbaba Siya sa iyo ng Aklat kalakip ng katotohanan bilang tagapatotoo para sa nauna rito, nagpababa Siya ng Torah at Ebanghelyo,}
(Qur'ān 3:3)

Kaya sa kanino pinababa ang Torah at ang Ebanghelyo?

Ang pananampalataya sa mga kasulatan at mga sugo ay dalawang pangunahing haligi mula sa mga haligi ng pananampalataya at hindi natutumpak ang pag-anib sa Islām malibang sa pamamagitan ng dalawang ito.

Una. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan

Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa mga Kasulatan at ang Kahatulan Dito

Ang pananampalataya sa mga aklat ay ang paniniwala at ang pagkilala na si Allāh (napakataas Siya) ay nagpababa ng mga kasulatan sa mga sugo Niya (sumakanila ang pangangalaga) para sa kapatnubayan ng mga tao at pagsasakatotohanan ng kaligāyahan nila sa Mundo at Kabilang-buhay.

Kaya kinakailangan ang pananampalataya nang pabuod sa bawat pinababa ni Allāh na mga kasulatan. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا آمِنُوا بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ وَالْكِتَابِ الَّذِي نَزَّلَ عَلَى
رَسُولِهِ وَالْكِتَابِ الَّذِي أَنْزَلَ مِنْ قَبْلُ وَمَنْ يَكْفُرْ بِاللَّهِ وَمَلَائِكَتِهِ
وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَقَدْ ضَلَّ ضَلَالًا بَعِيدًا (136)

{O mga sumampalataya, sumampalataya kayo kay Allāh, sa Sugo Niya, sa Aklat na ibinaba Niya sa Sugo Niya, at sa Kasulatang pinababa Niya bago pa niyan. Ang sinumang tumatangging sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw ay naligaw nga sa isang pagkaligaw na malayo.} (Qur'ān 4:136)

Kinakailangan ang pananampalataya nang padetalye sa mga kasulatang nabanggit sa Qur'ān. Ang mga ito ay ang mga kalatas ni Abraham (sumakanya ang pangangalaga), ang Salmo na pinababa kay David (sumakanya ang pangangalaga), ang Torah kay Moises (sumakanya ang pangangalaga), ang Ebanghelyo kay Jesus (sumakanya ang pangangalaga), at ang Qur'ān kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang Pananampalataya sa Marangal na Qur'ān

Kinakailangan ang manampalataya na ang Marangal na Qur'ān ay Salita ni Allāh (napakataas Siya) at ang maniwala sa bawat nasaad dito at na

ito ay pinag-ingatan mula sa pagpapalit – nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ (9)

{Tunay na Kami ay nagbaba ng Paalaala at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat.}
(Qur'ān 15:9)

– na ang Marangal na Qur'ān ay ang pinakadakila sa mga kasulatan ni Allāh (napakataas Siya), ang pangwakas sa mga ito, ang tagapagsubaybay sa mga ito, at ang tagapagpawalang-bisa sa nasaad sa mga ito – nagsabi Siya (napakataas Siya): {Nagpababa Kami sa iyo ng Aklat kalakip ng katotohanan bilang tagapagpatotoo para sa nauna rito na kasulatan at bilang tagapagsubaybay rito.} (Qur'ān 5:48)

– at na ito ay isang aklat na naghihimala, na hindi makakakaya ang isa sa paggawa ng tulad nito – nagsabi Siya (napakataas Siya): {Sabihin mo: "Talagang kung nagtipon ang tao at ang jinn para maglahad ng tulad ng Qur'ān na ito ay hindi sila makapaglalahad ng tulad nito at kahit pa ang iba sa kanila para sa iba pa ay naging mapagtaguyod."} (Qur'ān 17:88)

Ikalawa. Ang Pananampalataya sa mga Sugo

Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa mga Sugo at ang Kahatulan Dito

Ang pananampalataya sa mga sugo ay ang paniniwala at ang pagkilala na si Allāh (napakataas Siya) ay nagsugo sa nilikha Niya ng mga sugo na nag-aanyaya sa mga tao sa pagsamba sa Kanya – tanging sa Kanya: walang katambal para sa Kanya – at na ang kahuli-hulihan sa kanila ay ang Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Kinakailangan ang pananampalataya nang pagbuod sa lahat ng mga propeta kahit pa man hindi tayo nakaalam sa lahat ng mga pangalan nila o bilang nila. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

وَرُسُلًا قَدْ قَصَصْنَاهُمْ عَلَيْكَ مِنْ قَبْلُ وَرُسُلًا لَمْ تَقْصُصْنَاهُمْ عَلَيْكَ

{May mga sugong isinalaysay na Namin sa iyo bago pa niyan at may mga sugong hindi Namin isinalaysay sa iyo. Kumausap si Allāh kay Moises sa isang pakikipag-usap.} (Qur'ān 4:164)

Kinakailangan ang pananampalataya nang padetalye sa mga propetang nabanggit sa Marangal na Qur'ān. Ang bilang nila ay 25 propeta.

Kinakailangan din ang pananampalataya na ang lahat ng mga propeta ni Allāh ay kabilang sa

mga lalaki, na sila ay umaabot sa kalubusang pantao sapagkat nagsangalang sa kanila si Allāh laban sa bawat kamalian at katangiang pangit kaya nagiging imposible sa kanila ang pagsisinungaling, ang pagtataksil, ang kapurulan ng isip, at iba sa mga kapangitan at mga kakulangan.

Ang Pinakamainam sa mga Sugo

Alamin mo, kapatid kong mag-aaral, na ang pinakamainam sa mga sugo sa kalahatan ay lima. Sila ay ang mga may pagtitika (ulūl'azm) dahil sila ay ang pinakamatindi sa mga sugo sa pagtitiis sa pagpapaabot ng paanyaya ni Allāh (kamahalmahalan Siya at kapita-pitagan). Nabanggit nga sila ni Allāh (napakataas Siya) sa sabi Niya:

وَإِذْ أَخَذْنَا مِنَ النَّبِيِّينَ مِيثَاقَهُمْ وَمِنْكَ وَ مِنْ نُوحٍ وَإِبْرَاهِيمَ وَمُوسَى
وَعِيسَى ابْنِ مَرْيَمَ وَأَخَذْنَا مِنْهُمْ مِيثَاقًا غَلِيظًا (7)

{[Banggitin] noong tumanggap Kami mula sa mga propeta ng tipan nila, mula sa iyo, at mula kina Noe, Abraham, Moises, at Jesus na anak ni Maria. Tumanggap Kami mula sa kanila ng tipang mariin, } (Qur'ān 33:7)

Ang pinakamainam sa mga sugo sa kalahatan ay ang Propeta nating si Muḥammad (basbasan

siya ni Allāh at pangalagaan). Siya ay ang pangwakas sa kanila at ang mensahe niya ay para sa lahat ng nilikha hanggang sa Araw ng Pagbangon.

Ikatlo. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo

Ang kaalaman hinggil sa awa ni Allāh (napakataas Siya) at pagmamalasakit Niya sa mga lingkod Niya yayamang isinugo Niya ang mga sugo at pinababa Niya ang mga kasulatan para sa kapatnubayan ng mga tao at paggabay sa kanila para sa anumang naroon ang kaayusan nila sa Mundo at ang kaligtasan nila sa Kabilang-buhay.

Ang pagkakilala kay Allāh (napakataas Siya), sa mga pangalan Niya, mga katangian Niya, mga gawain Niya, at mga biyaya Niya sa pamamagitan ng pinababa sa mga kasulatan at ipinabatid sa mga sugo.

Ang paggawa at ang pagtalima batay sa pagkatalos at kaalaman sa pamamagitan ng binigyang-liwanag ng mga kasulatan at ipinatupad ng mga sugo.

Ang pagpapasalamat kay Allāh (napakataas Siya) sa pinakamalaking biyayang ito na siyang kadahilanan ng kapatnubayan natin at kaligāyahan natin.

Ang pag-ibig sa mga sugo (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga), ang pagdakila sa kanila, at ang pagbubunyi sa kanila sa pamamagitan ng naaangkop sa kanila dahil sila ay nagsagawa ng pagsamba kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at pagpapaabot ng mensahe Niya at payo sa mga lingkod Niya.

Ang pagsasakaasalan ng mga kaasalan ng mga propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga katangian nila at ang pagtulad sa kanila (sumakanila ang pangangalaga).

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magrerepaso ako at sasagot ako

Nalaman mo na si Allāh (napakataas Siya) ay bumanggit sa Marangal na Qur'ān ng pangalan ng 25 propeta, kaya sino sila?

Maaari mong makilala ang 18 sa kanila sa pamamagitan ng mga āyah numero 83-86 ng Sūrah Al-An`ām (Qur'ān 6).

Makikipagtulungan ka kasama ng kaklase mo sa pagsulat ng mga pangalan ng pitong iba pa na:

sina Adan (Ādam), Enok (Idrīs), Jethro (Shu`ayb), Šālīh, Dhulkifl, at Muḥammad (sumakanila ang basbas at ang pangangalaga).

Aktibidad 2: Maghahango ako at sasagot ako.

Naglamang buhay ng mga propeta at mga katangian nila ng maraming punto para sa pagtulad sa kanila. Humango ka ng ilan sa mga puntong ito mula sa mga sumusunod na āyah:

Ang mga Āyah - Ang mga Punto Para sa Pagtulad sa Kanila

Nagsabi si Allāh:

إِنَّ إِبْرَاهِيمَ كَانَ أُمَّةً قَانِتًا لِلَّهِ حَنِيفًا وَلَمْ يَكُ مِنَ الْمُشْرِكِينَ
(120)

{Tunay na si Abraham noon ay isang kalipunang masunurin kay Allāh bilang makatotoo – at hindi nangyaring siya ay kabilang sa mga tagapagtambal –} (Qur'ān 16:120) Ang Tawhīd at ang Pagkalayo sa Shirk

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya) tungkol kay Job (Ayyūb) – sumakanya ang pangangalaga:

إِنَّا وَجَدْنَاهُ صَابِرًا نِعْمَ الْعَبْدُ إِنَّهُ أَوَّابٌ (44)

{Tunay na Kami ay nakatagpo sa kanya na nagtitiis. Kay inam ang lingkod! Tunay na siya ay

palabalik [kay Allāh].} (Qur'ān 38:44) Ang Pagtitiis sa Pagsubok

Nagsabi si Allāh:

وَضَنَّ دَاوُودُ أَنَّمَا فَتَنَّاهُ فَاسْتَغْفَرَ رَبَّهُ وَخَرَّ رَاكِعًا وَأَنَابَ (24)
(ص:24).

{Nakatiyak si David na sinubok lamang siya kaya humingi siya ng tawad sa Panginoon niya.
*Sumubsob siya na nakayukod at nanumbalik [kay Allāh].} (Qur'ān 38:24) Ang Panunumbalik kay Allāh at ang Pagbabalik-loob Mula sa mga Pagkakasala

{Banggitin mo sa Aklat si Ismael. Tunay na siya noon ay tapat sa pangako at naging isang sugong propeta. Siya noon ay nag-uutos sa mag-anak niya ng pagdarasal at pagkakawanggawa at siya noon sa ganang Panginoon niya ay isang kinalulugdan.} (Qur'ān 19:54-55)

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang kauna-unahan sa mga sugo ni Allāh (napakataas Siya) ay si Noe (sumakanya ang pangangalaga).

Si Abraham (sumakanya ang pangangalaga) ay ang pinakamainam sa mga sugo.

Pinababa ang Salmo kay David (sumakanya ang pangangalaga).

Binanggit sa Marangal na Qur'ān ang lahat ng mga sugo at mga propeta.

Imposible ang pagtulad sa mga magandang gawain ng mga propeta.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kinakailangan ang manampalataya na ang lahat ng mga propeta ay nailarawan nga sa:

(katalinuhan ng isip - dami ng yaman - kakauntian ng sakit).

Kabilang sa mga may pagtitika mula sa mga sugo:

(sina Abraham at Ismael - sina Noe at Jesus - si Adan at Moises).

Tumutulad tayo sa pagtitiis sa sakit sa propeta ni Allāh na:

(si Zacarias (sumakanya ang pangangalaga) - si Job (sumakanya ang pangangalaga) - si Enok (sumakanya ang pangangalaga)).

Namumukod ang Marangal na Qur'ān sa iba pa rito na mga kasulatan dahil ito ay:

(Salita ni Allāh - nanatili nang isang libong taon - iningatan laban sa pagpilipit).

PANUTO 3: Ano ang maipakakahulugan mo sa pagiging ang pagsusugo sa mga sugo at ang pagbaba ng mga kasulatan ay kabilang sa pinakadakila sa mga biyaya na kinakailangan ang magpasalamat kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga ito?

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Papaanong nagsasakatotohanan ang Muslim ng pananampalataya sa mga sugo?

Magtakda ka ng tatlong katangian ng mga propeta, na maaari kang tumulad sa kanila sa mga ito.

Magsulat ka ng isang patunay sa paghihimala ng Marangal na Qur'ān.

4. Ang Pananampalataya sa Huling Araw at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng kahulugan ng pananampalataya;

makapagbigay-liwanag ka sa mga yugto ng Huling Araw;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pananampalataya sa Huling Araw;

makagawa para sa pagtamo ng Paraiso at pagkaligtas mula sa Impiyerno.

Ang buhay nating pangmundo ay tulad ng lupang pinagsasagawaan natin ng pagsasaka sapagkat ang sinumang nagtatanim ng kabutihan sa Mundo ay mag-aani ng kabutihan sa Kabilang-buhay at ang sinumang nagtatanim ng kasamaan ay mag-aani ng kasamaan. Ang ganti sa Kabilang-buhay ay maaaring ang Paraiso at maaaring ang Impiyerno. Malalaman natin ang pinakamahalaga sa mga pangyayari sa Huling Araw.

Ang Huling Araw

Ang Kahulugan ng pananampalataya sa Huling Araw

Ang mga Yugto Nito

Ang Tukso sa Libingan

Ang mga Epekto ng pananampalataya Rito

Ang Pagbubuhay

Ang Pagkalap

Ang Timbangan at ang Talaan

Ang Landasin

Ang Paraiso at ang Impiyerno

Una. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa Huling Araw

Ang pananampalataya sa Huling Araw ay ang ikalimang haligi mula sa mga haligi ng pananampalataya. Ang kahulugan nito ay ang paniniwala at ang pagkilala sa lahat ng ipinabatid ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at ipinabatid ng Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) mula sa magaganap matapos ng kamatayan.

Ito ay ang pinakamarami sa mga haligi ng pananampalataya sa pagkakabanggit sa Marangal na Qur'ān. Tinawag nga ni Allāh (napakataas Siya) ang araw na ito sa maraming pangalan, na nagpapatunay sa katindihan nito at panganib nito. Kabilang sa mga pangalan nito ang Araw ng Pagbangon, ang Araw ng Pagpapasya, ang Araw ng Pagtutumbas, ang Tagakalampag, at iba pa sa mga ito.

Ikalawa. Ang mga Yugto ng Huling Araw;

Sumasaklaw ang pananampalataya sa Huling Araw sa magaganap matapos ng kamatayan gaya ng tukso sa libingan, pagbubuhay, pagkalap, pagtutuos, landasin, Paraiso, Impiyerno, at iba pa sa mga ito. Ang sumusunod ay isang pinaiksing pagpapakahulugan nito.

Ang Tukso sa Libingan

Ang ibig sabihin nito ay ang pagsusulit sa patay sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanya matapos ng paglibing sa kanya sapagkat tatanungin siya tungkol sa Panginoon niya, relihiyon niya, at propeta niya. Hinggil sa mananampalataya, sasagot siya sa mga tanong na ito. Hinggil sa tagatangging-sumampalataya o mapagpaimbabaw, magsasabi ito: "Hindi ko nalalaman."

Kapag sumagot ang tao ng pagsagot ng mananampalataya, sasabihin sa kanya: "Tumingin ka sa upuan mo sana mula sa Impiyerno, na nagpalit sa iyo si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng isang upuan mula sa Paraiso" kaya makakikita siya sa dalawang upuan. Pagkatapos siya ay magiging isang pinagiginhawa sa libingan niya hanggang sa Araw ng Pagbubuhay. Hinggil naman sa tagatangging-sumampalataya, pagdurusahin siya sa libingan niya hanggang sa Araw ng Pagbubuhay.

Ang Pagbubuhay

Sa wakas ng panahon, mag-uutos si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) kay Anghel Rafael (Isrāfil) – sumakanya ang pangangalaga – na umihip sa tambuli sa unang pag-ihip, saka mamamatay ang lahat ng nasa Sansinukob maliban sa niloob ni Allāh na mabuhay. Pagkatapos matapos ng isang patlang, mag-uutos si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) saka ihip ito sa ikalawang pag-ihip kaya babangon ang mga tao mula sa mga libingan nila para sa Panginoon ng mga nilalang. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

ثُمَّ إِنَّكُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ تُبْعَثُونَ (16)

{Pagkatapos tunay na kayo, sa Araw ng Pagbangon, ay bubuhayin.} (Qur'ān 23:16)

Ang Pagkalap

Ito ay ang pagtipon sa mga tao para sa pagtutuos matapos ng paglabas nila mula sa mga libingan nila. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

يَوْمَ تَشَقُّ الْأَرْضُ عَنْهُمْ سِرَاعًا ذَلِكَ حَشْرٌ عَلَيْنَا يَسِيرٌ (44)

{sa araw na magkakabiyak-biyak ang lupa palayo sa kanila habang nasa pagmamadali. Iyon ay isang pagkakalap, na sa Amin ay madali.}

(Qur'ān 50:44) Kakalapin ang mga tao nang nakayapak na hubad. Lalapit ang araw sa kanila saka aabot mula sa kanila ang [lalim ng] pawis ayon sa sukat ng mga gawa nila.

Ang Timbangan at ang mga Pahina

Magpapabatid si Allāh (napakataas Siya) sa mga tao ng mga gawa nila at ilalatag ang mga pahina ng mga gawa. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

وَإِذَا الصُّحُفُ نُشِرَتْ (10)

{kapag ang mga pahina ay inilatag} (Qur'ān 81:10) Kukuha ang bawat isa ng pahina niya.

Pagkatapos itutukod ang mga timbangan para magtimbang ng mga gawa ng mga tao. Nagsabi si Allāh: {Maglalagay Kami ng mga timbangang pangmakatarungan para sa Araw ng Pagbangon, kaya hindi lalabagin sa katarungan ang isang kaluluwa sa anuman. Kung ito man ay kasimbigit ng buto ng mustasa ay magtatanghal Kami nito. Nakasapat na Kami bilang Tagapagtuos.} (Qur'ān 21:47)

Ang Landasin

Ito ay isang manipis na tulay na nakatukod sa ibabaw ng Impiyerno, na higit na manipis kaysa sa buhok at higit na matalas kaysa sa tabak. Makatatawid ang mga tao rito ayon sa sukat ng mga gawa nila. Kaya ang sinumang babagsak mula rito, siya ay sa Impiyerno; at ang sinumang lalampas dito ay papasok sa Paraiso. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Itatayo ang Landasin sa pagitan ng ibabaw ng Impiyerno kaya ako at ang Kalipunan ay maging kauna-unahan sa tatawid dito."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 7437 at Imām Muslim: 182.

Ang Paraiso at ang Impiyerno

Ang Paraiso ay ang tahanan na inihanda ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) para sa mga lingkod Niya na mga mananampalatayang nangingilag magkasala. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

إِنَّ الْمُتَّقِينَ فِي جَنَّاتٍ وَعُيُونٍ (45)

{Tunay na ang mga tagapangilag magkasala ay nasa mga hardin at mga bukal.} (Qur'ān 15:45)

Hinggil naman sa Impiyerno, ito ay ang tahanan na inihanda ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) para sa mga tagatangging-

sumampalataya at mga mapagpaimbabaw. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

إِنَّ اللَّهَ لَعَنَ الْكَافِرِينَ وَأَعَدَّ لَهُمْ سَعِيرًا (64) خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا
لَا يَجِدُونَ وَلِيًّا وَلَا نَصِيرًا (65)

{Tunay na si Allāh ay sumumpa ng mga tagatangging sumasampalataya at naghanda para sa kanila ng isang liyab. Bilang mga mananatili roon magpakailanman, hindi sila makatatagpo ng isang katangkilik ni isang mapag-adya.} (Qur'ān 33:64-65)

Ikatlo. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa Huling Araw

Ang pananampalataya sa Huling Araw ay may mga epektong kaaya-aya, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

nakapipigil sa pagkatiwasay sa Mundo;

ang pagdagdag sa pagkaibig sa paggawa ng mga pagtalima;

ang pagkadagdag sa pagkasindak sa paggawa ng mga pagsuway;

ang pagkaramdam ng Muslim ng panagutan sa mga sinasabi niya at mga ginagawa niya;

ang pagpapalubag-loob sa mananampalataya kapalit ng nakaalpas sa kanya mula sa Mundo sa pamamagitan ng pagtamo ng minimithi niya na Kaghinawahan ng Kabilang-buhay at gantimpala roon.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsasaliksik ako at sasagot ako

Sa pakikilahok mo sa mga kaklase mo, repasuhin mo ang pakahulugan ng Sūrah Al-Qāri'ah.

الْقَارِعَةُ (1) مَا الْقَارِعَةُ (2) وَمَا أَذْرَاكَ مَا الْقَارِعَةُ (3) يَوْمَ
يَكُونُ النَّاسُ كَالْفَرَاشِ الْمَبْثُوثِ (4) وَتَكُونُ الْجِبَالُ كَالْعِهْنِ
الْمَنْفُوشِ (5) فَأَمَّا مَنْ ثَقُلَتْ مَوَازِينُهُ (6) فَهُوَ فِي عِيشَةٍ
رَاضِيَةٍ (7) وَأَمَّا مَنْ خَفَّتْ مَوَازِينُهُ (8) فَأُمُّهُ هَاوِيَةٌ (9) وَمَا
أَذْرَاكَ مَا هِيَةٌ (10) نَارٌ حَامِيَةٌ (11)

{1. Ang Tagakalampag. 2. Ano ang Tagakalampag? 3. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Tagakalampag? 4. Sa Araw na [iyon], ang mga tao ay magiging para bang mga gamugamong

pinakalat 5. at ang mga bundok ay magiging para bang mga lanang nahimulmol. 6. Kaya hinggil naman sa sinumang bumigat [sa kabutihan] ang mga timbangan niya, 7. siya ay nasa isang pamumuhay na nakalulugod. 8. Hinggil naman sa sinumang gumaan [sa kabutihan] ang mga timbangan niya, 9. ang kanlungan niya ay kailaliman. 10. Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano iyon? 11. [Iyon ay] isang Apoy na napakainit.}

(Qur'ān 101:1-11)

Ilan sa mga Pangalan ng Huling Araw

Ang Paglalarawan sa Kalagayan ng mga Tao sa Sandali ng Pagkalap

Ang Paglalarawan sa Kalagayan ng mga Mananampalataya

Ang Paglalarawan sa Kalagayan ng mga tagatangging-sumampalataya

Aktibidad 2: Makikilahok ako at sasagot ako.

Sa pakikilahok ng tagapagturo mo, basahin mo ang kasaysayan, pagkatapos sagutin mo ang sumusunod:

{Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa umuwi mula sa Lupain ng Etyopiya kabilang sa mga lumikas: **"Hindi ba kayo magsasanaysay sa akin hinggil sa mga kataka-taka na nakita ninyo sa Lupain ng Etyopiya?"** May nagsabing mga binata kabilang sa kanila: **"Opo, O Sugo ni Allāh. Samantalang kami ay nakaupo, may naparaan sa amin na isang matandang babaing kabilang sa matandang kababaihan ng mga monghe nila, na nagpapasan sa ulo niya ng isang pitsel ng tubig, saka naparaan siya sa isang binatang kabilang sa kanila, saka naglagay iyon ng isa sa mga kamay niyon sa pagitan ng mga balikat niya, pagkatapos itinulak siya niyon kaya bumagsak siya sa mga tuhod niya saka nabasag ang pitsel niya. Noong nakaangat siya, lumingon siya roon saka nagsabi: 'Malalaman mo, O sukab, kapag inilagay ni Allāh ang silya at tinipon Niya ang mga una at ang mga huli at nagsalita ang mga kamay at ang mga paa hinggil sa dating nakakamit nila: malalaman mo kung papaano ang naukol sa akin at ang naukol sa iyo sa piling Niya nang maaga.'**" Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Nagsabi siya ng totoo. Nagsabi siya ng totoo."**} Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah: 4010.

Maglagay ka ng isang pamagat na naaangkop para sa ḥadīth.

Humango ka ng epekto ng pananampalataya sa Huling Araw mula sa kasaysayang ito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Kakalapin ang mga tao habang nakasuot ng mga damit nila nang sa gayon hindi malantad ang mga kahubaran nila.

Makatatawid ang mga tao sa Landasin ayon sa sukat ng mga gawa nila.

Sa ikalawang pag-ihip, mamatay dahil dito ang lahat ng nilikha.

Magiginhawahan ang mananampalataya sa libingan niya hanggang sa Araw ng Pagbuhay.

Titimbangin ang mga gawa matapos ng pagtanggap ng mga pahina [ng gawa].

PANUTO 2: Ilagay mo ang mga sumusunod na salita sa harap ng naangkop sa mga ito na mga pararila:

(ang pagkalap - ang libingan - ang pagbubuhay - ang landasin).

Ang libingan ay: ang una sa mga yugto ng Kabilang-buhay.

Ang landasin ay: ang tulay na itinukod sa ibabaw ng Impiyerno.

Ang pagkalap ay; ang pagtipon ng mga tao para sa pagtutuos.

Ang pagbubuhay ay: ang pagbibigay-buhay sa mga patay mula sa mga libingan nila.

PANUTO 3: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Papaanong nagsasakatotohanan ang Muslim ng pananampalataya sa Huling Araw?

Magbigay-liwanag ka sa epekto ng pananampalataya sa Huling Araw sa pagpapakatuwid ng mananampalataya at pag-iwan niya ng mga masagwang gawa.

5. Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda at ang mga Epekto Nito

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng kahulugan ng pananampalataya sa pagtatakda;

makapag-isa-isa ka ng mga antas ng pananampalataya sa pagtatakda;

makapagbigay-patunay ka na ang pananampalataya sa pagtatakda ay hindi nangangahulugan ng pag-iwan ng paggawa;

makapagbigay-liwanag ka sa mga bunga ng pananampalataya sa pagtatakda;

makapagsadamdamin ka ng kahulugan ng pananampalataya sa pagtatakda sa buhay ng Muslim;

malugod ka sa pagtatadhana ni Allāh at pagtatakda Niya (napakataas Siya).

Aktibidad na Pang-umpisa

Kapatid kong mag-aaral, tayo ay nasa ikaanim at huling haligi ng mga haligi ng pananampalataya kaya isaalaala mo ang nalalabi sa mga haligi, pagkatapos isulat mo ang mga ito sa anyong ito:

Una. Ang Kahulugan ng Pananampalataya sa Pagtatakda:

Ang pananampalataya sa pagtatakda ay ang tiyakang paniniwala na ang bawat anumang nagaganap na kabutihan o kasamaan ay kabilang sa nalaman ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), itinala Niya, at ninais Niya.

Ikalawa. Ang mga Antas ng Pananampalataya sa Pagtatakda:

Ang pananampalataya sa pagtatakda ay naglalaman ng apat na antas:

Ang antas ay tumutukoy sa patunay.

Ang Kaalaman:

Ang pananampalataya na si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay nakaalam nga sa bawat bagay sa kabuuan at sa detalye:

أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ اللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ

{Hindi ka ba nakaalam na si Allāh ay nakaaalam sa anumang nasa langit at lupa. Tunay na iyon ay nasa isang aklat. Tunay na iyon kay Allāh ay madali.} (Qur'ān 22:70)

Ang Pagtala: Ang pananampalataya na si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay nagtala ng mga naitakda sa bawat bagay sa Tablerong Pinag-iingatan:

إِنَّ ذَلِكَ فِي كِتَابٍ إِنَّ ذَلِكَ عَلَى اللَّهِ يَسِيرٌ

{Tunay na iyon ay nasa isang talaan. Tunay na iyon kay Allāh ay madali.} (Qur'ān 22:70)

Ang Kalooban: Ang pananampalataya na ang lahat ng nangyayari sa Sansinukob na ito ay nagaganap ayon sa kalooban ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan):

وَمَا تَشَاءُونَ إِلَّا أَنْ يَشَاءَ اللَّهُ رَبُّ الْعَالَمِينَ (29)

{at hindi kayo magloloob maliban na lumuob si Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang.} (Qur'ān 81:29)

Ang Paglikha: Ang pananampalataya na si Allāh (napakataas Siya) ay Tagalikha ng bawat bagay, na kabilang doon ang mga gawa ng mga tao sa kabuuan nito: ang kabutihan sa mga ito at ang kasamaan sa mga ito:

ذَلِكُمُ اللَّهُ رَبُّكُمْ خَالِقُ كُلِّ شَيْءٍ

{Gayon si Allāh, ang Panginoon ninyo na Tagalikha ng bawat bagay. Walang Diyos kundi Siya, kaya paanong nalilintang kayo?} (Qur'ān 81:62)

Ikatlo. Ang Pananampalataya sa Pagtatakda at ang Paggamit ng mga Kadahilanan

Ang pananampalataya na si Allāh (napakataas Siya) ay nagtakda sa bawat bagay ay hindi sumasalungat sa pagpupunyagi at paggamit ng mga kadahilanan; bagkus ang pananampalataya sa pagtatakda ay nagtutulak sa mananampalataya sa

pagpupunyagi sa gawain dahil sa pamamagitan ng paggawa nagtatamo siya ng itinakda ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) para sa kanya: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang kabilang sa inyo na anumang kaluluwa malibang nalaman na ang tahanan niya sa Paraiso at Impiyerno."** Nagsabi sila: **"O Sugo ni Allāh, kaya bakit ba tayo gumagawa? Kaya bakit ba hindi tayo sumasalig [sa naitakda lamang]?"** Nagsabi siya: **"Hindi; gumawa kayo sapagkat ang bawat isa ay pinadali para sa kung ano ang nilikha para sa kanya."**} Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1362 at Imām Muslim: 2647.

Ang sinumang nagbulay-bulay sa mga talambuhay ng mga propeta at mga taong maayos ay luminaw sa kanya iyon.

Si Propeta Noe (sumakanya ang pangangalaga) ay itinulak ng pananampalataya niya sa paggamit ng mga kadahilanan kaya yumari siya ng daong, na nagligtas sa kanya si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pamamagitan nito mula sa gunaw.

Si Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa paglikas niya patungo sa Madīnah ay hindi hinadlangan ng pananampalataya niya sa pagtatakda sa paggamit ng mga kadahilanan, paghahanda ng paglikas, at pagkubli sa mga mata ng mga tagapagtambal

hanggang sa nalubos para sa kanya ang marangal na paglikas.

Ikaapat. Ang mga Epekto ng Pananampalataya sa Pagtatakda

Ang paglalakas-loob sa katatagan at katiyakan sa mabibigat na mga pangyayari at ang paggawa nang may sigla sa anumang nagpapalugod kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa buhay na ito.

Pumupuksa ito sa marami sa mga sakit na nagpapaguho sa mga lipunan at nagtatanim ng pagkamuhi gaya ng inggit, kaya naman ang mananampalataya ay hindi naiinggit dahil siya ay nakaaalam na kapag naiinggit siya sa iba sa kanya ay tumututol lamang sa naitakda.

Nagkikintal ito sa kaluluwa ng mananampalataya ng maraming katotohanan ng pananampalataya. Kaya naman siya ay palagian ang pagpapatulong kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sapagkat sumasandal siya kay Allāh at nananalig sa Kanya, kasama ng pamamalagi ng pangangailangan kay Allāh (kapita-pitagan Siya at napakataas).

Ang pagkalugod, ang pagtitiis, ang pagtigil sa pagkainis, at ang pagkabagabag dahil ang mananampalataya ay nakaaalam na ang bawat dumadapo sa kanya na pinsala, ito ay dahil sa pagtatakda ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at

kapita-pitagan) at isang pagsubok mula kay Allāh. Kaya naman hindi siya nalulungkot at hindi siya nawawalan ng pag-asa; bagkus umaasa siya ng gantimpala at nagtitiis.

Ang pagpapakumbaba at ang pagkalayo sa pagmamalaki at kapalaluan dahil ang mananampalataya dahil sa pagtatakda ay nakatitiyak na ang anumang nasa kanya na biyaya ay mula kay Allāh (napakataas Siya) at hindi dahil sa talino niya at kagandahan ng pangangasiwa niya, kaya nagpapasalamat siya kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa biyaya.

Ang tagapag-anyaya tungo kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay naglalantad ng pag-aanyaya niya at hindi nangangamba alang-alang kay Allāh sa paninisi ng isang tagasisi, kaya naglilinaw siya sa mga tao ng reyalidad ng pananampalataya, nagbibigay-liwanag sa kanila ng mga reyalidad nito, at nagbubunyag sa kabulaanan at mga alagad nito nang walang pangamba o pagkasindak.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbibigay ako ng payo.

Kung sakaling mayroon kang isang kaibigang nagpunyagi upang magkamit ng isang anumang premyo ngunit nagdaan ang mga araw at sa kabila ng pagpupunyagi niya ay hindi siya nagkamit ng

premyong iyon kaya naman nalungkot siya nang matinding pagkalungkot. Magsulat sa kuwaderno mo ng isang payo para sa kaibigang ito sa pamamagitan ng natutuhan mo sa araling ito.

Aktibidad 2: Makikilahok ako at sasagot ako.

Naglahad ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na pinakakahanga-hanga sa mga halimbawa ng pagkalugod sa pagtatakda ni Allāh (napakataas Siya) sapagkat nagsabi siya:

"Tunay na ang mata ay lumuluha at ang puso ay nalulungkot. Hindi tayo nagsasabi maliban ng anumang nagpapalugod sa Panginoon natin. Tunay na kami sa pakikipaghiwalay sa iyo, O Ibrāhīm, ay talagang mga nalulungkot."

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 1303 at Imām Muslim: 2315.

Magsaliksik ka tungkol sa pangyayari na nagsabi kaugnay rito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagkakasabing ito. Pagkatapos magtala ka sa kuwaderno mo ng mga nararamdaman mo tungo sa pangyayaring ito

kaugnay sa pagkamatay ng anak niyang si Ibrāhīm (malugod si Allāh sa kanya).

Aktibidad 3: Magbubulay-bulay ako at maghuhulo ako.

Magbulay-bulay sa mga sumusunod na teksto at maghulo ka ng ipinahihiwatig nito na mga antas ng pananampalataya sa pagtatakda:

اللَّهُ خَالِقُ كُلِّ شَيْءٍ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ وَكِيلٌ (62)

{Si Allāh ay ang Tagalikha ng bawat bagay at Siya sa bawat bagay ay Pinananaligan.}

(Qur'ān 39:62)

Ang antas ng paglikha.

وَأَنَّ اللَّهَ قَدْ أَحَاطَ بِكُلِّ شَيْءٍ عِلْمًا (12)

{Na si Allāh ay nakasaklaw sa bawat bagay sa kaalaman.}

(Qur'ān 65:12)

Ang antas ng kaalaman.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Nagtala si Allāh ng mga itinakda sa mga nilikha limāmpung libong taon bago likhain ang mga langit at ang lupa.}** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2653.

Ang antas ng pagtatala.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Magdugtong ng bawat salita mula sa kulumna A sa kahulugan nito sa kulumna B

Kulumna A - Kulumna B

(1) Ang antas ng kalooban na tinutukoy: (2) Ang pananampalataya na si Allāh ay Maalam sa bawat bagay sa buod at sa detalye.

(2) Ang antas ng kaalaman na tinutukoy: (4) Ang pananampalataya na si Allāh ay nagtala ng mga naitakda sa bawat bagay sa Tablerong Pinag-iingatan.

(3) Ang antas ng paglikha na tinutukoy: (1) Ang pananampalataya na ang lahat ng nangyayari sa Sansinukob na ito ay nangyayari ayon sa kalooban ni Allāh.

(4) Ang antas ng pagtatala na tinutukoy: (3) Ang pananampalataya na si Allāh ay Tagalikha ng bawat bagay, na kabilang dito ang mga gawa ng mga tao.

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng narito na mga kamalian:

Ang pananampalataya sa pagtatakda ay bahagi ng mga tagakumpleto ng pananampalataya.

Ang pananampalataya sa pagtatakda ay bahagi ng mga haligi ng pananampalataya.

Nagtakda si Allāh (napakataas Siya) sa mga mananampalatayang lingkod Niya ng kabutihan hindi ng kasamaan.

Nagtakda si Allāh (napakataas Siya) sa mga mananampalatayang lingkod Niya ng kabutihan at kasamaan.

Lumikha si Allāh ng langit, pagkatapos nagtala Siya ng mga naitakda sa mga maninirahan sa lupa.

Nagtala si Allāh ng langit, pagkatapos nagtala Siya ng mga naitakda sa mga maninirahan sa lupa.

PANUTO 3: Magbigay-liwanag ka sa epekto ng pananampalataya sa Muslim sa mga sumusunod na kalagayan:

Kapag nagbigay sa kanya si Allāh (kamahalmahan Siya at kapita-pitagan) ng isang biyaya.

Kapag dinapuan siya ng isang kasawian.

Kapag nakita niya sa iba pa sa kanya na higit na marami sa mga yaman kaysa sa kanya.

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Ang katapangan at ang kapanatagan ay may kaugnay sa pananampalataya sa pagtatakda. Magbigay-liwanag ka niyon.

Magbigay-liwanag ka sa pinapakay ng pananampalataya sa pagtatakda.

Ang pananampalataya sa pagtatakda ay hindi nangangahulugan ng pag-iwan ng paggawa. Magbigay-linaw ka niyon kasama ng pagbanggit ng mga patunay.

Ang Ikaapat na Yunit

Ang Fiqh ng mga Patakaran (1)

Ang Fiqh ng Ṭahārah (1)

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbuod ka ng pinakamahalaga sa mga patakaran sa tubig at pag-aalis ng najāsah;

makapagbigay-liwanag ka ng mga tagasira ng wuḍū';

makapag-isa-isa ka ng mga tungkulin sa wuḍū' at mga sunnah nito;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng ṭahārah;

makapagsagawa ka ng wuḍū' sa isang tumpak na pamamaraan.

Ang mga Patakaran sa Tubig at Wuḍū

Ang mga Uri ng Tubig

Ang Pag-aalis ng mga Najāsah

Ang mga Tagasira ng Wuḍū'

Ang mga Tungkulin sa Wuḍū'

Ang mga Sunnah ng Wuḍū'

Ang ṣalāh ay ang poste ng Relihiyon, ang pinakamahalaga sa mga haligi ng Islām matapos ng Dalawang Pagsaksi, at tungkulin ng individuwal na bāligh (nasa tamang edad) na `āqil (matino ang pag-iisip). Isinasakundisyon para rito ang ṭahārah mula sa ḥadath at najas. Dahil doon, magsisimula tayo sa pag-aaral ng mga ito bago mag-aral ng fiqh ng ṣalāh.

Una. Ang mga Uri ng mga Tubig

Kinakailangan ang magsagawa ng wuḍū' sa pamamagitan ng tubig. Dahil doon, mag-aaral tayo ng mga uri ng mga tubig upang makaalam tayo sa kaibahan ng tubig, na isinasabatas sa pagsasagawa ng wuḍū', sa iba pang tubig.

Ang tubig na ṭahūr (naipandadalisa) ay ang tubig na nananatili sa orihinal na pagkakalikha nito at hindi nagbago dahil sa pagkahalo ng anuman dito. Halimbawa: ang tubig ng ulan at balon.

Ito ay tubig na dalisa sa sarili nito at nakapagdadalisa ng iba at hindi natutumpak ang wuḍū' ni ang ghusl maliban sa pamamagitan nito.

Kapag may humalo sa tubig na isang bagay na dalisay, naalis rito ang katawagang tubig, tulad ng tsaa at juice, kaya hindi pinapayagan ang pagpapakadalisa sa pamamagitan nito dahil ito ay hindi na tubig.

Ito ay tubig na dalisay sa sarili nito subalit ito ay hindi nakapagdadalisa ng iba, kaya hindi isinasabatas ang paggamit nito sa ṭahārah.

Ang tubig na najis ay ang tubig na nagbago ang kulay o ang lasa o ang amoy dahil sa najāsah tulad ng tubig ng imburnal.

Ang tubig na ito ay hindi dalisay at hindi nakapagdadalisa, kaya hindi natutumpak ang paggamit nito sa ṭahārah ni sa iba pa gaya ng sa pag-inom.

Ikalawa. Ang Pag-alis ng Najāsah

Kinakailangan sa Muslim ang magdalisay ng lugar ng ṣalāh at gayon din ang magdalisay ng katawan niya at damit niya mula sa najāsah. Nagsabi si Allāh:

وَتَيَّابَكَ فَطَهِّرْ (4)

{Sa mga damit mo ay magdalisay ka.} (Qur'ān

74:4)

Para malaman ang mga najāsah at ang paraan ng pag-aalis ng mga ito, tingnan ang talahanayang ito:

Ang uri ng Najāsah na Tinutukoy - Ang Paraan ng Pagdadalisay Nito

Pisikal. Ang anumang sa sarili nito ay najis, tulad ng tae na hindi maaaring madalisay dahil ang sarili nito ay najis.

Legal. Ang mga bagay na ṭāhir na dinapuan ng najāsah, tulad ng damit na nalagyan ng ihi, [na magiging ṭāhir] sa pamamagitan ng pag-alis ng najāsah sa paghugas nito sa pamamagitan ng tubig o iba pa rito na mga panlinis.

Ikatlo. Ang mga Tungkulin sa Wuḍū'

Ang mga tungkulin sa wuḍū' ay pito, na hindi natutumpak ang wuḍū' kundi sa pamamagitan ng mga ito. Ang mga ito ay:

1. Ang layunin: magpapakay ang Muslim na magsagawa ng wuḍū'.

2. Ang paghuhugas ng buong mukha (isang larawan ng mukha, na tinakdaan dito ang mga hangganan).

3. Ang paghuhugas ng mga kamay hanggang sa lampas sa mga siko (isang larawan ng kamay, na nililiwanag dito ang siko).

4. Ang pagpahid ng ulo sa pamamagitan ng pagpaparaan ng kamay, na binasa ng tubig, sa ulo.

5. Ang paghuhugas ng mga paa hanggang sa lampas sa mga bukungbukong (isang larawan ng paa, na nililiwanag dito ang mga bukungbukong).

6. Ang pagkakasunud-sunod ng mga bahagi sa pamamagitan ng paghuhugas ng mukha, pagkatapos mga kamay hanggang sa lampas ng mga siko, pagkatapos pagpahid ng ulo, pagkatapos paghuhugas ng mga paa.

7. Ang pagtutuluyan, na pagsusunuran ng mga gawain ng wuḍū' kaya walang maghihiwalay sa mga ito na isang matagal ng paghinto.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِذَا قُمْتُمْ إِلَى الصَّلَاةِ فَاغْسِلُوا وُجُوهَكُمْ
وَأَيْدِيَكُمْ إِلَى الْمَرَافِقِ وَامْسَحُوا بِرُءُوسِكُمْ وَأَرْجُلَكُمْ إِلَى الْكَعْبَيْنِ

{O mga sumampalataya, kapag tumayo kayo patungo sa pagdarasal ay maghugas kayo ng mga mukha ninyo, mga kamay ninyo hanggang sa mga siko – humaplos kayo sa mga ulo ninyo – at mga paa ninyo hanggang sa mga bukungbukong.}
(Qur'ān 5:6)

Ikaapat. Ang mga Sunnah sa Wuḍū'

Ang mga sunnah sa wuḍū' ay marami. Kabilang sa mga ito:

* Ang pagsambit ng bismi -llāh (Sa ngalan ni Allāh).

* Ang paghuhugas ng mga palad sa simula ng wuḍū' at kinakailangan ang paghuhugas sa mga ito kung sa mga ito ay may marumi.

* Ang maḍmaḍah (pagmumumog) at ang istinshāq (pagsinghot at pagsinga ng tubig).

* Ang paggamit ng siwāk. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Kung sakaling hindi ako makapagpahirap sa Kalipunan ko, talagang nag-utos sana ako sa kanila na gumamit ng siwāk kasama ng bawat pagsasagawa ng wuḍū'."** (Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad: 7412.)

* Ang pagpahid sa mga tainga kasama ng pagpahid sa ulo.

Ang Pagkakanan {**Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nakaiibig sa pagkakanan sa pagkakanan sa pagsasapatos niya, pagsusuklay niya, at pagdadalisay niya, at sa gawain niya sa kabuuan nito.**} Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 168 at Imām Muslim: 268.

Ikalima. Ang mga Tagasira ng Wudū'

Ang lahat ng lumalabas sa dalawang labasan ng dumi, ṭāhir man o najis, tulad ng ihi at utot. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"hindi siya lilisan hanggang sa makarinig siya ng isang tunog o makatagpo siya ng isang amoy."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 137 at Imām Muslim: 361.

Ang pagsaling ng kamay sa ari nang walang harang gaya ng tela o tulad nito. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang sumaling ng ari niya ay magsagawa ng wudū'."** Nagsalaysay nito sina Imām An-Nasā'ī: 444 at Imām Ibnu Mājah: 481.

Ang paglaho ng isip dahil sa pagkatulog o pagkalango o pagkalasing o pagkawala ng malay o pagkabaliw ngunit hindi nakapipinsala sa wudū' ang kaunting pagkaidlip ng isang nakatindig o isang nakaupo.

Ang pakikipagtalik ay isang tagasira ng wudū' at isang tagapag-obliga ng paligo. Nagsabi si Allāh:

أَوْ جَاءَ أَحَدٌ مِنْكُم مِّنَ الْغَائِطِ أَوْ لَامَسْتُمُ النِّسَاءَ فَلَمْ تَجِدُوا مَاءً
فَتَيَمَّمُوا صَعِيدًا طَيِّبًا

{o dumating ang isa sa inyo mula sa palikuran,
o sumaling kayo ng mga babae at hindi kayo

nakatagpo ng tubig, ay magsadya kayo sa isang
lupang kaaya-aya} (Qur'ān 4:43)

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbubulay-bulay ako at
maghahango ako.

Ayon kay Ḥumrān na kapanalig ni `Uthmān: {Si
`Uthmān ay nagpakuha ng tubig ng wuḍū'.
Kaya nagbuhos sa mga kamay niya mula sa
lalagyan niya, saka naghugas siya ng mga ito
nang tatlong ulit. Pagkatapos nagpasok siya ng
kanang kamay niya sa tubig ng wuḍū'.
Pagkatapos nagmumog siya at suminghot [ng
tubig] at suminga. Pagkatapos naghugas siya
ng mukha niya nang tatlong ulit at ng mga
kamay niya hanggang sa siko nang tatlong ulit.
Pagkatapos nagpahid siya sa ulo niya.
Pagkatapos naghugas siya ng bawat paa niya
nang tatlong ulit. Pagkatapos nagsabi siya:
"Nakakita ako sa Propeta (basbasan siya ni
Allāh at pangalagaan) na nagsasagawa ng
wuḍū' tulad ng wuḍū kong ito." Nagsabi pa
siya: "Ang sinumang nagsasagawa ng wuḍū'
tulad ng wuḍū kong ito, pagkatapos nagdasal
siya ng dalawang rak`ah, na hindi siya
kumakausap sa sarili niya sa pagsasagawa ng
dalawang ito, magpapatawad si Allāh sa kanya
ng nauna mula sa pagkakasala niya."}

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 164 at Imām Muslim: 226. Sa pakikipagtulungan kasama ng dalawa sa mga kaklase mo, sagutin mo ang sumusunod:

Maglagay ka ng isang pamagat na naaangkop para sa ḥadīth.

Hanguin mo ang mga tungkulin sa wuḍū' at ang mga sunnah nito na nasasaad sa ḥadīth.

Ang mga tungkulin: ang paghuhugas ng mukha . ang paghuhugas ng mga kamay hanggang sa lampas sa mga siko . ang pagpahid sa ulo . ang paghuhugas ng mga paa

Ang mga sunnah: ang paghuhugas ng mga palad . ang maḍmaḍah (pagmumumog) at ang istinshāq (pagsinghot at pagsinga ng tubig) . ang paghuhugas ng bahaging hinuhugasan nang tatlong ulit.

Karagdagan sa nalaman mo mula sa mga sunnah ng wuḍū', magsaliksik ka ng mga iba pang sunnah na hindi nasaad sa aralin.

Nagpahiwatig ang ḥadīth na ito sa isang kainaman mula sa mga kainaman ng wuḍū'. Ano ito?

Aktibidad 2: Makikilahok ako at magmamasid ako.

Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo, magsasagawa ang isa sa mga estudyante ng paglalarawan ng pamamaraan ng pagsasagawa ng wuḍū' at magsasagawa ang nalalabi sa grupo ng pagtatasa (assessment) at paglilinaw sa taglay nito na kakulangan o depekto.

Aktibidad 3: Maghahango ako at magsasaliksik ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Magtuturo ba ako sa inyo ng ipinampapawi ni Allāh sa mga kasalanan at ipinang-aangat Niya sa mga antas? Nagsabi sila: "Opo, O Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Ang paglubus-lubos sa pagsasagawa ng wuḍū' sa mga mahirap na sandali, ang dami ng paghakbang tungo sa mga masjid, at ang paghihintay sa ṣalāh matapos ng [naunang] ṣalāh. Iyon ay ang pagbibigkis [ng sarili kay Allāh]."**¹ Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 251. Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo:

¹ Ang paglubus-lubos sa pagsasagawa ng wuḍū': ang pagkumpleto nito at ang pangangalaga rito. Ang mga mahirap na sandali: ang lahat ng kalagayan na pumipilit ang tao dahil sa mga ito sa sarili niya sa pagsasagawa ng wuḍū', gaya ng sa katindihan ng ginaw o pananakit ng katawan o iba pa roon.

Hanguin mo ang kalamangan ng paglubus-lubos sa pagsasagawa ng wuḍū' mula sa ḥadīth.

Ang pagpawi ng mga kasalanan at ang pag-angat ng mga antas.

Ipinagsama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang wuḍū' at ang ṣalāh, kaya ano ang tagapag-ugnay sa dalawang ito?

Ang wuḍū' ay kabilang sa mga kundisyon ng katumpakan ng ṣalāh kaya walang ṣalāh na walang ṭahārah.

Magsaliksik ka ng mga iba pang kainaman ng wuḍū' na iba pa sa nabanggit sa ḥadīth.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang ṭāhir ay ang lumalabas sa dalawang labasan ng dumi – gaya ng utot – ay hindi nakasisira ng wuḍū'.

Ang paghuhugas ng dalawang paa hanggang sa lampas sa mga bukungbukong ay bahagi ng mga tungkulin sa wuḍū'.

Ang pakikipagtalik ay isang tagapag-obliga ng ghusl, na hindi isang tagasira ng wuḍū'.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang mga bagay na najis sa sarili ng mga ito ay nakikilala bilang najāsah na:

(legal - minariin - pisikal).

Ang pagtutuluyan sa pagsasagawa ng wuḍū' ay kabilang sa

(mga tungkulin - mga tagasira - mga sunnah).

Ang pagsusunud-sunod ng mga bahagi ng wuḍū' ay:

(kinakailangan - sunnah - pinapayagan).

Kabilang sa mga tagasira ng wuḍū':

(ang kaunting pagkaidlip - ang paglabas ng ihi - ang maraming pagtawa).

Kabilang sa mga sunnah ng wuḍū':

(ang layunin - ang paghuhugas nang apat na ulit - ang pagpahid sa tainga).

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang patunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

Ang pagkakinakailangan ng pag-alis ng najāsah.

Ang pagsaling sa ari nang walang harang ay nakasisira ng wuḍū'.

Ang paggamit ng siwāk ay kabilang sa mga sunnah ng wuḍū'.

PANUTO 4: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Maghambing ka sa pagitan ng mga uri ng mga tubig sa punto ng kahatulan.

Magbigay-liwanag ka sa pamamaraan ng pag-aalis ng najāsah na legal

2. Ang Fiqh ng Ṭahārah

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbuod ka ng mga kundisyon ng tayammum at katangian nito;

makaalam ka sa kaibahan sa pagitan ng mga patakaran ng pagpahid sa medyas at benda;

makapagbigay-liwanag ng mga patakaran ng ghusl (paligo);

makapagsadamdamin ka sa kadakilaan ng Islām sa pagpapadali sa mga Muslim;

makapagsagawa ka ng tayammum at ghusl sa isang tumpak na pamamaraan.

Pauna

Pumunta sina Khālid at `Umar sa isang pamamasyal sa disyerto. Noong sumapit ang oras ng ṣalāh na ḍuhr, hindi sila nakatagpo ng tubig para sa wuḍū', kaya nagsabi si Khālid: "Maghintay tayo hanggang sa makauwi tayo mamayang gabi at magdasal tayo ng mga ṣalāh nang minsanan." Kaya nagpabatid sa kanya si `Umar na kailangan sa kanilang dalawa ang magsagawa ng tayammum sa pamamagitan ng alabok at magsagawa ng ṣalāh sa oras nito. Ngayon ay matututuhan natin ang pamamaraan at ang mga kundisyon ng pagsasagawa ng tayammum.

Una. Ang Tayammum

Tatlong Anyo ng Pagsasagawa ng Tayammum

1. Isang larawan ng isang lalaking tumatapik sa lupa.
2. Isang larawan ng isang lalaking nagpapahid ng mga kamay niya.
3. Isang larawan ng isang lalaking nagpapahid ng mukha niya.

Ang tayammum ay ang pagpahid sa mukha at mga kamay ng dalisay na lupa sa paglalayong magsagawa ng ṭahārah.

Ang [tinutukoy na] lupa ay ang anumang pumaibabaw sa balat ng lupa na alabok, buhangin, at iba pa rito.

Ang tayammum ay isinabatas bilang pamalit sa wuḍū' o ghusl sa mga sumusunod na kalagayan:

Sa sandali ng hindi pagkakaroon ng tubig. Nagsabi si Allāh:

فَلَمْ تَجِدُوا مَاءً فَتَيَمَّمُوا صَعِيدًا طَيِّبًا فَامْسَحُوا بِوُجُوْهِكُمْ وَأَيْدِيكُمْ

{saka hindi kayo nakatagpo ng tubig, ay magsadya kayo sa isang lupang kaaya-aya saka humaplos kayo sa mga mukha ninyo at mga kamay ninyo.} (Qur'ān 4:43)

Sa sandali ng pangangamba sa kapinsalaang maidudulot ng paggamit ng tubig tulad ng maysakit na kung sakaling gumamit ng tubig ay lalala ang sakit niya o sa sandali ng pagkakaroon ng matinding ginaw at walang maipang-iinit ng tubig.

Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Tayammum

Sasambit ng: "bismi –llāh," pagkatapos magtatapik sa lupa sa pamamagitan ng mga kamay nang iisang pagtapik.

Magpapahid sa ibabaw ng kanang kamay sa pamamagitan ng kaliwang palad, pagkatapos magpapahid sa ibabaw ng kaliwang kamay sa pamamagitan ng kanang palad.

Magpapahid ng mukha sa pamamagitan ng mga kamay nang iisang ulit.

{Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Ammār bin Yasār: "Tanging sasapat sa iyo ang ganito." Saka tumapik ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng mga palad niya sa lupa at umihip siya sa mga ito, pagkatapos nagpahid siya ng mga ito sa mukha niya at mga kamay niya.}

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 338 at Imām Muslim: 368.

Ang Pagpupunas sa Khuff

Ang khuff ay ang isinusuot sa mga paa, na yari sa katad at tulad nito. Napaloloob dito ang medyas na niyari mula sa tela.

Ang pagpahid sa khuff ay isang permisong pinapayagan sa alinmang oras. **Ayon kay Al-Mughirah bin Shu`bah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ako minsan ay kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang paglalakbay, saka bumaba ako upang magtanggall ng mga khuff niya ngunit nagsabi siya: "Hayaan mo ang mga iyan sapagkat tunay na ako ay nagpasok ng mga iyan habang mga dalisay [ang mga paa]."} Kaya nagpahid siya sa mga ito.}** Nagsalaysay

nito sina Imām Al-Bukhārīy: 206 at Imām Muslim: 274.

Ang mga Kundisyon ng Paghahaplos sa mga Medyas:

Isang larawan ng isang lalaking nagsusuot ng medyas nang mababa sa bukungbukong.

Una. Na magsuot nito habang nasa ṭahārah;

Ikalawa. Na makapagtakip ng mga paa kasama ng mga bukungbukong;

Ikatlo. Na ang khuff ay maging ṭāhir.

Ikaapat. Na ang pagpahid ay nasa sandali ng yugtong tinakdaan, na isang araw at isang gabi para sa residente at tatlong araw at mga gabi ng mga ito para sa manlalakbay. Nagsisimula ang yugto mula sa unang sandali ng pagpahid dito sapagkat ayon kay `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **"Nagtalaga ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng tatlong araw at mga gabi ng mga ito para sa manlalakbay at isang araw at isang gabi para sa residente."** Naglalaysay nito si Imām Muslim: 276.

Ikalima. Na ang pagpahid ay maging habang nasa bisa ng wuḍū' hindi ng ghusl. **Ayon kay Ṣafwān bin `Assāl (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nag-uutos noon sa**

amin, kapag kami ay naglalakbay, na huwag kaming mag-alis ng mga khuff namin nang tatlong araw at mga gabi ng mga ito maliban sa janābah.} Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 96 at Imām An-Nasā'īy: 127.

Ang Pamamaraan ng Pagpahid

Isang larawan ng isang lalaking nagpapahid sa medyas.

Magpapahid sa pinakaibabaw ng khuff magmula sa mga daliri ng mga paa hanggang sa mga binti sa pamamagitan ng kapwa kamay habang ang mga ito ay nabasa ng tubig. Ang pagpapahid ay iisang ulit. Hindi magpapahid sa ilalim ng khuff.

Ikatlo. Ang Pagpahid sa Benda

Isang larawan ng isang paang napilay at may benda.

Ang benda ay ang inilalagay sa isang bahagi ng katawan ng tao dahil sa isang pangangailangan tulad ng plaster na inilalagay sa pilay o mga bendahe na inilalagay sa mga sugat o anumang nakawangis niyon.

Ang pagpahid sa benda ay pinapayagan. Ito ay kabilang sa mga anyo ng pagpapagaan ng Sharī'ah at pagpawi ng pagkaasiwa sa mga may maidadahilan. Nagsabi si Allāh:

وَمَا جَعَلَ عَلَيْكُمْ فِي الدِّينِ مِنْ حَرَجٍ

{at hindi Siya naglagay sa inyo sa relihiyon ng anumang pagkaasiwa} (Qur'ān 22:78)

Ang pagpahid sa benda ay isang permisong pinapayagan sa wuḍū' at ghusl sa kalagayan ng pagkakaroon ng dahilan. Kapag naglaho ang pangangailangan dito, kinakailangan ang pag-aalis nito.

Ang Pamamaraan ng Pagpahid sa Benda

Huhugasan ang mga bahaging malusog at huhugasan gayon din ang nasa paligid ng benda. Papahiran ang benda sa lahat ng mga bahagi nito, kasama ng kamalayan na ito ay hindi nangangailangan ng pagpahid sa anumang lumampas sa bahagi ng pinagsasagawaan ng wuḍū'.

Ikaapat. Ang Ghusl

Kinakailangan ang ghusl (paligo) dahil sa janābah, maging ito man ay dahil sa isang pakikipagtalik o paglabas ng punlay dahil sa isang pagnanasa o dahil sa wet dream.

Itinuturing na kaibig-ibig ang ghusl sa araw ng Biyernes at dalawang `īd.

Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Ghusl

Ang ghusl na bastante ay sasapat dito na maglubos ng pagbasa sa buong katawan ng tubig kasama ng layunin na pumawi ng ḥadath.

Ang ghusl na kumpleto ay sumasaklaw sa sumusunod:

na maglayon na pumawi ng ḥadath, pagkatapos sasambit ng bismi -llāh, maghuhugas ng mga kamay nang tatlong ulit, at maghuhugas ng ari para maalís ang karumihan;

magsagawa ng wuḍū' para sa ṣalāh;

magbuhos ng tubig sa ulo nang tatlong ulit, magkuskos ng buhok nang sa gayon umabot ang tubig sa mga tinutubuan ng buhok;

maglubos ng pagbasa sa katawan ng tubig at magsimula sa kanang kalahati ng katawan, pagkatapos sa kaliwa naman.

Ayon sa ina ng mga mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag naligo siya dahil sa janābah, ay naghuhugas ng mga kamay niya at nagsasagawa ng wuḍū' para sa ṣalāh, pagkatapos naliligo, pagkatapos nagsisingit ng kamay niya sa buhok niya. Hanggang sa nang nakatiyak siya na siya ay nakabasa na ng anit nito, nagbubuhos siya rito ng tubig nang

tatlong ulit, pagkatapos naghuhugas siya ng nalalabi sa katawan niya.}

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 248 at Imām Muslim: 316.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsasaliksik ako at magpapakatiyak ako

Magsaliksik ka tungkol sa kahatulan sa mga sumusunod na usapin, pagkatapos maglahad ka ng nahantong mo sa tagapagturo mo upang makatiyak ka sa katumpakan ng kahatulan.

Naghugas si Ibrāhīm ng mukha niya at mga kamay niya, pagkatapos narinig niya ang adhān kaya nagpasya siya na magkumpleto ng wuḍū', kaya magsisimula ba siya ng pagsasagawa ng wuḍū' mula sa simula nito o kukumpletuhin niya ang nahugasan niya?

Nagsimula si Sa`īd sa pagsasagawa ng wuḍū' at matapos maghugas ng mukha niya, natigil ang tubig, pagkatapos nanumbalik ito matapos ng kalahating oras, kaya magkukumpleto ba si Sa`īd ng pagsasagawa ng wuḍū' o magsisimula muli?

Naglakbay si Muḥammad sa isang malayong lugar at walang natirang tubig sa kanya kundi ang makakasapat sa inumin niya, kaya magsasagawa ba siya ng tayammum?

Natigil ang tubig sa bahay at hindi nakahanap si Aḥmad ng maipangsasagawa niya ng wuḍū' maliban na bumili siya ng tubig, kaya bibili ba siya ng tubig o magsasagawa ng tayammum?

Ano ang hatol sa pagpahid sa medyas na niyari mula sa tela?

Naglayon si `Uthmān na magsagawa ng ghusl at lumubog siya sa dagat hanggang nalubos ng pagkabasa ng tubig ang katawan niya, pagkatapos lumabas siya, kaya natutumpak ba ang ghusl niya?

Aktibidad 2: Makikilahok ako at sasagot ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Itinangi tayo sa mga tao dahil sa tatlo: ginawa ang mga hanay natin gaya ng mga hanay ng mga anghel, ginawa para sa atin ang lupa sa kabuuan nito bilang patirapaan, at ginawa ang alabok nito para sa atin bilang naipandadalisay kapag hindi tayo nakatagpo ng tubig."** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 522. Sa pakikilahok mo sa mga kaklase mo,

Mag-ugnay ka sa pagitan ng nasaad sa ḥadīth at ng natutuhan mo sa aralin.

Nagpahiwatig ang ḥadīth sa pagkaisinasabatas ng tayammum sa sandali ng pagkawala ng tubig at ito ang pinag-usapan sa aralin.

Lumilitaw ang kaluwagan ng Islām at kagaanan nito sa pamamagitan ng pagkaisinasabatas ng tayammum at pagpahid sa khuff at benda. Maglinaw ka niyon.

Aktibidad 3: Mag-uugnay ako.

Maghambing ka sa pagitan ng pagpahid sa khuff at ng pagpahid sa benda sa punto ng pamamaraan ng pagpahid at yugto nito.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang yugto ng pagpahid sa khuff ng manlalakbay ay:

(isang araw at isang gabi - dalawang araw at dalawang gabi - tatlong araw at mga gabi ng mga ito).

Ang yugto ng pagpahid sa khuff ng residente ay:

(isang araw at isang gabi - dalawang araw at dalawang gabi - tatlong araw at mga gabi ng mga ito).

Kapag naglaho ang pangangailangan sa benda, tunay na ang pag-aalis nito ay:

(kinakailangan - pinapayagan - itinuturing na kaibig-ibig).

Kapag nilabasan ng punlay (sperm) ang lalaki dahil sa pagnanasa, tunay na ang ghusl sa panig nito ay:

(itinuturing na kaibig-ibig - pinapayagan - kinakailangan).

Kabilang sa mga kundisyon ng pagpahid sa khuff:

(ang pagsambit ng bismi -llāh - ang pagsuot nito habang nasa ṭahārah - ang pagkabalot ng mga paa hanggang sa tuhod).

PANUTO 2: Ulitin ang pagkakasulat ng mga sumusunod na pangungusap matapos ng pagtatama ng narito na mga kamalian:

Ang pagpahid sa khuff ay mula sa ilalim nito.

Ang pagpahid sa khuff ay mula sa ibabaw nito.

Ang pagtapik sa alabok sa pagsasagawa ng tayammum ay tatlong pagtapik.

Ang pagtapik sa alabok sa pagsasagawa ng tayammum ay iisang pagtapik.

Ang yugto ng pagpahid sa benda ay mismong yugto ng pagpahid sa khuff.

Ang yugto ng pagpahid sa benda ay hanggang sa maglaho ang pangangailangan at ito ay naiiba sa pagpahid sa khuff.

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Ano ang mga kalagayan na isinasabatas sa mga ito ang pagsasagawa ng tayammum?

Humango ka ng patunay na ang pagpahid sa khuff ay sa naisagawang wuḍū' hindi sa ghusl.

Alamin mo ang kaibahan sa pagitan ng ghusl na bastante at ghusl na kumpleto.

Maghambing ka sa pagitan ng pamamaraan ng pagpahid sa benda at pamamaraan ng pagpahid sa khuff.

3. Ang Fiqh ng Ṣalāh (1)

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagbigay-liwanag ka sa epekto ng ṣalāh sa kaayusan ng Muslim;

makapag-isa-isa ka ng mga haligi at mga kundisyon ng katumpakan ng ṣalāh;

makaalam ka sa kaibahan sa pagitan ng mga sunnah ng ṣalāh, na pangsinasabi at pangginagawa;

makaiwas ka sa mga tagapagpawalang-saysay ng ṣalāh;

makapagsadamdamin ka sa kadakilaan ng tungkulin na ṣalāh;

makapagdasal ka nang may kataimtiman at kapanatagan.

Pauna

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Bilāl bin Rabāḥ (malugod si Allāh sa kanya) ng pagpapanatili ng ṣalāh sapagkat nagsabi siya rito: **"O Bilāl, magbigay-pahinga ka sa atin sa pamamagitan ng ṣalāh."** Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 498.) Ang dakilang tekstong ito ay naglilinaw ng isang epekto mula sa mga epekto ng ṣalāh sa Muslim: ang kapahingahan at ang kapanatagan. Mayroong mga iba pang epekto na malalaman natin sa aralin ng araw na ito.

Una. Ang Katayuan ng Ṣalāh

Ang ṣalāh ay may dakilang katayuan sa Islām. Kabilang sa katayuang ito na ito ay:

Ang ikalawang haligi mula sa mga haligi ng Islām. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Itinayo ang Islām sa lima: ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, ang pagpapanatili sa ṣalāh, ang pagbibigay ng zakāh, ang [pagsasagawa ng] ḥajj, at ang pag-**

aayuno sa Ramadān." Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 8 at Imām Muslim: 16.

Ang pinakamainam sa mga gawain matapos ng Dalawang Pagsaksi: **Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagtanong ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Alin ang gawain na higit na kaibig-ibig kay Allāh?" Nagsabi siya: "Ang ṣalāh sa oras nito."}** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 527 at Imām Muslim: 85.

Ang ṣalāh ay isang liwanag sa tagapagsagawa nito sa Mundo at Kabilang-buhay batay sa ḥadīth na: **"at ang ṣalāh ay liwanag"** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 223.

Ang pagtatakip-sala sa mga masagwang gawa at ang pag-aangat ng mga antas. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Sa tingin ba ninyo kung sakaling may isang ilog sa tabi ng pinto ng isa sa inyo, na naliligo siya mula rito sa bawat araw, may matitira kaya mula sa karumihan niya na anuman?"** Nagsabi sila: **"Wala pong matitira mula sa karumihan niya na anuman."** Nagsabi siya: **"Kaya iyon ay tulad ng limang ṣalāh: nagpapawi si Allāh sa pamamagitan ng mga ito ng mga kasalanan."}** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 528 at Imām Muslim: 667.

Ikalawa. Ang Epekto ng Ṣalāh sa Kaayusan ng Muslim

Ang ṣalāh ay nagbubusilak ng kaluluwa, nagdadalisay nito mula sa mga kasalanan at mga kasiraan, at nagbubunsod sa puso ng kapanatagan at katiwasayan.

Umaalalay ang ṣalāh sa pag-iwas sa kahalayan at nakasasama. Nagsabi si Allāh: **{tunay na ang pagdarasal ay sumasaway sa kahalayan at nakasasama.}** (Qur'ān 29:45)

Natututo ang Muslim mula sa ṣalāh ng kagandahan ng pag-oorganisa ng oras at disiplina sa pagsasagawa ng mga gawain niya.

Ang pagpapalaganap ng pag-ibig at pagkakapalagayan sa pagitan ng mga Muslim at ang pagpapatupad ng pagtutulungan sa pagitan nila sa pagsasamabuting-loob at pangingilag magkasala.

Ikatlo. Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh

Ang pagkaanib sa Islām, kaya hindi ito natutumpak mula sa isang tagatangging-sumampalataya;

Ang `aql (pagkakaroon ng isip) at ang bulūgh (pagkasapit sa tamang gulang), kaya hindi ito kinakailangan sa baliw at bata;

Ang ṭahārah mula sa ḥadath sa pamamagitan wuḍū' o ghusl;

Ang ṭahārah ng katawan, kasuutan, at lugar ng ṣalāh;

Ang pagpasok ng oras ng ṣalāh, kaya hindi ito natutumpak bago ng oras nito at hindi pinapayagan ang pagpapahuli nito matapos niyon. Nagsabi si Allāh:

إِنَّ الصَّلَاةَ كَانَتْ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ كِتَابًا مَوْقُوتًا

{Tunay na ang pagdarasal, laging para sa mga mananampalataya, ay isang atas na tinakdaan ng panahon.} (Qur'ān 4:103)

Ang pagtatakip ng `awrah, kaya hindi ito natutumpak mula sa sinumang naglalantad ng `awrah niya sa kabila ng kakayahan sa pagtatakip nito. Ang `awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod. Magtatakip ang babae ng katawan niya sa kabuuan nito sa ṣalāh maliban sa mukha niya at mga kamay niya.

Ang pagharap sa qiblah. Nagsabi si Allāh:

قَوْلٍ وَجْهَكَ شَطْرَ الْمَسْجِدِ الْحَرَامِ وَحَيْثُ مَا كُنْتُمْ فَوَلُّوا
وُجُوهَكُمْ شَطْرَهُ

{Kaya magbaling ka ng mukha mo sa dako ng Masjid na Pinakababanal. Saan man kayo ay magbaling kayo ng mga mukha ninyo sa dako niyon.} (Qur'ān 2:144)

Ikaapat. Ang mga Haligi ng Ṣalāh

Ang layunin. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapakay ng Muslim ng pagsasagawa ng ṣalāh mismo, tulad ng ṣalāh na ḍuhr o ng `īd o ng witr o ng jum`ah.

Ang takbīratul'ihṛām (takbīr ng pagpapasimula). Ito ay na magsabi ang nagdarasal ng Allāhu akbar [sa pagsisimula]. Isang larawan ng lalaking nagsasagawa ng takbīr habang nakatayo.

Ang pagtindig sa ṣalāh ng tungkulin kalakip ng kakayahan.

Ang pagbigkas ng Al-Fātiḥah. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang ṣalāh sa sinumang hindi bumigkas ng Pambungad ng Aklat."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 756 at Imām Muslim: 394.

Ang pagyukod (rukū`), kaya magbababa ang nagdarasal ng likod hanggang sa makaya niyang maglagay ng mga kamay niya sa mga tuhod niya.

Ang pag-angat mula sa pagyukod sa pamamagitan ng pagtuwid habang nakatindig. Isang larawan ng isang lalaking nakayukod.

Ang pagpapatirapa (sujūd). Ito ay sa pitong bahagi ng katawan: ang noo, ang mga palad, at ang mga daliri ng mga paa. Isang larawan ng isang lalaking nakapatirapa at nagpapakita ng pitong bahagi ng katawan sa pagpapatirapa.

Ang pagtuwid mula sa patirapa.

Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa.

Ang pag-upo para sa huling tashahhud.

Ang pagbigkas ng huling tashahhud.

Ang pagsasagawa ng taslīm, na ang pinakakaunti nito ay na magsabi ng: "Assalāmu `alaykum" at ang pinakamainam ay na magsabi ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥamtu -llāh."

Ang kapanatagan sa lahat ng mga haligi ng ṣalāh.

Ang pagkakasunud-sunod sa pagitan ng mga haligi.

Ikalima. Ang mga Sunnah ng Ṣalāh

Ilan sa mga sunnah na pangsinasabi sa ṣalāh:

Ang istiftāḥ (pagbubukas). Ito ay matapos ng takbīratul'iḥrām (takbīr ng pagpapasimula)

sapagkat ibinibilang na sunnah ito sa pamamagitan ng isa sa mga panalangin ng istiftāh na nasasaad buhat sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kabilang dito ang sumusunod: **Subhānaka -llāhumma wa-biḥamdika wa-tabāraka -smuka wa-ta`ālā jadduka wa-lā ilāha ghayruk.** (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo. Napakamapagpala ang pangalan Mo, napakataas ang kabunyian Mo, at walang Diyos na iba pa sa Iyo.) Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 775, Imām At-Tirmidhīy: 242, at Imām An-Nasā'īy: 900.

Ang ta`awwudh sa pamamagitan ng pagsabi ng: "A`ūdhi bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm (Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa demonyong isinumpa)" bago ng Al-Fātiḥah.

Ang pagbigkas ng isang sūrah o mga āyah matapos ng Al-Fātiḥah.

Ang mga takbīr ng paglipat-kilos sa sandali ng pagyukod, pagpapatirapa, at pag-angat mula rito.

Ang pagsambit ng tasbīḥ sa pagkayukod at pagkapatirapa, na ang pinakakaunti nito ay isang ulit.

Ang pagsabi ng imām at munfarid ng: "Sami`a -llāhu li-man ḥamidah (Duminig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya)" at ang pagsabi ng: "Rabbaña wa-laka -lḥamd (Panginoon namin, at

ukol sa Iyo ang papuri)" para sa lahat ng mga nagdarasal.

Ang unang tashahhud, na kabilang sa mga anyo nito ang sumusunod: "**Attahīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha -nnabiyyu wa-rahmatu -llāhi wa-barakātuh, assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi -llāhi -ṣṣālihīn, 'aṣḥadu 'an lā 'ilāha 'illa -llāh, wa-'aṣḥadu 'anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh.** (Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, ang mga dasal, at ang mga kaaya-aya. Ang pangangalaga ay sumaiyo, o Propeta, ang awa ni Allāh, at ang mga pagpapala Niya. Ang pangangalaga ay matamo natin at matamo ng mga maayos na lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)" Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 831 at Imām Muslim: 402.

Ang Panalangin ng Basbas Para sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh) Matapos ang Tashahhud

Kabilang sa mga sunnah na pangginagawa

ang pag-angat ng mga kamay kasabay ng takbīr ng pagpapasimula at mga takbīr ng paglipat-kilos;

ang paglagay ng kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay sa sandali ng pagkakatatayo at ang

paglalagay ng mga kamay sa mga hita sa sandali ng pagkakaupo;

ang pagtingin sa kalalagyan ng pagpapatirapa at ang paglingon pakanan sa sandali ng unang taslīm at pakaliwa sa sandali ng ikalawang taslīm.

Ikaanim. Ang mga Tagapagpawalang-saysay ng Ṣalāh

Ang pag-iwan sa isa sa mga haligi nito nang sadyaan at gayon din ang pag-iwan ng isa sa mga kundisyon nito.

Ang pagdagdag ng isang haligi o rak`ah nang sadyaan.

Ang pagkain at ang pag-inom nang sadyaan.

Ang pagsasalita nang sadyaan sa hindi kapakanan ng ṣalāh.

Ang pagtawa at ang paghalakhak.

Ang maraming gawain na hindi kauri ng mga gawain sa ṣalāh.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahango ako at magpapahayag ako.

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay pumasok sa masjid saka may pumasok na isang lalaki saka

nagdasal ito. Pagkatapos pumunta ito at bumati sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka tumugon naman ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagbati at nagsabi: "Bumalik ka at magdasal ka sapagkat tunay na ikaw ay hindi nagdasal." Kaya bumalik ang lalaki saka nagdasal ito kung paanong nagdasal ito dati. Pagkatapos pumunta ito sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka bumati sa kanya saka nagsabi naman ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "At sumaiyo ang kapayapaan." Pagkatapos nagsabi siya: "Bumalik ka at magdasal ka sapagkat tunay na ikaw ay hindi nagdasal." Hanggang sa ginawa iyon nang tatlong ulit saka nagsabi ang lalaki: "Sumpa man sa nagpadala sa iyo kalakip ng katotohanan, hindi ako nakagagawa ng mahusay bukod pa rito. Magturo ka po sa akin." Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag tumindig ka para sa pagdarasal, magsagawa ka ng takbīr. Pagkatapos bumigkas ka ng naging madali sa iyo mula sa Qur'ān. Pagkatapos yumukod ka hanggang sa mapanatag ka habang nakayukod. Pagkatapos umangat ka hanggang sa tumuwid ka habang nakatindig. Pagkatapos magpatirapa ka hanggang sa mapanatag ka habang nakapatirapa. Pagkatapos umangat ka

hanggang sa mapanatag ka habang nakaupo. Pagkatapos gawin mo iyan sa pagdarasal mo sa kabuuan nito."}

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 757 at Imām Muslim: 397.

Hanguin mo ang mga haligi ng ṣalāh na nasasaad sa ḥadīth.

ang takbīr ng pagpapasimula - ang pagyukod - ang pag-angat mula sa pagkakayukod - ang pagtuwid mula sa pagkakapatirapa - ang pagkaupo sa pagitan ng dalawang pagkakapatirapa - ang kapanatagan.

Magsulat ka ng isang pangungusap para sa sinumang nagpapabilis sa pagsasagawa ng ṣalāh habang nagpapasaksi sa ḥadīth na ito.

Aktibidad 2: Makikilahok ako at magmamasid ako.

Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo, magsasagawa ang isa sa mga estudyante ng paglalarawan ng pagsasagawa ng unang rak`ah ng ṣalāh at magsasagawa ang nalalabi sa grupo ng pagtatasa (assessment) at paglililaw sa taglay nito na kakulangan o depekto.

Aktibidad 1: Magtatalakay ako at magmumungkahi ako.

Tumalakay ka kasama ng grupo mo at tagapagturo mo ng tungkol sa mga sumusunod na pangyayari kasama ng paglilinaw sa hatol sa mga ito at ng mungkahi ng mga kalutasan para sa mga ito:

Ang pagdarasal ng ilan sa mga kabataan habang nakasuot ng mga kasuutang naaaninag na may nalalantad mula sa mga ito na kaunti mula sa `awrah.

Ang pagwawalang-bahala ng ilan sa mga Muslim sa mga oras ng ṣalāh, bagkus, iniwan nila ang mga ito nang lubusan.

Ang kasagwaan ng kaasalan ng ilan sa mga nagdarasal sa mga pakikitungo nila sa iba sa kanila.

Aktibidad 4: Magsusulat ako ng isang panalangin.

Magsulat ka ng isa sa mga panalangin ng istiftāḥ (pagbubukas ng ṣalāh) at anyo ng tashahhud at panalangin ng basbas sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

"Allāhumma bā'id baynī wa bayna khaṭāyāya kamā bā'adta bayna -lmashriqi wa-lmaghrib. Allāhumma naqqinī mina -lkhaṭāyā kamā yunaqqa -ththawbu -l'abyaḍu mina -ddanas. Allāhumma -ghsil khaṭāyāya bi-lmā'i wa-ththalji wa-lbarad. (O Allāh, magpalayo Ka sa

pagitan ko at mga kamalian ko gaya ng pagpapalayo Mo sa pagitan ng silangan at kanluran. O Allāh, dalisayin Mo ako mula sa mga kamalian gaya ng pagkakadalisa sa puting kasuutan mula sa karumihan. O Allāh, hugasan Mo ang mga kamalian ko ng tubig, yelo at niyebe.)"

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 744 at Imām Muslim: 744.

"Attahīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha -nnabīyu wa-rahmatu -llāhi wa-barakātuh, assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi -llāhi -ṣṣālihīn, ashhadu an lā ilāha illa -llāh, wa-ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. (Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, at ang mga dasal at ang mga kaaya-ayang gawain. Ang kapayapaan ay sumaiyo, O Propeta, at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya. Ang kapayapaan ay sumasaamin at ukol sa mga maayos na lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)"

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 831 at Imām Muslim: 402.

"Allāhumma ṣalli `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin kamā ṣallayta `alā Ibrāhīm wa-`alā āli Ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd;

Allāhumma bārik `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin kamā bārakta `alā Ibrāhīm wa-`alā āli Ibrāhīm; innaka ḥamīdum majīd. (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal. O Allāh, biyayaan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbiyaya Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)"

Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 405.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang paghalakhak ay kabilang sa mga tagapagpapawalang-saysay ng ṣalāh. (✓)

Ang pagsara ng cellphone sa sandali ng pagsasagawa ng ṣalāh ay nakapagpapawalang-saysay rito. (X)

Ang panalangin ng istiftāḥ ay kabilang sa mga kundisyon ng ṣalāh. (✓)

Natutumpak ang pagsasagawa ng ṣalāh sa kabila ng pag-iwan sa isang sunnah mula sa mga sunnah nito. (✓)

Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang patirapa ay kabilang sa mga haligi ng ṣalāh. (✓)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang kapanatagan ay kabilang sa:

(mga kundisyon ng ṣalāh - mga haligi ng ṣalāh - mga sunnah ng ṣalāh).

Kabilang sa mga patakaran sa ṣalāh:

(ang ṭahārah - ang pagtindig - ang pagkakasunud-sunod).

Ang pagsasagawa ng taslīm sa ṣalāh ay kabilang sa:

(mga kundisyon - mga haligi - mga sunnah).

Ang pagtatakip ng `awrah sa ṣalāh ay kabilang sa:

(mga kundisyon - mga haligi - mga sunnah).

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapatirapa sa:

(limang bahagi ng katawan - anim na bahagi nito - pitong bahagi nito).

PANUTO 3: Magsulat ka ng ipinahihiwatig ng mga sumusunod na teksto:

إِنَّ الصَّلَاةَ تَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ

{tunay na ang pagdarasal ay sumasaway sa kahalayan at nakasasama.}

(Qur'ān 29:45)

إِنَّ الصَّلَاةَ كَانَتْ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ كِتَابًا مَوْقُوتًا (103)

{Tunay na ang pagdarasal, laging para sa mga mananampalataya, ay isang atas na tinakdaan ng panahon.}

(Qur'ān 4:103)

وَإِنْ كُنْتُمْ جُنُبًا فَاطَّهَّرُوا

{Kung kayo ay kailangang-magdalisay ay magpakadalisay kayo.}

(Qur'ān 5:6)

PANUTO 4: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Magsulat ng tatlong sunnah na pangginagawa at tatlong sunnah na pangsinasabi para sa ṣalāh.

Ang ṣalāh ay may malaking katayuan at dakilang kainaman. Magbigay-linaw ka niyon.

4. Ang Fiqh ng Ṣalāh

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka sa mga patakaran ng ṣalāh sa araw ng Biyernes at sa dalawang `īd;

makahango ka ng patunay sa kainaman ng ṣalāh na witr, mga nāfilah, at mga sunnah rātibah;

makapag-isa-isa ka ng mga sunnah rātibah;

makapaghalimbawa ka ng ilan sa mga ṣalāh na nāfilah;

makapagsadamdamin ka sa mga bunga ng pananatili sa pagsasagawa ng mga ṣalāh na nāfilah, at sunnah rātibah;

makapagdasal ng mga nāfilah at mga sunnah rātibah.

Isang larawan ng isang imām na nagsesermon sa ibabaw ng mimbar habang ang mga tao ay nasa harap niya.

Una. Ang Ṣalāh sa Araw ng Biyernes

Ang ṣalāh sa araw ng Biyernes ay isang tungkulin sa bawat Muslim na bāligh (nasa tamang edad) na `āqil (matino ang pag-iisip) na lalaki na residente na malusog. Nagsabi si Allāh:

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِذَا نُودِيَ لِلصَّلَاةِ مِنْ يَوْمِ الْجُمُعَةِ فَاسْعَوْا إِلَى
ذِكْرِ اللَّهِ وَذَرُوا الْبَيْعَ

{O mga sumampalataya, kapag nanawagan para sa pagdarasal sa araw ng Biyernes ay magmadali kayo sa pag-alaala kay Allāh at iwan ninyo ang pagtitinda.} (Qur'ān 62:9)

Ito ay pamalit sa ṣalāh na ḍuhr. Ang oras nito ay ang oras ng ṣalāh na ḍuhr. Ito ay dalawang rak`ah. Dinadasal ito sa jamā`ah (kongregasyon) na binibigkas nang malakas sa masjid. Itinuturing na kaibig-ibig para sa imām na bumigkas sa unang rak`ah ng Sūrah Al-Jumu`ah o Sūrah Al-A`lā at bumigkas sa ikalawang rak`ah ng Sūrah Al-Munāfiqūn o Sūrah Al-Ghāsiyah.

Nagsesermon ang imām bago ng ṣalāh ng dalawang sermon (khuṭbah), na umuupo siya sa pagitan ng dalawang ito. Naglalaman ang dalawang khuṭbah sa pagpupuri kay Allāh (kamah-al-mahalan Siya at kapita-pitagan), pagsambit ng Dalawang Pagsaksi, panalangin ng basbas sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at tagubilin ng pangingilag magkasala kay Allāh (kamah-al-mahalan Siya at kapita-pitagan).

Ikalawa. Ang Ṣalāh sa `Īd

Ang ṣalāh sa `īd ay sunnah na binigyang-diin sapagkat nagpatuloy sa pagsasagawa nito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nabibigyang-diin ang pagdalo rito para sa nakatatanda at nakababata at para sa lalaki at babae.

فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَانْحَرْ

{Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay ka.} (Qur'ān 108:2)

Pupunta ang mga tao sa dasalan. Magdarasal sila ng dalawang rak`ah bago ng khuṭbah sapagkat ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay pumupunta noon sa araw ng pagtigil-ayuno at pag-aalay sa dasalan saka ang kauna-unahang gawain na sinisimulan niya ay ang ṣalāh.}** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 956 at Imām Muslim: 889.

Nagsisimula ang oras ng ṣalāh sa `īd matapos ng pag-angat ng araw at umaabot ang oras nito hanggang sa bago ng katanghaliang-tapat nang kaunti (bago kumiling ang araw palayo sa kalagitnaan ng langit tungo sa dakong kanluran).

Ang Paraan ng Ṣalāh sa `Īd:

Ang ṣalāh sa `īd ay dalawang rak`ah na binibigkas nang malakas.

Magsasagawa ang imām sa unang rak`ah ng takbīr ng pagpapasimula. Pagkatapos magsasagawa siya matapos nito ng anim na takbīr. Sa ikalawang rak`ah, magsasagawa siya ng takbīr ng pagtindig, pagkatapos magsasagawa siya ng limang takbīr.

Ibinibilang na sunnah para sa imām na bumigkas matapos ng Al-Fātiḥah ng Sūrah Al-A`lā o Sūrah Qāf sa unang rak`ah at ng Sūrah Al-Ghāshiyah o Sūrah Al-Qamar sa ikalawang rak`ah.

Magsesermon ang imām sa mga tao matapos ng ṣalāh, mangangaral siya sa kanila, mag-uutos siya sa kanila ng pangingilag magkasala kay Allāh (napakataas Siya), at maglalaan siya ng isang bahagi ng khutbah para sa pangaral sa mga babae bilang pagtulad sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ikatlo. Ang Ṣalāh ng Pagkukusang-loob at ang mga Uri Nito

Ang ṣalāh ng pagkukusang-loob ay ang ṣalāh na isinasabatas na hindi ṣalāh na kinakailangan. Mayroon itong maraming uri, na kabilang sa mga ito:

1. Ang Ṣalāh na Witr

Ito ay isang sunnah na binigyang-diin, na nagsisimula matapos ng ṣalāh na 'ishā' at nagwawakas sa pagsapit ng madaling-araw.

Ang pinakakaunting rak`ah nito ay iisang rak`ah. Walang hangganan para sa pinakamaraming rak`ah nito. Ang pinakamainam ay na dasalin ito nang 11 rak`ah o 13 rak`ah batay sa gawain ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagdarasal siya nito nang dalawang rak`ah. Pagkatapos nagdarasal siya ng isang rak`ah. Nagsasagawa siya ng ṣalāh na witr sa pamamagitan niyon. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na si Allāh ay gansal, na nakaiibig ng gansal, kaya magdasal kayo ng Witr, O mga alagad ng Qur'ān."** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 1416 at Imām At-Tirmidhī: 453.

2. Ang mga Sunnah Rātibah

Ang mga ito ay 12 rak`ah na kasunod ng mga tungkuling ṣalāh. Ito ay sunnah na binigyang-diin. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagdasal sa isang araw at isang gabi ng labindalawang rak`ah, may ipatatayo para sa kanya na isang bahay sa Paraiso. Ito ay apat na rak`ah bago ng ḍuhr, dalawang rak`ah matapos nito, dalawang rak`ah matapos ng maghrib, dalawang rak`ah matapos ng 'ishā', at dalawang rak`ah bago ng**

ṣalāh na fajr." Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 415.

3. Ang Ṣalāh na Tarāwīḥ

A. Ito ay sunnah na binigyang-diin sa Buwan ng Ramaḍān. Nagsisimula ang oras nito matapos ng ṣalāh na ishā' hanggang sa pagsapit ng madaling-araw. Ito ay isinasagawa bago ng ṣalāh na witr.

B. Ang pinakamainam ay na ito ay maging 11 rak'ah. Walang hangganan para sa pinakamaraming rak'ah nito. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nag-ayuno sa Ramaḍān dala ng pananampalataya at dala ng pag-asang gagantimpalaan, magpapatawad para sa kanya sa anumang nauna sa pagkakasala niya."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 37 at Imām Muslim: 759.

4. Ang Ṣalāh na Duḥā

Ito ay isang sunnah. Ang pinakakaunting rak'ah nito ay dalawang rak'ah. Walang hangganan sa pinakamaraming rak'ah nito. Ang oras nito ay tulad ng oras ng ṣalāh sa `īd.

Kabilang sa kainaman nito ang sinabi ni Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): **"Nagtagubilin sa akin ang matalik na kaibigan ko ng tatlong bagay na hindi ko iiwan**

hanggang sa mamatay ako: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, dasal sa umaga, at pagtulog matapos ng witr." Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1178 at Imām Muslim: 721.

5. Ang Pagkukusang-loob na Walang Takda

Ang mga ito ay mga ṣalāh na itinuturing na kaibig-ibig, na hindi nalilimitahan ng panahon ni ng kadahilanan, tulad ng ṣalāh ng pagbati sa masjid at ṣalāh matapos ng bawat pagsasagawa ng wuḍū'.

Ito ay isinasabatas sa lahat ng mga oras maliban sa mga oras na sinasaway ang pagsasagawa nito, tulad ng oras ng pagsikat ng araw at oras matapos ng ṣalāh sa `aṣr hanggang sa lumubog ang araw.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at magmumungkahi ako.

Ang araw ng Biyernes ay ang pinakamainam sa mga araw ng linggo. Ang ṣalāh sa araw ng Biyernes ay ang pinakatiyak sa mga ṣalāh ng kalalakihan ng mga Muslim. Makipagtulungan ka kasama ng mga kaklase mo sa sumusunod:

Ang paglililinaw sa mga etiketa ng araw ng Biyernes at mga sunnah nito.

Ang magsulat ng ḥadīth na nagbibigay-liwanag sa panganib ng pag-iwan ng ṣalāh sa Biyernes.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Talagang may titigil nga na mga tao sa pagpapabaya nila sa [mga ṣalāh sa] mga Biyernes o talagang magpipinid nga si Allāh sa mga puso nila, pagkatapos sila ay talagang magiging kabilang nga sa mga nalilingat."** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 865.

Ang paglilinaw sa mga kadahilanan at lunas sa pagwawalang-bahala ng ilan sa mga kabataan sa pagsasagawa ng ṣalāh sa Biyernes.

Aktibidad 2: Maghuhulo ako at magpapahayag ako.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang kauna-unahan sa gawaing tutuusin dahil dito ang tao ay ang pagdarasal niya. Kung siya ay naglubos nito, isusulat ito para sa kanya bilang lubos. Kung hindi nangyaring siya ay naglubos nito, magsasabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): Tumingin kayo, nakatatagpo kaya kayo para sa lingkod Ko mula sa isang pagkukusang-loob para magkumpleto kayo sa pamamagitan nito ng tungkuling dasal niya?"** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 864,

Imām At-Tirmidhīy: 413, at Imām An-Nasā'īy: 466.
Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo,

maghulo ka ng kasanhian sa
pagkaisinasabatas ng pagkukusang-loob sa ṣalāh.

Ang Pagkumpleto ng Kulang sa Ṣalāh na mga
Tungkulin

Lumilitaw ang awa ni Allāh (basbasan siya ni
Allāh at pangalagaan) sa mga lingkod Niya sa
pamamagitan ng ḥadīth na ito. Magbigay-liwanag
ka niyon.

Ang tao ay nakasalang sa pagkukulang sa ṣalāh
na mga tungkulin ngunit bahagi ng awa ni Allāh
(napakataas Siya) na Siya ay nagsabatas para sa
tao ng nagbibigay-kakayahan sa kanya sa
pagkumpleto ng pagkukulang na ito. Ito ay ang
ṣalāh ng pagkukusang-loob.

Ano ang ipapayo mo sa sinumang
nagwawalang-bahala sa pagsasagawa ng mga
ṣalāh na sunnah na tagakumpletong ito para sa
pagkukulang sa mga ṣalāh na tungkulin.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa
harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X)
sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ang pinakakaunting rak`ah ng ṣalāh na witr ay
tatlong rak`ah.

Isinasabatas ang jamā`ah (konggregasyon) sa ṣalāh na tarāwīh.

Ang pagkukusang-loob na walang-takda ay hindi natatangi sa isang oras.

Ang ṣalāh na ḍuḥā ay kinakailangan sa mga lalaki.

Nauuna ang khuṭbah sa ṣalāh sa `īd.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kinakailangan ang ṣalāh sa Biyernes sa:
(maysakit - manlalakbay - residente).

Ang pagbigkas ng Sūrah Al-A`lā sa unang rak`ah sa ṣalāh sa Biyernes ay:

(kinakailangan - tungkulin - itinuturing na kaibig-ibig).

Ang kahatulan sa ṣalāh na Witr ay:

(sunnah mu'akkadah (binigyang-diin) - mandūbah (inirerekomenda) - farḍ kifāyah (tungkulin na sapat na gampanan ng kahit isa at hindi ng lahat)).

Nagwawakas ang oras ng ṣalāh ng `īd sa sandali ng:

(paglampas ng araw sa katanghaliang-tapat - ṣalāh na `aṣr - pagwawakas ng araw ng `īd.

Ang pinakakaunting rak`ah ng ṣalāh na ḍuḥā ay:

(dalawang rak`ah - apat na rak`ah - walong rak`ah).

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Maghambing ka sa pagitan ng ṣalāh sa Biyernes at ṣalāh sa dalawang `īd sa punto ng kahatulan, oras, at paraan.

Maglinaw ka ng kahatulan ng ṣalāh na ḍuḥā at oras nito.

Humango ka ng patunay sa kainaman ng bawat isa sa sumusunod: ṣalāh na mga sunnah rātibah, ṣalāh na tarāwīḥ, at ṣalāh na witr.

5. Ang Ṣalāh ng Maysakit at Manlalakbay

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ng paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh ng maysakit;

makapagbigay-linaw ka sa pinakamahalaga sa mga patakaran ng ṣalāh ng maysakit;

makapagbigay-liwanag ka sa paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh ng manlalakbay;

makapag-isa-isa ka sa pinakamahalaga sa mga patakaran ng ṣalāh ng manlalakbay;

makapagsadamdamin ka sa kadakilaan ng Islām sa pagpawi ng kaasiwaan sa mga may maidadahilan;

makapagmalasakit ka sa ṣalāh habang nasa paglalakbay o pananatili.

Pauna

Nagkasakit si `Umar ng isang matinding sakit saka noong nagsagawa ka ng pagdalaw sa kanya ay nagtanong siya sa iyo ng pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh niya sa sandali ng pagkakasakit niya. Kaya ano ang sasabihin mo kay `Umar?

Pakaalamin ang sagot sa pamamagitan ng araling ito.

Una. Ang Ṣalāh ng Maysakit

Hindi naaalis ang tungkuling magsagawa ng ṣalāh sa maysakit hanggat ang isip niya ay nakamamalay subalit si Allāh (napakataas Siya) ay nagpermiso para sa kanya na magsagawa ng ṣalāh alinsunod sa kakayahan niya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

فَاتَّقُوا اللَّهَ مَا اسْتَطَعْتُمْ

{Kaya mangilag kayong magkasala kay Allāh sa abot ng makakaya ninyo,} (Qur'ān 64:16) Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Imrān bin Al-Ḥuşayn (malugod si Allāh sa kanya): "Magdasal ka habang nakatindig ngunit kung hindi mo nakaya ay habang nakaupo ngunit kung hindi mo nakaya ay habang nakahiga sa tagiliran." Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 1117.

Kabilang sa pinakamahalaga sa mga patakaran ng ṣalāh ng maysakit:

Kinakailangan sa maysakit na magsagawa ng ṣalāh sa oras nito alinsunod sa kakayahan niya.

Magsasagawa ang maysakit ng nakakaya niya mula sa mga kundisyon ng ṣalāh gaya ng ṭahārah at pagharap sa qiblah. Kung nawalan siya ng kakayahang tumupad sa anuman sa mga kundisyong ito, maaalis ito sa kanya at magdarasal siya alinsunod sa kalagayan niya.

Kapag ang damit ng maysakit ay najis at hindi niya nakaya ang magdalisay nito [o magpalit nito],

magdarasal siya suot ito at walang maisisipi sa kanya. Gayon din kapag ang maysakit ay nagdadala ng najāsah, gaya ng isang nagdadala ng isang lalagyan para paglagyan ng ihi: kung nakakaya siya na mag-alis nito ay gagawin niya at kapag hindi naman siya nakakaya ay magdarasal siya dala ito.

Ang Paraan ng Ṣalāh ng Maysakit: Isang larawan ng isang maysakit sa higaan na may mga kasangkapang medikal.

Kapag nakaya niya ang tumindig, kinakailangan sa kanya ang magsagawa ng ṣalāh habang nakatindig; ngunit kung hindi niya nakaya ito, magsasagawa siya ng ṣalāh habang nakaupo.

Kung hindi niya nakaya ang umupo, magsasagawa siya ng ṣalāh habang nakahiga sa tagiliran niya habang ang mukha niya ay nakadako sa qiblah kung makakaya niya.

Kung hindi siya nakakaya na magsagawa ng ṣalāh habang nakahiga sa tagiliran niya, hihiga siya sa likod niya habang ang mga paa niya ay nakadako sa qiblah kung makakaya niya.

Kinakailangan sa kanya na yumukod at magpatirapa sa ṣalāh niya. Kung hindi siya nakakaya, magpapahiwatig siya ng dalawang ito sa pamamagitan ng ulo niya. Gagawin niya ang pahiwatig ng pagpapatirapa na higit na mababa kaysa sa pahiwatig ng pagyukod.

Kung nakaya niya ang pagyukod hindi ang pagpapatirapa, yuyukod siya at magpapahiwatig ng pagpapatirapa.

Kung nakaya niya ang pagpapatirapa hindi ang pagyukod, magpapatirapa siya at magpapahiwatig ng pagyukod.

Kung naging mahirap sa kanya ang pagpapahiwatig sa pamamagitan ng ulo niya, magpapahiwatig siya sa pamamagitan ng mata niya; ngunit kung hindi niya nakaya ito, maaalis sa kanya ang tungkulin ng pagpapahiwatig at maglalayon siya ng mga gawain sa puso niya kasama ng pagsasagawa ng mga dhikr ng ṣalāh.

Ikalawa. Ang Ṣalāh sa Manlalakbay

Ibinibilang na sunnah para sa manlalakbay ang pagpapaikli ng mga ṣalāh na apatang rak'ah (ḍuhr - `aṣr - `ishā') sapagkat dadasalin niya ang mga ito sa dalawang rak'ah. Nagsabi si Allāh:

وَإِذَا ضَرَبْتُمْ فِي الْأَرْضِ فَلَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَنْ تَقْصُرُوا مِنَ
الصَّلَاةِ

{Kapag naglakbay kayo sa lupa ay hindi sa inyo maisisi na magpaikli kayo ng dasal} (Qur'ān 4:101)

Ang mga kundisyon ng pagpapaikli ng ṣalāh para sa manlalakbay ay:

na umabot ang distansiya ng paglalakbay ng 80 kilometro o higit pa sapagkat kung naging kaunti ito roon, hindi pinapayagan ang pagpapaikli;

na magkaroon ng layunin sa pamamagitan ng paglalayon ng manlalakbay ng pagpapaikli sa sandali ng ṣalāh;

na ang paglalakbay ay pinahihintulutan sapagkat kung ang paglalakbay ay para sa pagsuway, hindi pinapayagan ang pagpapaikli dahil ang permiso ay hindi nauugnay sa mga pagsuway;

na lumampas sa pinapamayanan (ang lugar na tinitirahan ng manlalakbay);

na hindi lumampas ang yugto ng pananatili niya sa bayang pinaglakbayan niya nang higit sa apat na araw sapagkat kapag ang paglalakbay ay higit doon, siya magsasagawa ng ṣalāh ng residente.

Ilan sa mga patakaran ng ṣalāh ng maysakit:

Pinapayagan para sa manlalakbay ang pagpapaikli ng ṣalāh matapos ng paglabas niya sa bayan niya. Ang ibig sabihin ay ang paglampas niya sa mga lugar na pinamamayanan ng mga naninirahan; kaya kung ang paliparan ay nasa

labas ng bayan, pinapayagan para sa kanya ang pagpapaikli doon.

Kapag dumating ang manlalakbay sa isang bayan at nagnais siya na manatili roon, mayroon siyang tatlong kalagayan:

na maglayon siya na manatili ng apat na araw o mababa pa kaya pinapayagan sa kanya ang magpaikli ng ṣalāh sa yugto ng pananatili niya;

na maglayon siya na manatili ng higit sa apat na araw kaya kinakailangan sa kanya ang maglubos ng pagsasagawa ng ṣalāh mula sa unang araw na nanatili siya roon;

na hindi siya maglayon ng isang tinakdaang yugto, bagkus alinsunod sa kalagayan niya gaya ng kung siya ay naglalakbay para sa pagpapagamot at hindi siya nakaaalam kung kailan magwawakas ang pagpapagamot niya, dito ay pinapayagan sa kanya ang pagpapaikli ng ṣalāh kahit pa man lumampas ang pananatili niya sa apat na araw.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbibigay-liwanag ako sa kahatulan at magbibigay-katwiran ako.

Sa pakikipagtulungan ng tagapagturo mo, magbigay-liwanag ka sa kahatulan ng pagpapaikli ng ṣalāh sa mga sumusunod na kalagayan kasama ng paglilinaw sa kadahilanan.

Ang paglalakbay. Pinapayagan ang pagpapaikli ng ṣalāh. Hindi pinapayagan ang pagpapaikli ng ṣalāh. Ang kadahilanan.

Naglakbay siya alang-alang sa pangangalakal. Natupad ang mga kundisyon ng paglalakbay.

Naglakbay siya upang bumili ng mga bawal na gamot at mga sigarilyo. Dahil ang paglalakbay ay alang-alang sa pagsuway.

Naglakbay siya at naglayon na manatili ng 20 araw. Naglayon siya na manatili ng higit sa 4 araw.

Naglakbay siya ng distansiyang 70 kilometro. Hindi siya umabot sa distansiya ng pagpapaikli ng ṣalāh.

Aktibidad 2: Magsusulat ako ng pananaw ko.

Ano ang gagawin mo sa mga sumusunod na pangyayari?

Nakakita ka ng isang binatang maysakit na hindi nakakayang tumindig at nasasaktan sa pagtayo subalit siya ay nagpupumilit sa pagsasagawa ng ṣalāh habang nakatindig.

Nakakita ka ng isang binatang naninisi ng isang lalaking nagpapaikli ng ṣalāh sa paglalakbay nito.

Nakakita ka ng isang maysakit na nagpapaliban ng ṣalāh hanggang sa gumaling siya sa sakit niya.

Aktibidad 3: Magbibigay-liwanag ako at mag-uugnay ako.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا

{Hindi nag-aatang si Allāh sa isang kaluluwa malibang ayon sa kaya nito.} (Qur'ān 2:286)

Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinaway ko sa inyo ay iwasan ninyo at ang iniutos ko sa inyo ay gawin ninyo mula roon ang makakaya ninyo."

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 7288 at Imām Muslim: 1337.

Magbigay-liwanag ka ng mahahangong katuturan mula sa dalawang teksto.

Si Allāh ay hindi nag-aatang sa mga tao ng higit sa kakayahan nila. Kinakailangan sa tao na gumawa ng makakaya niyang gawin mula sa mga utos ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at umiwas sa bawat sinaway ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Magbigay-linaw ka sa ugnayan sa pagitan ng dalawang teksto at ng natutuhan mo sa aralin.

Aktibidad 4: Magpapatupad ako at magmamasid ako.

Sa pakikipagtulungan kasama ng kaklase mo, magpatupad ka ng paraan ng pagsasagawa ng ṣalāh, pagkatapos magsulat ka ng pagmamasid mo.

Aktibidad 5: Magdidisenyo ako ng isang poster.

Magdisenyo ka ng isang poster na may nakasulat na kahatulan ng pagpapaikli sa ṣalāh at mga kundisyon nito at isabit mo ito sa dingding ng paaralan.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling parirala sa sumusunod:

Naaalis ang tungkulin ng ṣalāh sa maysakit kapag ang isip niya ay nawawala.

Kinakailangan sa maysakit na magsagawa ng ṣalāh sa oras nito alinsunod sa kakayahan niya.

Naaalis sa ṣalāh ng maysakit ang tungkulin ng pagsasakundisyon ng pagdadalisay ng najāsah sa kabila ng kakayahan.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pagpapaikli ng ṣalāh para sa manlalakbay ay:

(sunnah - kinakailangan - tungkulin).

Ang distansiya na pinapayagan ang pagpapaikli ng ṣalāh ay:

(60 km - 70 km - 80 km).

Kabilang sa mga kundisyon ng pagpayag sa pagpapaikli ng ṣalāh para sa manlalakbay:

(na lumampas ang paglalakbay sa 4 araw - na ang paglalakbay ay pinapayagan - na magsimula sa pagpapaikli sa lugar niya).

PANUTO 3: Maglagay ng numerong naaangkop mula sa Kulumna A sa harapan ng naaangkop dito na mga pararila ng Kulumna B

Kulumna A - Kulumna B

Ang Kalagayan ng Maysakit = Ang Kinakailangang Gawin Niya

1. Nakakakaya siya na tumindig nang walang hirap o pinsala. 3. Magdarasal siya habang nakaupo.

2. Nakakakaya siya na tumindig subalit siya ay napipinsala ng pagyukod o pagpapatirapa. 1.

Kinakailangan sa kanya ang magsagawa ng ṣalāh habang nakatindig.

3. Hindi siya nakakakaya na tumindig. 5. Magdarasal siya habang nakahiga sa likod niya habang ang mga paa niya ay nakadako sa qiblah.

4. Hindi siya nakakakaya na magsagawa ng ṣalāh habang nakaupo. 2. Magsasagawa siya ng ṣalāh habang nakatindig at magpapahiwatig siya ng pagyukod habang siya ay nakatindig at ng pagpapatirapa habang siya ay nakaupo.

5. Hindi siya nakakakaya na magsagawa ng ṣalāh habang nakahiga sa tagiliran niya. 6. Magpapahiwatig siya sa pamamagitan ng ulo niya saka kung hindi siya nakakaya, maaalis sa kanya ang tungkulin ng pagpapahiwatig at maglalayon siya ng mga gawain sa puso niya kasama ng pagsasagawa ng mga dhikr ng ṣalāh.

6. Hindi siya nakakakaya na magpahiwatig sa pamamagitan ng katawan pagyukod at pagpapatirapa. 4. Magsasagawa siya ng ṣalāh habang nakahiga sa tagiliran niya habang ang mukha niya ay nakadako sa qiblah.

PANUTO 4: Linawin mo ang kahatulan ng pagpapaikli ng ṣalāh sa dalawang kalagayan:

Dumating ang manlalakbay sa isang bayan at nagnais na manatili roon ng apat na araw o mababa pa.

Dumating ang manlalakbay sa isang bayan at nagnais na manatili roon ng higit sa apat na araw.

PANUTO 5: Sa ano nagpapatunay ang bawat isa sa:

Pagkakinakailangan ng ṣalāh sa lahat ng mga kalagayan?

Pagsasagawa ng ṣalāh ng maysakit alinsunod sa pagtalima niya?

Pagpapagaan ng mga bilang ng rak`ah ng ṣalāh sa manlalakbay?

6. Ang Zakāh at ang Kawanggawa

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapagtakda ka ng mga niṣāb ng mga yamang pinapatawan ng zakāh;

makapaglinaw ka ng kantidad ng zakāh sa mga yamang pinapatawan ng zakāh;

makaalam ka sa kaibahan sa pagitan ng mga gugulin ng zakāh;

makapagbigay-liwanag sa kainaman ng kawanggawa ng pagkukusang-loob;

makapagsadamdamin ka sa kadakilaan ng zakāh sa pag-aalaga sa mga karapat-dapat;

makapagmalasakit ka sa pagbigay ng zakāh ng yaman mo.

Ang zakāh ay ang ikatlo sa mga haligi ng Islām. Ito ay isang tungkulin sa sinumang nagmamay-ari ng isang yamang tinakdaan sa Sharī`ah. Matututo tayo sa araling ito ng mga uri ng yaman at kantidad ng mga ito na kinakailangan dito ang zakāh.

Una. Ang mga Uri ng mga Yamang Pinapatawan ng Zakāh

Ang Zakāh ng Ginto, Pilak, at Salapi

Kinakailangan sa bawat Muslim ang magpalabas ng 2.5% kapag nagmay-ari ng ginto o pilak o yaman na umabot sa nişāb o higit pa at lumipas dito ang isang taon (ng kalendaryo ng Islām). Nasa sumusunod ang paglilinaw niyon:

Ang nişāb ng ginto ay 20 dīnār, na kumakatumbas sa 85 gramo ng gintong 24 karat.

Ang nişāb ng pilak ay 200 dirham, na kumakatumbas sa 595 gramo ng pilak.

Ang salapi ay may nişāb na tulad ng pilak. Iyon ay bilang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga maralita.

Ang Zakāh ng mga Hayupan

Ito ay kinakailangan sa bawat Muslim na nagmay-ari ng mga kamelyo o mga baka o mga kalabaw o mga tupa o mga kambing, na umabot sa

niṣāb at lumipas sa mga ito ang isang taon ng kalendaryo ng Islām. Kinakailangan ang zakāh sa mga ito sa kundisyon na ang mga ito ay sā'imah (nanginginain sa ilang o gubat at hindi kinukumpayan ng may-ari ng mga ito sa buong taon o sa higit na maraming araw ng taon).

Ang Zakāh ng mga Hayupan - Ang Niṣāb na Kinakailangan ang Magpalabas Nito

Ang mga kamelyo - 5 kamelyo - 1 shāh

Ang mga baka o ang mga kalabaw - 30 baka o kalabaw - 1 tabī` (tupa na may isang taon)

Ang mga tupa o ang mga kambing - 40 tupa o kambing - 1 shāh

Ang Zakāh ng mga Pananim at mga Bunga

Kinakailangan ang zakāh sa mga butil. tulad ng trigo, sebada, at palay, at sa mga bunga tulad ng datiles at pasas.

Ang niṣāb ng mga ito ay 5 wasq. (Ang wasq ay 60 ṣā'.) Kaya naman ang niṣāb ay 300 ṣā'. Nagpunyagi ang marami sa mga kontemporaryo sa pagtataya ng timbang ng isang ṣā` maliban na iyon ay hindi nagiging eksakto dahil ang ṣā` ay sumusukat ng takal hindi ng timbang. Kaya ang timbang ng isang ṣā` ng trigo, bilang halimbawa, ay hindi gaya ng timbang ng isang ṣā` ng datiles. Kapag ang produkto ay naging malapit sa niṣāb, ang pinakamaingat ay na magpalabas ng zakāh.

Ang Oras ng Pagpapalabas ng Zakāh ng mga Pananim Matapos ng Pag-aani at Paglilinis

Kinakailangan ang magpalabas ng 10% ng ani sa tanimang pinatubigan nang walang hirap gaya ng pagpapatubig sa pamamagitan ng ulan at ng 5% ng ani sa tanimang pinatubigan nang may hirap gaya ng pagpapatubig sa pamamagitan ng pandilig.

Ang Zakāh ng mga Paninda ng Pangangalakal

Ang mga paninda ng pangangalakal ay ang anumang inihanda para sa pagtitinda at pagbili alang-alang sa tubo, tulad ng mga paninda at mga kalakal.

Kinakailangan sa mga ito ang zakāh kapag umabot ang halaga ng mga ito sa niṣāb at lumipas sa mga ito ang isang taon ng kalendaryo ng Islām.

Ang niṣāb ng mga paninda ng pangangalakal ay ang niṣāb ng ginto at pilak. Kinakailangan sa mga ito ang 2.5%.

Ikalawa. Ang Pinaggugulan ng Zakāh

Binanggit ni Allāh (napakataas Siya) ang mga uring karapat-dapat para sa zakāh sa sabi Niya (napakataas Siya):

إِنَّمَا الصَّدَقَاتُ لِلْفُقَرَاءِ وَالْمَسْكِينِ وَالْعَامِلِينَ عَلَيْهَا وَالْمُؤَلَّفَةِ
قُلُوبُهُمْ وَفِي الرِّقَابِ وَالْغَارِمِينَ وَفِي سَبِيلِ اللَّهِ وَابْنِ السَّبِيلِ
فَرِيضَةً مِّنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ

{Ang mga kawanggawa ay ukol lamang sa mga maralita, mga dukha, mga manggagawa sa mga ito, napalulubag-loob ang mga puso, sa pagpapalaya ng alipin at mga nagkakautang, ayon sa landas ni Allāh, at kinapos sa daan – bilang tungkulin mula kay Allāh. Si Allāh ay Maalam, Marunong.} (Qur'ān 9:60)

Ang mga manggagawa sa mga ito, ibig sabihin: sa pagtipon ng zakāh.

Ang napalulubag-loob ang mga puso ay ang mga inaasahan ang pag-anib nila sa Islām kung magbibigay tayo sa kanila ng tulong o ang mga pumasok sa Islām kamakailan kaya magbibigay tayo sa kanila bilang pagpapalubag-loob sa mga puso nila at upang magpakatatag sila sa Islām.

Sa pagpapalaya ng alipin, ibig sabihin: ang pagbili ng kalayaan ng mga alipin.

Ang mga nagkakautang, ibig sabihin: ang mga nawawalang-kakayahan sa pagbabayad ng mga utang nila.

Ang kinapos sa daan ay ang manlalakbay na nawalan ng panggugol o naubusan nito.

Ikatlo. Ang Kainaman ng Kawanggawa ng Pagkukusang-loob

Ang kawanggawa ng pagkukusang-loob ay nagkukumpleto ng zakāh ng tungkulin at pumupuno sa kakulangan nito. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na ang kauna-unahan sa gawaing tutuusin dahil dito ang tao sa Araw ng Pagbangon ay ang pagdarasal niya. Kung natagpuan ito bilang lubos, isusulat ito bilang lubos. Kung may nabawas mula rito na anuman, magsasabi Siya: Tumingin kayo, nakatatagpo kaya kayo para sa kanya mula sa isang pagkukusang-loob, na magkukumpleto para sa kanya, ng napabayaan niya na isang tungkulin, mula sa pagkukusang-loob niya? Pagkatapos ang nalalabi sa mga gawain ay tutuusin alinsunod doon."** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud (864), Imām At-Tirmidhīy (413), at Imām An-Nasā'īy (466).

Ang kawanggawa ay kabilang sa mga kadahilanan ng kaligtasan sa Araw ng Pagbangon. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at

pangalagaan): **"May pitong maglililim sa kanila si Allāh sa lilim Niya sa Araw ng walang lilim kundi ang lilim niya ... lalaking nagkawanggawa ng isang kawanggawa saka nagkubli nito nang sa gayon hindi makaalam ang kaliwa niya sa ginugugol ng kanan niya."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 660 at Imām Muslim: 1031.

Mga Ehemplo ng Kawanggawa ng Pagkukusa

Ang paggugol sa mga nangangailangan, mga maralita, mga balo, at mga ulila.

Ang pagbayad sa pagkakautang ng mga nagkautang na nawalang-kakayahan.

Ang paggugol sa mga maralitang tagahanap ng kaalaman at sa pagpili ng mga kagamitan at mga aklat na kinakailangan nila.

Ang pagpapatayo ng mga masjid, mga ospital, at mga paaralan, at ang paggugol sa mga ito.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Makikipagtulungan ako at maghahango ako.

Sa pakikipagtulungan kasama ng mga kaklase mo, magbasa ka ng mga sumusunod na teksto, pagkatapos hanguin mo ang ipinahihiwatig ng mga ito na mga patakaran ng zakāh at kawanggawa.

Ang Teksto - Ang Ipinahihiwatig

Ang sabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang sumamba kay Allāh habang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman saka nagpanatili ng ṣalāh, nagbigay ng zakāh, duminig, at tumalima, tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay magpapasok sa kanya mula sa alinman sa mga pintuan ng Paraiso na niloob niya."** Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad: 22768. Ang zakāh ay kabilang sa mga haligi ng Islām at ang ganti rito ay ang Paraiso.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

وَأْتُوا حَقَّهُ يَوْمَ حَصَادِهِ

{at magbigay kayo ng tungkulin ng mga ito sa araw ng pag-aani ng mga ito.} (Qur'ān 6:141) Ang pagkatungkulin ng zakāh ng mga pananim at mga bunga sa araw ng pag-aani.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Walang zakāh sa yaman hanggang sa umabot dito ang isang taon."** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 1573 at Imām At-Tirmidhīy: 631. Ang pagsasakundisyon ng pagdaan ng isang taon para sa pagkakinakailangan ng zakāh.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Sa anumang mababa pa sa limang wasq [na datiles] ay walang kawanggawa."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1447 at Imām Muslim: 979. Kabilang sa mga kundisyon ng pagkakinakailangan ng zakāh sa mga pananim ang pag-abot ng mga ito sa limang wasq.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang kawanggawa ay umaapula sa kasalanan gaya ng pag-apula sa apoy ng tubig."** Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 614 at Imām Ibnu Mājah: 3973. Kabilang sa mga katuturan ng kawanggawa ang pagtatakip sa mga pagkakasala.

Aktibidad 2: Magtataya ako ng kantidad ng zakāh.

Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo, magtataya ako ng kantidad ng zakāh na kinakailangan ang pagpapalabas nito sa mga sumusunod na halimbawa:

Nagmamay-ari si Ibrāhīm ng 20,000 Dolyar.

Umani si `Abdurrahmān mula sa lupa niya ng 3,500 kilogramo ng palay.

Nagmamay-ari si Muḥammad ng 40 tupa na malayang nanginginain.

Nagmamay-ari ang isang lalaki ng 35 baka.

Aktibidad 3: Magtatalakay ako pagkatapos sasagot ako.

Ang kaibigan ay may puwesto para sa pagtitinda ng mga makakain. Nagsagawa siya ng pagtutuos ng mga paninda ngunit hindi umabot ang mga ito sa niṣāb subalit siya ay nakapag-impok ng isang halagang kapag isinama sa halaga ng mga paninda, ang mga ito ay aabot sa niṣāb ng zakāh. Makipagtalakayan ka kasama ng tatlo sa mga kaklase mo kaugnay sa kahatulan ng zakāh sa panig niya.

Aktibidad 4: Mag-iisip ako at sasagot ako.

Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo, mag-isip ka ng ilan sa mga ehemplo ng kawanggawa ng pagkukusang-loob na kinakailangan ng lipunan mo kasama ng paghimok sa mga kaklase mo sa pagbibigay ng kawanggawa roon.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pinakamaliit na niṣāb ng mga kamelyo na kinakailangan sa mga ito ang zakāh ay:

(tatlo - apat - lima).

Ang pinakamaliit na niṣāb ng mga baka na kinakailangan sa mga ito ang zakāh ay:

(30 - 40 - 50).

Ang pinakamaliit na niṣāb ng mga tupa na kinakailangan sa mga ito ang zakāh ay:

(30 - 40 - 50).

Ang pinakamaliit na niṣāb ng mga butil at mga bunga na kinakailangan sa mga ito ang zakāh ay:

(apat na wasq - limang wasq - anim na wasq).

Ang pinakamaliit na niṣāb ng ginto na kinakailangan dito ang zakāh ay:

(65 gramo - 75 gramo - 85 gramo).

PANUTO 3: Kumpletuhin ang mga sumusunod na pararila sa pamamagitan ng naaangkop.

Ang kantidad ng zakāh sa mga pananim kapag pinatubigan ng mga tubig ng mga ulan ay ____.
(10%)

Ang kantidad ng zakāh sa mga pananim kapag pinatubigan ng mga kasangkapan ng pagdilig ay ____.
(5%)

Ang kantidad na kinakailangang ilabas sa mga salapi at mga paninda ng pangangalakal ay ____.
(2.5%)

PANUTO 3: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Ano ang tinutukoy ng mga paninda ng pangangalakal?

Sino ang napalulubag-loob ang mga puso at ang mga nagkakautang?

Humango ka ng patunay sa kainaman ng zakāh at kawanggawa.

Magsulat ka ng tatlong ehemplo na maaari sa iyo na magbigay para sa mga ito ng kawanggawa.

Ang Ikalimang Yunit: Ang mga Kaasalan at ang mga Etiketa

1. Ang mga Etiketa sa Pagkain at Pagtulog

Ang mga Layong Pampamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka ng mga etiketa sa pagkain at pag-inom, at pagtulog at paggising;

makapagbigay-katwiran ka sa pagbabatas sa mga etiketa sa pagkain at pagtulog;

makahango ka ng patunay sa mga etiketa sa pagkain, pag-inom, at pagtulog;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pagpapamalagi sa pagsambit ng mga dhikr;

makapagpatupad ka ng mga etiketa sa pagkain at pag-inom, at pagtulog at paggising.

Sa panahon ng araling ito, lilitaw sa iyo ang ilan sa mga kagandahan ng pang-Islām na pagbabatas na nagpapahalaga sa mga etiketa ng pang-araw-araw na buhay ng tao, at ang paglilina sa epekto ng pagpapatupad ng mga etiketa ng ito sa Muslim sa Mundo at Kabilang-buhay.

Una. Ang mga Etiketa ng Pagkain at Pag-inom Mga etiketa ng Isinasabatas Gawin

Ang paghuhugas ng mga kamay bago kumain at ang paglilinis ng mga ito.

Ang pagsambit ng: "Bismi --llāh (Sa ngalan ni Allāh)" bago kumain at uminom ngunit kapag nakalimot ang Muslim ay magsasabi siya ng: "Bismi --llāhi fī awwalihi wa-ākhirih (Sa ngalan ni Allāh sa simula nito at sa wakas nito)." Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Kapag kakain ang isa sa inyo ng isang pagkain ay sabihin niya: Bismi --llāh (Sa ngalan ni Allāh) ngunit kung nakalimutan niya sa simula nito ay sabihin niya: Bismi --llāhi fī awwalihi wa-ākhirih (Sa ngalan ni Allāh sa simula nito at sa wakas nito)."** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 3767 at Imām At-Tirmidhīy: 1858.

Ang pagkain at ang pag-inom sa pamamagitan ng kanang kamay ngunit kung hindi niya nakaya dahil sa sakit o tulad nito, pinapayagan na kumain sa pamamagitan ng kaliwang kamay.

Ang pagkain mula sa nakatatapat niya (ibig sabihin: mula sa harapan niya). Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Umar bin Abī Salamah: **"O bata, sumambit ka ng ngalan ni Allāh at kumain ka mula sa nakatatapat mo."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 5376 at Imām Muslim: 2022.

Ang pagkain habang nakaupo at walang hadlang sa pagkain habang nakatayo dahil sa pangangailangan.

Ang pagpuri kay Allāh matapos kumain at uminom. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na si Allāh ay talagang nalulugod sa tao na kumain ng pagkain saka magpuri sa kanya dahil doon o uminom ng inumin saka magpuri sa kanya dahil doon."** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2734.

Mga Gawaing Sinasaway

Ang pagsandal sa sandali ng pagkain dahil ito ay kabilang sa mga kaasalan ng mga nagpapakamalaki. Humahantong ito sa pagpaparami ng pagkain. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi ako kumakain habang nakasandal."** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 5398.

Ang pagkabusog na pinalabis-labis. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at

pangalagaan): **"Hindi pumuno ang isang tao ng isang sisidlang higit na masama kaysa sa isang tiyan. Sapat na sa anak ni Adan na may mga makakaing magtatayo sa likod niya; saka kung nangyaring hindi posible, sangkatlo ay para sa pagkain niya, sangkatlo ay para sa inumin niya, at sangkatlo ay para sa paghinga niya."** Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhī: 2380 at Imām Ibnu Mājah 3349.

Ang pag-ihip sa mainit na pagkain o ang paghinga sa tubig sa sandali ng pag-inom sapagkat ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa: **{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway na huminga sa lalagyan o umihip dito.}**) Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 3728 at Imām At-Tirmidhī: 1888.

Ikalawa. Ang mga Etiketa ng Pagtulog at Paggising

Ang pagsasagawa ng wuḍū' bago matulog at ang pagtulog sa kanang tagiliran. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag pumunta ka sa higaan mo, magsagawa ka ng wuḍū' mo para sa ṣalāh, pagkatapos mahiga ka sa kanang tagiliran mo." Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 247 at Imām Muslim: 2710.

Ang pagsambit ng: "Bismi -llāh" at ang pagpagpag ng higaan bago matulog. Nagsabi ang

Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Kapag pumunta ang isa sa inyo sa higaan niya [para matulog], pagpagin niya ang higaan niya."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6320 at Imām Muslim: 2714. Ang kasanhian niyon ay ang paglilinis ng higaan mula sa mga kulisap at tulad ng mga ito.

Ang pagsambit kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at ang pagbigkas ng Āyarulkursiy, Sūrah Al-Ikhlās, at Mu'awwidhatān (ang Sūrah Al-Falaq at Sūr An-Nās).

Ang pag-iwas sa pagtulog nang nakadapa batay sa pagsaway ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban doon.

Kabilang noon sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sandali ng pagtulog ang pagsabi ng: **"Bi-smika rabbī waḍa`tu jambī, wa-bika arfa`uhu, in amsakta nafsī fa-rḥamhā, wa-in arsaltahā fa-ḥfadhā bimā taḥfaḍu bihi `ibādakā -ṣṣālihīn.** (Sa ngalan Mo, Panginoon ko, naglalapag ako ng tagiliran ko at sa Iyo ako nag-aangat nito. Kung kukunin Mo ang kaluluwa ko, kaawaan Mo ito; at kung pababalikin Mo ito, ingatan Mo ito sa pamamagitan ng ipinang-iingat Mo sa mga lingkod Mong maaayos.)" Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 6320.

Ang pagsambit ng dhikr at ang paglalagay ng kanang kamay sa ilalim ng kanang pisngi. Ayon kay Ḥudhayfah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag humiga siya sa higaan niya sa gabi, ay naglalagay ng kamay niya sa ilalim ng pisngi niya. Pagkatapos nagsasabi siya ng: "Bi-smika -llāhumma amūtu wa-aḥyā. (Sa ngalan Mo, O Allāh, namamatay ako at nabubuhay ako .)" Kapag naman nagising siya, nagsasabi siya ng: "Alḥamdu lillāhi -lladhī aḥyānā ba`da mā amātanā wa ilayhi -nnushūr. (Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagbigay-buhay sa atin matapos nagbigay-kamatayan sa atin at tungo sa Kanya ang pagkabuhay.)"}** Naglalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 6314.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magsasagawa ako ng pagtatasa (assessment) at magpapalano ako.

Magsasagawa ka ng pagtatasa (assessment) sa pag-uugali mo sa sandali ng pagkain at bago matulog alinsunod sa natutuhan mo sa araling ito.

Maghanda ka ng isang programa para magdulot ng edukasyon sa sambahayan mo ayon sa mga etiketang nasasaad sa aralin.

Aktibidad 2: Magmumungkahi ako ng isang pangagamot.

Magmungkahi ka kasama ng grupo mo ng mga kaparaanan ng panggagamot sa mga sumusunod na masagwang pag-uugali sa pagkain at inumin:

Ang pag-aaksaya sa pagkain at inumin lalo na sa mga okasyon.

Ang pagkain o ang pag-inom sa pamamagitan ng kaliwang kamay.

Ang pagpintas sa pagkain o inumin at ang pananakit sa damdamin ng ina o maybahay dahilan doon.

Aktibidad 3: Maghahango ako.

Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo, humango ka mula sa aralin ng epekto ng pananatili sa mga etiketa ng pagkain at pag-inom sa kalusugan.

Aktibidad 4: Sasagot ako.

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang bumigkas ng dalawang talatang ito mula sa hulihan ng Sūrah Al-Baqarah sa isang gabi ay makakasapat ang dalawang ito sa kanya."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 5009 at Imām Muslim: 808. Basahin mo ang ḥadīth, pagkatapos sumagot ka.

Isulat mo ang dalawang āyah na pinapakay.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

آمَنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنْزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ كُلٌّ آمَنَ بِاللَّهِ
 وَمَلَائِكَتِهِ وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْ رُسُلِهِ وَقَالُوا
 سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ (285) لَا يُكَلِّفُ
 اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا لَهَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا اكْتَسَبَتْ رَبَّنَا لَا
 تُؤَاخِذْنَا إِنْ نَسِينَا أَوْ أَخْطَأْنَا رَبَّنَا وَلَا تَحْمِلْ عَلَيْنَا إَصْرًا كَمَا
 حَمَلْتَهُ عَلَى الَّذِينَ مِنْ قَبْلِنَا رَبَّنَا وَلَا تُحَمِّلْنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِ
 وَاعْفُ عَنَّا وَاعْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا أَنْتَ مَوْلَانَا فَانصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ
 الْكَافِرِينَ (286)

{285. Sumampalataya ang Sugo sa anumang
 pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang
 mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa]
 ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya,
 sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya.
 [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man
 sa mga sugo Niya." Nagsabi sila: "Nakarinig kami
 at tumalima kami. [Humihingi kami ng]
 pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa
 Iyo ang kahahantungan." 286. Hindi nag-aatang si

Allāh sa isang kaluluwa malibang ayon sa kaya nito. Ukol dito ang kinamit nito at laban dito ang nakamit nito. Panginoon namin, huwag Kang manisi sa amin kung nakalimot kami o nagkamali kami. Panginoon namin, huwag Kang magpabuhat sa amin ng isang pabigat na gaya ng ipinabuhat Mo sa mga bago pa namin. Panginoon namin, huwag Kang magpapasan sa amin ng anumang wala kaming lakas doon. Magpaumanhin Ka sa amin, magpatawad Ka sa amin, at maawa Ka sa amin. Ikaw ay Mapagtangkilik sa amin, kaya mag-adya Ka sa amin laban sa mga taong tagatangging sumampalataya.} (Qur'ān 2:285-286)

Magbigay-liwanag ka sa epekto ng pagpapanatili sa pagsambit ng mga dhikr ng pagtulog.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ibinibilang na sunnah para sa Muslim ang matulog sa alinmang anyo na nagiginhawahan siya. (X)

Sumuway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa paghinga sa iniinuman sa sandali ng pag-inom. (✓)

Sinasabi ang: "Bi-smika -llāhumma, amūtu wa-aḥyā. (Sa ngalan Mo, O Allāh, namamatay ako at nabubuhay ako.)" sa sandali ng pagkagising. (X)

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang pagsandal sa sandali ng pagkain ay kabilang sa mga gawaing:

(itinuturing na kaibig-ibig - pinapayagan - sinasaway).

Ang pag-ihip sa pagkain at inumin ay kabilang sa:

(mga etiketa - mga kinakailangan -mga sinasaway).

Ang sinumang ang kanang kamay niya ay napilay saka kumain sa pamamagitan ng kaliwang kamay, ang kahatulan ay:

(ang pagpayag - ang pagkasuklam - ang pagkakinakailangan).

Bahagi ng mga sunnah ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagtulog ay na siya noon ay natutulog nang nakahiga sa:

(kanang tagiliran - kaliwang tagiliran - kapwa tagiliran).

PANUTO 3: Magsulat ka ng isang patunay sa bawat isa mula sa sumusunod:

Ang pagpuri kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) matapos kumain.

Ang pagsaway laban sa pagpapalabis-labis sa pagkain.

PANUTO 4: Sa pamamagitan ng ano ipakakahulugan ang sumusunod?

Ang pagsaway laban sa pag-ihip sa pagkain o inumin.

Ang pagsaway laban sa pagsandal sa sandali ng pagkain.

Ang pagpagpag ng higaan bago matulog.

PANUTO 5: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Ano ang gagawin ng Muslim kapag nakalimutan niya ang magsabi ng: "Bismi -llāh" bago kumain o uminom? Sagutin kalakip ng paglilinaw sa patunay.

Maghambing ka sa pagitan ng sinasabi bago kumain at matapos nito at ng sinasabi bago matulog at matapos magising.

2. Ang mga Etiketa ng Pagbati at Pagtitipon

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapaglinaw ka ng kainaman ng pagpapalaganap ng pagbati;

makapag-isa-isa ka ng mga etiketa ng pagbati at mga pagtitipon;

makapagpahalaga ka sa kahalagahan ng mga etiketa ng pagbati at mga pagtitipon sa pag-angat sa lipunan;

makapangalaga ka sa mga etiketa ng pagbati at pagtitipon;

makapagbigay ka ng pagbati sa sinumang nakilala mo at hindi mo nakilala.

Pauna

Nagkakasya ang ilan sa mga tao sa sandali ng pagbati sa pagsenyas ng kamay o ulo o pagbibigay ng mga iba pang pararila. Ito ay sumasalungat sa patnubay ng Islām at ang tagagawa nito ay hindi nagtatamo ng gantimpala ng pagbibigay ng pagbati.

Kaya magpanatili ka, kapatid kong mag-aaral, sa mga etiketa ng Islām at magpalaganap ka ng mga kainaman nito na mapag-aalaman mo sa araling ito.

Una. Ang Kainaman ng Pagpapalaganap ng Pagbati

Ang pagpapalaganap ng pag-ibig sa mga tao. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi kayo papasok sa Paraiso hanggang sa sumampalataya kayo at hindi kayo sasampalataya hanggang sa mag-iibigan kayo. Hindi ba ako magtuturo sa inyo ng isang bagay na kapag ginawa ninyo ito ay mag-iibigan kayo? Magpalaganap kayo ng pagbati sa pagitan ninyo."** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 54.

Isang kadahilanan ng pagpasok sa Paraiso. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"O mga tao, magpalaganap kayo ng pagbati, magpakain kayo ng pagkain, at magdasal kayo [sa gabi] habang ang mga tao ay tulog, papasok kayo Paraiso nang may kapayapaan."** Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 2485 at Imām Ibnu Mājah 1334.

Kabilang sa pinakamainam sa mga pagtalima sa Islām ang sinabi ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong tinanong siya kung aling pagkaanib sa Islām ang mabuti. Nagsabi siya:

"Magpapakain ka ng pagkain, bibigkas ka ng pagbati sa sinumang nakilala mo at hindi mo nakilala." Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 12 at Imām Muslim: 39.

Ikalawa. Ang mga Etiketa ng Pagbati

Ang mga Etiketa ng Pagbati

Ang pananatili sa pagbati ng kapayapaan.

Ang pagtugon sa pagbati.

Babati ang nakababata sa nakatatanda.

Ang pagbati sa sinumang nakikilala natin at sinumang hindi natin nakikilala.

Ang pananatili sa pagbati ng Islām. Ito ay ang "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu -llāhi wa-barakātuh. (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya.)" sapagkat ito ang pagbati na isinabatas ni Allāh para sa mga lingkod Niya. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Noong lumikha si Allāh kay Adan at umihip Siya rito ng espiritu, nagsabi siya: Pumunta ka sa mga anghel na iyon, sa isang konseho mula sa kanila na nakaupo, saka magsabi ka ng: Ang kapayapaan ay sumainyo. Nagsabi naman sila: At sumaiyo ang kapayapaan at ang awa ni Allāh. Pagkatapos bumalik siya sa Panginoon niya saka nagsabi: Tunay na ito ay pagbati mo**

at pagbati ng mga anak mo sa gitna nila."
Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy: 3368.

Ang pagbibigay ng pagbati sa sinumang nakikilala natin at sinumang hindi natin nakikilala sapagkat tinanong ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Aling Islām ang mabuti? Nagsabi siya: **"Magpapakain ka ng pagkain at bibigkas ka ng pagbati sa sinumang nakilala mo at sinumang hindi mo nakilala."**} Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 12 at Imām Muslim: 39.

Kinakailangan ang tumugon sa pagbati sa sinumang nagbigay nito sapagkat nabanggit ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kabilang sa mga karapatan ng Muslim sa Muslim: **"Ang pagtugon sa pagbati."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 1240 at Imām Muslim: 2162.

Ang sunnah ay na magsimula ang nakababata ng pagbati sa nakatatanda, ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Babati ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6232 at Imām Muslim: 2160. Sa isang salaysay naman: **"ang bata sa matanda"** Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy: 6231. Hindi kahulugan niyon na

hindi babati ang nakatatanda sa nakababata sapagkat noon nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsisimula ng pagbati sa sinumang nakatatagpo niya kahit pa man ito ay nakababata.

Ikatlo. Ang mga Etiketa sa mga Pagtitipon

Ang pagbibigay ng pagbati sa sandali ng pagpasok at paglabas. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Kapag dumating ang isa sa inyo sa pagtitipon, bumati siya; saka kapag nagnais siya na tumindig, bumati siya sapagkat ang una ay hindi higit na karapat-dapat kaysa sa huli."** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 5208 at Imām At-Tirmidhī: 2706.

Ang pag-upo sa kung saan dumarating sa pagtitipon at ang pag-iwas sa paghakbang sa mga nakaupo para makarating sa unahan ng pagtitipon. Nararapat sa kanya na pumili ng isang lugar na bakante para upuan. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Kapag dumating ang isa sa inyo sa pagtitipon saka kung nagpaluwag para sa kanya, umupo siya at kung hindi naman ay tumingin siya sa pinakamaluwag na lugar na nakikita niya saka umupo siya."** Nagtala nito si Imām Aṭ-Ṭabarānī: 7197.

Ang Pagpapaluwang (Ibig sabihin: ang pagpapaluwang upang makaupo ang sinumang hindi nakatatagpo ng isang lugar). Nagsabi si Allāh:

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِذَا قِيلَ لَكُمْ تَفَسَّحُوا فِي الْمَجَالِسِ فَافْسَحُوا
يَفْسَحِ اللَّهُ لَكُمْ

{O mga sumampalataya, kapag sinabi sa inyo na magpaluwang-luwang kayo sa mga pagtitipon ay magpaluwang kayo, magpapaluwang si Allāh para sa inyo.} (Qur'ān 58:11)

Ang hindi pagpapalayo ng isang tao buhat sa lugar niya at ang hindi pag-upo roon, kahit pa ito ay isang maliit na bata o isang maralitang lalaki sapagkat ayon kay Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanya), ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: **"Huwag magpatindig ang lalaki ng [ibang] lalaki mula sa kinauupuan nito pagkatapos uupo siya rito."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6269 at Imām Muslim: 2177.

Ang hindi pagpapahiwalay sa magkatabi. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi pinahihintulutan para sa isang lalaki na magpahiwalay sa dalawang**

tao malibang may pahintulot nilang dalawa."

Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 4845 at Imām At-Tirmidhīy: 2752.

Ang paghinto sa pag-uusap nang palihim sa pagitan nang dalawang tao bukod sa iba pa sa kanilang dalawa sa pagtitipon. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):

"Kapag kayo ay tatlo, walang mag-uusapan nang palihim na dalawang tao bukod sa ikatlo hanggang sa nakihalo kayo sa mga tao."

Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6290 at Imām Muslim: 2184.

Ang pag-iwas sa mga pagtitipon sa bawal na paglilibang at daldalang walang-kabuluhan gaya ng panlilibak sa mga tao, pakikinig ng mga awitin, at iba pa rito.

Ang pagsabi ng panakip-sala ng pagtitipon bago tumindig mula roon. Ito ay ang pagsabi ng: **"Subhānaka --llāhumma wa-bi-ḥamdik, ashḥadu an lā ilāha illā anta, astaghfiruka wa-atūbu ilayk. (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo.)"**

Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy: 3762 at Imām Aḥmad: 8818.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 2: Magbabasa ako at sasagot ako.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

وَإِذَا حُيِّتُمْ بِتَحِيَّةٍ فَحَيُّوا بِأَحْسَنَ مِنْهَا أَوْ رُدُّوهَا إِنَّ اللَّهَ كَانَ عَلَى
كُلِّ شَيْءٍ حَسِيبًا

{Kapag binati kayo ng isang pagbati ay bumati kayo ng higit na maganda kaysa roon o gumanti kayo roon. Tunay na si Allāh sa bawat bagay ay laging Mapagtuos.} (Qur'ān 4:86) Sa ilalim ng pangangasiwa ng tagapagturo mo, magbigay-liwanag ka sa sumusunod:

Ang tinutukoy ng pagbati at ang pinakamaganda rito.

Ang tinutukoy ay ang pagbati ng Islām at ito ay Assalāmu `alaykum (ang kapayapaan ay sumainyo).

Ang pinakamaganda rito: ang sinumang nagsabi ng "Assalāmu `alaykum" ay tutugunin natin ng "Wa-`alaykumu -ssalāmu wa-rahmatu -llāhi wa-barakātuh. (At sumaiyo ang kapayapaan at ang awa ni Allāh at ang mga biyaya Niya.)"

Magbigay-liwanag ka sa mga etiketa ng pagbati, na nasasaad sa āyah

Aktibidad 2: Maghahango ako ng gantimpala ng pagbati.

{May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "Ang kapayapaan ay sumainyo." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Sampu." Pagkatapos may dumating na isa pa saka nagsabi ito: "Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Dalawampu." Pagkatapos may dumating iba pa saka nagsabi ito: "Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tatlumpu."}

Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud: 5195 at Imām At-Tirmidhīy: 2689. Humango ka ng mga antas ng pagbibigay ng pagbati at ng gantimpala ng bawat antas.

Ang Unang Antas: Assalāmu `alaykum. (Ang kapayapaan ay sumainyo.) Ang gantimpala nito ay sampung maganda.

Ang Ikalawang Antas: Assalāmu `alaykum wa-rahmatu -llāhi. (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh.) Ang gantimpala nito ay dalawampung maganda.

Ang Ikatlong Antas: Assalāmu `alaykum wa-rahmatu –llāhi wa-barakātuh. (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh at ang mga pagpapala Niya.) Ang gantimpala nito ay tatlumpung maganda.

Aktibidad 3: Magpapayo ako sa kaklase ko.

Samantalang may nakaupong dalawang kaklase mo sa silid aralan, may dumating na isa pang kaklase at nagnais ito na umupo sa pagitan ng dalawa bagamat ang lugar na ito ay hindi lugar na inuupuan niya. Ano ang pananaw mo sa pag-aasal na ito? Ano ang maipapayo mo sa kaklase mo?

Aktibidad 4: Makikilahok ako sa kaklase ko.

Nagsabi si Allāh:

دَعُواهُمْ فِيهَا سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَتَحِيَّتُهُمْ فِيهَا سَلَامٌ

{Ang panalangin nila doon ay "Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh" at ang pagbati nila roon ay "Kapayapaan."} (Qur'ān 10:10) Sa pamamagitan ng pakikilahok sa kaklase mo, mag-ugnay ka sa pagitan ng pagbati ng mga maninirahan sa Paraiso at ng pagbati ng mga naninirahan sa Mundo.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Kinakailangan ang magbigay ng pagbati sa lahat ng mga Muslim.

Ang tagapagpasimula ng pagbati ay higit na mainam kaysa sa sinumang tumutugon sa kanya.

Itinuturing na kaibig-ibig para sa nakatatanda ang tumugon sa pagbati sa nakababata.

PANUTO 2: Kumpletuhin ang mga sumusunod na blangko:

Bahagi ng mga etiketa ng pagbati na bumati ang isa sa _____, ang nakasakay sa _____, ang naglalakad sa _____, at ang nakababata sa _____.

PANUTO 3: Linawin mo ang ipinahihiwatig ng mga sumusunod na teksto:

Ang sabi ni Allāh:

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِذَا قِيلَ لَكُمْ تَفَسَّحُوا فِي الْمَجَالِسِ فَافْسَحُوا
يَفْسَحِ اللَّهُ لَكُمْ

{0 mga sumampalataya, kapag sinabi sa inyo na magpaluwang-luwang kayo sa mga pagtitipon

ay magpaluwang kayo, magpapaluwang si Allāh para sa inyo.} (Qur'ān 58:11)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Kapag dumating ang isa sa inyo sa pagtitipon, bumati siya; saka kapag nagnais siya na tumindig, bumati siya sapagkat ang una ay hindi higit na karapat-dapat kaysa sa huli."**

Tinanong ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Aling Islām ang mabuti? Nagsabi siya: **"Magpapakain ka ng pagkain, bibigkas ka ng pagbati sa sinumang nakilala mo at hindi mo nakilala."}**

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Kapag kayo ay tatlo, walang mag-uusapan nang palihim na dalawang tao bukod sa ikatlo hanggang sa nakihalo kayo sa mga tao."**

PANUTO 4: Tugunin ang mga sumusunod na panuto:

Magbigay-liwanag ka sa tatlong kainaman ng pagpapalaganap ng pagbati.

Sumulat ka ng panalangin ng panakip-sala ng pagtitipon.

3. Ang mga Etiketa ng Pagpapaalam

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka ng mga etiketa ng pagpapaalam;

makapaglinaw ka ng kainaman ng pananatili sa mga etiketa ng pagpapaalam;

makapagbigay-liwanag ka sa hatol sa pagpapaalam;

makapagbigay-linaw ka sa paraan ng pagpapaalam;

makapaghulo ka ng kasanhian sa pagkaisinasabatas ng pagpapaalam.

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pagsasaalang-alang sa mga karapatan ng mga ibang tao;

makapagpahalaga ka sa kahalagahan ng mga etiketa ng pagpapaalam sa pag-angat sa lipunan;

makapagpaalam ka bago pumasok sa kinaroroonan ng mga ibang tao. Isang larawan ng isang lalaking nagpapatunog ng doorbell.

Umalis si Alīy para dumalaw kay Khālīd sa bahay nito. Pinatunog niya ang doorbell nang makailang ulit, ngunit walang sumagot na isa man. Kaya umuwi si Alīy na galit. Noong humarap siya kay Khālīd, sinumbatan niya ito sa hindi pagbukas ng pinto sa kanya. Kaya naman nagpabatid sa

kanya si Khālīd na ang bahay ay hindi naaangkop na sumalubong sa kanya. Sa pananaw mo, si Alīy ba ay may karapatang magalit at sumumbat?

Ang Hatol sa Pagpapaalam

Kinakailangan sa Muslim na magpaalam kapag nagnais pumasok sa isang lugar na hindi niya minamay-ari. Nagsabi si Allāh: {O mga sumampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay na hindi mga bahay ninyo hanggang sa nagparamdam kayo at bumati kayo sa mga naninirahan sa mga ito.} (Qur'ān 24:27)

Ang Kasanhian sa Pagpapaalam

Nagsabatas si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng pagpapaalam alang-alang sa pangangalaga sa mga kabanalan ng mga bahay nang sa gayon hindi makasilip ang isa sa mga kahubaran ng isa pa. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ginawa lamang ang pagpapaalam alang-alang sa paningin."** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6241 at Imām Muslim: 2156. Ibig sabihin: Ginawa lamang ang pagpapaalam nang sa gayon hindi makakita ang mata ng hindi iibigin ng sambahayan na makita ng mga ibang tao.

Ang mga Etiketa sa Pagpapaalam

Nagsabatas si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng isang bilang ng mga etiketa

para sa pagsasakatotohanan ng layon ng pagpapaalam, na kabilang sa pinakamahalaga sa mga ito:

Bahagi ng Sunnah na magsimula ang nagpapaalam sa pagbati muna, pagkatapos hihiling siya ng pahintulot sa pagpasok. Kung walang sumagot na isa man, uulitin niya ang hiling sa ikalawa at ikatlong pagkakataon. Kung wala pa ring sumagot na isa man, lilisan siya. Ayon sa isang lalaking kabilang sa Liping `Amir: **{Siya ay nagpaalam sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang ito ay nasa bahay sapagkat nagsabi siya: "Papasok po ako." Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa tagapagsilbi niya: "Lumabas ka sa taong ito saka ituro mo sa kanya ang pagpapaalam saka magsabi sa kanya na magsabi ng: Ang kapayapaan ay sumainyo; papasok ba ako." Nakarinig sa kanya ang lalaki kaya nagsabi: "Ang kapayapaan ay sumainyo; papasok ba ako?" Nagpahintulot naman sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kaya pumasok siya.}** Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 5177.

Ang pagpapaalam ay makatatlong ulit. Kaya kung nagpahintulot sa kanya, papasok siya; at kung hindi nagpahintulot sa kanya, babalik siya. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang pagpapaalam ay tatlong**

ulit; kaya kung nagpahintulot sa iyo [ay pumasok ka] at kung hindi naman ay bumalik ka." Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6245 at Imām Muslim: 2153.

Ang kinakailangan sa Muslim ay na bumalik siya nang walang galit o pagkasuklam sapagkat tunay na si Allāh ay nagsasabi:

فَإِنْ لَمْ تَجِدُوا فِيهَا أَحَدًا فَلَا تَدْخُلُوهَا حَتَّى يُؤْذَنَ لَكُمْ وَإِنْ قِيلَ لَكُمْ ارْجِعُوا فَارْجِعُوا هُوَ أَزْكَى لَكُمْ

{Kaya kung hindi kayo nakatagpo sa mga iyon ng isa man ay huwag kayong pumasok sa mga iyon hanggang sa ipinahintulot sa inyo. Kung sinabi sa inyo: "Bumalik kayo," bumalik kayo. Ito ay higit na busilak para sa inyo.} (Qur'ān 24:28)

Magpapabatid ang nagpapaalam ng pangalan niya nang sa gayon makakilala sa kanya ang mayari ng bahay at makapagsaalang-alang ito kung naging naaangkop na magpahintulot sa kanya o hindi magpahintulot. Kinasusuklaman na magkasya ang nagpapaalam sa pagsabi ng: Ako. Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Pumunta ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka kumatok ako sa pinto kaya nagsabi siya: "Sino iyan?" Kaya nagsabi

ako: "Ako." Kaya nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ako. Ako." na para bang siya ay nasuklam doon.} Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī: 6250 at Imām Muslim: 2155.

Tatayo ang nagpapaalam sa dakong kanan ng pinto o kaliwa nito upang hindi makakita ang nagpapaalam ng anuman mula sa mga kahubaran ng [mga nasa] bahay sa sandali ng pagbukas ng pinto sapagkat nasaad sa ḥadīth: **{Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumunta siya sa pinto ng mga tao, ay hindi humaharap sa pinto mula sa tapat ng harap nito subalit mula sa sulok nitong kanan o kaliwa.}** Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud: 5188.

Ang Pagpapaalam ng mga Bata sa Loob ng mga Bahay

Nag-obliga si Allāh (napakataas Siya) sa mga bata na magpaalam sila sa pagpasok sa silid ng mga magulang sa mga tinakdaang oras bilang pangangalaga sa bata laban sa pagkakita ng anumang hindi nararapat na makita niya na mga kahubaran ng mga kamag-anak niya. Nagsabi si Allāh:

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لِيَسْتَأْذِنَكُمْ الَّذِينَ مَلَكَتْ أَيْمَانُكُمْ وَالَّذِينَ لَمْ يَبْلُغُوا الْحُلُمَ مِنْكُمْ ثَلَاثَ مَرَّاتٍ مِنْ قَبْلِ صَلَاةِ الْفَجْرِ وَحِينَ

تَضَعُونَ ثِيَابَكُمْ مِنَ الظَّهِيرَةِ وَمِنْ بَعْدِ صَلَاةِ الْعِشَاءِ ثَلَاثُ عَوْرَاتٍ لَكُمْ

{O mga sumampalataya, magpaalam sa inyo ang mga [aliping] minay-ari ng mga kanang kamay ninyo at ang mga hindi umabot sa kahustuhang gulang kabilang sa inyo sa tatlong sandali: bago *pa ng dasal sa madaling-araw, kapag nag-aalis kayo ng mga kasuutan ninyo [sa pamamahinga] sa tanghali at matapos *na ng dasal sa gabi. Tatlong [sandali ng] kahubaran para sa inyo [ito];} (Qur'ān 24:58)

Ang Tatlong Sandali ng Kahubaran

1. Bago ng ṣalāh na fajr;
2. Kapag nag-aalis kayo ng mga damit ninyo sa tanghali (oras ng pag-idlip);
3. Matapos ng ṣalāh na `ishā'.

Isinabatas ang pagpapaalam sa tatlong oras na ito dahil ang tao sa kadalasan ay nagiging nakahanda para matulog o magising para sa ṣalāh, kaya ito ay isang oras ng pagpapagaan ng mga

kasuutan o pagpapalit sa mga ito at iba pa roon na mga kadahilanan.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Magbibigay-liwanag ako at magmumungkahi ako.

Dumarami ang mga pagsalungat sa mga etiketa ng pagpapaalam lalo na sa mga kamag-anak at maaaring may magreresulta roon na maraming katiwalian. Sa pamamagitan niyon, magbigay-liwanag ka sa sumusunod:

Ang mga katiwalian inireresulta ng pagsasaisang-tabi ng pagpapaalam.

Ang pagkakita sa mga `awrah ng mga ibang tao.

Magmungkahi ka ng tatlong kaparaanan ng pagpapalaganap ng etiketa ng pagpapaalam at pagtutumpak sa mga pagsalungat na nagaganap dito.

Aktibidad 2: Magsasaliksik ako at sasagot ako.

Magsaliksik ka tungkol sa kasanhian sa pagsasabatas ng sumusunod, pagkatapos maglahad ka nito sa tagapagturo mo para sa pagtatasa niya:

1. ang pag-uulit ng pagpapaalam nang makatatlo;

2. ang pagsaway laban sa pagsabi ng nagpapaalam ng: Ako.

Aktibidad 3: Magbubulay-bulay ako at magmamasid ako.

Sa pakikipagtulungan kasama ng grupo mo, magbulay-bulay ka sa mga kalagayan ng mga Muslim sa lipunan mo at magmasid ka sa naaabot ng pagmamalasakit nila sa pagpapatupad sa mga etiketa ng pagpapaalam alinsunod sa hinihiling sa sumusunod:

Magbigay ka ng antas para sa naaabot ng pagmamalasakit.

Maglinaw ka kung ikaw ay nalulugod sa antas na ito o hindi.

Kung ikaw ay hindi nalulugod, magmungkahi ng mga lunas upang umabot ang pagmamalasakit sa antas na kinalulugdan mo.

Ang Uri ng Pagpapaalam

Ang antas: Ikaw ba ay nalulugod sa antas na ito? Ang lunas na iminumungkahi:

Gagawin natin

ang pagpapaalam sa pagitan ng mag-anak;

ang pagpapaalam sa pagitan ng mga magkaklase;

ang pagpapaalam sa pagitan ng mga magkaibigan;

ang pagpapaalam sa pagitan ng mga magkapitbahay;

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Ipinagbabawal sa tao na pumasok sa bahay ng ibang tao nang walang pagpapaalam.

Nakasasapat sa nagpapaalam na bumanggit ng katangian niya gaya ng pagiging kaibigan o kaklase.

Kinakailangan na magpaalam ang mga bata sa mga oras ng pag-idlip.

Isinasakarapatan para sa sinumang hindi pinahintulutan sa pagpasok na magalit sa sinumang hindi nagpahintulot sa kanya.

Magpapaalam ang mga bata mula sa oras bago ng ṣalāh na fajr.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Kapag hindi nagpahintulot ang may-ari ng bahay sa nagpapaalam, kailangan sa nagpapaalam:

(ang maghintay - ang lumisan - ang umulit ng pagpapaalam).

Magpapaalam ang mga batang hindi pa nagbinata o nagdalaga mula sa oras matapos ng ṣalāh na:

(`aṣr - maghrib - `ishā').

Ang kasanhian ng pagkaisinasabatas ng pagpapaalam sa loob ng bahay ay:

(ang pag-iwas sa pagparusa sa bata - ang paglalantad ng kaluwagan ng Islām - ang pangangalaga sa mga kahubaran ng mag-anak).

Aktibidad 3: Maglinaw ka ng mahahangong katuturan mula sa dalawang sumusunod na teksto

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang pagpapaalam ay tatlong ulit; kaya kung nagpahintulot sa iyo [ay pumasok ka] at kung hindi naman ay bumalik ka."**

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ginawa lamang ang pagpapaalam alang-alang sa paningin."**

PANUTO 4: Magbigay-katwiran ka sa sumusunod:

Ang pag-iwas ng pagtayo ng nagpapaalam sa harapan ng pinto nang direktahan.

Ang pagkakinakailangan ng pagbanggit ng nagpapaalam ng pangalan niya sa sandali ng pagpapaalam.

PANUTO 5: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Sa ano nagpapatunay ang sigasig ng Islām sa pagpapaalam sa loob ng mga bahay?

Magbigay-linaw ka sa paraan ng pagpapaalam habang humahango ng patunay sa sinasabi mo.

4. Ang mga Dhikr sa Magkabilang Bahagi ng Maghapon at mga Katapusan ng Ṣalāh

Ang mga Layong Pampamamalakad:

Inaasahan mula sa iyo, mahal kong estudyante, matapos ng araling ito na:

makapag-isa-isa ka ng ilan sa mga dhikr sa umaga at gabi at mga katapusan ng ṣalāh;

makapagtakda ka ng oras ng mga dhikr sa umaga at gabi;

makahango ka ng patunay sa kainaman ng mga dhikr sa umaga at gabi at mga katapusan ng ṣalāh;

makapagsadamdamin ka ng kahalagahan ng pagpapamalagi sa pagsambit ng mga dhikr;

makapagsaulo ka ng mga dhikr sa umaga at gabi at sa mga katapusan ng ṣalāh.

Tinawagan ni Alīy ang kaibigan niyang si Muḥammad matapos ng ṣalāh na maghrib at tinanong niya: "Ikaw ba ay abala?" Sumagot naman si Muḥammad: "Ako ay sumasambit ng mga dhikr sa gabi." Nagulat si Alīy habang nagsasabi: "Subalit ang oras nito ay mula `aṣr hanggang sa maghrib." Ipinabatid naman ni Muḥammad na siya ay nakalimot nito at nagnanais na magsagawa nito. Kaya ano ang pananaw mo sa sinabi ni Muḥammad? Ito ang matututuhan natin sa aralin ng araw na ito.

Una. Ang mga Dhikr sa Umaga at Gabi

Ang Kainaman ng mga Dhikr sa Umaga at Gabi

Nag-utos si Allāh (napakataas Siya) ng pag-aalaala sa kanya sa maghapon at sa katapusan nito sapagkat nagsabi Siya:

وَاذْكُرْ اسْمَ رَبِّكَ بُكْرَةً وَأَصِيلًا (25)

{Bumanggit ka ng ngalan ng Panginoon mo sa umaga at sa hapon.} (Qur'ān 76:25) Nagsabi rin Siya:

فَاصْبِرْ عَلَىٰ مَا يَقُولُونَ وَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ قَبْلَ طُلُوعِ الشَّمْسِ وَقَبْلَ غُرُوبِهَا وَمِنْ آنَاءِ اللَّيْلِ فَسَبِّحْ وَأَطْرَافَ النَّهَارِ لَعَلَّكَ تَرْضَىٰ (130)

{Kaya magtiis ka sa anumang sinasabi nila at magluwalhati ka kalakip ng papuri sa Panginoon mo bago ng pagsikat ng araw at bago ng paglubog nito; at mula sa mga bahagi ng gabi ay magluwalhati ka at sa mga dulo ng maghapon, nang sa gayon ikaw ay malulugod.} (Qur'ān 20:130)

Ang mga dhikr sa umaga at gabi ay may maraming kainaman, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Ang pag-iingat ni Allāh (napakataas Siya) sa tao laban sa mga kasamaan ng Mundo, sa sarili, at pasaring ng demonyo.

Ang pagbukas ng mga pinto ng kabutihan sa araw at gabi at isang kadahilanan para sa pagpapadali sa mga nauukol sa Mundo.

Ang pagdagdag ng mga magandang gawa at ang kapatawaran sa mga pagsuway at mga masagwang gawa.

Ang pamamalagi ng pagkakaugnay ng tao sa Panginoon nito at ng pagkalapit sa Kanya.

Kabilang sa mga dhikr sa umaga at gabi:

Ang pagbigkas ng Āyarulkursīy nang isang ulit sapagkat ang sinumang bumigkas nito kapag nag-umaga at kapag gumabi at sa sandali ng pagtulog, mag-iingat sa kanya si Allāh (kamahahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) laban sa mga demonyo.

Ang pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlās, Sūrah Al-Falaq, at Sūrah An-Nās nang tigtatlong ulit. **Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isa sa mga Kasamahan niya: "Magsabi ka ng: 'Qul huwa –llāh aḥad...' at ng dalawang panalangin ng pagpapakupkop kapag gumabi at kapag nag-umaga nang tigtatlong ulit, makasasapat sa iyo ang mga ito laban sa bawat anuman."** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 5082, Imām At-Tirmidhiy: 3575, at Imām An-Nasā'iy: 5428. Ang sabi niya na: **"makasasapat sa iyo ang mga ito laban sa bawat anuman"** ay nangangahulugang: magtutulak ang mga ito palayo sa iyo ng bawat kasagwaan at mag-iingat sa iyo laban sa bawat kasamaan o magbibigay-kasapatan sa iyo sa lahat ng mga uri ng dhikr at pagbubunyi [kay Allāh].

Ang pagsabi ng panalangin ng pangunahin sa paghingi ng tawad nang iisang ulit. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang pangunahin sa paghingi ng tawad ay na magsabi ka ng: Allāhumma anta rabbī, lā ilāha illā anta, khalaqtanī wa-anā `abduka, wa-anā `alā `ahdika wa-wa`dika ma –staṭa`tu, a`ūdhu**

bika min sharri mā šana`tu, abū'u laka bi-ni`matika `alayya, wa abū'u bi-dhambī, fa-ghfir lī fa-innahū lā yaghfiru -l dhdhunūba illā anta. (O Allāh, Ikaw ay Panginoon ko. Walang Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa nagawa ko. Kumikilala ako sa Iyo sa biyaya Mo sa akin. Kumikilala ako sa Iyo sa pagkakasala ko kaya magpatawad Ka para sa akin sapagkat tunay na walang nagpatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw.) Ang sinumang nagsabi nito mula sa maghapon habang nakatitiyak dito saka namatay sa araw nito bago gumabi, siya ay kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso." Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārī: 6306.

Ang pagsabi ng: "Bismi -llāhi -lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi shay'un fi -l'arḍi wa lā fi -ssamā'i, wa-huwa -ssamī`u -l'alīm. (Sa ngalan ni Allāh na walang nakapipinsala sa pangalan Niya na anumang bagay sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Madinigin, ang Maalam.)" Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 5088 at Imām At-Tirmidhī: 3388.

Tatlong ulit. Ang sinumang nagsabi nito, siya ay naging nasa pag-iingat ni Allāh (kamahal-

mahalan Siya at kapita-pitagan) at pagsasanggalang Niya.

Ang pagsabi ng: **"Subhāna -llāhi wa biḥamdihi. (Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya.)"** Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 6405 at Imām Muslim: 2692.

Isang daang ulit. Ang sinumang nagsabi nito ay walang nakapagdala na isa man ng higit na mainam kaysa sa inihatid ng sumasambit na ito maliban sa sinumang nagsabi ng tulad nito o nagdagdag dito.

Ang pagsabi ng: **"AMSAYNĀ WA-AMSA -lmulku lillāhi, wa-lḥamdu lillāh; lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd, yuḥyī wa yumīt, wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr; Allāhumma as'aluka khayra mā fī HĀDHIHI -LLAYLATI wa-khayra mā BA`DAHĀ, wa-a`ūdhu bika min sharri mā fī HĀDHIHI -LLAYLATI wa-sharri mā BA`DAHĀ; Allāhumma, innī a`ūdhu bika mina -lkasali wa-sū'i -lkibar; Allāhumma, innī a`ūdhu bika min `adhābin fī -nnāri wa-`adhābin fī -lqabr. (GINABI KAMI AT SA GABI ang paghahari ay ukol kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh - tanging Siya: walang katambal para sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay-buhay Siya at nagbibigay-**

kamatayan Siya. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan. O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng mabuti sa GABING ITO at ng mabuti MATAPOS NITO, at nagpapakupkop sa Iyo laban sa masama sa GABING ITO at sa masama matapos nito. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa katamaran at sa kasagwaan ng katandaan. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa isang pagdurusa sa Apoy at sa isang pagdurusa sa libingan.)" Kapag nag-umaga naman, magsasabi rin ng gayon ngunit papalitan ang AMSAYNĀ WA-AMSA ng AŞBAHNĀ WA-AŞBAHA (INUMAGA KAMI AT SĀ UMAGA), ang HĀDHIHI -LLAYLATI...BA`DAHĀ ng HĀDHA -LYAWMI...BA`DAHU (ARAW NA ITO...MATAPOS NITO). Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi nito noon. Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2723.

Ang Oras ng mga Dhikr sa Umaga at Gabi

Nagsisimula ang oras ng mga dhikr sa umaga mula sa ṣalāh na fajr hanggang sa pagsikat ng araw at ang oras ng mga dhikr sa gabi mula sa ṣalāh na `aṣr hanggang sa paglubog ng araw. Nagsabi si Allāh:

وَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ قَبْلَ طُلُوعِ الشَّمْسِ وَقَبْلَ الْغُرُوبِ (39)
.(ق:39)

{at magluwalhati ka kalakip ng pagpupuri sa Panginoon mo bago ng pagsikat ng araw at bago ng paglubog.} (Qur'ān 50:39)

Kapag nalingat ang Muslim sa pagsambit ng mga dhikr na ito sa oras na ito, pinapayagan para sa kanya na sumambit ng mga ito bago ng maghrib o matapos ng pagsikat ng araw dahil siya ay magtatamo sa pamamagitan niyon ng kainaman ng dhikr. Ito ay higit na mainam kaysa sa pag-iwan niyon.

Ikalawa. Ang mga Dhikr Matapos ng mga Ṣalāh

Gumabay sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagsambit ng dhikr matapos ng ṣalāh. Kabilang sa mga dhikr na ito:

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag natapos sa ṣalāh niya, ay humihingi ng tawad nang tatlong ulit at nagsasabi: **"Allāhumma anta -lssalāmu wa-minka -lssalām, tabārakta yā dha -lljalāli wa-l'ikrām. (O Allāh, Ikaw ang Sakdal at mula sa Iyo ang kapayapaan. Napakamapagpala Mo, na ukol sa pagkapinagpipitaganan at pinagpaparangalan.)"** Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 591.

Ang pagsabi ng: **"Lā ilāha illa -llāh waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd,**

wa huwa `alā kulli shay'in qadīr. Allāhumma lā māni'a limā a`ṭayta, wa lā mu`ṭiya limā mana'ta, wa lā yanfa`u dha -ljaddi minka -ljadd. (Walang Diyos kundi si Allāh - tanging Siya: walang katambal para sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan. O Allāh, walang makapipigil sa anumang ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang pinigil Mo. Hindi makapagpapakinabang sa may yaman laban sa Iyo ang yaman.)" sapagkat ang Propeta noon nga (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi nito matapos ng ṣalāh. Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 844 at Imām Muslim: 593.

Ang pagsabi ng: "Subḥāna -llāh (Kaluwalhatian kay Allāh), Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh), at Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila) nang tig-33 ulit; Lā ilāha illa -llāh waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa-lahu -lḥamdu wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. (Walang Diyos kundi si Allāh - tanging Siya: walang katambal para sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan.)" Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 843 at Imām Muslim: 597.

Ang pagbigkas ng Āyarulkursīy. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang bumigkas ng Āyarulkursīy sa katapusan ng bawat ṣalāh na iniatas, walang makakapagpigil sa kanya sa pagpasok sa Paraiso maliban na mamatay siya."** Nagsalaysay nito si Imām An-Nasā'īy sa Sunan Al-Kubrā: 9848.

Ang pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlāṣ at Mu'awwidhatān (ang Sūrah Al-Falaq at Sūr An-Nās) sapagkat ayon kay `Uqbah bin `Āmir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: **{Nag-utos sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na bumigkas ako ng mga panalangin ng pagpapakupkop sa katapusan ng bawat ṣalāh.}** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 1523, Imām At-Tirmidhīy: 2903, at Imām An-Nasā'īy: 1336.

Ang mga Aktibidad

Aktibidad 1: Maghahango ako.

Maghango ka mula sa mga sumusunod na teksto ng dhikr at kainaman nito.

Ang Teksto - Ang Dhikr at ang Kainaman Nito

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang nagluwalhati kay Allāh sa katapusan ng bawat ṣalāh nang tatlumpu't tatlong ulit, nagpuri kay**

Allāh nang tatlumpu't tatlong ulit, at nagdakila kay Allāh nang tatlumpu't tatlong ulit, kaya iyon ay siyamnapu't siyam, at nagsabi sa kaganapan ng isang daan ng: **Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmuḥku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr** (Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan.), patatawarin ang mga kasalanan niya, kahit pa ang mga ito ay naging tulad [ng dami] ng mga **bula ng dagat.**" Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy: 843 at Imām Muslim: 597. Ang dhikr: ang tasbīḥ (pagsabi ng Subḥāna -llāh), ang taḥmīd (pagsabi ng Al-ḥamdu lillāh), at ang takbīr (pagsabi ng Allāhu akbar) sa katapusan ng mga ṣalāh nang 33 ulit at ang pagsabi ng: "Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmuḥku wa lahu -lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr (Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan.)"

Ang kainaman nito: ang kapatawaran ng mga pagkakasala.

May pumuntang isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: **"O Sugo ni Allāh, ang dinanas ko**

mula sa isang alakdan na tumuklaw sa akin kahapon..." Nagsabi siya: "Pansinin, kung sakaling nagsabi ka nang gumabi: A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng nilikha Niya.), hindi sana puminsala ito sa iyo." Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 2709. Ang dhikr: A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng nilikha Niya.)

Ang kainaman nito: ang pangangalaga sa tao.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Walang anumang lingkod na Muslim na nagsasabi kapag nagumaga at kapag gumabi nang tatlong ulit: Ang dhikr: "Raḍītu bi-llāhi rabban, wa-bi-l'islāmi dīnan, wa-bi-muḥammadin ṣalla -llāhu `alayhi wa-sallama nabīyā. (Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang Relihiyon, at kay Muḥammad - basbasan siya ni Allāh at pangalagaan - bilang Propeta.)" malibang naging isang karapatan kay Allāh na magpalugod sa kanya sa Araw ng Pagbangon.}** Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud: 5072 at Imām Aḥmad: 18967. Ang dhikr: "Raḍītu bi-llāhi rabban, wa-bi-l'islāmi dīnan, wa-bi-muḥammadin ṣalla -llāhu `alayhi wa-sallama nabīyā. (Nalugod

ako kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang Relihiyon, at kay Muḥammad – basbasan siya ni Allāh at pangalagaan – bilang Propeta.)"

Ang kainaman nito: magpapalugod sa kanya si Allāh (napakataas Siya) sa Araw ng Pagbangon.

Aktibidad 2: Maghahanda ako ng isang plano.

Repasuhin mo ang inuulit-ulit mo na mga dhikr sa umaga at gabi at matapos ng mga ṣalāh. Pagbukurin mo ang pananatilihin mo at ang isasaisang-tabi mo mula sa nasaad sa aralin. Pagkatapos maghanda ka ng isang plano para sa pagpapanatili sa anumang nagkulang ka mula sa mga dhikr.

Aktibidad 3: Magdidisenyo ako ng isang papel.

Magdisenyo ka ng isang papel na nakasulat dito ang mga dhikr sa umaga at gabi at maglathala ka nito sa mga website ng social media.

Ang Pagtatasa (Assessment)

PANUTO 1: Maglagay ng tanda na (✓) sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na (X) sa harapan ng maling pararila sa sumusunod:

Nagsisimula ang oras ng mga dhikr sa umaga mula sa matapos ng ṣalāh na fajr.

Nagsisimula ang oras ng mga dhikr sa gabi mula sa matapos ng ṣalāh na maghrib.

Kinakailangan sa Muslim ang magpatuloy sa pagsambit ng mga dhikr sa umaga at gabi.

Natutumpak na magsabi ang Muslim ng mga dhikr sa umaga at gabi matapos ng oras ng mga ito.

Ang pagbigkas ng Āyatulkursīy ay kabilang sa mga dhikr sa umaga at gabi at ng matapos ng mga ṣalāh.

PANUTO 2: Piliin ang tumpak na sagot mula sa nasa pagitan ng mga panaklong:

Ang dhikr na sinasabi sa umaga at sa gabi at iniingatan ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ang nagsasabi nito laban sa bawat kasagwaan ay:

(ang pangunahin sa paghingi ng tawad - ang subḥāna –llāhi wa-bi-ḥamdih - Bismi –llāhi –lladhī lā yaḍurru ma`a –smihi...).

Isang dhikr na sinasabi sa umaga at sa gabi, na ang sinumang nagsabi nito ay walang nakapagdala na isa man ng higit na mainam kaysa sa inihatid ng sumasambit na ito.

(ang subḥāna –llāhi wa-bi-ḥamdih - ang pangunahin sa paghingi ng tawad - ang pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlās).

Kabilang sa mga dhikr na sinasabi nang tatlong ulit matapos ng ṣalāh ang:

(Allāhumma anta –ssalām... - Astaghfiru –llāh - Āyatulkursīy).

PANUTO 3: Ano ang ipinahihiwatig ng dalawang āyah na ito?

Nagsabi si Allāh:

وَاذْكُرْ اسْمَ رَبِّكَ بُكْرَةً وَأَصِيلًا .

{Bumanggit ka ng ngalan ng Panginoon mo sa umaga at sa hapon.} (Qur'ān 76:25)

Nagsabi pa Siya:

وَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ قَبْلَ طُلُوعِ الشَّمْسِ وَقَبْلَ الْغُرُوبِ .

{at magluwalhati ka kalakip ng papuri sa Panginoon mo bago ng pagsikat ng araw at bago ng paglubog nito;} (Qur'ān 50:39)

PANUTO 4: Tugunin ang dalawang sumusunod na panuto:

Bumuod ka ng tatlo sa mga kainaman ng mga dhikr sa umaga at gabi.

Humango ka ng patunay sa kainaman ng pagbigkas ng āyatulkursīy sa umaga at sa gabi matapos ng ṣalāh.

Index

Panimula ng Aklat.....	2
Unang Yunit: Ang Marangal na Qur'ān at Pagpapakahulugan Nito	6
(1) Ang Pagdakila sa Marangal na Muṣḥaf.....	6
(2) Ang Pagtipon ng Qur'ān at ang Pagkatuluyan ng Pagpapaabot Nito	15
(3) Ang mga Pundasyon ng Tumpak na Pagbigkas ng Qur'ān.....	24
Ang Ikalawang Yunit: Ang Pampropetang Sunnah	129
(1) Ḥadīth: "Ingatan mo si Allāh, iingatan ka Niya."	129
(2) Ḥadīth: "Mangilag kang magkasala kay Allāh nasaan ka man."	140
(3) Ḥadīth: "Bahagi ng kagandahan ng pagkaanib sa Islām ng tao..."	151

(4) Ḥadīth: "Tunay na ang Panginoon mo sa iyo ay may karapatan."	158
(5) Ḥadīth: "Tunay na ang mananampalataya ay talagang makaaabot sa pamamagitan ng kagandahan ng kaasalan niya..."	167
(6) Ḥadīth: "Tunay na ang kabaitan ay hindi nagiging nasa isang bagay ..."	175
(7) Ḥadīth: "Talagang aabot nga ang bagay na ito..."	185
(7) Ḥadīth: "Ang mananampalataya para sa mananampalataya ay gaya ng estruktura..."	193
(9) Ḥadīth: "Nag-iwan ako sa inyo sa kaliwanagan,..."	202
Ang Ikalawang Yunit: Ang Pananampalataya at ang Pagbubusilak.....	214
1. Ang Pananampalataya kay Allāh at ang mga Epekto Nito.....	214
2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel at ang mga Epekto Nito.....	232

3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatan at mga Sugo at ang mga Epekto Nito.....	243
4. Ang Pananampalataya sa Huling Araw at ang mga Epekto Nito.....	255
5. Ang Pananampalataya sa Pagtatadhana at Pagtatakda at ang mga Epekto Nito.....	267
3. Ang Fiqh ng Ṣalāh (1).....	302